Table Of Contents

Modyul 1: Ang Heograpiya ng Asya	1
Aralin 1: Katangian Pisikal ng Asya	22
Modyul 2: Sinaunang Kabihasnan sa Asya	148
Aralin 1: Mga Sinaunang Kabihasnan sa Asya	158
Aralin 2: Sinaunang Pamumuhay	176
Modyul 3: Ang Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 Siglo)	271
Aralin 1: Panahon ng Imperyalismo at Kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya (16-17 Siglo)	285
Aralin 2: Pag-usbong ng Nasyonalismo at Paglaya ng mga Bansa sa Timog at Kanlurang Asya	321
Aralin 3: Mga Pagbabago sa Timog at Kanlurang Asya	337
Modyul 4: Ang Silangan at Timog	353
Aralin 1: Kolonyalismo at Imperyalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya	394

GABAY NG GURO

MODYUL 1 – ANG HEOGRAPIYA NG ASYA		
Asignatura: Araling Panlipunan 8	**Markahan:** Unang Markahan	**Bilang ng araw ng pagtuturo:** 27
Mga Paksa: A. Katangiang Pisikal ng Asya 1. Konsepto ng Asya 2. Mga Salik Pangheograpiya 3. Mga Likas na Yaman ng Asya at mga Suliraning Pangkapaligiran B. Yamang Tao ng Asya 1. Etnolinggwistiko 2. Populasyon	**Mga Manunulat:** **RANDY R. MARIANO** Chairman, Araling Panlipunan Department Regional Lead School for the Arts in Angono, Division of Rizal **ROSEMARIE C. BLANDO** Education Program Supervisor I, Araling Panlipunan Department of Education – Division of Rizal	

A. RESULTA/ INAASAHANG BUNGA

Pamantayan para sa Antas 8:

Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa rehiyong Asya sa mayamang katangian at kakayahan ng heograpiya, kasaysayan, kultura, lipunan nito at sa iba't ibang larangan ng buhay Asyano (pampulitika, pang-ekonomiya, pampamahalaan, at ugnayan sa pagitan ng rehiyon mula sinaunang kabihasnan patungo sa mga kasalukuyang lipunan at bansa tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa pagbuo at paghubog ng kabihasnang Asyano.

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mag-aaral ay malalim na nakapaguugnay-ugnay sa bahaging ginampanan ng tao at kapaligiran sa pagbuo at paghubog ng kabihasnang Asyano.

MGA ARALIN:	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO
ARALIN 1 **Katangiang Pisikal ng Asya**	1. Naipapaliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating heograpiko: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya,Timog Asya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya at Hilaga/Sentral Asya. 2. Nailalarawan ang mga katangian ng kapaligirang pisikal sa mga rehiyon ng Asya katulad ng kinaroonan, hugis, sukat, anyo, klima at vegetation cover. 3. Nakapaghahambing ng kalagayan ng kapaligiran sa ibat-ibang bahagi ng Asya. 4. Nakagagawa ng *profile* pangheograpiya ng Asya
ARALIN 2 **Ang Yamang Likas ng Asya at mga Suliraning Pangkapaligiran**	1. Nailalarawan ang mga yamang likas ng Asya. 2. Natataya ang implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mga rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng: agrikultura, ekonomiya, panahanan at kultura. 3. Naipapahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohikal ng rehiyon ng Asya

ARALIN 3 **Ang Mga Pangkat Etnolinggwistiko sa Asya**	1. Nailalarawan ang komposisyong etniko ng mga rehiyon sa Asya. 2. Nasusuri ang kaugnayan ng paglinang ng wika sa paghubog ng kultura ng mga Asyano
ARALIN 4 **Populasyon ng Asya**	1. Nasusuri ang kaugnayan ng yamang-tao ng mga bansa ng Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon batay sa : a.) dami ng tao, b) komposisyon ng gulang, c.) inaasahang haba ng buhay, d.) kasarian, e.) bilis ng paglaki ng populasyon, f.) uri ng hanapbuhay, g.) bilang ng may hanapbuhay, h.) kita ng bawat tao, i.) bahagdan ng marunong bumasa at sumulat, at j) migrasyon. 2. Napapahalagahan ang yamang-tao ng Asya.

KAKAILANGANING PAG-UNAWA:	**MAHALAGANG TANONG:**
Ang interaksyon ng tao sa kanyang kapaligiran ay nagbigay daan sa paghubog at pag-unlad ng kabihasnang Asyano.	Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano?
INAASAHANG PAGGANAP/ PRODUKTO:	
Ang mga mag-aaral ay nakapag-uugnay-ugnay sa papel ng tao at kapaligiran sa pagbuo at pag-unlad ng kabihasnang Asyano.	

B. PLANO SA PAGTATAYA

Mga Produkto/ Pagganap:

Mga inaasahang produkto at pagganap na maisasagawa ng mag-aaral sa modyul na ito:

1. ***Photo Essay*** na nagpapakita ng kapakinabangan ng kalikasan sa tao.
2. ***Feature Article*** tungkol sa ugnayan ng tao at ng likas na yaman ng Asya tungo sa pangangalaga at wastong paggamit nito.
3. ***News Article*** na tumatalakay sa mga pangkat etnolinggwistiko at ang kanilang mga tungkulin at gampanin sa pagbuo at paghubog ng kabihasnang Asyano.
4. ***Multi-Media Advocacy*** na naglalayong manghikayat at makapag-impluwesiya ng mga kabataang Asyano upang ipalaganap ang mga programa o proyekto na sumusuporta sa ikabubuti ng kapaligiran at kapakanan ng mga Asyano

UNIT ASSESSMENT MAP

TYPE	KNOWLEDGE (Acquisition)	PROCESS/ SKILLS (Acquisition)	UNDERSTANDING (Meaning-making)	PRODUCT/PERFORMANCE (Transfer)
Pre-assessment/ Diagnostic	**Pre-Test**			
	Word Maze/ Finding Meaning/ Concept Making *(Aralin 1)*	Locating Places *(Aralin 1)* Picto-analysis *(Aralin 1, 2 and 4)*	Progress Check A *(Aralin 1)* Conceptual Matrix A *(Aralin 2)*	
		Map Reading *(Aralin 2)* Conceptual Map *(Aralin 2)*	IRF Chart A *(Aralin 3)* Anticipation-Reaction Guide *(Aralin 4)*	
Formative Assessment	Graphic Organizer *(Aralin 1 and 2)* Data Retrieval	Ethnolinguistic Profile Composition *(Aralin 3)*	Progress Check B *(Aralin 1)* Conceptual Matrix B *(Aralin 2)*	

	Chart *(Aralin 1 and 2)* Ethnolinguistic Profile Composition *(Aralin 3)*		IRF Chart B *(Aralin 3)* 3-2-1 Chart *(Aralin 4)*	
Summative Assessment	Geographical Profile *(Aralin 1)* Graphic Organizer *(Aralin 2)*	Conceptual Map *(Aralin 1)* Picto-analysis *(Aralin 2)*	Progress Check C *(Aralin 1)* Conceptual Matrix C *(Aralin 2)* IRF Chart C *(Aralin 3)* Debate *(Aralin 4)*	Poster Slogan *(Aralin 1)* Mini-Conference and Art Showcase *(Aralin 2)* Feature Article *(Aralin 2)* News Article *(Aralin 3)* **GRASPS Assessment** Multi-media Advocacy *(Aralin 4)*
	LONG EXAMINATION /POST TEST			
Self-Assessment	Reflective Journal (Aralin 1 and 4) Synthesis Journal (Aralin 3)			

Assessment Matrix (Summative Test)

Code	Levels of Assessment	What will I assess?	How will I assess?	How Will I Score?
A	Knowledge 15%	Naipapaliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating heograpiko: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, Timog Asya, Kanlurang Asya, at Hilagang Asya	Paper and Pencil Test Aytem Blg. 1	1 puntos bawat tamang sagot

		Nailalarawan ang mga katangian ng kapaligirang pisikal sa mga rehiyon ng Asya katulad ng kinaroroonan, hugis, sukat, anyo, klima, at *vegetation cover*	Aytem Blg. 2, 3	1 puntos bawat tamang sagot
A	Process/Skills 25%	Nakapaghahambing ng kalagayan ng kapaligiran sa iba't ibang bahagi ng Asya Nakagagawa ng pangkalahatang profayl pangheograpiya ng Asya	Aytem Blg. 4	1 puntos bawat tamang sagot
	Understanding 30%	Nailalarawan ang mga yamang likas ng Asya Natataya ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mga	Aytem Blg. 5 Aytem Blg. 6	1 puntos bawat tamang sagot 1 puntos bawat tamang

M		rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng a. agrikultura b. ekonomiya c. panahanan d. kultura Naipapahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohikal ng rehiyon Nailalarawan ang komposisyong etniko ng mga rehiyon sa Asya Nasusuri ang kaugnayan ng paglinang ng wika sa paghubog ng kultura ng mga Asyano	Aytem Blg. 7 Aytem Blg. 8, 9, 10 Aytem Blg. 11, 12	sagot 1 puntos bawat tamang sagot 1 puntos bawat tamang sagot 1 puntos bawat tamang

		Nasusuri ang kaugnayan ng yamang-tao ng mga bansa ng Asya sa pagpapa-unlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon batay sa: a. dami ng tao b. komposisyon ayon sa gulang c. inaasahang haba ng buhay d. kasarian e. bilis ng paglaki ng populas- yon f. uri ng hanapbuhay g. bilang ng may hanapbuhay h. kita ng bawat tao i. bahagdan ng	Aytem Blg. 13 Aytem Blg. 14, 15	sagot 1 puntos bawat tamang sagot 1 puntos bawat tamang sagot

T	Product/ Performance 30%	marunong bumasa at sumulat j. migrasyon Napapahalagahan ang yamang-tao ng Asya. Ang mag-aaral ay malalim na nakapaguugnay – ugnay sa bahaging ginampanan ng kapaligiran at tao sa pagbuo at pag-unlad ng kabihasnang Asyano.	Aytem Blg. 16, 17, 18 Aytem Blg. 19, 20	1 puntos bawat tamang sagot 1 puntos bawat tamang sagot

C. MGA PLANO SA PAGKATUTO

PANIMULA

Ang Asya ang pinakamalaking kontinente sa daigdig. Sa lawak ng sakop nito, hindi nakapagtataka na matatagpuan dito ang iba't ibang yamang likas bunsod ng samu't saring katangiang pisikal nito. Tahanan din ito ng halos animnapung bahagdan (60%) ng kabuuang populasyon ng tao daigdig. Sa dami ng bilang ng tao sa Asya, ito ay binubuo ng iba't ibang pangkat etnolinggwistiko na may kanya-kanyang wika , etnisidad at kultura na sa kabila ng pagkakaiba –iba ay binubuklod ng pagkakaisa.

Sa unang markahan ng pag-aaral ng Araling Panlipunan para sa Grado 8 sa loob ng dalawampu't pitong (27) araw ay gagabayan ng guro ang mag-aaral na tuklasin at kilalanin ang Asya bilang isang kontinente sa pamamagitan ng pag-unawa sa iba't-ibang salik pangheograpiya nito, gayundin ang ugnayan ng yamang tao at likas na yaman at kapaligiran ng rehiyon. Sa pagsasagawa ng iba't-ibang mga gawain ng modyul na ito ay inaasahang masasagot ng mga mag-aaral ang tanong na "**Paano nabuo at umunlad ang kabihasnang Asyano ?."**

Layunin:

Matapos mapag-aralan ang modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang ;

a) naipapaliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating heograpiko: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya,Timog Asya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya at Hilaga/Sentral Asya;

b) nailalarawan ang mga katangian ng kapaligirang pisikal sa mga rehiyon ng Asya katulad ng kinaroonan, hugis, sukat, anyo, klima at *vegetation cover;*

c) nakapaghahambing ng kalagayan ng kapaligiran sa ibat-ibang bahagi ng Asya;

d) nailalarawan ang mga yamang likas ng Asya;

e) natataya ang implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mga rehiyon sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng: agrikultura, ekonomiya, panahanan at kultura;

f) naipapahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohikal ng rehiyon;

g) nailalarawan ang komposisyong etniko ng mga rehiyon sa Asya;

h) nasusuri ang kaugnayan ng paglinang ng wika sa paghubog ng kultura ng mga Asyano;

i) nasusuri ang kaugnayan ng yamang-tao ng mga bansa ng Asya sa pagpapaunlad ng kabuhayan at lipunan sa kasalukuyang panahon batay sa: a.) dami ng tao, b.) komposisyon ng gulang, c.) inaasahang haba ng buhay, d) kasarian, e.) bilis ng paglaki ng populasyon, f.) uri ng hanapbuhay, g.) bilang ng may hanapbuhay h.) Kita ng bawat tao, i.) Bahagdan ng at j.) migrasyon; at k. napapahalagahan ang yamang-tao ng Asya sa pagbuo at pag-unlad ng kabihasnang Asyano.

Panunang Pagtataya

Alamin ang mga pang-unang kaalaman, kakayahan, at pag-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa heograpiya ng Asya na kinapapalooban ng mga pisikal na katangian at likas na yaman nito, gayundin ang mga bahagi ng yamang tao ng rehiyon tulad ng mga pangkat etnolinggwistiko at populasyon ng Asya. Ang resulta o bunga ng pagtatayang ito ay magiging mahalagang salik at batayan sa pagsasakatuparan ng mga gawain ng modyul para sa ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga nakasaad sa bawat bilang. Piliin at bilugan ang titik ng wastong sagot.

(K)1. Nahahati sa limang rehiyon ang Asya: Hilaga, Kanluran, Timog, Timog-Silangan, at Silangang Asya. Tinatawag na heograpikal at kultural na sona ang mga rehiyong ito dahil isinaalang-alang sa paghahati ang mga aspetong pisikal, historikal at kultural. Kumpara sa ibang mga rehiyon, bakit ang Hilaga at Kanlurang Asya ay kadalasang tinitignan bilang magkaugnay?

a. Ang mga ito ay parehong napapailalim sa halos parehong karanasan sa larangang historikal, kultural, agrikultural at sa klima
b. Magkasama ang mga ito sa parehong pamamaraan ng paglinang ng kapaligirang pisikal
c. Ang mga porma ng anyong lupa at anyong tubig ng mga ito ay halos pareho
d. Apektado ng iisang uri ng klima ang uri ng pamumuhay ng mga tao rito

(K) 2. Isang katangiang pisikal ng kapaligirang matatagpuan sa Hilaga o Gitnang Asya ay ang pagkakaroon ng malawak na damuhan o *grasslands*. Tinatayang ang sangkapat (¼) ng kalupaan sa mundo ay ganitong uri. Alin sa mga uri ng *grasslands* ang may mga damuhang mataas na malalalim ang ugat na matatagpuan sa ilang bahagi ng Russia at maging sa Manchuria?

a. steppe
b. prairie
c. savanna
d. tundra

Tunghayan ang kasunod na mapa upang masagot ang susunod na tanong.



ASYA

(P) 3. Sa iyong pagtingin sa mapa, paano mo ilalarawan at bibigyang interpretasyon ang kinalalagyan ng kontinente ng Asya?

a. Ang hugis at anyo ng mga lupain sa bawat bahagi ng kontinente ay pare-pareho
b. Karamihan sa mga bansa sa Asya ay may mainit na panahon.
c. Ang malaking bahagi ng hangganan ng Asya ay mga anyong tubig.
d. Insular ang malaking bahagi ng kontinente ng Asya.

(U) 4. Ang pagkakaiba-iba ng klima sa Asya ay bunsod ng iba't ibang salik kabilang na rito ang lokasyon at topograpiya ng isang lugar. Kung sa Kanlurang Asya ay bihira ang ulan at hindi palagian ang klima, at sa

Hilagang Asya naman ay mahaba ang taglamig at maigsi ang tag-init, ano naman ang katangian ng klima sa Timog-Silangang Asya?

a. Ang mga bansa sa rehiyon ay nakararanas ng tag-init, taglamig, tag-araw at tag-ulan.
b. May mainit na panahon sa ilang bahagi at may mga bahagi ng rehiyon na nababalutan ng yelo.
c. Mahalumigmig, taglamig, tag-init at tagtuyot ang nararanasan sa rehiyong ito sa iba't-ibang buwan sa loob ng isang taon.
d. Sobrang lamig sa rehiyon at hindi kayang panirahan ng tao.

(U) 5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang hindi kabilang sa mga katangiang pisikal ng kontinente ng Asya?

a. Ang hangganan ng Asya sa iba pang mga lupain ay maaaring nasa anyong lupa o anyong tubig.
b. Ang Asya ay tahanan ng iba't ibang uri ng anyong lupa: tangway, kapuluan, bundok, kapatagan, talampas, disyerto at kabundukan.
c. Taglay ng Asya ang napakaraming uri ng mga kapaligiran batay sa mga tumutubong halamanan.
d. Ang iba't ibang panig ng Asya ay nagtataglay ng iisang uri ng klima na may malaking implikasyon sa pamumuhay ng mga Asyano.

(K) 6. Sa maraming bansa sa Timog-Silangang Asya, itinuturing na pangunahin at napakahalagang butil pananim ang palay. Bakit?

a. Maaaring ipalit ang palay sa mga butil ng trigo, mais at *barley.*
b. Palay ang pangunahing pagkain ng mga tao sa TimogSilangang Asya.
c. Sagana sa matatabang lupa at bukirin ang rehiyong ito na angkop sa pagtatanim
d. Galing sa palay ang karamihan sa mga panluwas na produkto ng rehiyong ito.

(U) 7. Mayaman ang Asya sa iba't ibang anyong tubig tulad ng mga karagatan, lawa, at ang mga ilog na lubhang napakahalaga sa pamumuhay ng tao. Ang mga ilog ng Tigris at Euphrates sa Iraq, ang Indus sa India at ang Huang Ho sa China ay ilan lamang sa mga ilog na ito na gumanap ng malaking tungkulin sa kasaysayan ng Asya. Ano ang mahalagang gampaning ito?

a. Ang mga ilog na ito sa Asya ay pinag-usbungan ng mga kauna-unahang kabihasnan sa rehiyon at sa buong daigdig.
b. Maraming mahalagang pangyayari sa kasaysayan ng rehiyon sa Asya ay naganap sa mga ilog na ito.
c. Madalas magdulot ng pinsala sa ari-arian at pagkasawi ng mga buhay ang mga ilog na ito sa tuwing may nagaganap na mga pagbaha.
d. Ang mga ilog na ito ay nagsisilbing daanan ng mga barko paloob at palabas ng bansang kinabibilangan nito para sa kalakalan.

(K) 8. Batay sa resulta ng pananaliksik ng mga eksperto, tinatayang nasa apatnapung porsyento (40%) ng populasyon ng rehiyong Asya-Pasipiko ay namumuhay sa mga lungsod. Ang mabilis na pagtaas ng antas ng urbanisasyon sa Asya ay nakapagdudulot ng labis na epekto sa kapaligiran nito. Alin sa mga suliraning pangkapaligiran sa ibaba na bunsod ng urbanisasyon ang lubhang napakasalimuot at epekto ng lahat ng usaping pangkalikasan?

a. problema sa solid waste
b. polusyon sa hangin at tubig
c. pagkawasak ng kagubatan
d. pagkasira ng *biodiversity*

Basahin ang bahagi ng artikulo sa ibaba na halaw sa *website* ng *European Dialogue* na pinamagatang "*Environmental Problems of Asian Region have Reached a Critical Point"* na isinulat ni Christina Greszta. Gawin itong batayan sa pagsagot sa tanong sa susunod na bilang.

"By now (in the beginning of the XXI century) the environmental problems of Asian region have reached critical point, obliging the international community to focus on them. The scope of these problems is very broad, including Semipalatinsk and Caspian region, the Aral Sea, degradation of pastures and arable land in different regions of Central Asia, water pollution from sewage and anti-desertification and drought mitigation measures.

These problems affect millions of human lives, and to date, OSCE is literally the only regional organization, which includes the most influential countries in the world, particularly those in Asia, and has an ability to assist within environmental challenges of the new millennium. Thus, the OSCE chairmanship of Kazakhstan in 2010 is an opportunity to make significant steps to solve these problems."

(U) 9. Ang Asya sa ngayon ay dumaranas ng samu't saring suliraning pangkapaligiran, tulad ng nagaganap sa *Aral Sea* sa Hilagang/Gitnang Asya na kilala bilang pang-apat na pinakamalaking lawa sa buong mundo. Ngunit mula taong 1989 hanggang 2003, ang Aral Sea ay lumiliit nang lumiliit ang sukat mahigit sa apat na beses, at humantong sa pagkakahati sa dalawa- ang Large Aral Sea at Small Aral Sea. Ano ang implikasyon nito?

a. Ang kontinente ng Asya ang may pinakamabilis na antas ng paglala ng mga suliraning pangkapaligiran kumpara sa ibang mga kontinente ng daigdig
b. Ang suliraning tulad nito ay lubhang nakakaalarma, kung kaya't kailangan ang pagtutulungan ng bawat bansa sa buong daigdig upang harapin ang mga hamon ng kalikasan
c. Ang pagbaba ng lebel ng Aral Sea, ang pagkasira ng mga pastulan at pagkatuyo ng mga lupa, at ang polusyon sa tubig ang mga naitalang pinakamalalang suliraning pangkapaligiran sa Hilaga/Gitnang Asya
d. Malaki ang epekto sa buhay ng maraming tao ang pagbabago ng kalagayan ng kalikasan, kung kaya't dapat maging aktibo ang iba't-ibang samahang pangkalikasan sa bawat rehiyon na bumuo ng mabisang solusyon para dito

Gawing batayan ang poster na ito mula sa *Lesson Plan: The Economy vs. The Environment* ng *WHS Library website* sa pagsagot sa tanong bilang 10.

(U) 10. Mahalagang panatilihin ang *ecological balance* ng Asya sapagkat anuman ang maging katayuan at kalagayang ekolohikal ng rehiyon ay tiyak na makakaapekto nang lubos sa pangkalahatang kalidad ng kapaligirang pandaigdig. Alin sa mga sumusunod na konsepto ang akmang interaksyon ng tao sa kanyang kapaligiran upang umunlad ang kanyang kabuhayan?

a. ang pagpapabagal ng paglaki ng populasyon upang maiwasan ang kakapusan at kakulangan ng pangangailangan mula sa limitadong pinagkukunang-yaman
b. ang patuloy na paglinang ng yamang likas tungo sa pagpapabuti at pagpapalago ng kabuhayan at paggamit ng mga modernong makinarya sa pagkuha ng mga produkto at kapakinabangan mula dito
c. ang paggamit ng paraang *sustainable development* o ang sistema ng pagpapaunlad unlad ng industriya o mga gawaing pangkabuhayan na hindi isinasakripisyo ang kalikasan at pinapangalagaan ang mga ito sa pamamagitan ng mga programa
d. ang paghawan ng kagubatan at pagsasagawa ng *reclamation* para sa pagpapatayo at pagpapaunlad ng mga industriya, gayundin ang pagpapalawak ng urbanisasyon

(K) 11.Ang mga Asyano ay nahahati sa iba't ibang pangkat batay sa wika at etnisidad na kinabibilangan. Ano ang tawag sa pagpapangkat na ito?
a. Etniko
b. Nomad
c. Katutubo
d. Etnolingguwistiko

(K)12. Kung iba't iba ang kultura ng mga pamayanang etniko sa Asya ,nangangahulugang pinakamalaking hamon sa rehiyon ang _____.

a. ideolohiyang politikal
b. pagkakakilanlan
c. modernisasyon
d. pagkakaisa

(P) 13. Alin sa mga kongklusyon ang kumakatawan sa pahayag na “ Sinasalamin ng wika ang kultura ng isang lahi ”

a. Ang wika ay may iba’t ibang layunin.
b. Iba’t iba ang wika ng iba’t ibang tao.
c. Ang wika ay susi sa pag-unlad ng kultura at kabuhayan ng tao.
d. Sa pag-aaral ng wika mababatid ang katangian ng kultura ng isang lahi
.

Suriin ang talahanayan tungkol sa populasyon ng ilang bansa sa Asya at sagutin ang kasunod na mga tanong kaugnay nito.

Bansa	**Populasyon**	**Bilis ng Paglaki ng Populasyon**	**Edad**		
			0-14	**15-64**	**65+**
Sri Lanka	20,237,730	0.86	24.9	67	8.1
Laos	6,320,429	2.29	36.1	60.1	3.7
Indonesia	229,964,723	1.10	27	66.6	6.4
Japan	127,156,225	-0.24	13.5	62.6	23.9
India	1,198,003,272	1.38	29.3	65.2	5.6

(P)14. Kung iaayos mo ang mga bansang nasa talahanayan ayon sa laki ng populasyon, ano ang tamang pagkakasunod-sunod nito?

a. India, Sri Lanka, Laos, Indonesia at Japan
b. India, Indonesia, Japan,Sri Lanka at Laos
c. Sri Lanka, India, Indonesia, Laos at Japan
d. Indonesia, India, Japan, Laos at Sri Lanka

(P)15. Makikita sa talahanayan na ang Japan ang may pinakamababang bahagdan ng pagbilis ng paglaki ng populasyon , sumunod ang Sri Lanka at Indonesia samantalang mabilis naman ang paglaki nito sa India at Laos. Bakit mahalaga na mabatid ang bahagdan ng bilis ng paglaki ng populasyon ng isang bansa?

a. Upang mabatid kung bata o matanda ang populasyon.
b. Upang magamit sa pagpaplano ng pamilya.
c. Upang maunawaan ang kahalagahan ng yamang tao.
d. Upang maging batayan ng pamahalaan sa pagbuo ng mga patakaran /programa na makapagpapabagal o makapagpapabilis ng pagdami ng tao.

(U)16.Ang malalaking pamilya na karaniwan sa pamilyang Asyano ay unti-unti nang lumiliit. Makikita rin sa talahanayan na bumababa ang bahagdan ng bilis ng paglaki ng populasyon sa ilang bansa sa Asya gaya ng Japan at Sri Lanka. Ano ang ipinahihiwatig nito?

a. Mabisa ang impluwensiya ng mga bansang kanluranin.
b. Tumaas ang katayuan ng kababaihan sa lipunan.
c. Ang mga pamilya ay abala sa pagpapaunlad ng kanilang kabuhayan kaya ipinagpapaliban ang pagkakaroon ng anak.
d. Ang pagbabago ay dulot ng edukasyon at mataaas na antas ng pamumuhay.

(U) 17. Ang China ang bansang may pinakamalaking populasyon sa daigdig. Taong 1979 nang ipatupad nito ang "*One China Policy*" na naglalayong limitahan ang mabilis na pagdami ng kanilang populasyon. Alinsunod sa patakarang ito ang mag-asawang Tsino ay hihikayating magkaroon lamang ng isang anak. Isa sa epekto nito ay ang pagbaba ng *population growth rate* ng China.Ayon sa pinuno ng *National Bureau of Statistics* ng

China na si Ma Jiantang ang kasalukuyang populasyon ng China ay binubuo ng karamihan ay may edad ,edukado at mga dayuhan.Ano ang mahihinuha sa sitwasyong ito?

a. Patuloy na lumalaki ang populasyon ng China sa kabila ng patakarang ipinatupad nito.
b. Pagkaubos ng lakas ng paggawa na makaaapekto sa pag-unlad ng ekonomiya nito.
c. Nagtagumpay ang China na makontrol ang paglaki ng kanilang populasyon.
d. Ang pagpapatupad ng *One China Policy* ay paglabag sa karapatang pantao ng mga mag-asawa.

(P) 18. Suriin ang larawan sa itaas. Ano ang mahihinuha mo sa yamang- tao ng Asya.

a. Ang mga Asyano ay walang pagkakaisa.
b. Ang mga Asyano ay iba't iba ang katangian.
c. Ang mga Asyano ay may iisang pagkakakilanlan na masasalamin sa mayamang kultura nito.
d. Ang mga Asyano ay may iba't ibang katangian at pagkakakilanlan na nagpayaman sa kultura ng rehiyon.

(T)19. Ang Asya sa kasalukuyan ay dumaranas ng iba't ibang suliranin gaya ng pagkasira ng kapaligiran at paglaki ng populasyon na nakakaapekto sa pag-unlad ng mga bansa sa rehiyon. Ikaw bilang isang kabataan ay naanyayahan na dumalo sa isang pagpupulong upang talakayin ang solusyon sa paglutas sa suliranin . Ano ang iyong imumungkahi upang malutas ang suliranin?

a. Dumulog sa United Nations upang malutas ang suliranin.
b. Ipagbawal ang paggamit ng plastic upang mabawasan ang suliranin sa kapaligiran.
c. Magpatupad ng programa na magbabawal sa mag-asawa na magkaroon ng anak.
d. Magsagawa ng mga kampanya upang ipa-unawa ang kahalagahan ng kapaligiran at tao sa pag-unlad ng isang bansa

(T) 20.Ikaw ay isang "*Ambassador of Goodwill* " na naatasang manghikayat at makaimpluwensiya ng mga kabataang Asyano na magpalaganap ng mga programa na susuporta sa ikakabuti ng kapaligiran at kapakanan ng mga Asyano sa tungkol sa pamamagitan ng paggawa ng isang *multi–media advocacy*. Alin sa sumusunod na pamantayan ang dapat mong isaalang-alang ?

a. organisasyon , bilang ng pahina , pagkamalikhain
b. kaangkupan ng salita, kawastuhan ng datos, pagkamalikhain
c. nilalaman, pagkamalikhain, impact , organisasyon, kapakinabangan
d. kawastuhan ng mga datos, madaling maunawaan

SUSI SA PAGWAWASTO

1.	A	6.	B	11.	D	16.	D
2.	C	7.	A	12.	D	17.	B
3.	C	8.	D	13.	D	18.	D
4.	A	9.	C	14.	C	19.	D
5.	D	10.	C	15.	D	20.	C

Layunin sa Pagkatuto

Ang mga mag-aaral ay nakapaguugnay-ugnay sa papel ng tao at kapaligiran sa pagbuo at pag-unlad ng kabihasnang Asyano.

ARALING PANLIPUNAN (GRADO 8) – ARALING ASYANO
Unang Markahan: HEOGRAPIYA NG ASYA
Aralin 1 : Katangiang Pisikal ng Asya

ALAMIN

Matapos mong masukat ang iyong kakayahang sumagot ng mga paunang tanong sa mga aralin ng modyul na ito ay magsisimula na ang iyong paglalakbay. Sa isasagawang pagtalakay sa araling ito ay maaaring maitanong mo kung ano ang katangiang pisikal ng Asya bilang isang kontinente? Ano ang mga batayan ng pagh ahati nito sa limang rehiyon? Paano nahubog ang pisikal na katangian ng Asya? Malaki ba ang epekto ng katangiang pisikal ng Asya sa pamumuhay ng mga taong nakatira dito? ***"Paanong ang ugnayan ng tao at kapaligiran ay nagbigay-daan sa pagbuo at pag-unlad ng kabihasnang Asyano?*** Simulan mo ang pagtuklas at pagbuo ng mga pang-unang kasagutan sa iyong mga tanong sa pamamagitan ng mga sumusunod na gawain. Handa ka na ba? Simulan mo na.

Gabay ng Guro

Ang bahaging ito ay magsisilbing gabay sa pagpapakilala ng aralin sa mga mag-aaral. Dito ay maaaring hikayatin ang mga mag-aaral na maghayag ng kanilang mga kaalaman tungkol sa kontinente ng Asya o kaya'y magtala ng mga bagay na nais nilang malaman tungkol sa Asya. Ang kanilang mga magiging kasagutan ay magsisilbing sukatan upang mataya ang mga paunang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa aralin o mga

Gawain Blg. 1 : Loop A Word

Ang gawaing ito ay susubok sa iyong kakayahang humanap ng mga salitang bubuo sa iyong kaisipan tungkol sa paksa, at kung paano mo ito bibigyang kahulugan. Sa pamamagitan nito ay makabubuo ka ng mga pangungusap na may kaugnayan sa Asya at sa pisikal na katangian nito.

Mula sa krossalita ay subukan mong hanapin, sa anumang direksyon, ang salita na tinutukoy sa bawat bilang. Bilugan ang salita at pagkatapos ay isulat ito sa patlang ng bawat aytem.

Ipakilala at isagawa ang unang *pre-assessment activity*. Mas mainam kung magsasagawa ng pagsasanay kung paano sasagutan ang krossalita sa pamamagitan ng mga halimbawa para maging mas malinaw ang panuto ng gawain

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Matapos maituro ang paksa at nagging pagkatuto ng mga mag-aaral, masasabi kong:

Nagkaroon ng kaunting kalituhan sa (Content)

_____

_____

_____

Dapat bigyang pansin ang (Content)

_____

_____

_____

Naging balakid ang (Student behaviour/responses/ environment/ resources/ module itself)

_____

_____

_____

Iba pang detalye o impormasyong dapat isa alang alang:

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Sa kabuuan, masasabi kong:

____ naging matagumpay ang pagtuturo at maaari ng tumuloy sa susunod na paksa.

____ dapat pang bigyang pansin ang ilang bahagi ng paksa at mabibigyang linaw ito sa pamamagitan ng mga karagdagang Gawain.

Gabay ng Guro

H	I	B	L	D	K	T	E	K	M	A	L	P	I	N
E	K	A	P	A	L	I	G	I	R	A	N	I	P	K
O	R	U	S	N	A	B	I	L	H	G	A	S	Y	A
G	I	W	L	E	T	S	A	P	U	N	B	I	A	B
R	K	O	N	T	I	N	E	N	T	E	P	K	H	I
A	S	B	I	N	U	T	R	A	S	G	I	A	O	H
P	O	B	A	H	U	R	O	N	A	N	G	L	B	A
I	S	U	N	U	G	N	A	Y	A	N	I	P	I	S
Y	N	I	S	B	A	S	E	L	Y	I	T	E	S	N
A	K	T	R	O	S	T	Y	A	D	O	P	S	T	A
N	I	B	A	S	W	E	T	R	K	Y	O	P	E	N

_____1. Bigkis o pagtutulungan para sa kapwa kapakinabangan
_____2. Ang pangunahing tagalinang ng kapaligiran para sa kanyang kabuhayan at pagtugon sa pangangailangan
_____3. Kalikasan, ang ekolohikal na komposisyon ng daigdig
_____4. Maunlad na yugto ng kulturang panlipunan, moral at kultural
_____5. Pag-aaral sa katangiang pisikal ng mundo
_____6. Katutubo o tagapagsimula
_____7. Pag-unawa at paghanga sa sining, kaugalian, paniniwala, gawaing panlipunan, edukasyon, relihiyon at siyentipiko
_____8. Ang malaking masa ng lupain sa mundo
_____9. Ang pinakamalaking kontinente sa sukat at sa populasyon
_____10. Katangiang nakikita at nahahawakan

Narito ang mga salitang makikita sa krossalita at kung sa anong bilang tinutukoy ang mga salitang ito:

Sagot para sa bilang

1. - UGNAYAN
2. - TAO
3. - KAPALIGIRAN
4. - KABIHASNAN
5. - HEOGRAPIYA
6. - SINAUNA
7. - KULTURAL
8. - KONTINENTE
9. - ASYA
10. - PISIKAL

Gawing malinaw sa mga mag-aaral na hindi inaasahang mahanap ang lahat ng mga salita o masagot ang lahat ng tanong sa gawaing ito. Ang mahalaga ay matukoy nila ang mga salitang may malaking kaugnayan sa tatalakaying mga aralin.

Maaari ring hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang sariling kahulugan, batay sa kanilang pagkakaunawa, sa mga salitang kanilang mahahanap.

Hindi itatala sa *class record* ang anumang puntos na makukuha ng mga mag-aaral dito.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Matapos maituro ang paksa at nagging pagkatuto ng mga mag-aaral, masasabi kong:

Nagkaroon ng kaunting kalituhan sa (Content)

_____

_____

_____

_

Dapat bigyang pansin ang (Content)

_____

_____

_____

Naging balakid ang (Student behaviour/responses/ environment/ resources/ module itself)

_____

_____

_____

Iba pang detalye o impormasyong dapat isa alang alang:

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Sa kabuuan, masasabi kong:

_____ naging matagumpay ang pagtuturo at maaari ng tumuloy sa susunod na paksa.

_____ dapat pang bigyang pansin ang ilang bahagi ng paksa at mabibigyang linaw ito sa pamamagitan ng mga karagdagang Gawain.

Matapos mong matukoy ang mga mahahalagang salita ay susubukin mo namang bumuo ng isang konsepto tungkol sa kahalagahan ng kapaligiran sa tao sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng lima (5) o higit pang salita at isulat ang mabubuo mong konsepto sa loob ng *oval callout*



Pamprosesong mga Tanong

1. Sa mga salitang iyong nahanap at naitala, alin sa mga ito ang masasabi mong lubhang mahalaga kung ang pag-uusapan ay ang pagsisimula ng kabihasnan ng mga Asyano? Bakit?

2. Paano mo nabuo ang iyong sariling konsepto o kaisipan mula sa mga salitang iyong pinagsama-sama? Ano-ano ang naging batayan mo upang humantong ka sa nabuo mong kaisipan?

Gabay ng Guro

Hikayatin ang mga mag-aaral na hamunin ang kanilang kakayahang maisagawa ang bahaging ito ng unang *pre-assessment activity.* Ilan sa mga posibleng konsepto na kanilang mabuo ay:

1. Ang KABIHASNAN ng KONTINENTE ng ASYA ay bunsod ng UGNAYAN ng PISIKAL na KAPALIGIRAN nito at ng TAO.
2. Bahagi ng HEOGRAPIYA ng KONTINENTE ng ASYA ay ang PISIKAL na KAPALIGIRAN nito na sa pamamagitan ng UGNAYAN ng TAO dito ay nahubog ang isang KABIHASNAN.
3. Malaki ang kinalaman ng PISIKAL na KAPALIGIRAN sa pag-unlad ng katangiang KULTURAL at ng KABIHASNAN sa KONTINENTE ng ASYA.

Kung hindi kakayanin ang gumawa ng konsepto sa pamamagitan ng limang nahanap na mga salita ay maaaring gawin na lamang itong tatlo (3).

Magsagawa ng malayang talakayan tungkol sa gawain sa pamamagitan ng pamprosesong mga tanong.

Modyul sa Sariling Pagkatuto

Gawain Blg. 2 :
PASYALAN NATIN!

Pagkatapos ng unang gawain, atin namang lalakbayin ang mga katangi-tanging lugar sa Asya at alamin mo ang antas ng iyong paunang kaalaman ukol dito. Nasa larawan ang mga lugar na ating lalakbayin at sa kahon sa ibaba nito ay isusulat mo ang iyong sagot sa nakatalang katanungan hinggil sa larawan. Tukuyin mo rin ang bansang kinaroroonan nito sa pamamagitan ng paglalagay ng linyang mag-uugnay sa larawan at sa bansang kinabibilangan nito. Handa ka na? Tayo na!

Ang bahaging ito ay ang panimula ng ikalawang *pre-assessment activity.* Muli, ang resulta ng pagsagot ng mga mag-aaral dito ay maaaring markahan ngunit hindi itatala sa *class record.* Ipaliwanag mabuti ang panuto ng gawain.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Matapos maituro ang paksa at nagging pagkatuto ng mga mag-aaral, masasabi kong:

Nagkaroon ng kaunting kalituhan sa (Content)

_____

_____

_____

_

Dapat bigyang pansin ang (Content)

_____

_____

_____

Naging balakid ang (Student behaviour/responses/ environment/ resources/ module itself)

_____

_____

_____

Iba pang detalye o impormasyong dapat isa alang alang:

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Sa kabuuan, masasabi kong:

_____ naging matagumpay ang pagtuturo at maaari ng tumuloy sa susunod na paksa.

_____ dapat pang bigyang pansin ang ilang bahagi ng paksa at mabibigyang linaw ito sa pamamagitan ng mga karagdagang Gawain.

Gabay ng Guro

Caspian Sea

Saan matatagpuan? _____

Paglalarawan_____

Lake Baikal

Saan matatagpuan? _____

Paglalarawan_____

Huang Ho

Saan matatagpuan? _____

Paglalarawan_____

Fertile Crescent

Saan matatagpuan? _____

Paglalarawan_____

_____

Banaue Rice Terraces

Saan matatagpuan? _____

Paglalarawan_____

_____

Khyber Pass

Saan matatagpuan? _____

Paglalarawan_____

_____

Mount Everest

Saan matatagpuan? _____

Paglalarawan_____

_____

Borneo Rainforest

Saan matatagpuan? _____

Paglalarawan_____

_____

Narito ang mga sagot sa gawaing ito:

- Kazakhstan, Turkmenistan, Iran, Azerbaijan, Armenia at Georgia/*Pinakamalaki at Pinakamahabang Lawa sa Buong Mundo*
- Siberia/*Pinakamalalim na Lawa sa Mundo*
- China/*River of Sorrow*
- Silangang bahagi ng Mediterranean patungo sa Tigris-Euphrates Rivers hanggang Persian Gulf/*Pinag-usbungan ng Kauna-unahang Kabihasnan*
- Pilipinas/*Isa sa Pitong Kahanga-hangang Lugar sa Mundo*
- Kabundukan ng Hindu Kush, Timog Asya/*Kilalang landas na tinahak at ginamit ng mga mangangalakal at manlalakbay sa kasaysayan upang marating ang India*
- Borneo/*Isa sa mga ipinagmamalaking kagubatan ng Timog-Silangang Asya*
- Kabundukan ng Himalayas sa Timog Asya/*Pinakamataas na Bundok sa Buong Mundo*

Modyul sa Sariling Pagkatuto

Pamprosesong mga Tanong

1. Suriin ang bawat larawan. Paano nagkakatulad ang mga ito? Ilan dito ang anyong lupa at ilan ang anyong tubig?

2. Kung mabibigyan ka ng pagkakataon na aktuwal na mapasyalan ang isa sa mga ito, ano ang iyong pipiliin? Bakit?

3. Pare-pareho kaya ang likas na kapaligiran sa iba't ibang panig ng Asya? Paano mo ito patutunayan?

4. Masasabi mo bang ang mga anyo ng kalikasang ito ay gumanap at patuloy na gumaganap ng mahalagang papel sa pamumuhay ng mga taong nanirahan sa mga bansang ito? Pangatuwiranan ang sagot.

Isagawa ang malayang talakayan tungkol sa gawain sa pamamagitan ng pamprosesong mga tanong.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Matapos maituro ang paksa at nagging pagkatuto ng mga mag-aaral, masasabi kong:

Nagkaroon ng kaunting kalituhan sa (Content)

_____

_____

_____

Dapat bigyang pansin ang (Content)

_____

_____

_____

Naging balakid ang (Student behaviour/responses/ environment/ resources/ module itself)

_____

_____

_____

Iba pang detalye o impormasyong dapat isa alang alang:

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Sa kabuuan, masasabi kong:

_____ naging matagumpay ang pagtuturo at maaari ng tumuloy sa susunod na paksa.

_____ dapat pang bigyang pansin ang ilang bahagi ng paksa at mabibigyang linaw ito sa pamamagitan ng mga karagdagang Gawain.

Gawain Blg. 3 : Pag-akyat Tungo sa Pag-Unlad

Ngayon ay bubuo ka ng sarili mong pagtataya ukol sa progreso ng iyong mga kaalaman tungkol sa kapaligirang pisikal ng Asya at ang ginawang pagtugon ng tao dito.

Ating ilalarawan ang pagtatayang ito sa pamamagitan ng paglalagay sa iyong sarili bilang isang manlalakbay. Mula sa ibaba ay magiging layon mong marating ang tuktok ng bundok na iyong tutuklasin. Gumawa ka ng iyong pahayag ukol sa pauna mong kaalaman sa kontinente ng Asya, sa pisikal na katangian nito at ang naging pag-ayon ng tao dito sa pamamagitan ng pagpuno ng *cloud callout* sa unang hakbang ng iyong pag-akyat sa ganap na pagkatuto. Ang ikalawa at ikatlong *cloud callouts* ay makikita mo upang iyong sagutan habang tinatalakay ang mga nakapaloob na aralin at matapos mong maisakatuparan ang lahat ng mga gawain. Ito ang isa sa mga magiging pagtataya mo sa iyong pagkatuto sa araling ito.

Ang gawaing ito ay isa sa mga pormatibong pagtataya ng pag-unlad ng kaalaman ng mga mag-aral sa aralin. Ipaliwanag mabuti sa mga mag-aaral kung paano isasagawa ang gawain.

Gabay ng Guro

Matapos maituro ang paksa at nagging pagkatuto ng mga mag-aaral, masasabi kong:

Nagkaroon ng kaunting kalituhan sa (Content)

_____
_____
_____
_

Dapat bigyang pansin ang (Content)

_____
_____
_____

Naging balakid ang (Student behaviour/responses/ environment/ resources/ module itself)

_____
_____
_____

Iba pang detalye o impormasyong dapat isa alang alang:

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Sa kabuuan, masasabi kong:

_____ naging matagumpay ang pagtuturo at maaari ng tumuloy sa susunod na paksa.

_____ dapat pang bigyang pansin ang ilang bahagi ng paksa at mabibigyang linaw ito sa pamamagitan ng mga karagdagang Gawain.



Mula sa mga nabuo mong paunang kasagutan sa mga nailahad na tanong sa pambungad na bahagi ay hikayatin mo ang iyong mga kamag-aaral para sa isang pangkatang pagbabahaginan. Subukan ninyong lagumin ang inyong mga nabuong konsepto at ihayag ito sa klase.

Para sa mas ikatatagumpay ng iyong pagtuklas ng mga kaisipan kaugnay sa pisikal na katangian ng Asya ay mas makabubuting bumuo ka ng mahahalagang tanong ukol dito na iyong hahanapan ng sagot habang dumadaloy ang talakayan. Itala mo ang nabuo mong mga tanong sa loob ng kahon sa ibaba.

Gabay ng Guro

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahaginan ng kanilang sagot sa gawaing ito. Ipalagom sa kanila ang mga naging kasagutan. Isa rin itong paraan ng pagtukoy ng taglay na kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsisimula ng aralin kung kaya't dapat itong bigyang pansin.

Modyul sa Sariling Pagkatuto

ANG AKING MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA KATANGIANG PISIKAL NG ASYA

- _____
- _____
- _____

Sa bahaging ito itatala ng mga mag-aaral ang kanilang mga mabubuong katanungan kaugnay sa aralin. Mahalagang laging mabalikan ang mga tanong na ito sa pag-usad ng talakayan upang matuklasan ng mga mag-aaral ang mga kasagutan dito maging yaong para sa malalaking mga tanong sa aralin.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Matapos maituro ang paksa at nagging pagkatuto ng mga mag-aaral, masasabi kong:

Nagkaroon ng kaunting kalituhan sa (Content)

_____

_____

_____

_

Dapat bigyang pansin ang (Content)

_____

_____

_____

Naging balakid ang (Student behaviour/responses/ environment/ resources/ module itself)

_____

_____

_____

Iba pang detalye o impormasyong dapat isa alang alang:

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Sa kabuuan, masasabi kong:

_____ naging matagumpay ang pagtuturo at maaari ng tumuloy sa susunod na paksa.

_____ dapat pang bigyang pansin ang ilang bahagi ng paksa at mabibigyang linaw ito sa pamamagitan ng mga karagdagang Gawain.

Gabay ng Guro

Taglay ang iyong mga paunang kaalaman sa mga aralin ng modyul na ito, aalamin mo ngayon ang wastong sagot sa mga tanong na iyong ibinigay, sa iyong pagtungo sa susunod na bahagi ng modyul. Dito ay makikibahagi ka sa talakayan at pagsusuri ng mga teksto upang magkaroon ka ng sapat na kaalaman na magagamit mo sa paggawa ng proyekto pagkatapos ng aralin. Isang *photo essay* tungkol sa kapakinabangan ng kapaligiran sa pangkabuhayan ng tao ang iyong gagawin na mamarkahan batay sa nilalaman, pagkamalikhain, hikayat, organisasyon, at kapakinabangan nito.

Mahalagang mabanggit ang bahaging ito bilang transisyon ng unang bahagi patungo sa ikalawang bahagi ng pagtalakay ng aralin. Ipaliwanag din ang inaasahang proyekto ng araling ito na dapat magampanan ng mga mag-aaral maging ang pamantayan ng pagtayang ilalapat dito.

PAUNLARIN

Pagkatapos mong matuklasan ang iyong mga pang-unang kalaaman sa aralin ay atin namang lilinangin ang mga kaisipang ito sa pamamagitan ng ipapabasang mga teksto at ibang pang kagamitan na mapagkukunan mo ng mga impormasyon. Ang pangunahing layunin mo sa bahaging ito ay matutuhan at maunawaan ang mahahalagang impormasyon at kaisipan tungkol sa mga katangiang pisikal ng Asya bilang isang kontinente, mga paghahating panrehiyon nito at ang kahalagahan ng kapaligiran sa tao para sa kanyang pamumuhay. Gamit ang malilikom mong mga kaalaman, inaasahang magkakaroon ka ng kabatiran tungkol sa katangiang pisikal ng Asya, at kung ***gaano kahalaga ang heograpiya at pisikal na katangian ng Asya upang mabuo at umunlad ang kabihasnan nito.*** Simulan mo ang paglinang!

Banggitin ito sa mga mag-aaral upang malaman nila ang mga paksang tatalakayin kaugnay ng aralin. Magiging hudyat at paalala din sa kanila ang bahaging ito upang maging handa sa mga gawaing dapat nilang isakatuparan sa kanilang paglinang ng aralin. Dito ay dapat na mahikayat silang maging handa at aktibo sa pagkuha ng mga detalye at impormasyon kung paanong ang ugnayan ng tao sa kanyang kapaligiran ay nagbigay-daan sa pagbuo ng kabihasnang Asyano.

Mahalagang pagtuunan ng pansin sa iyong pag-aaral tungkol sa Asya ang pag-aaral din ng pisikal na katangian ng mundo sapagkat malaki ang epekto nito sa kilos at gawain ng tao. Ito ay ang heograpiya. Ang bawat salik nito gaya ng kapaligirang pisikal (kinaroroonan, hugis, sukat, anyo, *vegetation cover*), ang iba't-ibang anyong lupa at anyong tubig, klima, at likas na yaman ng isang lugar ay nakapagbigay impluwensya sa pagbuo at pag-unlad ng kabihasnan ng mga Asyano at patuloy na humuhubog sa kanilang kabuhayan.

Maaari ring idagdag dito ang kahalagahan ng heograpiya sa kasaysayan (heograpiya ang humuhubog sa kabihasnan, sa kultura at kabuhayan, at sa kalagayang pulitikal ng mga bansa) upang mas makadagdag interes sa mga mag-aaral ang pag-aralan ang tungkol sa heograpiya ng Asya at ang ugnayan ng tao dito upang makabuo ng isang kabihasnan. Mas mainam din kung makapagsasagawa ng isang masaya at kawili-wiling gawain tungkol sa heograpiya na mas makakapagpakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na makapaghayag ng konsepto.

Gawain Blg. 4 : ASYA:LIKE! – Likas na Katangian at Ekolohiya

Ang gawaing ito ay magbibigay sa iyo ng mga kaalaman tungkol sa lokasyon, hugis, sukat, at paghahating panrehiyon ng Asya gamit ang iba't ibang mga kagamitan tulad ng *video*, teksto, talahanayan at tsart na naglalaman ng kakailanganing mga impormasyon. Mahalaga ang iyong partisipasyon sa gagawing mga talakayan.

Matapos maituro ang paksa at nagging pagkatuto ng mga mag-aaral, masasabi kong:

Nagkaroon ng kaunting kalituhan sa (Content)

_____

_____

_____

Dapat bigyang pansin ang (Content)

_____

_____

_____

Naging balakid ang (Student behaviour/responses/ environment/ resources/ module itself)

_____

_____

_____

Iba pang detalye o impormasyong dapat isa alang alang:

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Sa kabuuan, masasabi kong:

_____ naging matagumpay ang pagtuturo at maaari ng tumuloy sa susunod na paksa.

_____ dapat pang bigyang pansin ang ilang bahagi ng paksa at mabibigyang linaw ito sa pamamagitan ng mga karagdagang Gawain.

Panonoorin mo ang sumusunod na *video* na nagtataglay ng mga impormasyon tungkol sa lokasyon, hugis, sukat, at pisikal na katangian ng Asya. Mas mabuti kung magtatala ka ng mga impormasyong makakatulong sa iyo sa pagsagot sa pamprosesong mga tanong.

- "The Geography of Asia"
  http://www.youtube.com/watch?feature=player_embedded&v=x-LFOkGfyZM
  "Physical Geography of Asia"
  http://www.youtube.com/watch?feature=player_embedded&v=D7qvqQKYMt4
  "Geography of Asia Global II"
  http://www.youtube.com/watch?feature=player_embedded&v=NdmRYNNoDbQ

Maaari ring basahin ang tekstong ito tungkol sa kinaroroonan, lokasyon at paghahating panrehiyon ng Asya na makapagbibigay sa iyo ng mga kakailanganin mong kaalaman

ANG KONTINENTE NG ASYA

Ang Asya ay isa sa pitong kontinente ng daigdig. Kontinente ang tawag sa pinakamalaking dibisyon ng lupain sa daigdig. Isa sa mga paraan ng pagkuha ng lokasyon ng isang kontinente at bansa ay sa pamamagitan ng pagtukoy ng *latitude* (distansyang angular na natutukoy sa hilaga o timog ng *equator*) at *longitude* (mga distansyang angular na natutukoy sa silangan at kanluran ng *Prime Meridian*) nito. Ang *Equator* ay ang *zero-degree latitude* at humahati sa globo sa hilaga at timog na *hemisphere* nito, at ang *Prime Meridian* naman ay ang *zero-degree longitude.* Nasasakop ng Asya ang mula 10° Timog hanggang 90° Hilagang *latitude* at mula 11° hanggang 175° Silangang *longitude*

Gabay ng Guro

Ang gawaing ito ay naglalayong ipakita sa pamamagitan ng *video* ang pisikal na kapaligiran ng Asya. Hikayatin ang mga mag-aaral na magtala ng mga detalye at impormasyon mula sa kanilang mga mapapanood.

Samantala, kung hindi *available* ang mga kagamitan para sa pagpapanood ng *video,* maaaring basahin ng mga mag-aaral ang teksto para sa mahahalagang kaalaman tungkol sa kontinente ng Asya.

Pinakamalaki ang kontinente ng Asya kung ihahambing sa ibang mga kontinente sa daigdig. Sa kabuuang sukat nitong mahigit 17 milyong milya kwadrado (humigit kumulang na 44,936,000 kilometro parisukat), katumbas nito ang pinagsama-samang lupain ng North America, South America, at Australia, at halos sankapat (¼) lamang nito ang Europe. Tinatayang sangkatlong (⅓) bahagi ng kabuuang lupain ng daigdig ang kabuuang sukat ng Asya.

Nahahati sa limang rehiyon ang Asya: Hilaga, Kanluran, Timog, Timog Silangan, at Silangang Asya. Heograpikal at kultural na sona ang mga rehiyong ito sapagkat isinaalang-alang sa paghahating ito ang pisikal, historikal at kultural na aspeto.

Ang Hilagang Asya ay binubuo ng mga bansang dating *Soviet Central Asia* (Kazakhstan, Kyrgyzstan, Tajikistan, Azerbaijan, Turkmenistan, Uzbekistan, Georgia, Armenia) Mongolia at Siberia. Kilala ang rehiyong ito sa katawagang *Central Asia* o *Inner Asia.* Sa Kanlurang Asya matatagpuan ang hangganan ng mga kontinenteng Africa, Asya at Europa. Dito nakalatag ang mga bansang Arabo (Saudi Arabia, Lebanon, Jordan, Syria, Iraq at Kuwait), Gulf States (Yemen, Oman, United Arab Emirates, Qatar, at Bahrain), Iran, Israel, Cyprus, at Turkey.

Bahagi naman ng Timog Asya ang India; mga bansang Muslim ng Afghanistan, Pakistan at Bangladesh; mga bansang Himalayan ng Nepal at Bhutan; at mga bansang pangkapuluan ng Sri Lanka at Maldives. Ang Timog-Silangang Asya ay nakilala bilang Farther India at Little China dahil sa impluwensya ng mga nasabing kabihasnan sa kultura nito. Ang rehiyong ito ay nahahati sa dalawang sub-regions: ang mainland Southeast Asia (Myanmar, Thailand, Vietnam, Laos, Cambodia) at insular Southeast Asia (Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Brunei, Singapore, East Timor). Ang Silangang Asya ay binubuo ng China, Japan, North Korea, South Korea, at Taiwan.

Pagkatapos basahin ang teksto, maaaring gumawa o magpagawa ng *graphic organizer* upang mas mahimay ang mahahalagang detalye ng pisikal na katangian ng Asya.

Samantala, ang mga rehiyon kasama ang mga bansang nabibilang dito ay ipatukoy sa mapa para magkaroon ng ideya ang mga mag-aaral sa kinaroroonan ng mga ito. Maaari rin sundan ito ng maikling talakayan tungkol sa hugis ng mga rehiyon ng Asya.

Matapos maituro ang paksa at nagging pagkatuto ng mga mag-aaral, masasabi kong:

Nagkaroon ng kaunting kalituhan sa (Content)

_____
_____
_____
_

Dapat bigyang pansin ang (Content)

_____
_____
_____

Naging balakid ang (Student behaviour/responses/ environment/ resources/ module itself)

_____
_____
_____

Iba pang detalye o impormasyong dapat isa alang alang:

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Sa kabuuan, masasabi kong:

_____ naging matagumpay ang pagtuturo at maaari ng tumuloy sa susunod na paksa.

_____ dapat pang bigyang pansin ang ilang bahagi ng paksa at mabibigyang linaw ito sa pamamagitan ng mga karagdagang Gawain.

Modyul sa Sariling Pagkatuto

De Leon, Zenaida M., et. al.,*ASYA: Tungo sa Pag-unlad,*Makabayan Serye, Vibal Publishing House, Quezon City, 2003, pp. 4-6

Bilang pantulong na impormasyon sa nailahad sa *video* at babasahing teksto, tunghayan mo ang Talahanayan 1 para makita ang kabuuang sukat ng mga kontinente sa mundo gayundin ang Pigura 1 para sa kalupaang sakop ng mga kontinente sa mundo hango sa Information Please Almanac sa http://www.factoid.com. Magsagawa ng pag-aanalisa ng mga pigura upang maging gabay sa pagsagot sa ilang bahagi ng pamprosesong mga tanong pagkatapos ng susunod na gawain.

Kontinente	**Kabuuang Sukat** (kilometro kwadrado)
1. Asya	44,486,104
2. Africa	30, 269,817
3. North America	24,210,000
4. South America	17,820,852
5. Antarctica	13,209,060
6. Europe	10,530,789
7. Australia	7,862,336
Kabuuan	143,389,336

Gawing pantulong sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa sukat ng mga kontinente sa mundo ang talahanayan. Hingin ang reaksyon ng mga mag-aaral tungkol dito. Ang kanilang mga ihahayag ay magiging batayan nila sa pagsagot sa mga pamprosesong mga taong kasunod ng mga teksto.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Matapos maituro ang paksa at nagging pagkatuto ng mga mag-aaral, masasabi kong:

Nagkaroon ng kaunting kalituhan sa (Content)

_____

_____

_____

Dapat bigyang pansin ang (Content)

_____

_____

_____

Naging balakid ang (Student behaviour/responses/ environment/ resources/ module itself)

_____

_____

_____

   c. Sinaunang pamumuhay, relihiyon, pamahalaan, mga batas at pagsusulat
   d. Pamahalaan, relihiyon, kultura at tradisyon, populasyon at estado

(Acquisition)

3. Ano sa mga sumusunod na impormasyon ang nagpapatunay na ang Sumer ang itinuturing na pinakamatanda at pinaka unang kabihasnan sa buong daigdig.

   a. Matatagpuan ito sa Mesopotamia sa lambak Tigris at Euphrates noong 3500-300 BC na unang nahubog na pamayanan.
   *b. Sa Mesopotamia natatagpuan ang pinaka unang kabihasnan sa daigdig
   c. Dahil dito natatag ang mga pamayanan at imperyo
   d. Ito ang naging tagpuan ng ibat ibang pangkat ng tao

(Acquisition)

4. Pag-sunud sunurin ang mga kaganapan ng Sinaunang Kabihasnang Asyano.

1. Nalikha ng mga Sumerian ang cuneiform writing
2. Lumitaw ang Neolitikong pamayanan sa Ilog Indus
3. Ang pamayanang Yangshao at Lungshan sa Tsina ay namayagpag
4. Ang kabihasnang Indo Aryan ay nabuo noong 1500 BCE.

*a.1234 b.1423
b.1243 c. 4123

(Meaning Making)

5. Paano naiiba ang sistemang panrelihiyon ng Kabihasnang Shang sa Kabihasnang Indus at Sumer ?

*a Nagsasagawa ang hari ng Shang ng tungkuling panrelihiyon.
b.Tumutupad ang hari ng Shang ng lampas sa itinatadhana ng simbahan
c.Naniniwala ang Shang sa pang orakulo o panghuhula
d.Batay ang pananampalataya ng Shang sa maraming Diyos

(Meaning Making)

6. Bahagi ng paniniwalang Tsino ang tinatawag na *Son of Heaven* o Anak ng Langit ang kanilang Emperador , ano ang iyong pagkaunawa sa kahulugan ng konseptong ito ?

*a. Ang emperador ay pinili ng langit upang mamuno na may itinakdang kasaganaan at kapayapaan.
b. Namumuno siya dahil pinili siya ng mga mamamayan na anak ng Diyos
c. Ang emperador ang pinakamabuti sa lahat at tinalaga siya ng Diyos
d. Namumuno ang emperador batay sa mga kautusan na itinakda.

(Meaning Making)

7. Sa Tsina ang footbinding ay ginagawa habang bata pa ang babae ay tatanggalin na ang kuko, babaliin ang buto sa daliri ng paa at ibabalot sa bondage.Ano ang implikasyon nito sa kanilang kultura ?

   *a. Naging pamantayan na ng kagandahan sa lipunan ang ganitong kultura.
   b. Naging batas na ng lipunan ang ganitong gawain
   c. Nakakabuti sa tingin ng kalalkihan ang ganitong tradisyon
   d. Tataas ang kalidad ng pamumuhay kung gagawin ito.

(Meaning Making)

8. Bakit naging mahalaga ang *Calligraphy* o sistema ng pagsulat sa mga Tsino

   a. Dahil ito ang mahalagang ambag ng kabihasnang Shang
   b. Dahil ito ang pinagbatayan ng kanilang pamumuhay
   *c. Dahil ito ang nagsilbing tagapag-isa sa mga Tsino sa kabila ng ibat ibang wika
   c.Dahil ito ang nagsilbing simbulo ng karakter ng mga Tsino

(Acquisition)

9. Ano ang bahaging ginampanan ng mga pinunong kababaihan ~~sa~~ sa ibaba sa Asya(acquisition)

   *a . Tinaguyod at pinanatili nila ang Asyanong pagpapahalaga sa kanilang pamumuno sa ibat ibang pamamaraan.
   b. Pinalawak nila ang mga kapangyarihan ng mga kababaihang pinuno sa kanilang panunungkulan.
   c. Pinataas nila ang kita ng bansa sa kanilang pamumuno
   d. Binigyan nila ng mataas na kapangyarihan ang mga kababaihan na kanilang ka partido.

(Meaning Making)

10. Suriin mabuti ang mga larawan.Ano ang pinararating na mensahe ng mga larawan

*a. Ang Asya ay binubuo ng pagkakaibaba na relihiyon, paniniwala at kultura.
b. Makikita sa Asya ang kasaysayan ng bawat bansa
c. Ang Asya ang saligan ng paniniwala, relihiyon at tradisyon sa mundo
d. Nasa Asya ang sinaunang batayan ng sibilisasyon

(Acquisition)

11.Kumpletuhin ang flowchart ng mga pangyayari sa Kanlurang Asya. Punan ang kahon sa ibaba.Isulat sa tamang pagkakasunod sunod ang mga ito.



Mga pagpipilian para sa pagkakasunod sunod.

a. Lumitaw ang Mga katutubong Imperyo sa Mesopotamia
b. Umusbong ang Kabihasnan ng Mga kalapit Lugar sa Mesopotamia
c. Umunlad ang Kabihasnang Arab Islamic
d. Sumalakay ang mga Turks

*a.abcd
b. bcda
c. cdab
d.dabc

(Meaning Making)

12.Ang Tsina ay nagkaroon ng tinatawag na Apat na dakilang Dinastiya. Bakit tinawag na dakilang dinastiya ang mga ito ?

*a.Dahil naganap sa panahong ito ang pag-unlad ng Tsina sa ibat ibang larangan
b.Nagkaroon ng pagsakop ng mga dayuhan sa yaman ng bansa
c. Umunlad ang sining at arkitektura ng Tsina
d. Lumawak ang mga impluwensya ng Tsina

(Meaning Making)

13. Ang Caste System sa India ay sinaunang paghahati ng lipunan na may ibat ibang antas ang mga tao. Alin sa mga sumusunod ang nagpapatunay tungkol sa Caste system ?

a. May mahahalagang gawain sa bayan ang bawat pangkat
b. Ang Sudras ang pinaka mataas na uri sa lipunan
c. May matataas na pinuno na bahagi din ng Sudras
*d. Ang bawat mamamayan ay nabubuhay batay sa kanyang antas sa lipunan at karapatan.

(Acquisition)

14. Maaaring narinig mo na mula sa isang galit na tao ang mga katagang “Kakarmahin din siya balang araw” o di kaya, “Ma-karma sana siya.” Kapag ito’y napakinggan, tila ba ang tao na nagsasabi nito ay nais mapahamak ang taong kanyang pinagsasabihan. Marahil nakatatak sa isipan ng ibang mga tao na ang karma ay parang sumpa o kamalasan ngunit hindi ito ang tunay na diwa ng karma. Ngunit ang tunay na diwa ng Karma ay…

*a.ang ating mga gawain ay kasama natin maglalakbay kahit saan at kahit gaano kalayo man ang ating marating sa buhay. Kung ano man ang ating mga nagawa noon ay siyang naghubog kung ano tayo ngayon.
b. Paniniwala sa mga gawa na mabuti na magreresulta sa mabuting gawa lamang sa kapwa.
c. Pagtugon sa masamang pangyayari sa kapwa na produkto ng negatibong karanasan din sa kapwa.
d. Mabuti at di mabuting gawa at may katumbas na mabuti at di mabuting resulta.

(Meaning Making)
15.Isa sa apat na Noble ng katotohanan ng Budhismo ay **Buhay ay nangangahulugan na puno ng paghihirap.**Ano ang implikasyon nito sa ating buhay ?

*a. Bahagi ng buhay ng tao ang paghihirap at pagdurusa tulad ng pagkakasakit, pinsala, pagkahapo, katandaan, at kalaunan kamatayan;
b. Pang habang buhay ang paghihirap ng tao hanngang kamtayan.
c. Kahit na magsumikap ang tao ay mararanasan parin niya ang paghihirap.
d. Hindi maaring takasan ang kahirapan at kalungkutan sa buhay.

(Meaning Making)
16. Ang pangangalaga sa tradisyonal na kultura at pagkakaiba-iba ng kultura ay nagsisilbing ugat na pangkultura ng isang bansa. Dapat isanib ang inobasyong kultural sa pangangalaga sa tradisyon. Kung walang tradisyonal na kultura, walang makabagong kultura at kung hindi maangkop sa makabagong lipunan ang tradisyon, mahihirapan itong masalin. Ano ang kabuang mensahe nito.?

*a.Ang lumang kultura at tradisyon ay dapat pahalagahan at pagyamanin katulong ang mga inobasyon na makaka angkop sa makabagong lipunan.
b.Dapat proteksyunan ang mga kultura at tradisyon ng bansa.
c. Ibabagay ang kultura at tradisyon sa mga kaganapang panlipunan
d.Isasabuhay at ibabahagi ang mga mabubuting kultura at tradisyon ng bansa.

(Meaning Making)
17. Hindi naging malawak ang mga karapatan at kapangyarihan ng mga sinauang kababihan sa Asya. Ito ay batay sa kasaysayan na naitala sa mga bansang Asyano, katulad halimbawa sa India, bahagi ng paniniwala ang suttee o sati, ito ay pagtalon ng asawang babae sa apoy na sinusunog na lalaki. Bahagi ng kulturang India ang pagkain lamang ng babae kung tapos na ang kanyang asawa. Ano ang ugat ng mababang pagtingin sa mga kababaihang asyano ?

*a. Bahagi na ng kasaysayan ang ituring na mababang miyembro ng lipunan ang mga kababaihan at limitado ang kanilang mga karapatan sa lipunan.
b. Hindi pinagkalooban ng langit ang mga kababaihan na mamuno sa lipunan.
c.Mahina ang loob at wala silang kakayahang mamuno sa imperyo.
d.Hindi pinagkakalooban ang mga kababaihan ng mataas na edukasyon at kasanayan sa buhay.

(Transfer)
18.Matapos ang inyong talakayan sa aralin tungkol sa relihiyon,Naatasan ka ng iyong guro na mamuno sa paglikha ng presentasyon sa ibat ibang relihiyon sa Asya.Ano ang gagawin mong pamantayan sa pagbuo ng nilalaman ng presentasyon ?

*a.Kasaysayan ng relihiyon,sino ang nagtatag,saan tinatag,mahahalagang aral,mga impluwensiya sa mga bansang Asyano,kasalukuyang kalagayan ng relihiyon.
b. Kasaysayan ng relihiyon,sino ang nagtatag,saan tinatag,mahahalagang aral,mga impluwensiya sa mga bansang Asyano.
c. Kasaysayan ng relihiyon,sino ang nagtatag,saan tinatag,mahahalagang aral,
d. Kasaysayan ng relihiyon,sino ang nagtatag,saan tinatag.

(Transfer)
19.Kakatawanin mo ang inyong paaralan para sa isang paligsahan ng debate ukol sa pilosopiya, paniniwala at misyon ng bawat paaralan sa inyong Dibisyon. Ano gagawin mong paghahanda bago ang paligsahan.

*a.Gumawa ng outline ng isyu, magsaliksik at mag-aral sa posibling mga katanungan.
b.Magsaliksik at sanayin na humarap sa karamihan
c.Magbasa,manood ng balita at maghanda.
d.Magbasa at magsaliksik sa isyu.

(Transfer)
20.Ikaw ay pangulo ng History Club sa inyong paaralan,naatasan ka na gumawa ng mga proyekto sa kahalagahan ng kontribusyon ng mga Asyano. Ano ang gagawin mo para makilala at makita ang lahat ng mga kontribusyong Asyano.

a.Paligsahan sa pagsulat ng sanaysay
b.Collage Making Contest
*c.Open House Exhibit
d.Quiz Contest

Modyul sa Sariling Pagkatuto

MODYUL 2 : SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA
(Simula Siglo 16 Hanggang Siglo 20)

ARALIN 1 : MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA

ATING ALAMIN:

Nais mo bang malaman ang pagsibol at pag-unlad ng sinaunang kabihasnan sa Asya? Sa bahaging ito ng aralin sisikapin nating tuklasin ang mga konsepto at kahulugan ng kabihasnan at kung paano ito sumibol, umunlad, at nagpatuloy sa kasalukuyang panahon.Lilinangin ang dating mga kaalaman at pag-unawa. Magsasagawa ng mga kasanayan para sa pagtuklas ng mga kaalaman na may kaugnayan sa pag-usbong ng kabihasnan sa Asya. Marahil ay handa ka na para sa pagtupad at pagsasagawa ng mga gawain.
Kaya halina...

GAWAIN BLG.1: HALINA'T TUKLASIN

Tunghayan ang kasunod na ilustrasyon. Mababasa mo ang salitang **Kabihasnan** at **Sibilisasyon** mula sa *speech balloon*. Magbigay ka ng iyong ideya o kaalaman tungkol sa mga salitang nabanggit batay sa iyong sariling pananaw at pag-unawa.

Isulat mo sa bawat *banner* ang mga salita na naisip mo na bubuo sa kahulugan ng salitang Kabihasnan at Sibilisasyon.

Matapos kang makapagbigay ng mga ideya o mga salita na may kinalaman sa kabihasnan at sibilisasyon ay subukan mong pag ugnay-ugnayin ang mga nasabing salita upang makabuo ka ng kaisipan na kakatawan sa magiging kahulugan ng kabihasnan at sibilisasyon. Maari mo ring isama ang iba pang kahulugan na naitala ng iba mo pang kamag-aral. Buuin mo ang pangungusap katulad ng nasa ibaba.Pagkatapos ay ilahad mo at ibahagi sa klase.

Ang kabihasnan at sibilisasyon ay_____
_____

Gabay ng Guro

Ipakita at ipabasa sa mga mag-aaral ang pangungusap na nasa ilustrasyon sa ibabang bahagi. Ipaunawa ito sa mga mag-aaral at tanungin sila kung ano ang dalawang mahalagang salita ang nakapaloob sa pangungusap. Hingan ng ideya ang mga mag-aaral tungkol sa mga mahahalagang salita na nakapaloob sa *speech balloon* batay sa kanilang sariling pananaw at pagkaunawa. Matapos makapagbigay ang mga mag-aaral ng kanilang mga kasagutan ay ipabahagi ito sa klase para sa pangkalahatang paglalahad ng ideya.

Sa pagsasagawa ng Gawain sa bahaging ito ay maghanda ng chart na kinapapalooban ng mga *banner* ang guro upang dito maitala ng mga mag-aaral ang kanilang mga kasagutan.Maaaring ang guro ang magsimulang magbigay ng salita na kakatawan sa kahulugan ng kabihasnan at sibilisasyon upang magsilbilbing halimbawa sa kanila.

Maaari din itong isagawa ng pangkatan
Pangkatin sa apat ang klase. Bawat pangkat ay bigyan ng tatlong *banner* upang dito nila maisulat ang mga salitang naisip ng grupo na magbibigay kahulugan sa salitang kabihasnan at sibilisasyon. Bigyan sila ng dalawang minuto upang makabuo ng isang pangungusap na gagamitan ng mga salitang isinulat nila sa *banner*. Kapag tapos na ang takdang oras ay sisimulan ng tawagin ng guro ang bawat grupo upang idikit sa nakahandang ilustrasyon ang mga salitang naisip nila. Sa huli, isa -isahing tanungin ng guro ang bawat grupo kung ano ang nabuo nilang kahulugan ng kabihasnan at sibilisasyon batay sa mga salitang nakalagay sa bawat *banner*. Gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap.

Gamiting halimbawa ang nasa ibaba.
Ang kabihasnan at sibilisasyon ay _____
_____
_____.
Kung nakabuo na ng pangungusap ang mga mag-aaral hingan sila ng paliwanag sa kanilang naging kasagutan.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG. 2 LARAWAN –SURI

Tunghayan ang mga larawan. Suriin mo at bigyan ng kahulugan ang mga ito. Ano kaya ang naging halaga nito sa Sinaunang Asyano? Ano ang naging silbi ng mga bagay na ito sa mga Sinaunang Asyano? May kinalaman kaya ang mga bagay na ito sa pagkakaroon ng kabihasnan at sibilisasyon? Magbigay ka ng iyong opinyon tungkol sa mga bagay o larawan na naipakita. Pagkatpos mong masuri ay sagutin mo ang mga katanungan na nasa ibaba.



Pamprosesong mga Tanong

1. Ano ang ipinapahayag ng mga bagay na naka larawan?
2. Bakit kaya kinailangan ng mga Sinaunang tao ang mga bagay na ito?
3. Paano naging mahalaga ang mga bagay na ito noong sinaunang panahon?

Gabay ng Guro

Magpakita sa mga mag aaral ng mga larawan katulad ng mga halimbawa na nasa loob ng ilustrasyon. Sabihin sa mag- aaral na masdang mabuti ang mga bagay na makikita sa larawan. Ipatukoy sa mga mag aaral kung ano- ano ang mga bagay na nakita sa larawan at tanungin sila kung ano ang naging halaga nito sa mga Sinaunang Asyano. Ipasuri din ano ang naging gamit ng mga naturang bagay sa pamumuhay ng mga Sinaunang Asyano. Pagkatapos ng pagsasagawa ng pagsusuri ay pasagutan sa kanila ang pamprosesong mga tanong.

Tandaan ng guro na sa pagsusuri ay tanggapin lahat ang kasagutan ng mga mag-aaral.Maaaring magbigay ng ilang halimbawa ang guro kung paano ito ginamit ng mga Sinaunang Asyano upang mabuksan lamang ang kaisipan ng mga bata at hindi upang ibigay sa kanila ang tamang kasagutan. Hayaan ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang sariling kaalaman tungkol rito.

Pasagutan sa mga mag-aaral ang mga pamprosesong mga tanong para sa mas malinaw na pagsusuri ng kaalaman.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN 3: SURIIN NATIN

Nais mo bang marating ang mga ilog at lambak na ito? Subalit bago mo marating ang mga lugar na ito ay dapat mong malaman ang mga kuwento at kasaysayan tungkol sa mga ilog at lambak na makikita. Suriin mo ang mga larawan at alamin kung ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng bawat isa.Saan kaya matatagpuan ang mga ito? Ano kaya ang kinalaman ng mga ilog at lambak sa pag -usbong at pag-unlad ng kabihasnan at sibilisasyon?

(Tigris-Euprates)

(Huang-Ho)

(Indus Valley River)

Pamprosesong mga Tanong

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang ipinakikita ng mga larawan?
2. Bakit kaya sa mga lugar na ito nagsimula ang mga unang kabihasnan?
3. Ano -ano kaya ang mga bagay na nakatutulong para mabuo ang kabihasnan?
4. Paano nakaimpluwensiya ang sinaunang kabihasnan sa pagbuo at pag-unlad ng mga pamayanan at estado?

Gabay ng Guro

GAWAIN 3: SURIIN NATIN

Magsagawa ng isang paglalakbay sa mga lugar na pinagmulan ng mga sibilisasyon tulad ng mga ilog at lambak sa Asya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang *powerpoint presentation* o di kaya naman ay mga larawan.Tanungin ang mga mag aaral kung nais nilang marating ang mga lugar na ito at kung may alam silang kuwento o kasaysayan tungkol sa mga nasabing lugar.Kung mayroon man,ay bigyan ng pagkakataon ang mga mag aaral na maglahad ng kanilang mga kwento.

Ipasuri sa mga mag aaral ang mga larawan at ipalinang sa mga mag-aaral kung ano- ano ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga ilog at lambak na pinagmulan ng mga kabihasnan at sibilisasyon sa Asya at pagkatapos ay tanungin ang mga ito gamit ang mga katanungan na nasa ibaba. Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag aaral at ihanda para sa pagtalakay ng aralin.

Pasagutan sa mga mag-aaral ang mga pamprosesong mga tanong para sa mas malinaw na pagsusuri ng kaalaman.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG. 4: BAHAGDAN NG AKING PAG-UNLAD

Pagkatapos mong matukoy at mabuo ang mga konsepto at kahulugan ng kabihasnan pati na ang mahahalagang lugar sa Asya, marahil nais mo nang malaman kung bakit naging mahalaga ang mga ito noong sinaunang panahon. Subalit bago tayo magpatuloy sa pagpapalawak ng kaalaman ay sagutan muna natin ang itinakdang gawain na nasa ibaba.



Panuto: Sagutan ang unang kahon na ***Ang aking Alam*** at ang ikalawang kahon ***Nais malaman***. Samantala ang ikatlong kahon ***Mga Natutuhan*** ay mapupuna na may takip at kalakip na tandang pananong dahil masasagutan mo lamang ito kapag natapos mo na ang pag -aaral sa paksa kaya't ito ay muli mong babalikan.

Pagkatapos matimbang at masuri ang iyong kaalaman tungkol sa mga konsepto ng kabihasnan at sibilisasyon, marahil nais mo pang malaman ang mahahalagang impormasyon tungkol dito, at maraming katanungan ang nabuo sa iyong isipan at sarili na nais mong masagot at matuklasan. Ang mga katanungang nabuo sa iyong isipan ay masasagot na sa susunod na bahagi ng modyul na ito sa pamamagitan ng ibat ibang gawain na may kaugnayan sa aralin. Suriin mo rin kung ang dating kaalaman ay tutugma sa bagong kaalaman na matutuklasan mo at matututuhan.

IPROSESO

Sa bahaging ito ay inaasahan na malilinang at matututuhan mo ang mga bagong kaalaman kung paano nagsimula at umunlad ang Sinaunang Kabihasnan sa Asya. Maaaring balikan ang mga katanungan sa unang bahagi upang masagot ito pagkatapos ang pag-aaral sa bahaging ito ng modyul. Inaasahan din na maiwawasto na kung may mali o di katanggap - tanggap na mga pag unawa sa pagtalakay sa paksa.

Gabay ng Guro

Sa bahaging ito ng gawain ay inaasahan na magsasagawa ang guro ng pagtitimbang timbang sa kaalaman ng mga mag aaral gamit ang gawaing Bahagdan ng Aking Pag-unlad upang masukat ang dating kaalaman ng mga mag aaral at nais pang malaman ng mga mag-aaral tungkol sa aralin o paksa. Sa gawaing ito ay matataya ng guro kung gaano ang lawak ng gagawing pagtalakay at pag-aaral sa paksang Sinaunang Kabihasnan sa Asya. Gabayan ang mga mag aaral sa pagsasagot ng gawain.

Ipaliwanag sa mga mag aaral ang paraan ng gagawing pagsagot sa gawain**.** Sa **unang kahon** ay pasagutan kung ano ang nalalaman ng mga mag aaral tungkol sa Sinaunang Kabihasnan, sa **ikalawang kahon** ang nais pa nilang malaman tungkol sa Sinaunang Kabihasnan samantala,ang **ikatlong kahon *Mga Natutuhan*** ay ipaalalang sasagutan lamang kapag natapos na ang pagtalakay sa aralin kaya ito ay inaasahan na babalikan ng guro.

Matapos matimbang at masuri ang kaalaman ng mga mag aaral tungkol sa mga konsepto ng kabihasnan at sibilisasyon ihanda ang mga mag aaral para sa pagtalakay ng mga bago at mahahalagang impormasyon tungkol dito. Maghanda ng mga makabuluhang kasagutan sa mga nabuong katanungan sa isipan ng mga mag aaral at para sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman. Kinakailangan na masuri ng guro ang dating kaalaman na tutugma sa mga bagong kaalaman na matutuklasan at matututuhan sa susunod na bahagi ng modyul..

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG. 5: BASA-SURI-UNAWA

Basahin, suriin at unawain mo ang nilalaman ng teksto tungkol sa kabihasnan at sibilisasyon. Pagkatapos mong basahin ay sagutin ang mga pamprosesong mga tanong at mga susunod na gawain na may kinalaman sa pag-usbong ng Sinaunang Kabihasnan.

Sinasabing ang kabihasnan ay masalimuot na pamumuhay sa lungsod at kadalasang kasinghulugan ng salitang sibilisasyon. Kapag ang isang tao ay nagkaroon ng kasanayan sa isang bagay masasabi nating nagiging bihasa siya o nagiging magaling. Katulad ng nangyari sa mga Sinaunang Asyano, nanirahan sila sa mga lambak at ilog. Nalinang nila ang pamumuhay tulad ng pangingisda at pagsasaka dahil sa kapaligiran na kanilang permanenteng tinirahan. Kinasanayan na nila ang pangingisda at pagsasaka at ito ang nagsilbing pang araw- araw nilang hanapbuhay.Dahil dito nabuo ang konsepto ng kabihasnan na pamumuhay na nakasanayan o nakagawian.

Ang sibilisasyon naman ay tumutugon sa pamumuhay ng mga lipunang umusbong sa mga lambak at ilog tulad ng Sumer, ndus at Shang. Subalit hindi tahasang sinasabi na kapag namuhay ka sa lungsod ay sibilisado ka na o kung namuhay ka sa hindi lungsod ay hindi ka sibilisado. Ang pagkakaroon ng sibilisasyon ay batay sa pagharap sa hamon ng kapaligiran kung paano mo ito matutugunan. Umiiral ang kabihasnan at sibilisasyon kapag ang tao ay natutong humarap sa hamon ng kapaligiran at sa pagkakaroon ng kakayahan na baguhin ang kanyang pamumuhay gamit ang lakas at talino nito. Ito ang magpapaunlad sa kanyang pagkatao. May mga batayang salik sa pagkakaroon ng kabihasnan. Ito ay ang pagkakaroon ng organisado at sentralisadong pamahalaan, masalimuot na relihiyon,espesyalisasyon sa gawaing pang-ekonomiya at uring panglipunan, mataas na antas ng kaalaman sa teknolohiya,sining at arkitektura at sistema ng pagsusulat. Kung susuriin,ang Sumer, Indus at Shang ay mga lungsod na nagkaroon ng kakayahan na mapaunlad ang kanilang pamumuhay.Lumaki ang kanilang populasyon na luminang sa lupain na agrikultural na paglaon ay pagsasaka ang naging pangunahing hanapbuhay,nakaimbento ng mga kagamitan sa pagsasaka. Bawat lungsod ay pinamunuan ng mga pari at ang iba naman ay napalitan ng mga hari. Nagkaroon ng paniniwala sa maraming diyos na tinawag na Politeismo.

Nakapagtayo ng mga templo, nakaimbento ng mga kagamitang yari sa metal na nagamit sa kalakalan. Bunga ito ng angking kakayahan ng mga artisano. At ang huli ay ang pagka imbento ng sistema ng pagsulat.

mula sa aklat ni Grace Estela C.Mateo Ph.D
Asya Pag-Usbong ng Kabihasnan

Pamprosesong mga Tanong

1. Ano ang mga bagay na makapagpapatunay na nagkaroon ng kabihasnan ang Sinaunang Asyano?
2. Ano ano ang mga batayang salik sa pagkakaroon ng kabihasnan?
3. Naging sapat ba ang kakayahan ng mga Sinaunang Asyano upang mapaunlad ang kanilang kabihasnan? Ipaliwanag ang iyong sagot.
4. Ipaliwanag ang kaugnayan ng mga larawan na nailahad. Masasabi mo bang ito ay mga pangyayaring nagpaunlad sa kabihasnan at sibilisasyon ng sangkatauhan lalo na sa Asya?

Gabay ng Guro

Sa gawaing ito ay may babasahin na naglalaman ng mga konsepto at kaalaman tungkol sa kahulugan ng kabihasnan at sibilisayon. Maaaring ipabasa ng guro sa mga mag-aaral ang mga ito upang magkaroon sila ng kaalaman at maunawaan ang tungkol rito. Sa gagawing pagbasa ng mga mag-aaral gabayan ng guro upang makuha at malinang nila ang tamang pag-unawa sa mahahalagang impormasyon kaugnay ng pagkakabuo ng kabihasnan at sibilisasyon. Isa –isahin ang gawing paglilinaw ng guro sa mga impormasyon kung paano nabubuo ang isang kabihasnan para sa malalim na pag-uanwa ng mag-aaral sa paksa. Maaaring tumawag ang guro ng isang mag-aaral upang siyang bumasa ng babasahin na nasa ibaba o kaya naman ay ipabasa ito ng tahimik sa kanila.

Bago gawin ang pagsagot sa mga prosesong tanong ay maaaring gabayan ng guro ang mga mag aaral sa mga larawan na nakalahad. Isa- isang ipabatid sa kanila kung ano ang nakasaad sa nasabing larawan upang maunawaan nila ito. (hal. Ang unang larawan ay taong gumagawa ng apoy, ikalawa ay gumagawa ng damit na yari sa balat ng hayop, ikatlo ang pagsasaka at ikaapat ay larawan ng modernong lungsod). Pagkatpos maunawaan ang mga nasa larawan ay pasagutan sa mga mag-aaral ang mga pamprosesong katanungan.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG. 6 : ITALA NATIN

Ngayon naman ay itala mo sa bawat kahon ang mga salik at batayan sa pagbuo ng kabihasnan at sibilisasyon. Maaari mong balikan ang mga binasang teksto mula sa Gawain 5 upang maitala mo at maisulat sa bawat kahon ang mga magiging sagot mo sa ilustrasyon. Kapag naitala na ay sagutin mo ang mga pamprosesong mga tanong at ihanda ang sarili sa magiging talakayan.



Pamprosesong mga Tanong

1. Ano- ano ang mga salik o batayan sa pagbuo ng kabihasnan?
2. Balik mahalaga ang mga salik o batayan sa pagbuo ng kabihasnan?
3. Kung mawala ang isang salik o batayan, masasabi mo pa bang isang kabihasnan o sibilisasyon ang mabubuo? Bakit? Ipaliwanag ang sagot.

Gabay ng Guro

Makikita sa gawaing ito ang isang ilustrasyon na nagpapahiwatig ng mga lalamaning kaalaman tungkol sa mga salik sa pagbuo ng kabihasnan. Ang guro ay mag papa-alala sa mga mag-aaral na maaaring balikan ang babasahin sa Gawain 5 upang makuha ang mga impormasyon na nagtatakda sa mga salik o batayan sa pagbuo ng kabihasnan.Matapos makuha at maunawaan ay maaari nang ipatala ng guro ang mga ito sa ilustrasyon na nakahanda at makikita sa ibaba.

Magkaroon ng talakayan at pagpapaliwanag sa mga salik sa pagbuo ng kabihasnan gamit ang mga pamprosesong tanong sa bahaging ito.Kinakailangan na matutuhan ng mga mag aaral ang mga naging batayan o basehan ng mga Sinaunang Asyano sa pagbuo ng mga kabihasnan at sibilisasyon. (Mungkahi : Maaari ding ipagawa ito sa pamamagitan ng pangkatang gawain. Bawat pangkat ay hingan ng guro ng kanilang mga napag-isang opinyon para sa mas mabilis at maayos na talakayan.) Magbigay ang guro ng sariling pamantayan para sa gagawing presentasyon ng grupo upang makamit nila ang inaasahang grado.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG. 7 PANA-PANAHON

Isa-isahin mong buuin at isalaysay ang mga pangyayari at pagbabagong naganap sa bawat panahon, kapaligiran at mga tao na naging dahilan ng pag- usbong ng kabihasnan. Isulat mo ito sa *ladder web* upang makita ang naging pag-unlad mula sa panahong paleolitiko hanggang panahong metal. Basahin mo ang teksto na naglalahad ng mga pangyayari.

Ano nga ba ang nangyari o pagbabago sa paglipas ng panahon? Masasabing nakadepende lamang sa kapaligiran ang mga Sinaunang tao noong panahong Paleolitiko(400,000-8500 B.C.E.)umaasa lamang sila sa kung anong biyaya mayroon ang mga puno at halaman sa kapaligiran na makapupuno sa kanilang pang araw -araw na pamumuhay at pagkatapos ay aalis kapag naubos na ang mga ito. Nomadiko ang ganitong pamumuhay.Kahit ganito pa man ang kanilang sistema nalinang ang kasanayan nila sa paggawa ng mga kasangkapang yari sa matutulis na bato at kalaunan ay nagamit sa pangangaso.Pinakamahalagang ambag nila ay ang pagkakatuklas ng apoy. Naggatuloy ang pagbabago dahil sa pag-agapay sa pagbabago ng kapaligiran.Natutong magpaamo ng hayop ,gumawa ng mga damit na galing sa mga balat ng hayop bilang proteksyon sa kanilang katawan, naganap ito sa Panahong Mesolitiko na naging transisyon sa Panahong Neolitiko. Kakaiba ang nangyari nooong Panahong Neolitiko(7000-3000 B.C.E) kung saan natutong magtanim at mag-alaga ng mga hayop ang mga tao. Malawakan ang naging pagtatanim kaya tinawag itong *Rebolusyong Neolithic*. Naging dahilan ito ng mga tao para manatili sa mga agrikultural na lugar ,mga tabi ng ilog at lambak upang mabantayan ang mga pananim at alagang hayop. Dito nagsimulang mabuo ang pamayanan.Nagkaroon ng kakayahan ang mga tao sa ibat ibang kasanayan o aspeto ng pamumuhay at nagkaroon ng pag-uuri sa lipunan.Nagsimula ang ibat ibang hanapbuhay ng tao tulad ng pangingisda at pagsasaka at nabuo ang pundasyon ng isang kabihasnan.Bunsod ng patuloy na pagbabago sa lipunan, nabuo ang Panahong Metal(4000 B.C.E) sa magkakabang lugar sa Asya at hindi naganap ng sabay sabay kung saan ang mga kasangkapang yari sa bato ay napalitan ng metal at paglaon ay napalitan ng tanso. Ngunit dahil sa salat sa mapagkukunan ng tanso napalitan naman ito ng bakal na siyang ginagamit pa rin hanggang sa kasalukuyan na nagpapalawak ng pamumuhay.

Halaw sa aklat ni Grace Estela C. Mateo Ph.D.
Asya Pag-usbong ng Kabihasnan

Gamit na yari sa bato

Pagsasaka sa Panahong Neolitiko

Gamit na yari sa metal

Ngayong nabasa mo na ang mga kaganapan o pangyayari sa bawat paglipas ng panahon ay maaari mo nang itala sa *ladder web* ang mga ito. Kaya't simulan mo na pagkatapos ay sagutin ang mga inihandang pamprosesong mga tanong.

Ladder Web



Pamprosesong mga Tanong

1. Ano-anong pagbabago ang naganap sa bawat panahon?
2. Paano hinarap ng mga Sinaunang Asyano ang hamon ng pagbabago ng ng kapaligiran? Ipaliwanag ang sagot.
3. Paano nakaapekto ang katangiang pisikal ng Asya sa pagbuo ng kabihasnan? Ipaliwanag ang sagot.

Gabay ng Guro

Sa gawaing ito ay maaring ipabuo at ipasalaysay sa mga mag aaral ang mga pangyayari at pagbabagong naganap sa kasaysayan sa bawat panahon, kapaligiran at mga tao na naging dahilan ng pag usbong ng kabihasnan.Ipagamit ang *ladder web* upang mas mabilis na maunawaan ng mag aaral ang mga naging kaganapan mula sa panahong Paleolitiko hanggang sa panahong Metal. Ipabasa at magkaroon ng pagsusuri sa mga nilalaman ng teksto tungkol sa naging pagbuo at pag unlad ng pamumuhay sa bawat yugto ng kasaysayan ng Sinaunang Asyano. (Mungkahi: maaari din itong ipagawa sa pamamagitan ng isang pangkatang Gawain.) Ngunit bago ito ipagawa ay ipabasa muna ng guro sa mag-aaral ang teksto na naglalaman ng mahahalagang impormasyon.

Pagkatapos mabasa at maunawaan ng mga mag-aaral ang mga pangyayari sa bawat panahon ay ipatala ng guro sa ladder web ang lahat ng impormasyon upang maisa-isa kung tama ang nakuhang impormasyon nila. Talakayin at ipaliwanag ng guro ang mga kaalaman na nabuo mula dito.

Maaari din itong ipagawa ng guro sa pangkatang Gawain.(Maaari ding magsagawa ang guro ng sarili nilang aktibiti o istratehiya para sa pangkatang Gawain.

Mungkahing Gawain para sa pangkatan.

1. Pangkat ang mga mag aaral sa tatlong pangkat. Papiliin sila kung sino ang magiging lider upang mamuno sa mga Gawain ng grupo.
2. Bigyan sila ng *task card* kung anong panahon ang gagawan nila ng pagpapaliwanag. (*Task card* 1-Panahon ng Paleolitiko,*Task Card* 2-Panahong Neolitiko,*Task Card* 3- Panahong metal).

Mga mungkahing estratehiya

A. Panahong Paleolitiko- gawing isang parang sine na mapapanood ng mga kaklase ang mga naganap sa panahong palelitiko na ang magsisiganap ay ang mga miyembro ng pangkat.

B. Panahong Mesolitiko at Neolitiko – itanghal ng grupo ang pinakamalaking nagawa o kontribusyon ng panahong ito.

C. Panahong Metal – ipakita ng grupo ang malaking pagbabago na naganap sa panahong ito sa pamamagitan ng pagbuo ng mga bagay na yari sa bato na napalitan ng mga metal na ginagamit na sa kasalukuyan.

3. Matapos ang pagtatanghal ng bawat grupo ay maaring bigyan sila ng marka o grado sa kanilang naging gawain batay sa mga pamantayan tulad ng nasa bahaging ito. (Maaari ding gumamit ang guro ng kanilang sariling *rubrics* o pamantayan)

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG. 8: MAPA-TUKOY

Suriin mo ang mapa at tukuyin kung anong mga kabihasnan ang umusbong at umunlad dito. Sa iyong pagsusuri ay unawain mo ang naging dahilan ng Unang Asyano sa pananatili nila rito. Pagkatapos ng gawain ay sagutin mo ang mga kasunod na tanong magpapalawak ng iyong kaalaman tungkol sa sinaunang kabihasnan.Maaaring gamitin ang leyenda upang mas madali ang iyong gagawing pagtukoy sa mga lugar.

Leyenda

- _ Mesopotamia
- _ Indus Valley
- _ China

Sa mga ilog, lambak nagsimula ang mga kauna-unahang kabihasnan ng Asya. Mga lupaing naaangkop sa pagsasaka upang makapagtanim at maging permanenteng panirahan. Sa Mesopotamia na nasa pagitan ng Tigris at Euprates,namuhay ang mga Sumerians,Huang Ho na nasa China umunlad ang pamayanang Shang at sa mga baybayin ng Ilog Indus nagsimulang bumuo ng perrmanenteng panirahan ang mga Indus. Nalinang ang mga kasanayan sa ibat ibang larangan na nagpaunlad sa kanilang pamumuhay. Sa mga ilog na ito hinarap ng mga sinaunang tao ang hamon ng kalikasan upang mabuhay.

Pamprosesong mga Tanong

1. Ano ang katangian ng mga lugar kung saan unang umusbong ang mga kabihasnan sa Asya?
2. Bakit umusbong ang mga sinaunang kabihasnan sa mga ilog at lambak sa Asya?
3. Ano-anong kabihasnan ang umusbong sa mga lugar ng Mesopotamia, Indus Valley at China?

Gabay ng Guro

Gabayan ng guro ang mga mag aaral sa pagsusuri at pagtukoy ng mga lugar na ipinakikita sa mapa. Magsagawa ang guro ng mga pagsusuri sa mga lugar kung saan umusbong at umunlad ang mga kabihasnan. Ipaunawa sa kanila ang mga naging dahilan ng mga Sinaunang Asyano sa pananatili sa mga nasabing lugar.Gamitin ng guro ang mga pamprosesong tanong para sa pagpapalawak ng kaalaman. Maaring gamitin ang *leyenda* sa mabilis na pagtukoy ng mga lugar.

Ipaunawa ng guro sa mag-aaral na ang mapa na nakikita at nasuri ay ang lumang mapa kung saan umusbong ang tatlong pangunahing sibilisasyon sa Asya, Ang Sumer,Indus at Shang. Maaari ding talakayin ng guro o di kaya naman ay tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa mga pagbabago ng mga lugar na ito sa kasalukuyang panahon.

Para sa mas malawak na talakayan at pag unawa ay gamitin ang mga katanungan na nasa ibaba.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG. 9: KABIHASNAN- ANO KA?

Pagkatapos mong matutuhan ang mga lugar na naging panirahan ng Unang Asyano ay tuklasin mo naman ang naging kasaysayan at katayuan ng mga kabihasnang itinatag o nabuo ng mga Unang Asyano. Pagkatapos mong mabasa at masuri ang nilalaman ng bawat teksto tungkol sa mga Sinaunang kabihasnan ang Sumer Indus at Shang ay punan mo ang mga talahanayan para sa mas malalim na pag-unawa sa mga kaalaman.

Kabihasnang Sumer

Ang Mesopotamia ang kinilala bilang *"cradle of civilization"* dahil dito umusbong ang unang sibilisadong lipunan ng tao .Matatagpuan ang Mesopotamia sa Gitnang Silangan na tinawag na *Fertile Crescent*,(Iraq) isang arko ng matabang lupa na naging tagpuan ng ibat ibang grupo ng tao mula sa *Persian Gulf* hanggang sa dalampasigan ng *Mediterranean Sea*. Sa lugar na ito matatagpuan ang Ilog ng *Tigris at Euprates* kung saan umusbong ang kabihasnan. Noong panahong Neolitiko natatag ang ilang pamayanan sa labas ng rehiyon ng Mesopotamia tulad ng *Jericho* sa *Israel* at Catal Huyuk at Hacilar sa *Anatolia(Turkey sa kasalukuyan 6000B.C.E.)* na pawang mga pamayanang agrikultural. Nagkaroon ng malawakang pagtatanim ng trigo at barley sa mga lugar na ito at pinaniwalaan din na natuto silang mangaso at mag alaga ng mga hayop.Subalit hindi rin nagtagal ang mga naturang pamayanan dahil sa salat ang kapaligiran upang mapunan ang pangangailangan ng mga pamayanan na ito. Tanging ang kasagutan sa mga suliranin na ito ng pamayanan ay ang matabang lupa ng Tigris at Euprates kung saan umusbong ang kabihasnang Sumer (3500-3000 B.C.E.) na itinuring na pinakamatanda at pinakunang kabihasnan sa daigdig.

Dito nagsimula ang pag usbong ng ibat ibang lungsod tulad ng Ur,Uruk,Eridu,Lagash ,Nippur at Kish. Dahil sa kanilang pinagsanib na kakayahan at paniniwala sa mga diyos ay naitatag ang templo na tinawag na Ziggurat , ang pinakamalaking gusali sa Sumer. Pinamunuan ng mga haring pari ang mga lungsod dito na hindi lamang lider ispiritwal at pulitikal ay kumakatawan sila bilang tagapamagitan ng tao sa diyos kayat nagiging kontrolado ng mga diyos diyosan ang pamumuhay ng tao.. Sa usaping pamumuhay naman ay may kanya kanyang espesyalisayon ang mga Sumerian na naging hudyat ng pag uuri ng tao sa lipunan. Mataas ang tingin sa mga pinunong hari, kasunod nito ang mga mangangalakal,artisano at mga scribe. At sa huli ang mga magsasaka at alipin.Paglaon ay natuklasan ang sistema ng pagsulat na tinawag na cuneiform kung saan ay naitatala ng mga scribe sa mga clay tablet ang mga mahahalagang pangyayaring nagaganap. Nagkaroon din ng pag unlad sa kanilang sining at natala ang mahahalagang tradisyon at epiko tulad ng Epiko ng Gilgamesh na katibayan ng kanilang kabihasnan. Naimbento rin ang teknolohiya sa pagsasaka tulad ng araro at mga kariton na may gulong at natuklasan din ang paggawa ng mga palayok at paggamit ng perang pilak. Sumunod na natuklasan ay ang paggamit ng lunar calendar at ang decimal system. Ito ay mga patunay na nagkaroon ng pag unlad ang kabihasnang Sumer. Subalit sa kabila ng kanilang kaunlaran na ito, hindi naiwasan na may mga grupo na nainggit sa natamo nilang pag unlad dahilan upang sakupin ang kanilang lupain na nakapagpabagsak sa kanilang kabihasnan.

Halaw mula sa aklat ni Grace Estela Mateo,Ph.D
Asya sa Pag-Usbong ng Kabihasnan

Ziggurat

Clay tablet

Cuneiform

Punan mo ng sagot ang talahanayan batay sa naging pag-unawa mo sa Kabihasnang Sumer na nabuo sa Mesopotamia.

Lugar	Katangiang Pisikal	Mga Unang Pamayanan na naitatag	Gawain o Hanapbuhay ng mga tao
Mesopotamia			

Gabay ng Guro

Matapos ang pagtalakay ng guro sa mga lugar na naging panirahan ng mga Unang Asyano ay maaring tuklasin ang mga kasaysayan at katayuan ng mga kabihasnang natatag. Magbigay ang guro ng mga makabuluhang katanungan sa mga mag aaral upang mapalawak ang mga kaalaman kaugnay ng aralin. Gabayan ang mga mag aaral sa pagbasa at pag unawa ng mga mahahalagang nilalaman ng teksto sa pamamagitan ng masusing pagtalakay kaugnay ng kasaysayan ng Sinaunang Kabihasnan sa Asya. Maaring pasagutan sa mga mag aaral ang mga kaugnay na katanungan na nasa bahaging ibaba ng gawain na ito

Pasagutan mo sa mga mag-aaral ang talahanayan batay sa naging pag-unawa nila sa binasang kasaysayan ng pag-usbong ng Kabihasnang Sumer sa Mesopotamia.

Pagkatapos mapunan ang talahanayan ay talakayin ng guro ang mga naging kasagutan ng mga mag-aaral para sa paglilinaw at pagtatama ng mga sagot kung mayroon mang maling kasagutan ang mga mag-aaral.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

Kabihasnang Indus

Sa Timog Asya makikta ang lambak-ilog ng Indus at Ganges. Tulad din ng Ilog *Tigris* at *Euprates* ay umaapaw din ito taon-taon dahil sa pagkatunaw ng yelo sa Himalayas na nag -iiwan din ng banlik na nagpapataba sa lupaing agrikultural nito. Bago pa man umunlad ang kabihasnang ito ay may mga pamayanan nang natatag noong Panahon ng Neolitiko. Ito ang pamayanang *Mhergah* (3500 B.C.E.) na nasa kanluran ng Ilog Indus. Masasabing sedentaryo at agrikultural ang pamumuhay ng tao dito batay sa mga nahukay na ebidensya. May dalawang importanteng lungsod ang umusbong dito, ang Harrapa at Mohenjo-Daro. Planado at organisado ang mga lungsod na ito na ipinakita sa mga lansangang nakadisenyong kwadrado(*grid-patterned*) at pare pareho ang sukat na bloke ng kabahayan. Patunay din ito na magaling sa matematika ang mga nanirahan dito. May isa o higit ang banyo o palikuran na nakakonekta sa sentralisadong sistema ng tubo at imburnal sa ilalim ng lupa.Pinalagay na ang mga Dravidian ang bumuo ng kabihasnang Indus. Ang mga ito ay sumasamba sa mga hayop at puno. Pinamunuan ang kabihasnang ito ng mga naghaharing uri sa lipunan tulad ng mga haring pari. Dahil sa salat sa mga punongkahoy at metal pagsasaka ang ikinabuhay ng mga tao dito. Natuto rin silang makipagkalakalan sa mga karatig lungsod. Pinaniwalaan na ng mga mangangalakal na ito ang unang gumamit ng sistema ng pagsulat ng Indus, ang *pictogram* na walang sinumang eksperto ang nakapagpaliwanag nito kaya nagkaroon ng pagkukulang sa kaalaman tungkol sa kabihasnang Indus. May mga artefact na nahukay dito tulad ng mga laruan at alahas na palamuti at mga palayok na nagpakita ng kanilang kasanayan sa paggawa ng mga bagay na ito.Naging mahiwaga ang paglaho ng kabihasnang Indus noong 1750 B.C.E. May paliwanag ang mga iskolar na maaaring nagkaroon ng mga malalakas na kalamidad na naganap, nagkaroon ng pagsakop sa lugar na pinaniwalaang mga Aryan subalit walang matibay na ebidensya. Sa paglipas ng panahon ang kabihasnang ito ay unti- unti ng nawaglit sa alaala at nawala sa kasaysayan.

Harrapa Mojenjo-Daro

Unicorn Seal of Harrapa

Mohenjo-Daro Pot

Halaw mula sa aklat ni Grace Estela C.Mateo Ph.D
Asya Pag usbong ng Kabihasnan

Lugar	Katangiang Pisikal	Mga Unang Pamayanang naitatag	Gawain o hanapbuhay ng mga tao
Indus Valley			

Gabay ng Guro

Pagkatapos mapunan ang talahanayan ay talakayin ng guro ang mga naging kasagutan ng mga mag-aaral para sa paglilinaw at pagtatama ng mga sagot kung mayroon mang maling kasagutan ang mga mag-aaral.

Muli ay magkaroon ng talakayan ang guro sa naging sagot ng mga mag-aaral sa talahanayan.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

Punan ng kaalaman at sagot ang talahanayan batay sa naging pag-unawa matapos mabasa ang tungkol sa Kabihasnang Shang na umusbong sa Tsina.

Lugar	Katangiang Pisikal	Mga Unang Pamayanang naitatag	Gawain o hanapbuhay ng mga tao
Tsina			

Batay sa iyong nabasa mula sa tatlong kabihasnan Sumer, Indus at Shang ay sagutan mo ang talahanayan tungkol sa naging pagbabago at pag unlad ng pamumuhay ng mga kabihasnang umunlad sa Asya.

Lugar na Pinagmulan ng kabihasnan	Mga Unang Pamayanang Umusbong	Kabihasnang Umunlad	Uri ng Pamumuhay	Sistema ng Pagsulat na nalinang
Mesopotamia				
Indus Valley				
Tsina				

Ngayon naman ay sagutan mo ang mga katanungan:

Pamprosesong mga Tanong

1. Ano ang pagkakatulad ng bawat kabihasnan?
2. Paano hinarap ng bawat kabihasnan ang mga hamon ng kalikasan?
3. Bakit itinuring na mahiwaga ang kabihasnang Indus? Paano ito naglaho? Ipaliwanag ang iyong sagot.
4. Bakit napakahalaga sa mga Tsino ang sistema ng pagsulat na nalinang ng kabihasnang Shang upang panatilihin nila ito hanggang sa kasalukuyang panahon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Gabay ng Guro

Ngayong nabasa na at nagkaroon na ang mga mag aaral ng pagsusuri sa naging kalagayan ng mga kabihasnang umusbong sa Asya ay maaaring pasagutan at gabayan ng guro ang mga mag aaral sa pagsagot sa talahanayan upang magkaroon sila ng pag unawa sa naging pag-unlad ng pamumuhay nito.Ipaliwanag sa kanila ang tamang pagtatala at gagawing pagsagot sa talahanayan.

Pasagutan ng guro ang mga katanungan at magkaroon ng talakayan tungkol dito.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG.10: LIKUMIN ANG DATOS

Ngayong nalaman mo na ang lahat ng impormasyon sa mga Sinaunang Kabihasnan sa Asya ay puhan mo ng sagot ang talahanayan ng mga naging mahalagang ambag o kontribusyon ng mga kabihasnan sa sangkatauhan.Maaari mo mong isulat ang iyong kasagutan o di kaya naman ay maaari ding gumamit ng mga larawan upang mas higit na maunawaan at makita ng ibang kamag-aral ang hitsura/larawan ng mga ambag na ito ng kabihasnan. Ipaliwanag mo at ibahagi sa klase ang mga kasagutan mo.

Mga Kabihasnan	Mahahalang Ambag / Kontribusyon
Sumer	
Indus	
Shang	

Pamprosesong mga Tanong

1. Alin sa mga Sinaunang kabihasnan ang sa palagay mo ang may pinakamahalagang kontribusyon sa sangkatauhan? Ipaliwanag ang iyong sagot.
2. Paano mo pahahalagahan ang mga naging kontribusyon ng mga Sinaunang Kabihasnan?

Gabay ng Guro

Gabayan ng guro ang mga mag aaral sa pagtatala sa *Data Retrival Chart* ng mga mahahalagang impormasyon sa mga Sinaunang Kabihasnan sa Asya. Punan ng mga mag aaral ang lahat ng kolumn ng mga natutuhan nila mula sa isinagawang pagtalakay sa aralin.Sikaping maipasulat at maitala ng mga mag aaral ang lahat ng kaalaman.

Magsagawa ng talakayan gamit ang mga pamprosesong mga tanong na nasa ibaba.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG. 11: MAGTALA TAYO

Sa paglipas ng panahon ay nagpatuloy ang pag-unlad ng mga kabihasnan mula sa payak na pamumuhay patungo sa pagtatatag ng mga bagong estado at imperyo sa Asya. Sa gawaing ito ay alamin mo at itala ang mga Kaisipang Asyano na naging batayan o pundasyon sa pagbuo ng mga pamayanan, estado at imperyo sa Asya. Itala ito sa kasunod na ilustrasyon sa ibabang bahagi. Basahin at unawain ang tungkol sa kaisipang Asyano na umiral sa Asya.



Panuto para sa gawain: (Indibidwal)

Tingnan ang tsart sa susunod na pahina at isulat ang hinihingi ng bawat aytem.

1. Kaisipang Asyano – unang mga kahon sa bandang itaas.
2. Mga rehiyon,bansa kung saan ito nagmula – sa bawat bilog
3. Mga paniniwala kaugnay ng mga kaisipang Asyano – ikatlong bahagi ng mga kahon
4. Ang impluwensiya nito sa pagbuo at pag-unlad ng mga estado at imperyo pati na sa buhay ng mga Asyano – sa ikaapat at huling kahon.

Pagkatapos ng gawain ay ilahad ito sa klase para sa talakayan.

Para sa pangkatang gawain

1. Magsaliksik at suriin ang mga Kaisipang Asyano na inyong nabasa.
2. Isa-isahing alamin at ipaliwanag ang mga kaisipang Asyano batay sa mga estratehiya na mapagkakasunduang gawin ng pangkat.
3. Bumuo ng 3 pangkat at makibahagi ka sa pangkat upang mapag- usapan kung anong estratehiya ang mapgakakasunduan o gagamitin sa pagpapaliwanag ng mga kaisipang Asyano.

Halimbawa:

Unang Pangkat: Maglalahad at magpapaliwanag sa pamamagitan ng(story telling) O pagkukwento

Ikalawa Pangkat: Sa pamamagitan ng role play

Ikatlong Pangkat: Sa pamamagitan ng mga paglikha ng drawing batay sa pagkaunawa sa mga kwento.

Gabay ng Guro

Magsasagawa ng pagtalakay ang guro sa mga Kaisipang Asayano na umiral sa Asya. Ipaliwanag ang mga Kaisipang Asyano na nalahad at ipaunawa sa mga mag aaral kung paano nakaimpluwensiya ang mga kaisipang Asyano para sa pagtatag ng mga estado at imperyo sa Asya. Gabayan ang mga mag aaral sa pagpapalawak ng kaalaman.Pasagutan sa mga mag aaral ang mga gawain sa bahaging ito. Maaaring ipagawa ng indibidwal o kaya naman ay pangkatan.(Maaari ding magsagawa ng iba pang gawain ang guro para sa Kaisipang Asyano na umiral sa Asya.)

Panuto para sa gawain: (Indibidwal)

Tingnan ang tsart sa susunod na pahina at isulat ang hinihingi ng bawat aytem.

1. Kaisipang Asyano – unang mga kahon sa bandang itaas.
2. Mga rehiyon,bansa kung saan ito nagmula – sa bawat bilog
3. Mga paniniwala kaugnay ng mga kaisipang Asyano – ikatlong bahagi ng mga kahon
4. Ang impluwensiya nito sa pagbuo at pag-unlad ng mga estado at imperyo pati na sa buhay ng mga Asyano – sa ikaapat at huling kahon. Pagkatapos ng gawain ay ilahad ito sa klase para sa talakayan.

Para sa pangkatang gawain;

1. Magsaliksik at suriin ang mga Kaisipang Asyano na inyong nabasa.
2. Isa-isahing alamin at ipaliwanag ang mga kaisipang Asyano batay sa mga estratehiya na mapagkakasunduang gawin ng pangkat.
3. Bumuo ng 3 pangkat at makibahagi ka sa pangkat upang mapag-usapan kung anong estratehiya ang mapgakakasunduan o gagamitin sa pagpapaliwanag ng mga kaisipang Asyano.

Unang Pangkat : Maglalahad at magpapaliwanag sa pamamagitan ng isang kwento

Ikalawa Pangkat: Sa pamamagitan ng role play

Ikatlong Pangkat: Sa pamamagitan ng mga paglikha ng drawing batay sa pagkaunawa sa mga kwento

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

Maaari nang simulan ang gawain...



Pamprosesong mga Tanong

1. Paano nakaapekto ang mga kaisipang Asyano sa pagbuo ng mga imperyo sa Asya?
2. Ang mga kaisipang Asyano ba ay may malaki ring epekto sa naging pag-uugali ng mga Asyano sa kasalukuyan? Magbigay ng halimbawa at ipaliwanag ang sagot.
3. Paano nakatulong ang mga kaisipang ito sa pag-unlad ng mga estado sa kasalukuyang panahon?
4. Alin sa mga kaisipang Asyano ang sa tingin mo at pananaw ay nananatili pa hanggang sa kasalukuyan? Magbigay ng halimbawa at ipaliwanag.

Gabay ng Guro

Punan ang talahanayan at pasagutan sa mga mag-aaral ang mga pamproseong tanong.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

PAGNILAYAN AT UNAWAIN

Sa bahaging ito ng modyul, palalawakin at pagtitibayin ang nabuong pag-unawa at pagsusuri tungkol sa Sinaunang Kabihasnan sa Asya at ang mga naging pag-unlad nito sa kasalukuyang panahon.Kinakailangan na maunawaan mo ang naging pagbuo at pag unlad at kahalagahan ng kabihasnan upang maihanda ang iyong sarili sa paglalapat ng lahat ng natutuhan.

Sa gawaing ito ay mararanasan mo at mararamdaman kung ano ang naging buhay ng mga tao noong sinaunang panahon sa pamamagitan pagsulat ng kasaysayan.

Panuto:

A. Isipin mo na isa kang *scribe* o tagatala ng mga mahahalagang pangyayari noong unang panahon. Pagkatapos mong maitala o maisulat ang lahat ng mahalagang impormasyon ay sagutin mo ang mga tanong.

Mga Tanong:

1. Ano ang iyong naramdaman habang ginagawa ang mga gawain?
2. Mahalaga ba ang papel na ginampanan ng mga *scribe* sa Sinaunang Kabihasnang Sumer? Sa kasalukuyang panahon kaya, mahalaga pa ba sila?
3. Kung wala ang mga *scribe*, ano kaya ang nangyari sa sinaunang kabihasnan?
4. Ano ang pagkakaiba ng paraan ng pagsulat noon at ngayon? Ihambing sa Pilipinas o sa ibang bansa sa Asya na nais mo.

B. Maituturing na isa sa pinakamahalagang ambag ng kabihasnan ang Epiko ng *Gilgamesh*.Upang mapagyaman mo ang iyong kaalaman at mapahalagahan ang iniwang pamana ng Unang Asyano ay maaari kang magsalisik tungkol sa nilalaman ng nasabing epiko. Suriin mo ang nilalaman nito at ang mahahalagang pangyayaring naganap sa Unang kabihasnan. Gumawa ng *reaction paper* tungkol sa napanood na epiko. Ang iyong magiging grado ay batay sa iyong malalim na pagkaunawa,paglalahad ng datos,kaalaman sa naganap na pangyayari at pag-uugnay ng mga pangyayari sa mga kaisipang Asyano.

Gamitin ang gabay na mga tanong para sa pag susuri

1. Ano ang naging kaugnayan ng epiko ng Gilgamesh sa mga kaisipang Asyano sa umiral sa Asya? May pagkakapareho ba?
2. Paano inilarawan ang sinaunang pamumuhay ng mga tao sa epikong ito? Ipaliwanag ang sagot.

Pamantayan	Natatangi (4)	Mahusay (3)	Medyo Mahusay(2)	Hindi Mahusay (1)
Naunawaan ang kabuuang mensahe ng paksa				
Nailahad ang mataas na antas ng pagsusuri sa pamamagitan ng maayos na paglalahad ng datos.				
Kaalaman sa panahon kung kalian naganap ang pangyayari.				
Maayos na naiugnay ang mga kaalaman sa paksa.				
Kabuuang Marka				

Gabay ng Guro

(Para sa unang Gawain)

Magsasagawa ang guro ng isang gawain na magpaparanas sa kanila at magpaparamdam kung ano ang naging buhay ng mga tao noong sinaunang panahon sa pamamagitan ng pagsulat ng kasaysayan. Ipaunawa ng guro ang mga panuto sa gawain bago ang pagsasagawa nito.

(Para sa Ikalawang Gawain)

Magsaliksik ang guro ng isang panoorin na may pamagat na Epiko ng Gilgamesh.

Ipapanood ito sa mga mag aaral at pagkatapos ay magsagawa ng pagsusuri sa napanood na epiko. Sa pagsusuri ay maaring gumamit ng mga gabay na tanong ang guro upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag aaral tungkol sa napanood at para maunawaan nila ang kaugnayan nito sa naging mga pamumuhay ng Sinaunang Asyano sa kabihasnang sumibol at umunlad sa Asya.Pagawain ang mga mag aaral ng isang *reaction paper* batay sa naging pagsusuri nila sa napanood na epiko at bigyan ito ng marka o grado ayon sa mga pamantayan na ibibigay ng guro.(Hal. Malalim na pagkaunawa sa napanood, paglalahad ng datos,kaalaman sa naganap na pangyayari,at pag uugnay ng mga pangyayari sa mga kaisipang Asyano)

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN 15: QUIET TIME

Bigyan mo ang sarili ng pagkakataon na makapag-isip at makapagsulat ng isang repleksyon *essay* at reyalisasyon tungkol sa mga paksang napag-aralan o natutuhan mula sa mga gawain at kaalamang naunawaan sa Sinaunang Kabihasnang Asyano hanggang sa naging pag-unlad nito sa kasalukuyang panahon. Maaaring isulat ang repleksiyon sa isang buong papel o kaya naman ay sa iyong *reflection journal.*

Binabati kita!

Mahusay mong naisagawa at nagampanan ang mga gawain sa bahaging ito ng pagninilay at unawain.

Ngayong may sapat ka nang kaalaman tungkol sa mga impluwensiya ng Sinaunang kabihasnan sa pagbuo at pag-unlad ng mga pamayanan at estado ay maaari ka ng tumungo sa mga gawain sa huling bahagi ng modyul upang mailapat ang lahat ng iyong natutuhan.

ILIPAT

Sa bahaging ito ay isasagawa mo ang nararapat na mga paggangap bilang patunay na naunawaan mo ang kabuuan ng aralin na may kaugnayan pag- usbong at pag unlad ng Sinaunang Kabihasnan sa Asya.

Gabay ng Guro

Matapos ang pagsasagawa ng lahat ng mga gawain sa bahaging Pagninilay/Pag unawa ay bigyan ang mga mag aaral ng pagkakataon na makapag- isip at makapagsulat ng isang repleksyon *essay* at reyalisasyon sa pag-usbong at pag unlad ng Sinaunang Kabihasnang Asyano. Ipaliwanag sa mga mag aaral na ang lalamanin ng repleksyon essay nila ay batay sa kung ano ang naging pag-unawa nila tungkol rito. Ipasulat ang repleksyon essay sa isang buong papel o di kaya naman ay sa kanilang reflection journal.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

Gawain Blg. 14: Daloy ng Kasaysayan

Sa mga nalaman mo sa naging kasaysayan ng mga kabihasnan at pag unlad nito ay marahil madali mong masasagutan ang gawaing ito. Alalahanin mo ang naging pamumuhay ng mga Sinaunang Asyano mula sa payak na pamumuhay sa kweba patungo sa pagkakatatag ng mga pamayanan hanggang sa pagtatag ng mga lungsod o sibilisasyon. Itala mo ang naging mahalagang pagbabago o naging ambag (achievements) sa bawat pamumuhay na ito gamit ang *flow chart*.

Ngayon ay ikaw naman ang magtala ng iyong mga naisip na kasagutan...

Pamprosesong mga Tanong

1. Nagkaroon ba ng malaking pagbabago sa pamumuhay ng mga Sinaunang Asyano mula sa pamumuhay sa kweba hanggang sa pagkakatatag ng mga lungsod? Ipaliwanag ang iyong sagot.
2. Masasabi mo bang ang mga pagbabagong ito ay dulot ng kakayahan ng tao na mapaunlad ang kanyang pagkato at masabing nakabuo siya ng isang makabuluhang sibilisasyon na nakatulong ng malaki sa kasalukuyang panahon.Ipaliwanag ang iyong sagot.

Gabay ng Guro

Ipaalala ng guro sa mga mag aaral ang mga naging kasaysayan ng mga kabihasnan hanggang sa naging pag unlad nito upang madaling maisagawa ang mga gawain na ito. Ipaliwanag muli ang naging pamumuhay mula sa simpleng pagtira sa kuweba,pagtatatag ng mga pamayanan hanggang sa pagkabuo ng mga lungsod. Sa gawaing ito ay ipatala mo sa kanila ang mga naging ambag(achievements) sa naging pamumuhay ng mga Sinaunang Asyano. Ipagamit ang *flow chart* na makikita sa ibaba upang madali nilang maunawaan at makapagbigay sila agad ng kanilang kasagutan. Pagkatapos ay suriin ng guro ang mga naging kasagutan ng nga mag aaral kung naging tama ba ang kanilang kasagutan, talakayin ito sa klase.

Gabayan ang mag-aaral para sa tamang kasagutan. Pasagutan ang mga pamprosesong tanong para sa talakayan.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Modyul sa Sariling Pagkatuto

GAWAIN BLG.16 KWHL (Aking Natutunan)

Ngayon ay maaari mo nang balikan ang unang Gawain 1 (**Ang Aking Natutuhan**) upang maitala ang lahat ng bagay at impormasyon na iyong natutuhan. Ilagay o isulat sa isang buong papel at ipunin sa *Portfolio.*

Gabay ng Guro

Ngayon ay maaari mo nang pabalikan ang unang Gawain 1 (**Ang Aking Natutuhan**) upang maitala ng mga mag aaral ang lahat ng bagay at impormasyon na kanilang natutuhan. Ilagay o ipasulat sa isang buong papel at ipunin sa kanilang *Portfolio* ang kanilang naging kasagutan para mabasa ng guro at mabigyan ng grado.

Mga Gawain at Desisyon ng Guro

Start of Lesson

ARALIN BLG. 2: Sinaunang Pamumuhay

ALAMIN

Sa unawa sa modyul na ito ay iyong tatahakin ang pag-kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigay - daan sa paghubog ng sinaunang kabihasnan sa Asya at sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano. Bagaman may kani-kaniyang katangian ang kultura ng bawat bansa sa Asya, mababakas din ang ilang pagkakatulad ng mga ito sa isa't isa. Tutuklasin din sa modyul na ito ang impluwensiya ng mga bansa sa isat isa kung paano nagbunga ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kalapit na rehiyon at bansa. Pagkatapos makuha ang kinakailangang mga kaalaman ikaw ay inaasahang kritikal na nakapagsusuri sa mga kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigay daan sa paghubog ng sinaunang kabihasnan sa Asya at sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano.

Handa ka na ba? Kung handa ka na, sa bahaging ito ay simulan mo na ang pag-aaral sa mga mahahalagang konsepto na makatutulong sa pag-unawa sa Pangyayari sa Sinaunang Pamumuhay ng mga Asyano sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawain.

Maaring magkaroon ng tahimik na pagbabasa ang mga bata. Pagkatapos ay maikling paglilinaw kung anong bahagi ng panimula ang hindi nila naunawaan upang mabigyan linaw ng guro. Hikayatin din ang mga mag aaral na magpahayag ng kanilang damdamin at saloobin sa bahaging ito.

Maaring maipakilala ng guro ang mahahalagang konsepto tulad ng kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon sa mababaw na antas.

Maaring hikayatin na maghain ng mga relatibong tanong ang mga mag-aaral tungkol sa nilalaman ng panimula ng modyul na ito.

Maari din naming mag dagdag pa ng kaukulang panimulang gawain ang guro bago pumasok sa Unang gawain.Halimbawa ay maikling pagpapalitan ng kuro kuro sa naging kalagayan ng sinaunang pamumuhay ng mga Pilipino.

Maari din naming pag usapan ang Teleserye na "Indio" .Ang sinaunang pamumuhay ng mga tao sa teleserye.

GAWAIN I. K-W-H-L CHART

Panuto: Sagutan ang hanay na ***K kung ano na ang alam sa paksa*** . Samanatala, masasagutan mo lamang ang iba pang bahagi ng chart sa ibang bahagi ng modyul at bago matapos ang modyul na ito. Ang paksa ay : Sinaunang Pamumuhay

Pasagutan lamang sa mga mag-aaral ang kolum ng K upang masukat ang mga alam na nila sa paksa. Ito ang magiging batayan ng guro sa pagsukat ng lawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa aralin na tatalakayin.

K	W	H	L
Kaalaman sa paksa	**Nais malaman sa paksa**	**Mga dapat na malaman sa paksa**	**Natutuhan**

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtupad ng gawain sa bahaging ito. Ipaalala na maging makatotohanan kung ano lamang talaga ang alam nila, iyon sa paksa iyon ang isusulat.

Maari ding magtakda ang guro ng kaunting katahimikan upang makapag isip, makapagnilay, maalaala ang mga dating kaalaman sa paksa.Ito ang isusulat sa kolum na K.

Maari ding magpalitan ng kwaderno ang mga mag-aaral upang madiskubre nila sa isat isa ang lawak ng kanilang kaalaman sa magiging aralin. Maaring magpalitan ng kuro kuro ang mga mag-aaral sa gawaing ito.

Pagkatapos masuri ang iyong kahandaan sa mga kaalaman tungkol sa Sinaunang Pamumuhay . Natitiyak kong nais mong malaman ang mga sagot sa iyong katanungan. Malalaman mo ang kasagutan sa susunod na bahagi ng modyul na ito. Sa paggawa ng iba't ibang gawain sa susunod na bahagi ng modyul, suriin kung tumutugma ba ang iyong mga dating alam sa mga bagong kaalaman na iyong matututuhan sa modyul na ito.

GAWAIN 2 . SALAMIN NG KASAYSAYAN

Panuto : Suriin ang mga larawan sa ibaba. Ano ang iyong masasalamin sa mga larawan ? Ipaliwanag ang naging batayan mo sa ipinahahayag ng mga larawan. Kilalanin at ilarawan kung ito ay tradisyon,pilosopiya,relihiyon,pananaw o paniniwala.

Ipasuri sa mga mag-aaral ang mga larawan.Pagkatapos ay isulat ang naging batayan ng kanilang nasasalamin sa mga larawan.

Maari din na magkaroon muna na malayang kuro kuro at pahayag ng mga obserbasyon bago isulat sa papel ang mga kasagutan upang higit na mapalawak at mapagaan ng mag-aaral ang pagsusuri sa mga larawan.

Paalaala, maging handa ang guro sa mga kasagutan maging ito man ay hindi katanggap tanggap. Mahalaga ang paggabay ng guro sa gawaing ito.



1



2

3

4

5

Maaring gumamit ang guro ng iba pang larawan na nagpapakita ng tradisyon, pilosopiya, relihiyon at paniniwala.

Maari ding gawin ito sa pamamagitan ng Pinoy Henyo, ang mga kategorya ay tradisyon,pilosopiya, relihiyon at paniniwala. Magbibigay ang guro ng mga pahuhulaan na limang salita sa dalawang pangkat ng mag-aaral. Ang may pinaka maraming tama at maigsing oras ang magwawagi.

Narito ang batayan ko sa ipinahahayag ng mga larawan :

Ang unang larawan ay……_____
___sapagkat_____
_____

Ipatapos sa mga mag-aaral ang mga putol pahayag tungkol sa mga larawan. Maari ding mag lagay pa sila ng iba pang ideya at obserbasyon sa mga larawan

Ang ikalawang larawan ay……

_____
_____sapagkat_____

Ang ikatlong larawan ay……

_____
_____sapagkat_____
_____
_____



Ang ikaapat na larawan ay_____
_____sapagkat_____
_____



Ipasulat ang nabuong konsepto ng mga mag-aaral mula sa mga larawan. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng isang mahalagang pang-unawa.

Sa bahaging ito isusulat ang malayang pananaw ng mag-aaral sa mga larawan. Maaring ito ay sa paraang nagpapaliwanag, nagbibigay impormasyon, nagtatanong o nagbibigay ng opinyon.Walamg maling sagot sa gawaiing ito. Maitatama at mabibigyang paliwanag ang lahat ng ito sa mga susunod na bahagi ng modyul . Ipaliwanag ng guro na ito lamang ay paglalakbay ng ideya.

Ang gawaing ito ay hindi minamarkahan, itatala lamang ng guro ang mga kasagutan ng mag-aaral

Pamprosesong Mga Tanong

1.Ano ano ang mga mensahe nai pinararating ng mga larawan ?
2.Ano ang iyong pakahulugan sa paniniwala, pilosopiya, relihiyon ,tradisyon at pananaw ?
3.Magbigay ng mga halimbawa ng sariling paniniwala, pilosopiya,relihiyon.
4. Bakit kaya nag kakaiba- iba ang pilosopiya ng tao ?
5.Gaano kahalaga ang relihiyon sa buhay ng tao ?
6.Sa iyong pananaw ,paano makatutulong ang tradisyon, pilosopiya at relihiyon sa paghubog ng sinaunang pamumuhay ng mga Asyano ?

Pasasagutan sa mga mag-aaral ang Pamprosesong Mga Tanong. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot sa mga tanong. Maaari ding pagaanin o palalimin ang mga tanong batay sa uri ng mga kakayahan ng mga mag-aaral.

Kung may nais pang itanong ang mga mag-aaral ay kanais nais iyon upang mabigyang linaw ang mag-aaral.

Maaaring simulan ng guro ang pagsagot kung wala talaga ni isa sa mga mag-aaral ang magkukusa na sagutin ang malalim at mahirap na tanongna tanong.

GAWAIN 3 : LIBRE ANG MAGTANONG

Panuto : Suriin ang mga larawan sa gawain 2 at gawain 3 . Pag-ugnay-ugnayin ang mga larawang ito sa pamamagitan ng pagbuo ng mga tanong na sasaklaw sa lahat ng ito. Isulat ang mga tanong mula sa simple hanggang sa mahirap na antas.

Sa bahaging ito ay ipasusulat ng guro sa mga mag-aaral ang lahat ng kanilang tanong sa mga larawan na nakita sa gawain 2 at 3. Bigyang punto ng guro kung paano pag-uugnay ugnayin ng mga mag-aaral ang mga larawan na siyang magpapakilala sa aralin at saklaw ng modyul, Ang Sinaunang Pamumuhay ng mga Asyano.



Maaaring magpadala ang guro ng mga larawan sa mga mag-aaral at ididikit sa pisara upang gawan ng mahahalagang tanong ng mga mag-aaral. Tiyakin na ang mga larawan ay may kaugnayan sa Sinaunang pamumuhay, relihiyon, pilosopiya at paniniwala ng mga Asyano



Sa espasyong ito ipasusulat sa mga mag-aaral ang kanilang mga tanong tungkol sa Sinaunang relihiyon, paniniwala at pilosopiya.

Inaasahan ditto na mailalabas ang mga mahahalagang tanong at relatibong mga tanong.

Ipaunawa sa mga mag-aaral na masasagot ang lagat ng mga tanong na iyon sa pagtupad ng mga susunod na gawain.

Ang mga salita, larawan at konsepto na nabigyang kahulugan sa gawaing ito ay magagamit sa pag-unawa ng susunod na gawain. Makatutulong din ito sa pagsusuri kung paano nahubog ang kasalukuyang sibilisasyon ng mga bansa sa Asya. Upang lubos ang iyong kahandaan sa aralin hinahamon kita na sagutin mo muna at kumpletuhin ang susunod na gawain.

Babasahin at ipapaliwanag ng guro ang transisyon na ito upang ma gabayan ang mga mag-aaral sa pag-unlad o progreso ng mga gawain sa modyul.

Sa puntong ito ay nagtatapos na ang bahagi ng Alamin

Pagkatapos masuri ang iyong kahandaan sa mga kaalaman tungkol sa Sinaunang Pamumuhay. Natitiyak kong nais mong malaman ang mga sagot sa iyong katanungan. Malalaman mo ang mga kasagutan sa susunod na bahagi ng modyul na ito. Sa iyong pagtupad sa iba't ibang gawain sa susunod na bahagi ng PAUNLARIN, suriin kung tumutugma ba ang iyong mga dating alam sa mga bagong kaaalaman na iyong matututuhan sa modyul na ito.

Maaring ipaliwanag ng guro kung ano ano ang bahagi na gagawin at makikita sa PAUNLARIN. Sa puntong ito ay ipasusuri sa mga mag-aaral kung tumutugma ba ang kanilang mga sagot sa bagong kaalaman na kanilang matututuhan.

PAUNLARIN

Panuto : Makilahok sa isa sa apat na pangkatang gawain at sundin ang hinihinging gawain sa Task Card upang lubos mong maunawaan ang mahahalagang pangyayari mula sa Sinaunang Pamumuhay. Maging mapanuri sa babasahin at magtala ng mahahalagang datos at pangyayari.

Task Card 1: Ang Asya sa Sinaunang Panahon: Kanlurang Asya pp 156-168
Task Card 2. Ang Asya sa Sinaunang Panahon :Silangan at Hilagang Asya pp.172-188
Task Card 3. Ang Asya sa Sinaunang Panahon :Timog Asya pp192-198
Task Card 4. Ang Asya sa Sinaunang Panahon : Timog Silangang Asya pp 202-214

Mahalaga ang motibasyon ng guro sa gawaing ito upang mahikayat na makilahok ang lahat ng mag-aaral sa mga gawain.

Maaring gumamit ng iba pang pamamaraan kung paano hahalawin ang mga Mahahalagang Pangyayari sa Sinaunang Pamumuhay ng mga Asyano. Ang Task Card at mga nakapaloob na gawain ditto ay isa lamang na pamamaraan.

Task Card 1. KANLURANG ASYA

Proseso ng Gawain

1.Basahin ang sipi ng aralin mula sa Batayang Aklat : Ang Asya sa Sinaunang Panahon: Kanlurang Asya pp 156-168

2.Pagkatapos basahin ang sipi ay punan ang Data Retrieval Chart tungkol sa mga Mahahalagang Pangyayari sa Kanlurang Asya.

3.Itala ang mahahalagang pangyayari sa bawat aspeto nito mula sa pamahalaan hanggang sa sining at kultura.

4.Magkakaroon ng pag uulat pagkatapos mapunuuan ang chart upang masuri nang lubos ang bawat pangyayaring naganap sa bawat rehiyon.

5.Katulong sa pagsagot ng mga gawain ay ang mahahalagang sipi na mababasa sa ibaba.

6.Sagutin ang Pamprosesong Tanong.

Mahalagang maipaunawa ng guro sa mga mag-aaral ang pagtupad sa nilalaman ng Task Card.

Maaring gumamit ng iba pang estratehiya ang guro sa magiging laman ng gawain sa bawat Task Card.

Ipaliwanag ng guro sa mga mag-aaral na magsaliksik ng iba pang babasahin at materyales upang mapayaman ang kaalaman sa Mga mahahalagang pangyayari sa kanlurang Asya. Makatutulong ito sa pagtupad ng mga gawain sa Kanlurang Asya

GAWAIN BLG. 4 MAGDATOS TAYO
Punan ang tsart sa ibaba ng mga kinakailangang impormasyon sa mahahalagang pangyayari sa Kanlurang Asya.

ASPEKTO	MAHAHALAGANG PANGYAYARI SA KANLURANG ASYA
Pamahalaan	
Kabuhayan	
Teknolohiya	
Lipunan	
Edukasyon	

Ipatala sa mga mag-aaral ang mga nagunguna at mahahalagang pangyayari sa bawat aspeto.

Siguraduhin sa mga mag-aaral na nabasa na ang Batayang Aklat at Talahanayan 1.1 upang masagot ang mga kaugnay na gawain.

Maaring magkaroon ng maikling pagpapaliwanag ang guro kung paano hahalawin ang mga mahahalagang pangyayari sa mga materyales.

Paniniwala	
Pagpapahalaga	
Sining at Kultura	

Mga Puna sa Mahahalagang Pangyayari…….

Ipapatala ng guro sa mga mag-aaral ang kanilang puna at pagsusuri sa mga mahahalagang pangyayari sa Kanlurang Asya.

Maaring ang mga puna ay tumutugma sa inaasahan ng guro upang mabigyang pansin ang mga kinakailangang pang-unawa.

Pamprosesong Mga Tanong :

1. Paano umusbong ang ibat ibang imperyo sa Kanlurang Asya?
2. Paano pinangasiwaan ni Sargon Iang mga sakop na Imperyo?
3. Ano ang pinaka mahalagang nagawa ni Hammurabi ? Bakit ?
4. Ano ano ang mga ambag ng Imperyong Persiano ?
5. Paano sinakop ngi Alexander the Great ang mga imperyo sa Kanlurang Asya
6. Ano ang bahaging ginampanan ng mga imperyo sa pagtatag ng sibilisasyong Kanluranin ?
7. Anong aspekto ang nagpatingkad ng pagsulong ng kabihasnan sa kanlurang Asya?
8. Paano naka impluwensya ang kaisipang Asyano, relihiyon at pilosopiya ng Kanlurang Asya sa paghubog ng kasalukuyang sibilisasyon sa Asya ?
9. Paano hinubog ng mga Imperyo ang kasalukuyang sibilisasyon ng mga Kanluraning bansa sa Asya?

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Pamprosesong mga Tanong. Simulan ang pagtatanong sa mababaw na antas.

Maaring iakma ang mga ibibigay na tanong sa uri ng klase ng mga mag-aaral.

Sa mga tanong na ito matataya at masusukat ng guro ang lubos na kaalaman ng mga mag-aaral sa aralin.

Maaaring magbigay ng panimulang kasagutan o halimbawang kung hindi masagot ng mga mag-aaral ang mga tanong.

Talahanayan 1.1 Talahanayan ng Imperyo sa Kanlurang Asya

IMPERYO	PAG-UNLAD/KONTRIBUSYON	PAGBAGSAK
SUMERIAN 3500 BCE	Cuneiform – Unang nabuong sistema ng panulat. Isa itong uri ng pictograph na naglalarawan ng mga bagay na ginagamitan ng may 600 pananda sa pagbuo ng mga salita o ideya Gulong – sa pagkakatuklas nito, nagawa nila ang unang karuwahe. Mga Sumerian din ang unang gumamit ng sistema ng panukat ng timbang at haba. Unang nagtatag ng organisadong puwersa sa pagtatayo ng mga dike.	Panguanahing dahilan ng paghina ng mga Sumerian ay ang madalas na labanan at kawalan ng pagkakaisa ng mga lungsod estado nito. Madalas na pinagtatalunan

Ipabasa at ipaunawa sa mga mag-aaral ang nilalaman ng Talahanayan 1.1. Ipaliwanag ng guro sa mga mag-aaral ang nilalaman ng bawat kolum.

Maaring ipabasa sa mga mag-aaral ang mga kaugnay na sipi at teksto na makikita sa Batayang Aklat at iba pang babasahin upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga Imperyo sa Kanlurang Asya.

		ang patubig at hangganan ng mga lupain.
IMPERYONG AKKADIAN (Circa 2700-2230 BCE)	Si Haring Sargon, isang mananalakay buhat sa Akkad ay nagtatag ng syudad estado para magkaisa ang mga mamamayan. Pinalawak niya ang teritoryo ng Akkad bilang pinuno sa pamamagitan ng pagsakop sa mga digmaan. Pinaunlad niya ang sistema ng pagsusulat. Maraming literatura ang nasalin at umusbong.	Naging mahina ang kanilang sistema ng pagtatanggol sa kanilang teritoryo kaya madali silang nasalakay ng mga mananakop. Kasunod nito ang kawalan ng tiwala sa mga namumuno kaya ninais ng ilang mamamayan na lumikas sa lugar.
IMPERYONG BABYLONIAN (Circa 1790-1595 BCE)	Si Hammurabi ang ika-anim na Haring Amorite. Pinalawak niya ang kanyang kaharian na umabot sa Gulpo ng Persia. Ang katipunan ng mga Batas ni Hammurabi, na mas kilala bilang code of Hammurabi o batas ni Hammurabi, ay isa sa pinakamahalagang ambag ng mga sinaunang tao sa kabihasnan. Ang Kodigo ni Hammurabi ay binubuo ng 282 batas na nagsisilbing pamantayan ng kabihasnang Babylonian. Sakop ng Kodigong ito ang mga itinuturing na paglabag sa karapatan ng mga mamamayan at mga ari-arian nito	Simula ng pumanaw si Hammurabi naganap ang pag atake ng ibat ibang grupo at nagsimula na silang magtatag ng mga pamayanan ang mga Hittite sa Babylonia

Maging bukas ang guro sa pagtanggap ng iba pang dahilan ng pag-unlad, kontribusyon at pagbagsak ng mga Imperyo sa Kanlurang Asya.

Maaring gumamit pa ang guro ng ilang malikhaing presentasyon ng mga datos ng talahanayan.

IMPERYONG ASSYRIAN (Circa 745-612 BCE)	Gamit ang dahas at bakal lumakas ang pwersa at estratehiya ng mga Assyrian. Ilan sa mga nagawa nila ang mga sumusunpd: Pinakaunang pangkat ng tao na nakabuo ng epektibong sistema ng pamumuno sa imperyo. Epektibong serbisyo postal Maayos at magandang kalsada.	Dahil sa kalupitan ng pamumuno nagkaisa ang mga Chaldean, Medes, at Persian noong 612 BCE upang pagtulungan itaboy ang mga Assyrian. Ang paglusob ni Alexander the Great pagkalipas ng 300 taon at halos walang iniwang karangyaan ng Assyria.
IMPERYONG CHALDEAN (612-539 BCE)	Ang Hanging Gardens of Babylon ang isa sa pinakanakakahangang tanawin sa sinaunang panahon umabot sa 75 na talampakan ang taas, pinagawa ni Nebuchadnezzar para sa kanyang asawa na si Amytis. Nalinang ng konsepto ng zodiac at horoscope. Nagpagawa ng Ziggurat na umabot sa halos 300 talampakan na pinangalanang etemenanki. Itinuring na ito ang tore ni Babel sa bibliya.	
IMPERYONG LYDIAN (680-547 BCE)	Barter- ang sistema ng kalakalan sa pamamagitan ng pakikipagpalitan ng mga produkto sa iba pang produkto. Naging madali ang pakikipagkakalan nang natuto ang mga tao sa paggamit ng barya.	

IMPERYONG PHOENICIAN (Circa 1200-800 BCE)	Sa kanila nagsimula ang konsepto ng kolonya, naging istayon o bagsakan ito ng kalakal hindi kolonyang pulitikal. Mahalagang kontribusyon ay ang alpabeto, dito nakabatay ang kasalukayang alpabeto. Paggawa ng mga naglalakihang sasakyang pandagat na tinatawag na barko sa kasalukuyan.	Hindi napagtuunan ang pagpapatatag ng pamahalaan at sandatahang lakas. Sila ang tinaguriang "tagpagdala ng kabihasnan" dahil hindi lamang ang produkto ang kanilang naibahagi kundi ang pamumuhay din ng mga tao sa kanilang mga lugar na napuntahan.
IMPERYONG HEBREO (Circa 1000-722 BCE)	Ang Bibliya na nanging pundasyon ng pananampalatayang Judaism at Kristiyanismo, pinakamahalagang pamanan. Pagbabawal sa pagsamba at pag-aalay ngg mga sakripisyo sa mga diyos-diyosan na naging batayan ng maraming batas sa kasalukuyan. Ang pagsamba sa nag-iisang diyos o monotheism ay isa rin sa pinakamahalagang ambag.	Ang mataas na pagpataw ng buwis ni haring Rehoboam na naging dahilan ng pagrerebelde ng mga nak ni Solomon na dahilan ng pagkawatakwatak ng Hebreo. Ayon sa lumang tipan ang dahilan ng pagbagsak ng kaharian ay ang pagkakaroon ng ibat-ibang diyos ng Israel na dala ng maraming

		asawa ni haring Solomon.
HITTITE (Circa 1600-12 BCE)	Pinakamahalaga sa mga imbensyon ng mga Hittite ang pagmimina ng iron core at paggawa ng ibat ibang kagamitang bakal.Dahil ditto naging madali at mabilis sa kanila ang pananakop ng ibat ibang imperyo.	
PERSIANO (Circa 550-350BCE)	Nagpagaw ng isang mahabang kalsada na nagdugtong sa mga lungsod ng Persia mula Susa hangang Ephesus sa Asia Minor na umabot sa 2,400 km. Gumamit ng pilak at gintong barya sa pakikipagkalakalan. Nagdagdag ng mga satrapy sa imperyo. Bawat lalawigan ay pinamunuan ng satrap na nagsilbi bilang tainga at mata. Nagpatayo ng mga magagarang palasyo at gusali tulad ng Persepolis. Nabgigyang diin ang karapatan ng tao maging ang mga lupang sinakop Ang pagkakaroon ng mga Satrap ng Persia ang naglinang sa konsepto ng sentralisadong pamahalaan.	Simula ng makipagdigmaan sila sa mga dayuhang imperyo ay humina ang kanilang pwersa. Madali silang nasakop ng mga Griyego at napasakamay sila ni Alexander the Great.

GAWAIN BLG. 5. MAG SURI TAYO.

Batay sa talahanayan sagutin ang sumusunod na mga tanong .

1. Anong imperyo ang may pinaka mahalagang ambag sa sangkatauhan at bakit?

   _____

   _____

   _____

Pasagutan sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong .Gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagsagot ng mga tanong.

Maaring magtala pa ng mga mahahalagang tanong ang guro kung sa palagay niya ay makatutulong ito sa talakayan Tandaan na ang mga mag-aaral ay may ibat ibang antas ng kaalaman kung paano sasagutin ang madadali at mahihirap na tanong.

2. Sa larangan ng pamumuno, pulitika at pamahalaan aling imperyo ang higit na nangibabaw ang kontribusyon?Ipaliwanag?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Ano ang karaniwang dahilan ng pagbagsak at paghina ng mga imperyo ?

_____
_____
_____
_____
_____
_____

4. Ano ang pinakamatatag na imperyo at paano nila ito pinagtanggol sa mga mananakop ?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

GAWAIN BLG. 6. BAGSAK O PASADO Pag usapan at suriin sa inyong mga pangkat ang mga naitakdang dahilan ng pagbagsak. Iulat ang epekto sa pamumuhay noon at paano sila umahon mula sa pagbagsak. Iulat ito sa klase.

MGA DAHILAN NG PAGBAGSAK NG MGA IMPERYO SA KANLURANG ASYA	**EPEKTO SA PAMUMUHAY NOON**	**PAANO SILA UMAHON MULA SA PAGBAGSAK**
(**Unang Pangkat)** Panguanahing dahilan ng paghina ng mga Sumerian ay ang madalas na labanan at kawalan ng pagkakaisa ng mga lungsod estado nito. Madalas na pinagtatalunan ang patubig at hangganan ng mga lupain.		
(Ikalawang Pangkat) Naging mahina ang kanilang sistema ng pagtatanggol sa kanilang teritoryo kaya madali silang nasalakay ng mga mananakop. Kasunod nito ang kawalan ng tiwala sa mga namumuno kaya ninais ng ilang mamamayan na lumikas sa lugar.		
(**Ikatlong Pangkat**) Simula ng pumanaw si Hammurabi naganap ang pag atake ng ibat ibang grupo at nagsimula na silang magtatag ng mga pamayanan ang mga Hittite sa Babylonia		
(Ika apat na Pangkat)		

Ipaulat sa mga mag-aaral ang epekto ng pagbagsak sa kanilang pamumuhay noon at kung paano sila umahon mula sa pagbagsak.

Ipaugnay ng guro sa mga mag-aaral kung paano nakatulong at nakabuti ang mga karanasan na ito sa sinaunang pamumuhay ng mga Asyano.

Magtatakda ang guro ng bilang lamang ng minuto upang upang ang lahat ng grupo ay makapag ulat. Hikayatin ang mga mag-aaral na magkaroon ng maikling talakayan at pagpapalitan ng kuro kuro sa nilalaman ng bawat kolum.

Dahil sa kalupitan ng pamumuno nagkaisa ang mga Chaldean, Medes, at Persian noong 612 BCE upang pagtulungan itaboy ang mga Assyrian. Ang paglusob ni Alexander the Great pagkalipas ng 300 taon at halos walang iniwang karangyaan ng Assyria		
(ika limang Pangkat) Hindi napagtuunan ang pagpapatatag ng pamahalaan at sandatahang lakas		
(I**ka anim na Pangkat)** Ang mataas na pagpataw ng buwis ni haring Rehoboam na naging dahilan ng pagrerebelde ng mga nak ni Solomon na dahilan ng pagkawatakwatak ng Hebreo. Ayon sa lumang tipan ang dahilan ng pagbagsak ng kaharian ay ang pagkakaroon ng ibat-ibang diyos ng Israel na dala ng maraming asawa ni haring Solomon.		
(Ika pitong Pangkat) Simula ng makipagdigmaan sila sa mga dayuhang imperyo ay humina ang kanilang pwersa. Madali silang nasakop ng mga Griyego at napasakamay sila ni Alexander the Great.		

Task Card 2.SILANGAN AT HILAGANG ASYA

Proseso ng Gawain

1.Basahin ang sipi ng aralin mula sa Batayang Aklat : Ang Asya sa Sinaunang Panahon :Silangan at Hilagang Asya pp.172-188

2.Gawin ang Flow Chart tungkol sa daloy ng mga Mahahalagang Pangyayari sa Silangan at Hilagang Asya.Itala kung kailan naganap ang pangyayari.

3.Itala ang mahahalagang pangyayari sa Flow Chart. Itala din kung anong aspeto ito ng pangyayari.(tulad ng kabuhayan, lipunan, edukasyon, paniniwala, sining at kultura,pagpapahalaga at iba pa.

4.Magkaroon ng pag- uulat pagkatapos masagutan ang chart upang masuri ng lubos ang bawat pangyayari sa bawat rehiyon.

5.Katulong sa pagsagot ng mga gawain ay ang kasunod na mahahalagang sipi na babasahin.

6.Sagutin ang Pamprosesong Tanong.

Mahalagang maipaunawa ng guro sa mga mag-aaral ang pagtupad sa nilalaman ng Task Card.

Maaring gumamit ng iba pang estratehiya ang guro sa magiging laman ng gawain sa bawat Task Card.

Ipaliwanag ng guro sa mga mag-aaral na magsaliksik ng iba pang babasahin at materyales upang mapayaman ang kaalaman sa Mga mahahalagang pangyayari sa Silangan at Hilagang Asya Asya. Makatutulong ito sa pagtupad ng mga gawain sa Silangan at Hilagang Asya

Teksto ng Silangan at Hilagang Asya

CHINA

Mga Dinastiya sa China

1. Zhou o Chou (112 B.C.E. – 221 B.C.E.)

Naipasa sa dinastiyang Zhou ang "Basbas ng Langit" at ang titulo na "Anak ng Langit".Naimbento ang bakal na araro. Ipinagawa ang mga irigasyon at dike laban sa pagbaha ng Huang Ho.Nagpagawa ng mga kalsada at sumulong ang kalakalan. Naimbento ang sandatang crossbow at bumuo ng hukbong nakakabayo at gumamit ng chariot.Dahil malawak ang teritoryo ng Zhou, humina ang kontrol nito sa nasasakupang estadong lungsod.Nauwi ito sa panahon ng digmaan ng mga estado o warring states. Lumitaw ang pilosopiyang Confucianism at Taoism.Si Confucius ang naghain ng solusyon sa kaguluhan ng lipunan.

2. Qin o Ch'in (221-206 B.C.E)

Nagapi ng Qin ang mga kalabang estado sa ilalim ng pamumuno ni Zheng.Napabagsak ni Zheng ang Zhou noong 221 B.CE. Idiniklara ni Zhen gang sarili bilang si Shi Huangdi o Shi Huang Ti, na nangangahulugang "Unang Emperador".Naganap ang kosolidasyon sa China sa panahon ng Qin. Pinili ni Shih Huangdi bilang tagapayo ang mga iskolar ng pilosopiyang Legalism. Kailangang malulupit ang batas at mabibigat ang parusa upang maabot ang kaayusan, ayon sa Legalism.Si Li Xi, isa sa mga legalista, ang nagaing punong ministro ni Shih Huangdi.Ayon kay Li Xi, makasasama sa agrikultura, medisina, at mahika.Inutos ni Shih Huangdi na ipatayo ang Great Wall Of China bilang proteksyon sa pagatake ang mga kalaban. Sa pagkamatay ni Shih Huangdi bumagsak din ang dinastiyang Qin.

3. Han (206 B.C.E – 220 C.E.)

Kinikilala ang Han bilang isa sa mga dakilang dinastiya sa China.Itinatag ito ni Liu Bang noong 206 B.C.E.Pinalitan niya ang mararahas na patakaran ng Qin.Ang Confucianism ang naging opisyal na pilosopiya.Natamo ng Han ang tagumpay sa panahon ni Wudi o Wuti . Pinalawak ni Wudi ang teritoryo ng

Ipabasa ng tahimik sa mga mag-aaral ang mga teksto ng Silangan at Hilagang Asya. Ganun din ang mga sipi at lathalain na makikita sa Batayang Aklat.

Maaring papitasin ang mga mag-aaral ng mga salita o parirala na mahirap unawain para sa kanila upang mabigyang kahulugan ng mag-aaral at guro..

Maaring gumamit ang guro ng Time Line sa presentasuon ng mga Dinastiya sa Tsina. Bigyang punto lamang ang Sinaunang Pamumuhay ng mga Tsino.

sa pamamagitan ng pagsakop ng iba pang teritoryo.Sa panahon ng Han napatanyag ang Silk Road, isang ruta ng kalakalan.Sa tala ang dinastiyang Han, nakarating sa Rome ang isang pangkat ng mgaTsinong juggler.Nakarating sa rome ang seda ang China na tinatawag naseres.Sa dinastiyang ito naimbento ang papel, porselana, atwater-powdered mill. Nabuhay sa panahong ito si Simaqien, ang dakilang historyador ng China.

4. Sui (589 – 618 C.E)

Mabilis na pumalit ang Sui pagkatapos bumagsak ang Han.Napasok din sa China ang mga nomadikong mandirigma. Watak-watak ang China nang may 400 na taon.Umabot ang Buddhism sa China.Bumalik ang konsolidasyon. Itinatag ito ni Yang Jian. Itinayo ang Grand Canal.

5. Tang (618-907 C.E.)

Labis na nagdusa ang mga magsasaka dahil ginamit silang manggagawa sa proyekto ng Sui.Nag-alsa sila na pinamunuan ni Li Yuan na itinatag ang dinastiyang Tang. Tinawag si Li Yuan na Emperador Tai Cong.Pangalawa ang Tang sa mga dakilang dinastiya ng China.Naimbento sa panahong ito ang woodblock printing. At napabilis ang paggawaang mga kopya ng anumang sulatin.

6. Sung (960-1278 C.E.)

Watak-watak muli ang China ng bumagsak ang Tang.Ikatlo sa mga dakilang dinastiya ang Song. Itinatag ito ni Heneral Zhao Kuangyin. Nag patuloy ang pagsalakay ng pangkat-etniko sa Hilangang Asya.Kahit nasakop sila ng mga nomadiko patuloy pa rin ang pamumulaklak ng sining at panitikan.Naimbento ang gun powder.Nagsimula ang tradisyon ng footbinding sa nga babae. Lumitaw ang Neo-Confucianism na binuo ni Zhuxi.

7. Yuan (1278-1368 C.E.)

Daidu ang naging kapital ng Yuan – unang banyagang dinastiya ng China.Si Kublai Khan ang nagtatag ng dinastiyang Yuan.Ipinairal ng Mongol ang Confucianism bilang pilosopiya.Nasa mataas na posisyon ang imperyo ng mga Mongol. Nagkaroon ng maraming manlalakbay sa Yuan at isa na doon si Marco Polo.

Ang mga teksto na mababasa ng mga mag-aaral ay limitado lamang ang pagtalakay kaya inaasahan na ang guro na makapagbigay pa ng karagdagang impormasyon sa mga Dinastiya sa Tsina.

Maaring tumawag ang guro ng walong bata na may dalang talaan ng mga impormasyon sa bawat dinastiya at sila ang magpapakilala sa bawat dinastiya.

8. Ming (1368-1644 C.E.)

Pinalitan ng mahihinang emperador si Kublai Khan.Noong 1368 napabagsak ng hukbo ni Zhu Yuanzhang ang Mongol sa Daidu at itinatag ang Ming.Ang Ming ang ikaapat sa mga dakilang dinastiya sa China.Nanumbalik ang mga Tsino sa pamamahala sa kanilang bansa.

KOREA

Mga Dinastiya sa Korea

1.Gojoseon o Lumang Joseon (2333 B.C.E-108 B.C.E)

Ayon sa mga iskolar nagkaroon ng hiwa-hiwalay na estadong pamayanan sa Korea noong panahon ng Bronse(3000-300 B.C.E.).Isa sa pinakamalakas ay ang Gojoseon na itiantag ni Dangun. Mula sa pagiging estadong pamayanan, ito ay naging kaharian.Nasakop ng Han ng China noong 109 B.C.E. and Gojoseon. Nagpatuloy ang pangningibabaw ng Tsino hanggang 313 C.E.

2. Tatlong Kaharian (313-668 C.E.)

Unti-unting lumitaw ang tatlong kaharian ng Korea sa timog na bahagi: ang Goguryeo(37 B.C.E.-668 C.E.), Baekje (18 B.C.E-663 C.E.), at Silla (57-668 C.E.).Tinawag ito bilang panahon ng Tatlong Kaharian.Unang nabuo sa tatlo ang Goguryeo noong 37 B.C.E.Noong 313 B.C.E. tinalo ang Goguryeo ang hukbong Tsino. Nabuo ang Baekje sa timog-silangan malapit ang pakikipag-ugnayan nito sa China at Japan. Ang lipunan ang tatlong kaharian ay pinamumunuan ng mga aristokratikong mandirigma.Hiniram nila ang sistema ang pamahalaan ng Han sa China, ang Buddhism, at ang tradisyon ng pagsusulat ng kasaysayan.

3. Pinag-isang Silla (668-935 C.E.)

Noong ikaanim na siglo ang Baekje at Goguryeo ay pinahina ng mga sigalot na kaharian.Samantala, ang Silla ay nasa ilalim ng pamumuno ng magaling na hari na may planong sakupin ang katabing kaharian.Unang bumagsak ang Baekje at sumunod ang Goguryeo.Dahil dito napag-isa ng Silla ang halos kabuuan ng Korea.Matapos ang pitong taon, napatalsik ng Silla ang mga Tsino sa Korea

Ipabasa at ipaunawa sa mga mag-aaral ang mga teksto para sa lubos na pagtupad sa mga susunod na gawain.

Maaring gamitin din ng guro ang pamamaraang Data retrieval Chart sa paghalaw ng mahahalagang impormasyon sa Mga Dinastiya sa Korea.

4.Balhae (698-926 C.E.)

Ang Balhae ay itinatag ni Dae Joyong.Matatagpuan ang Balhae sa hilaga ng Korea at umaabot hanggang sa Manchuria. Ang kultura nito ay pinag-sanib ng Tang at Goguryeo. Noong ika-10 siglo nasakop ito ng mga nomadikong Khitan

5. Goryeo o Koryo (918-1392 C.E.)

Ang Goryeo ay itinatag ni Wang Geon. Ang pangalang Korea ay nagmula sa kahariang ito.Ang buong Korea ay napasailalim sa iisang kaharian.Sa larangan ng sining, nakalikha ang Goryeo ng sariling istilo ng porselana na tinatawag na celadon

6. Joseon o Yi (1392-1910 C.E.)

Ito ang pinakahuli at pinakamahabang dinastiya sa Korea.Itinatag ito ni Yi Seong-gye. Inilipat niya ang kabisera ng Hanseong(ngayon ay Seoul)Sa panahon ni Haring Sejong siya ay tinaguriang "Ang Dakila" Kautusan ni Haring Sejong na bumuo ang mga iskolar ng alpbetong Korean – ang hangul o Hunmin Jeogeum.Mahalaga rin ang kontribusyon ni Admiral Yi Sunsin sa labanang dagat. Inembento niya ang turtle ship.Ang lipunan ng Korea ay binubuo sa apat na uri: angyangban, chung-in, yangmin, at chonmin.

JAPAN

Mga Dinastiya sa Japan
Ang Liping Yamato at Nara.

Ito ang paglaganap ng impluwensyang Tsino at Japan. Naging tulay ang Korea sa pagdating ng Buddhism at Confiucianism. Itinayo ang lunsod ng Nara noong 710 C.E. Itinayo ang kapital ng Japan sa Heian.Si Fujiwara Kamatari ang batang emperador na nagingregent.Ang regent ang siyang namamahala sa ngalan ng emperador.Namayantag ang

Maaring tanungin ang mga mag-aaral sa iba pang kaalaman at impormasyon tungkol sa mga Dinastiya sa Japan. Dahil maikli lamang ang mga teksto at limitado, mas makabubuti kung ipababasa ang iba pang mga sipi sa Batayang Aklat tungkol sa Mga Dinastiya sa Tsina.

eleganteng pagsususlat ng tula, sining ng calligraphy, at pananamit. Naisulat sa panahong ito ang dakilang nobela na The Tale of Genji ni Murasaki Shikibu o Lady Murasaki.Nagkaroon ng labanan ng mga angkang aristokratiko sa huling bahagi ng panahong Heian,Lumitaw ang grupong bushi at samurai.Nabuo ang trdisyong military na nakapaloob sa Bushido.Pagkatapos ng Heian ay sumunod ang bakufu.

GAWAIN BLG. 7. FLOWCHART NG MGA PANGYAYARI
Itala sa flowchart ang mahahalagang pangyayari sa Silangan at Hilagang Asya.

Sagutan ang Flow Chart tungkol sa daloy ng mga Mahahalagang Pangyayari sa Silangan at Hilagang Asya.Itala kung kailan naganap ang pangyayari

Mahahalagang Pangyayari mula sa Sinaunang Pamumuhay sa Silangan at Hilagang Asya



Sa gawaing ito ay inaasahan na nabasa na ng mga mag-aaral ang mga teksto sa Silangan at Hilagang Asya. Ganun din ang mga kargdagang basahin sa batayang aklat upang masagot at makumpleto ang Time Line ng mga Pangyayari.

Bigyang punto sa magiging laman ng Time Line ang mga aspetong pampulitika, pangkultura, lipunan, edukasyon at paniniwala. Dapat ring makita ang mahahalagang tao, bagay at lugar na naging bahagi ng Sinaunang Pamumuhay ng mga Asyano sa Silangan at Hilagang Asya.

(1392-1910 C.E.)

_____

_____

_____

(710 C.E)

_____

_____

_____

_____

WAKAS

Reaksiyon sa daloy ng mga Pangyayari sa Silangan at Hilagang Silangan….

Ipapatala ng guro sa mga mag-aaral ang kanilang puna at pagsusuri sa mga mahahalagang pangyayari sa Silangan at Hilagang Silangang Asya

Maaaring ipagawa ito ng guro sa klase sa pamamagitan ng pagtawag sa ilang mag-aaral upang ibahagi ang kanilang reaksiyon. Maging ito man ay positibo o negatibo.

Pamprosesong Mga Tanong

1.Ano ang Dinastiya ?Saang prinsipyo nakabatay ang dinastiya?
2.Paano hinubog ng mga dinastiya ang pamumuhay ng mga bansa sa Silangang Asya?
3.Gaano kahalaga si Wang Geon sa lipunang Korea ?
4.Paano naimpluwensiyahan ng Tsina ang lipunang Korea ?
5.Ano ang mga mahalagang pangyayari sa panahon ng Hapones?
6.Ilarawan ang Minamoto at Ashikaga ? ano ang mahalagang ambag nila sa pamumuhay at lipunang Hapones ?
7.Paano naka impluwensiya ang kulturang hapones sa paghubog ng pamumuhay ng mga Silangang Asyano ?
8.Paano nakatulong ang heograpiya ng hilagang Asya sa pag-usbong ng kanilang kabihasnan?

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Pamprosesong Mga Tanong. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsagot sa mga tanong.

Maaaring gumamit ng iba pang sanggunian sa pagsagot sa mga tanong.

GAWAIN BLG. 8 Mag TRI QUESTION Tayo

Panuto : Sagutin ang tatlong mahahalagang tanong at isulat sa loob ng kahon ang bawat sagot.

Mga Pangyayari	***Ano*** ang bahaging ginampanan ng pangyayaring ito sa kanilang bansa na kinabibilangan ?	***Bakit*** mahalaga ang mga pangyayaring ito sa kanilang bansa ?	***Paano*** nakatulong sa pagbuo at paghubog ang mga pangyayaring ito sa kanilang pamumuhay ?

Pasagutan sa mga mag-aaral ang tatlong mahahalagang tanong. Sa pamamagitan ng Tri Question ay mahihimay ng mga mag-aaral kung paano nakatulong at naka impluwensiya ang mga pangyayaring ito sa pagbuo at paghubog ng Sinaunang Pamumuhay ng mga bansa sa Silangang Asya.

Maaring magtala pa ang guro ng iba pang mahahalagang pangyayari upang mapayaman at mapalawak ang gawaing ito.

(CHINA) Naipasa sa dinastiyang Zhou ang “Basbas ng Langit” at ang titulo na “Anak ng Langit”.			
(CHINA) Kinikilala ang Han bilang isa sa mga dakilang dinastiya sa China.			
(KOREA) Unti-unting lumitaw ang tatlong kaharian ng Korea sa timog na bahagi			
(KOREA) Ang Goryeo ay itinatag ni Wang Geon. Ang pangalang Korea ay nagmula sa kahariang ito.Ang buong Korea ay napasailalim sa iisang kaharian.			
(JAPAN) Naisulat sa panahong ito ang dakilang nobela na The Tale of Genji ni Murasaki Shikibu o Lady Murasaki.Nagkaroon ng labanan ng mga angkang aristokratiko sa huling bahagi ng			

panahong Heian.			
(JAPAN) Lumitaw ang grupong samurai. Nabuo ang trdisyong military na nakapaloob sa Bushido.Pagk atapos ng Heian ay sumunod ang bakufu.			

Task Card 3. TIMOG ASYA

Proseso ng Gawain :

1.Babasahin ang sipi ng aralin mula sa Batayang Aklat : Ang Asya sa Sinaunang Panahon : Timog Asya pp.192-198. Basahin din ang sipi na makikita sa ibaba.

2.Sagutan ang Hagdan ng Kasaysayan tungkol sa mga Mahahalagang Pangyayari sa Timog Asya.

3.Sagutan ang Hagdan ng Katanungan.Tandaan na maari ka lamang umakyat sa susunod na hagdan kung masasagot mo ang mga katanungan.

4.Dapat mo lamang makuha ang iyong tropeyo kung matatapos mo at masasagot ang lahat ng tanong.

5.Magkakaroon ng pag-uulat pagkatapos mapunan ang Hagdan ng Kasaysayan upang masuri nang lubos ang bawat pangyayaring naganap sa bawat rehiyon.

6.Sagutan ang Pamprosesong Tanong.

Mahalagang maipaunawa ng guro sa mga mag-aaral ang pagtupad sa nilalaman ng Task Card.

Maaring gumamit ng iba pang estratehiya ang guro sa magiging laman ng gawain sa bawat Task Card.

Ipaliwanag ng guro sa mga mag-aaral na magsaliksik ng iba pang babasahin at materyales upang mapayaman ang kaalaman sa Mga mahahalagang pangyayari sa Timog Asya. Makatutulong ito sa pagtupad ng mga gawain sa Timog Asya

TIMOG ASYA

Indo-Aryan (1500 B.C.E.)

tumawid sa hilagang-kanlurang bahagi ng India na ang ilan ay sumalakay sa Persia, Greece at Italy sa iisang panahon.Matatangkad, maputi, malakas kumain, at umiinom ng alak, payak ang pamumuhay, nag-aalaga ng bata at nagtatanim.

Panahong Vedic

Panahong nagtagal ng 600 na taon, mula 1500-900 B.C.E na hango sa salitang *Vedas*(karunungan)pagtaboy ng mga Indo-Aryan sa mga Dravidian patungong katimugan maraming mga Indo-Aryan ang naging magsasaka at natutong mamuhay sa pamayanan

Panahong Epiko

Tumulay ang mga Indo-Aryan patungong silangang lamba sa Ganges River. Mga unang pamayanan ay itinatag noon 900 B.C.E. Ang mga ulat tungkol sa pamumuhay ay galing sa mga epiko .Mga lungsod-estado na gawa ng Indo-Aryan ay napaligiran ng mga palibot-bambang (moat) at mataas na pader. Sa gitna ang RAJA; binubuo ng mga kamag-anak at mga dugong- bughaw ang konseho

Pagtatag ng Sistemang Caste

Nagpatupad ang mga Indo-Aryan ng diskriminasyon o pagtatangi laban sa mga Dravidian upang patatagin ang kanilang kapangyarihan,nilikha upang hatiin ang lipunan sa mga pangkat

4 na Pangkat sa Lipunan

- BRAHIMIN / PARI (pinakamataas)
- KSHATRIYAS (mandirigma)
- VAISHYA (mangangalakal/ magsasaka)
- SUDRAS / ALIPIN (alipin

Kshatriyas ang una sa pagakahanay sa mababang panahon,nang maglaho ang digmaan at ang pananampalataya ay naging higit na mahalaga, nagsimulang mangibabaw ang mga Brahmin, sundin ng bawat kasapi ang mga tuntunin sa pag-aasawahanapbuhayseremonya sa pananampalatayamga kaugaliang panlipunan (kumain;uminom)manatili sa pangkat kung saan ipinanganak hanggang mamatay.

Ipabasa at ipaunawa ang mga teksto sa Timog Asya.Magsagawa ng maikli at malayang talakayan. Linawin ang ilang terminolohiya na may kaugnayan mahahalagang pangyayari sa sinaunang pamumuhay ng mga taga Timog Asya.

Maaring magkaroon dito ng aktibidad na
paggawa ng Timeline upang maipaunawa sa mag-aaral ang kahalagahan ng kontekswalisasyon. Dapat maipaunawa sa mga mag-aaral na hindi ang pagmememorya ang pinapahalagahan. kapag lumilikha ng timeline ng mga pangyayari, ito ay upang mailagay sa kanyang kapanahunan ang kaganapan at upang makabuo ng talaan ng nakaraan.

■·**Ang Panitikan ng mga Indo-Aryan**
Sankrit ang wika sa loob ng 100 taon na dala ng Indo-Aryan*Vedas* ang tawag sa naunang literature Rig-Veda (awit ng Karunungan)Pinakamahalagang Vedas na pamumuri ng diyos

■·**Si Alexander Ang Dakila**
Siya ang hari ng Macedonia, isang kaharian sa hilagang Greece,ang kaniyang pangarap ay lupigin ang Persia, napabagsak niya ang Persia noong 328 B.C.E, pagkatapos ng dalawang taon tinawid niya angIndus River at tinalo ang isang hukbong Indian, nilisan niya ang India na hindi kasama ang mga sundalo

■·**Imperyong Maurya** (321 B.C.E)
Inagaw ni Chandragupta Maurya ang isang kaharian.Si Chandragupta Maurya ang unang hari ng dinastiyang Maurya. 273 B.C.E ng humalili si Asoka (apo ni Maurya).Pinangunahan niya ang isang kampanyang military.Nang makaranas ng kampanya ni Asoka na hindi kanais-nais, nagpasya siya na bigyan ng katahimikan ang kanyang nasasakupan.Niyakap niya ang Buddhism. Tinuruan at tinulungan niya ang mga mamamayan.Nagpadala ng mga misyonero sa Ceylon at Burma; lumaganap ang Buddhism sa Asya

■·**Ang mga Kushan**
Unang siglo ng sinalakay ang Kushan.Ang kanilang paghahari ay tumagal ng 200 C.E Ang Kamishka ang pinaamakapangyarihang hari ng Kushan. Nagpatayo siya ng mga gusali sa Peshawar.Tagapagtaguyod ng Buddhism si Karishka.Mahayana-Buddhism-naniniwala sa pagkakaroon ng mababang uri ng diyos

Bodhisasatta- tumutulong sa mga tao na makamit ang NIRVANA o kaliwanagan at kaluwalhatian- (langit),mababang uri ng diyos).Ang tawag sa orihinal na Buddhism ay Hinayanna o Theraveda Buddhism.Ang Mhayana Buddhism ay lumaganap sa China,Korea,Mongolia,Tibet at Japan. Ang Hinayana Therava Buddhism ay lumaganap sa Burma,Thailand,Laos, Cambodia at Sri Lanka

Nahati ang hilagang India sa maliit na estado. Ito ay makapangyarihan. Sinakop ng unang hari ng Gupta ang lambak ng Ganges Rivernoong 320 C..E. Narating ng Gupta ang pinakamataas na katanyagan sa pamamagitan ni Haring Chandra Gupta II

Naganap ang Golden Age o Gintong Panahon

Umunlad ang agham sa panahong ito.Tinalakay ng isang matematiko at astronomo na si Aryabhata ang halaga ng pag-ikot at hugis sphere ng daigdig. Tinantiya ng ibang astronomo ang dyametro ng buwan. Nagsulat tungkol sa gravitation. Pinaunlad rin ang number symbols.Pinag-aralan ang sistemang decimals at sila ang unang gumamit ng zero

Nakahanap sila ng mga bagong gamit at lumikha. Ang kanilang patalim ay yari sa asero

Ang mga manggagamot ay marunong mag isterilisa (sterilization) na mga panturok o panlinis ng sugat. Nagsagawa sila ng operasyon (surgery) at lumago muli ang Hinduism

■Mga Muslim na Mananalakay

Tinawid ng mga mananalakay na muslim ang mga bulubundukin ng hilagang- kanlurang bahagi ngIndia. Noong una ang kanilang pakay ay palaganapin ang Islam.Ngunit ng Makita nila ang malaking yaman ngIndia ay sinikap nilang maging mga hari at prinsipe.

Ang pinakatanyag at pinakamakapangyarihan na sultanato ay sultanato ng Delvi.

Matagumpay na nasakop ng mga Muslim ang malaking bahagi ng India.1398 nang nilusob ng Tanlerlane ang India. Sinalakay niya ang Delvi, kinuha lahat ng kayamanan at pumatay ng isang libong tao.

■·**Ang mga Mongol at Imperyong Mogul**

May mga bagong Muslim na mananalakay ang dumating sa India na pinangunahan ni Babur, Si Babur ay isang Turk na kaanak ni Tamerlane at ni Genghis Khan.Inakala ng mga taga-India na Mongol si Babur kaya tinawag itong Mogul.1556 ng magsimulang manlupig si Akbar, apo ni Babur.Pinalaganap niya ang pamamahala patungong Silangan.Nakuha niya noong 1576 ang Bihar at Bengal.Pagkatapos ng 10 taon, naidagdag niya ang Kabul at Kashmir 1595 nang mapabilang ang Balu Chistan sa kanyang imperyo, si Akbar ang naging pangunahing hari sa buong Hilagang-India. Si Akbar ay hindi marunong bumasa o sumulat ngunit hangad na matuto, pinaligiran niya ang kanyang sarili ng mga :Pilosopo,Arkitekto,Pari Makata,Pinagbuti ni Akbar ang pangangasiwa ng katanungan,Hinigpitan niya ang paggamit ng pisikal na paghihirap,parusang kamatayan para sa may malubhang pagkakasala.

GAWAIN BLG. 9. PANGYAYARI, SANHI AT BUNGA

Itala ang mga sanhi at bunga ng mahahalagang pangyayari sa Timog Asya. Matapos masuri sa mga pangyayari ay maglagay ng sariling puna.

Pasagutan sa mga mag-aaral ang gawain na ito. Layunin ng gawain na ito na malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral na makilatis ang mga sanhi at bunga ng mahahalagang pangyayari sa Timog Asya.

Natatanging Pangyayari sa Timog Asya	Sanhi ng Pangyayari	Bungan g Pangyayari	Puna sa Pangyayari
Panahong Vedic			

Pagtatag ng Sistemang Caste			
Ang mga Mongol at Imperyong Mogul			
Pamumuno at pagsalakay ni Alexander The Great			
Mga Muslim na Mananalakay			

KInakailangang masagot ng mga mag-aaral ang bawat kolum, upang maintindihan ang kahalgahan ng mga natatanging pangyayari sa Timog Asya.

Maaring iulat ito sa klase upang higit na maintindihan ng mga mag-aaral ang mga pangyayari sa Timog Asya.

Maaring magpasaliksik pa sa mga mag-aaral para sa mga karagdagang kasagutan sa bawat kolum.

GAWAIN BLG. 10. HAGDAN NG KAALAMAN

Panuto : Sagutin ang mga gabay na tanong sa ibaba,ilagay ang inyong sagot Sa bawat baiting ng hagdanan na nasa larawan upang makamit ang iyong tropeo



Makikita sa kaliwang bahagi ang larawan ng isang mag-aaral na nais maabot ang tropeyo. Maaabot lamang ng mag-aaral ang tropeyo kung masasagot niya ang bawat tanong na makikita sa ibaba.

Ito ay isang hagdan ng pag-unlad sa kontekstuwal na kahandaan sa kinakailangang pang unawa sa Mahahalagang pangyayari sa Sinaunang Pamumuhay ng mga bansa sa Timog Asya.

Sa pamamagitan ng paggabay at pagwawasto ng guro malalaman kung ang mag-aaral ay karapatdapat na umakyat. Sa susunod na bahagi ay pagsagot naman sa Pamprosesong Tanong tungkol sa gawain

HAKBANG	MGA TANONG
1	Saan at paano itinatag ang mga unang pamayanan ng mga Indo Aryan?
2	Sino - sino ang namuno sa pagtataguyod ng sibilisasyon ng Timog Asya?
3	Ano ang naging ambag ni Alexander The Great at mga katutubong pinuno ng imperyo?
4	Paano nabuo at nahubog ang sibilisasyon ng mga bansa sa Timog Asya?
5	Paano naka impluwensiya ang mga kaisipan, paniniwala ng taga Timog Asya sa kasalukuyang mga bansa sa Asya
6	May mga paniniwala at kaisipan ba sila na ginagawa din nating mga Pilipino? Ipaliwanag.

Pamprosesong Tanong :

1. Ilarawan ang mga Indo Aryan, ano ang kanilang kontribusyon sa sinaunang pamumuhay ng taga Timog Asya ?
2. Paano itinatag ang sistemang Caste sa India? Akma ba ito na gamitin sa ating bansa ? pangatwiranan
3. Patunayan na nakatulong si Alexander sa pagsakop sa ilang bansa sa Asya
4. Ano ang mga kontribusyon ni Chandragupta sa kabihasnan ng Timog Asya?
5. Naging matagumpay ba ang mga muslim sa pagsakop sa Hilaga at Gitnang Asya.?Patunayan ang sagot?

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Pamprosesong Mga Tanong. Layun na maitala at maunawaan ang mahahalagang pangyayari sa Sinau Pamumuhay ng mga taga Timog As

Ipaalala ng guro na maaring magkar talakayan sa mga naging kasagutan mga mag-aaral. Inaasahang makab

6. Paano lumaganap ang imperyong Mogul ?

7. Batay sa gawain blg .Anong pangyayari sa sinaunang kabihasnan sa Timog asya ang may malawak na impluwensiya sa paghubog ng kasalukuyang sibilisasyon sa mga bansang Asyano?

8. Batay din sa mga naunang gawain paano nahubog ng mga pangyayaring ito ang kasalukuyang pamumuhay ng mga Asyano ?

Ngayon ay naunawaan mo na ang mahahalagang pangyayari sa Timog Asya. Ganun din nasuri mo kung paano nabuo at nahubog ang sibilisasyon sa mga bansa sa Timog Asya at kung paano ito nakaimpluwensya sa mga bansang Asyano. Ipagpapatuloy mo ang pag-aaral ng kabihasnan sa pag-unawa naman sa mga kaisipan, pilosopiya at relihiyon sa Timog Silangang Asya. Tutuntunin mo din kung paano ang Timog Silangang Asya ay nakatulong sa pagpapayabong ng sibilisasyong Asyano sa kabuuan. Kaya simulan mo na.

Ipapaliwanag ng guro ang bahaging ito ng transisyon. Ipaunawa na bago magpatuloy sa susunod na gawain ay bukas ang klase para sa lahat ng tanong at paglilinaw bago tumungo sa susunod na gawain.

Maaring magbigay ang guro ng maikling pagsusulit upang mataya ang kaalaman ng mga mag-aaral sa natapos na aralin.

Task Card 4. TIMOG SILANGANG ASYA

Proseso ng Gawain :

1.Basahin ang sipi ng aralin mula sa batayang Aklat : Ang Asya sa Sinaunang Panahon : Timog Silangang Asya pp 202-214

2.Sagutan ang Matrix Chart tungkol sa Mahahalagang Pangyayari sa Timog Silangang Asya

3.Itala ang mahahalagang pangyayari sa bawat aspekto nito mula sa pamahalaan hanggang sa sining at kultura.

4.Magkaroon ng pag-uulat pagkatapos masagutan ang chart upang masuri nang lubos ang bawat pangyayaring naganap sa bawat rehiyon.

5.Basahin ang kasunod na teksto at sagutin ang Pamprosesong Mga Tanong.

Mahalagang maipaunawa ng guro sa mga mag-aaral ang pagtupad sa nilalaman ng Task Card.

Maaring gumamit ng iba pang estratehiya ang guro sa magiging laman ng gawain sa bawat Task Card.

Ipaliwanag ng guro sa mga mag-aaral na magsaliksik ng iba pang babasahin at materyales upang mapayaman ang kaalaman sa Mga mahahalagang pangyayari sa Timog Asya. Makatutulong ito sa pagtupad ng mga gawain sa Timog Asya

SINAUNANG KABIHASNAN SA TIMOG-SILANGANG ASYA

Ang paglipat- lipat ng mga tirahan ng ibang lahi ay nakaabot sa Timog Silangang Asya. Dahil dito ay naimpluwensiyahn nila ang mga taga Timog silangang Asya na magtanim, magsaka, mag alaga ng hayop , maglayag , magpastol. Kasabay nito ay ang paghiram nila ng wikang Austronesian.

Ayon sa Kasaysayan bago pa man maganap ang pagsakop ng mga Kanluranin at ibang mananakop ay may roon ng maituturing na kaalaman sa kabihasnan at pamumuhay ang mga taga Timog Silang Asyano. Tulad ng mga sumusunod : paggamit ng metal,pag buo ng pamilya, agnkan o grupo,pagsamba at pagpapahalaga sa mga kalikasan, pagtatayo ng mga poon at dambana,paninirahan sa ibat ibang lugar.

Kaharian ng Vietnam

Nakaranas ang Vietnam ng pamumuno ng mga Tsino. Pinagkukunan ang Vietnam ng mga hilaw na produkto na dinadala sa Tsina. Naging malawak ang sakop ng tsina sa Hilagang Vietnam. Namana ng mga Vietnamese sa mga Tsino ang paggamit ng epelyido,relihiyon at iba pang impluwensiya.

Kaharian ng Funan, Chenla at Champa

Naging malakas ang kapangyarihan ng Funan dahil sa tulong at impluwensiya ng kulturang Indian at Tsina. Subalit sa pagsapit ng ikaanim na siglo ito ay naagaw ng mga Khmer na tinawag ding Chenla ng mga Tsino.Ang Chenla ang nagbigay daan sa pagbagsak ng Funan. Sa Timog ng Vietnam naman ay namayagpag ang Champa.Malaki ang impluwensiya ng mga Indian sa Cham.

Imperyong Angkor/Khmer

Dating pinakamakapangyarihang lupain sa rehiyon.Kasalukuyang matatagpuan sa Cambodia
Pinamunuan ni Jayavarman II na itinuring na pinakamalakas na pinuno ng Khmer.Ang ***Angkor Wat*** ang pinakadakilang ipinagawa sa panahong ito. Ito rin ang kinikilalang pinakamatanda at pinakamalaking Istrukturang pang-arkitektura sa daigdig.

Kaharian ng Pagan

Ito ay may pamayanang agrikultural, makikita sa pamayanang ito ang ibat ibang uri ng arkitektura. Malawak ang kanilang sakop na teritoryo. Marami ang naging mahuhusay na punino ng pagan tulad nila Anawrahta at Kyanzithha. Naging sentro ng mga Pagan ang Theravada Buddhism subalit bumagsak din sila dahil sa pananakop ng ibang tribu.

Mahalaga na ipabasa at ipaunawa sa mga mag-aaral ang mga teksto sa kaliwa. Bigyang pansin ang mga mahahalagang pangyayari sa pamumuhay, relihiyon, paniniwala at lipunan ng mga bansa sa Timog Silanganag Asya. Ipabasa din sa mga mag-aaral ang mga sipi at teksto sa Batayang Aklat.

Maaring gumamit pa ng ibang materyales na may kaugnay sa nilalaman ng aralin sa Sinaunang pamumuhay ng mga Bansa sa Timog Silangang Asya

Maaring tumawag sa klase para sa maikling talakayan ng nilalaman ng kahon.

Kaharian ng Ayutthhaya

Itinatag ito ni U Thong. Itinatag niya ang ***darmasastra***, isang kodigong legal batay sa tradisyong Hindu at Thai.Naging pamantayan ito ng batas ng Thailand. Ang mga monument at templo ay pagpapatunay na ambag ng kahariang Ayuthhaya subalit katulad ng ibang imperyo ay nasakop din sila at bumagsak.

Kaharian ng Sailendras

Hari ng Kabundukan ang kahulugan sa salitang Sanskrit ng Sailendras, isa sa kilalang pamana nila ang Borobodur, isa itong banal na kabundukan, isa itong pamana ng monumentong Buddhist. Naniniwala sa Mahayana Buddhism kaya pinalibutan ang Borobudur ng mga monument ni Buddha

MGA KAHARIAN SA PANGKAPULUANG TIMOG SILANGANG ASYA

Imperyong Srivijaya

Nagsimula ang imperyo noong ika 13 siglo.Kinilala ang kaharian bilang Dalampasigan ng Ginto, dahil mayaman sila sa mina ng ginto.Naskop nila ang Malay Peninsula,Sumatra,Kalimantan at Java. Naimpluwensiyah sila ng relihiyong Buddhism ng Tsina. Malaks ang kanilang pwersang pandagat, ito ay dahil sa kapit at kontrolado nila ang mga rutang pangkalakalan. Binubuo dati ng Sumatra, Ceylon, Java, Celebes, Borneo, at Timog ng Pilipinas,May hawak dati ng spice route

Imperyong Majapahit

Pinalakas ng Majapajit ang kanilang imperyo sa pamamagitan ng pagsakop sa maliliit na kaharian. Lumawak ang kapangyarihan nila hanggang sa Malay Peninsula.Umunlad ang Majapajit sa pamumuno ni Gaja Mada.Dahil sa ibat ibang pwersang pang relihiyon at sa pagdating ng mga dayuhan ay humina ang pwersa ng imperyo at bumagsak sila. Dating may hawak sa Spice Islands Binubuo dati ng Laos, Vietnam, Cambodia, New Guinea, Sulu, at Lanao

Malacca
Kilalang daungan ang Malacca, malaki ang kahalagahan ng Malacca bilang sentrong pangkalakalan. Kontrolada nila ang monopoly ng kalakalan sa pagitan ng India,China at Timog Silangang Asya. Humina ang Malacca mula ng maagaw ng mga muslim ang kapangyarihan sa rehiyon.

Pilipinas (Bago ang 1565)
Ang Pilipinas ay binubuo ng bawat barangay sa Luzon at Visayas, tanging Mindanao ang yumakap sa Islam. Nagtatag ng mga Sultanato sa Lanao at Sulu.Nagkaroon din ng mga pagpapatunay sa mga impluwensiya ng mga Tsino sa ating mga kultura. Ganun din ang mga impluwensiyang muslim sa ating pamumuhay ay nagpakita din ng malakas na pwersa sa bahagi ng Mindanao.

GAWAIN BLG. 11. SINIMULAN KO, TAPUSIN MO!

Suriin mo ang mga kahariang nabuo sa Timog Silangang Asya Sa pamamagitan ng pagsagot sa kapus na pangungusap. Maging makabuluhan sa paglalatag ng mga ideya at kaisipan. Basahin ang sipi ng aralin mula sa batayang Aklat : Ang Asya sa Sinaunang Panahon : Timog Silangang Asya pp 202-214 at ang Teksto sa itaas upang mapayaman ang mga kasagutan sa gawain.

1.Makikita ang katutubong kultura ng mga taga Timog Silangang Asya
sa_____
_____
_____
_____
_____

Pasagutan sa mga mag-aaral ang putol na pangungusap. Ipaalala sa mga mag-aaral na maging makabuluhan sa paglalatag ng mga ideya at kaisipan. Masasagutan lamang ito kung lubos ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga nabasang teksto at sipi sa Batayang Aklat.

Maaring may pagkakaiba-iba sa paraan ng pagkumpleto sa pangungusap subalit ang lahat ng mga sagot ay dapat na tumutugma sa inaasahang kinakailangang pang-unawa.

Maaring magkaroon ng maikling pagpapalitan ng ideya sa klase kung paano winakasan ng mag-aaral ang bawat pangungusap.

2.Ang mga impluwensiya na nakaapekto sa kultura ng Timog Silangang Asya
ay_____
_____
_____
_____

3.Naging mabuti ang kinahinatnan ng migrasyon ng mga Austronesian
sapagkat_____
_____
_____
_____
_____
_____

4.Maunlad ang naging ugnayan sa pagitan ng Funan at China dahil
_____
_____
_____
_____

5.Tanyag ang Imperyong Angkor
sapagkat_____
_____
_____
_____
_____

6.Naging sentro ng ng ruta ng perigrinasyon ng mga Buddhist ang kahariang Srivijaya
dahil_____
_____
_____
_____
_____
_____

7.Bumagsak ang imperyo ng Majapajit
dahil_____
_____
_____
_____
_____
_____

8.Napayabong ang mayamang kultura ng mga katutubo sa Pilipinas sa pamamagitan
ng_____
_____
_____
_____
_____
_____

9.Nahubog ang kasalukuyang sibilisasyon sa Timog Silangang Asya sa pamamagitan
ng_____
_____
_____
_____
_____

10.Sa mga katangian ng katutubong kabihasnan sa Timog Silangang Asya ang aking pinahahalagahan ay
_____
_____
_____
_____
_____
_____

GAWAIN BLG. 12.HARAPAN

Gamit ang mga datos mula sa Batayang Aklat, Mga Sipi at Teksto.Makilahok sa maikling pagtatalo o debate tungkol sa isyung ito “Timog Silangang Asya, Anino lamang ba ng India at China”

Timog-Silangang Asya, Anino lamang ng India at Tsina ?

Hatiin ang klase sa dalawang grupo para sa pagtatalo o debate. Ang bawat grupo ay may dalawang tagapagsalita at tagapaliwanag. Bibigyan ang bawat grupo ng sapat na panahon para ihayag ang kanilang mga katuwiran. Ang grupo na makapagbibigay ng mahusay na paliwanag, malalim na kontekstuwal na impormasyon at historical na kaalaman sa mahahalagang pangyayari sa sinuanang pamumuhay ng mga Timog Silangang Asya ang may bentahe sa paligsahan.

Maaaring magtalaga din ang guro ng isang grupo na huhusga sa mga paliwanag at katuwiran ng mga kalahok. Sa ganitong gawain ay mahigpit ang paggabay at pagsubaybay ng guro sa takbo ng debate.

Pamprosesong Mga Tanong :

1. Paano nabuo ng sibilisasyon sa Timog- Silangang Asya sa Panahon ng Neolitiko?
2. Ano ang mahahalagang impluwensiya ng Vietnam sa kabihasnan?
3. Paano nabuo ang mga Kahariang Pangkontinente sa Timog Silanagng Asya?
4. Ano ano ang mga impluwensya ng Mga Kaharian sa Pangkapuluang Timog Silangang Asya ?
5. Paano nahubog ng Timog - Silangang Asya ang kasalukuyang sibilisasyon ng mga bansa sa Asya ?
6. Paano napayabong ang mayamang kultura ng mga katutubo sa Pilipinas ?

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Pamprosesong Mga Tanong. Inaasahang masasagot ng mga mag-aaral ang mga katanunganng ito na susukat sa kanilang mga bagong kaalaman sa Mahahalagang Pangyayari sa Sinaunang Pamumuhay ng mga bansa sa Timog Silangang Asya.

7. Nakabuti basa mga bansa sa Timog Silangang Asya na tawagin na anino ng Tsina at India?

8. Paano nakatulong ang mga relihiyon,pilosopiya at kaisipang Timog Silangang Asya sa paghubog ng kasalukuyang pamumuhay ng mga Asyano?

MGA RELIHIYON SA ASYA

Basahin ang mga sumusunod na lathalain upang mapayaman ang kaalaman sa pagsusuri ng kaisipang Asyano, relihiyon at pilosopiya. Sagutin ang kasunod na Retrieval Chart sa ang Batayang Aklat.Aralin 16 Mga Relihiyon sa Timog at Kanlurang Asya at Araling 17 Mga Relihiyon at Pilosopiya sa Silangan, Hilaga at Timog Silangang Asya.

Malawak ang naging saklaw ng mga pangyayari sa ibat ibang rehiyon sa Asya tulad ng mga naitala na impluwensya sa pamahalaan, kabuhayan, teknolohiya, lipunan, edukasyon ,paniniwala, pagpapahalaga at sining. Sa mga impluwensya sa mga pagbabagong ito higit na lumutang ang kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon.

Ang relihiyon ay nag mula sa salitang latin (re-ligare) - pagbubuklod,pagbabalikloob sa greigo (re-legion) - pagpili, paghirang nabubuo sa kahulugang muling pagsasama ng mga pinili sa pananampalataya. Ayon sa kasaysayan halos lahat ng mga relihiyon sa mundo ay nagmula sa Asya. Sa lawak ng mga teritoryong sakop at sa kapal ng tao na mga naniniwala malaki ang dahilan upang tawagin ang Asya na sinilangan ng relihiyon sa daigdig. Halinat ating talakayin ang ibat ibang relihiyon na ito, alamin kung saan umusbong , kung sino ang nagtatag at ang mga mahahalagang aral ng mga ito. Sisirin din natin ang mga impluwensiya ng mga relihiyong ito sa ating lipunan.

Ipabasa at ipaunawa sa mga mag-aaral ang nilalaman ng lathalain tungkol sa Mga relihiyon sa Asya. Maaring ipasaliksik din sa mga mag-aaral ang mga kaugnay na aralin sa Batayang Aklat na mababasa sa Aralin 16 at 17 na sinulat nila Grace Estela Mateo at Mga Kasama.

Mahalaga na masuri ng mag aaral kung paano nakatulong sa pagbuo at paghubog ng pagkakakilanlang Asyano ang relihiyon batay sa mga nilalaman ng lathalain.

Maaring simulan ang gawain sa pagtawag sa mga mag-aaral para ibahagi ang karanasan nila sa kaslukuyang relihiyon na kanilang kinaaaniban.

Hinduismo

Hinduismo ang pangunahing relihiyon sa India na,mga Aryan ang unang tribong sumampalataya sa Hinduismo. Naniniwala sila sa maraming Diyos mula sa ibat ibang likha ng kalikasan,subalit ito ay naglaho at napalitan ng pagsamba kay Brahma.Veda ang banal na kasulatan ng mga Hindu na nagmula pa sa panahon ng mga Aryan,tinuturo ng Vedas na ang tao ay magkaroon ng mahaba at mabuting buhay.Ginagalang ng Hinduismo ang indibidwal na pagsamba, mayroon silang mga altar,mga santo. Nagpupunta sila sa mga banal na lugar.

Mga Paniniwala ng mga Hindu

Naniniwala ang mga Hindu sa pagkakabuklod at pagkakaisa ng mga bagay sa kapaligiran na nagdadala sa pagkakaisang ispiritwal. Naniniwala ang mga Hindu sa pagmamahal, paggalang at pagrespeto sa lahat ng mga bagay na may buhay, espiritu o kaluluwa.

Sumasamba sila sa ibat ibat uri at anyo ng Diyos na tinatawag na polytheismo. Bahagi ng paniniwalang Hindu ang Reinkarnasyon, kung saan ang namatay na katawan ng tao ay isisilang na muli sa ibang anyo,paraan o nilalang. Nainiwala ang mga Hindu sa Karma, Ang Karma ang magbibigay sa tao ng gantimpala kung kabutihan ang tinanim, subalit pagdurusa naman ang balik kapag kasamaan ang itinanim sa kapwa. Naniniwala ang mga Hindu na ang tao ay dapat na magsikap sa buhay at ito ay dapat na iniaalay niya sa Diyos anuman ang antas niya sa lipunan.

May dalawang konsepto na dapat at higit na bigyang punto ng guro, Ang Reinkarnasyon at Karma. Paano ang dalawang mahalagang konsepto nakatulong sa pagbuo ng pagkakailanlang Asyano.

Budismo

Itinatag ito ni Sidharta Gautama, isang batang prinsipe, subalit ninais na maging asetiko upang danasin ang katotohanan ng buhay , isinuko niya ang karangyaan, luho at masarap na buhay.Iniwan niya ang pamilya at naglakbay hanngang matuklasan niya ang kaliwanagan.Kaya ang Buddhismo ay nangangahulugan ng " Kaliwanagan".

May dalawang paghahati ang Budismo :

Mahayana Buddhism – Kinilala bilang Diyos si Buddha na tagapagligtas mula sa guro. Niyakap ito ng mga taga Silangang Asya tulad ng China, Korea at Japan at Vietnam sa Timog Silangang Asya.

Theravada Buddhism – Kinikilala si Buddha bilang guro at banal na tao. Kinilala ito ng mga bansa sa Sri Lanka, Myanmar, Thailand ,Laos at Cambodia.

Apat na Dakilang Katotohanan ng Budismo

Ang buhay at pagdurusa ay hindi mapaghihiwalay.
Pagnanasa ang sanhi ng pagdurusa.
Mawawala lamang ang pagdurusa kung aalisin ang pagnanasa
Maalis ang pagnanasa kung susunod sa walong landas at matatamo ang tunay kaligayahan o Nirvana.

Walong Dakilang Daan

1.Tamang pananaw
2. Tamang aspirasyon
3.Tamang pananalita
4. Tamang ugali
5.Tamang kabuhayan
6.Tamang konsentrsyon
7. Tamang pagpupunyagi
8. Tamang konsentrasyon.

Maaring palalimin at palawakin ang nilalaman ng mga lathalain tungkol sa Buddhismo sa pamamagitan ng iba pang gawain na ipagagawa sa mga mag-aaral ng guro.

Maaring bigyang punto ang mahahalagang konsepto at salita na makikita sa lathalain upang higit ma matiyak ang kinakailangang pang-unawa ng mga mag-aaral sa aralin.

Jainismo

Isa sa mga relihiyon sa India,ayon sa Veda ang jainismo ay itinatag ni Rsabha,subalit ang pinaka naging pinuno ng Jainismo ay si Mahavira o Vhardamana. Tinalikuran niya ang lahat ng kaniyang kayamanan at kapangyarihan at naging asetiko katulad din ni Buddha.

Mga Doktrina ng Jainismo

Ang bawat tao ay may layunin na makalaya ang kaluluwa sa pagkabuhay,pagkamatay at muling pagkabuhay. Ito ay siklo na dapat maranasan ng lahat ng tao.Bawal kumain ng karne, bawal ang pumatay ng insekto, bawal ang magnakaw, magsinungaling, bawal ang magkaroon ng ari arian at makipag talik.Ang karma ay isang buhay na bagay na dumadaan sa katawan ng anumang bagay at buhay at nagiging pabigat ito. Kailangan mapagtimpi at disiplinado ang tao. Kailangan igalang ang lahat ng mga bagay na may buhay.Bawal ang pananakit sa anumang may buhay, tinawag itong ahimsa o kawalan ng karahasan o non violence.Binibigyang diin ng Jainismo ang asetismo o pagpapakasakit at mahigpit na penitensya upang upang mapaglabanan ang kasikiman ng katawan.

Maaaring ipabasa ng tahimik ang nilalaman ng lathalain at magkaroon ng maikling talakayan sa Mga Doktrina ng Jainismo.

Maaring lumikha ang guro ng iba pang gawain upang mapalalim ang nilalaman ng lathalain

Sikhismo

Ang Sikhismo ay itinatag ni Guru Nanak. Sinikap niyang pagbuklurin ang ang mga Muslim sa isang kapatiran. Ang mga mananampalataya ng Sikhismo ay matatagpuan sa India, Pakistan at iba pang parte ng daigdig.

Mga Paniniwala ng mga Sikhismo

May Isang Diyos, Walang hanggang katotohanan ang kaniyang pangalan.Sila ay naniniwala sa reinkarnasyon at sa pag-akyat ng mga kaluluwa mula sa mababang antas pataas.Kailanganag masagip ang mga tao o silay patuloy na makaranas ng mulit muling pagsilang. Ang nirvana ng mga Sikh ay makakamtam sa pagsama ng indibidwal sa kanyang lumikha sa kabilang buhay.

Ipabasa ang mga lathalain sa mga mag-aaral. Maaring ipasaliksik ang iba pang impormasyon sa Batayang Aklat para mapalawig ang kinakailangang pang-unawa sa Sikhismo.

Judaismo

Ang Judaismo ang isa sa pinakamatandang relihiyon sa daigdig. Ang paniniwala ng mga Hudyo sa monoteismo ay nagpapatunay na naging batayan ito ng Kristyanismo at Islam. Ang Torah na nangangahulugang batas at aral ay naglalaman ng limang aklat ni Moses.

Ang Sampung Utos ang gabay ng mga Hudyo sa wastong pagkilos at pamumuhay. Ang mga ito ay ang sumusunod :

ANG SAMPUNG UTOS NG DIYOS (Tagalog)

1. Ibigin mo ang DIYOS ng lalo at higit sa lahat.
2. Huwag kang sasamba sa mga diyos-diyosan.
3. Ipangilin mo ang araw ng Sabbath.
4. Igalang mo ang iyong ama at ina.
5. Huwag kang papatay.
6. Huwag kang makikiapid sa hindi mo asawa.
7. Huwag kang magnanakaw.
8. Huwag kang magbibintang at huwag kang magsisinungaling.
9. Huwag kang mag nanasa sa hindi mo pag- aari.
10. Huwag kang magnanasa sa hindi mo asawa.

Kailangang magpagawa ang guro ng iba pang gawain sa nilalaman ng Sampung utos upang maipakita ng mag-aaral ang pagpapahalaga sa Sampung Utos.

Maaring gawin ang pananaliksik ng kasaysayan ng Sampung Utos kung kalian,saan at paano ito naging gabay sa wastong pagkilos at pamumuhay ng mga Sinaunang Hudyo.

Maaring magpagawa ang guro ng isang repleksiyon sa mga kautusann nakapaloob ditto na maiuugnay sa buhay ng mga mag-aaral bilang Katoliko ,Filipino at bilang Asyano.

Kristiyanismo

Ang Kristiyanismo ang pinaka malaking bilang sa lahat ng mga relihiyon sa mundo. Sa dami ng taga sunod at kasapi. Ito ay relihiyong batay sa sa buhay at turo ni Kristo. Si Kristo ang tagapagligtas na ipinadala upang iligtas ang sanlibutan. Ang Kristiyanismo ay mula sa relihiyong Judaismo,mula sa Lumang Tipan hanggang sa mga aral ni Moses si Kristo ang ipinagakong Mesiyas at manunubos. Ayon kay Kristo mahal ng Diyos ang lahat ng tao at natutuwa siya kapag mahal siya at pinaglilingkuran nila.Pinagtibay ng Simbahang katoliko ang paniniwala sa Santisima Trinidad, ito ang paniniwala sa Iisang Diyos, Ama, Anak at Espiritu Santo.Bibliya ang banal na aklat ng mga Kristiyano.Ang Kristiyanismo ay nakabatay sa dalawang paniniwala: Ang pagkilala kay Hesus na Anak ng Diyos at paniniwala sa kanyang pagkabuhay na muli.Bahagi ng paniniwalang Kristiyanismo ang pagsunod sa Pitong Sakramento, pagsasabuhay ng Sampung Utos ng Diyos at Mga kautusan ng Simbahan ng nagmumula sa Papa sa Roma.Ang Papa sa Roma ang pinaka mataas na pinuno ng Simbahang katoliko. Ang lahat ng simbahang katoliko sa daigdig ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Papa sa Roma.

Islam

Ang relihiyon ng mga Muslim. Sinasabing ikalawa sa pinaka malaking relihiyon sa daigdig.Kakaiba dahil ang pangalan ng relihiyon ay hindi tao, pook atbp. Ito ay galing sa salitang Arabik “Salam”, *kapayapaan* , *pagsunod at pagsuko sa Diyos* Si Muhammad, Ang huling propetang pinadala ni Allah. Siya ang nagtatag ng Islam. Sinasabing mabait at mapagkakatitiwalaan , “Al Amin” (Mapagkakatiwalaan) Muslim ang tawag sa mga nilikha ni Allah na *Sumusunod, Sumusuko at Tumatalima sa Kaniyang mga kautusan.*

Ipabasa ng tahimik sa mga mag-aaral ang mga lathalain sa Islam. Maaring ipatala ang mga mahahalagang salita at parirala na napulot sa lathalain na siyang pagtutulungan na ipaliwanag ng mga mag-aaral at guro sa pamamagitan ng malayang talakayan.

Maaring mapalawak ang kaalaman ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsaliksik sa mga Batayang Aklat ng mga kaugnay na aralin sa Islam.

Maaring ibahagi sa klase ang mga nabasa at nasaliksik ng iba pang mag-aaral at hingan sila ng reaksiyon.

Mga Paniniwala at Aral ng Islam

Ang Koran ang banal na aklat ng mga Muslim na tunay na salita ni Allah galing kay Muhammad sa pamamagitan ni angel Gabriel.Isa lang ang Diyos na si Allah at si Muhammad ang kanyang propeta.Hindi sila maaaring kumain ng baboy at hamon at uminom ng alak.Ang lalaki ay maaaring magkaroon ng 4 na asawa na Muslim.“Islam aims to bring about prosperity to all mankind.”Nais nilang magkaroon ng Kapayapaan, pagkawalang gulo, kapayapaan, “pluralism”, at “consultative system of leadership”.Sina Abraham, Noah, Moses, Hesus at Muhammad ang mga propeta ni Allah.Hindi tinuturing anak ng Diyos si Hesus. Pinadala lang daw siya ni Allah bilang isang propeta.

LIMANG HALIGI NG ISLAM

Ang *Limang Haligi ng Islam* ay ang pundasyon ng relihiyon. Inaasahang ang bawat Muslim ay makakasunod dito.

Una: IMAN (Pananampalataya)

- Pagpapahayag ng *Shahadah,* “Walang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ang kanyang propeta.”
- maglingkod at sumunod kay Allah buong buhay batay sa nga turo at gawa ng propetang si Muhammad

Pangalawa: SALAH (Pagdarasal)

- nagdadasal nang limang beses “mula sa madaling araw at tuwing tawag ng *muezzin* o tagatawag”
- mas kanais-nais na magdasal sa *Moske/Mosque* kasama ng ibang Muslim

Pangatlo: ZAKAH (Pag-aabuloy)

- magbigay ng ilang bahagi ng kayamanan sa nangangailangan
- Zakah: “purification”, “growth”
- *Sadaqa-h* (voluntary charity) ay maaaring ibigay.

Pang-apat: SAWM (Pag-aayuno)
- pag-aayuno mula sa pagkain, inumin, at seksyuwal na relasyon kasama ng kanilang asawa
- 40 araw mula 6 ng umaga hanggang 6 ng gabi (*Ramadan*)

Panlima: HAJJ (Paglalakbay)
- magbiyahe sa Mecca *(The Black Stone of Kaaba)* kahit isang beses lamang sa kanyang buhay
- ika-12 na buwan ng taong Islam
- para lang sa mga may kayang pumunta *physically* at *financially*

Zoroastrianismo

Noong ika-6 na siglo B.C., ipinalaganap ni Zoroastro, isang mangangaral na taga-Persia (Iran na ngayon), ang isang relihiyon. Sang-ayon sa relihiyong ito, ang búhay ng tao sa daigdig ay ang pagtahak patungo sa kabutihan o kasamaan. Pinamumunuan ang kabutihan ni Ahura Mazda, ang Kataas-taasang Diyos; samantalang ang kasamaan ay nasa pangangasiwa ni Ahriman, ang Diyablong Espiritu.Sa wakas ng panahon, magtatagumpay si Ahura Mazda laban kay Ahriman. At ang magiging wakas ng daigdig ay sa pamamagitan ng pagkatupok sa apoy. Ang táong mabubuti at sumusunod sa mga aral ni Ahura Mazda ay titira na sa isang kahariang walang hanggan ang kaligayahan at kabutihan. Ang masasama naman ay parurusahan magpakailanman.Ang mga pangaral ng relihiyong ito ay nakatalâ sa mga aklat na pinagsama-sama sa ilalim ng pamagat na*Zend-Avesta*. Naging malaganap ang relihiyong ito sa Gitnang Silangan sa loob ng higit sa isang libong taon, mula ika-6 na siglo B.C. hanggang ika-7 siglo A.D. Ginawa pa nga itong opisyal na relihiyon ng Imperyo ng Persia noon. Subalit dinaig ito ng Islam nang mapadpad itong huli sa Persia noong mga huling bahagi ng ika-7 siglo A.D. Bagama't nadaig ng Islam, hindi naman ito

tuluyang naglaho. Magpahanggang ngayon, marami pa rin ang mga naniniwala sa relihiyong ito sa Iran at India.Napakahiwaga ng relihiyong ito. Pinaniniwalaang nakatatanda ito nang isa o higit pang libong taon sa iba pang mga relihiyon, kabilang na ang Judaismo, Kristiyanismo, Buddhismo, at Islam. Mula rito ang maraming pangunahing doktrinang pananampalataya, gaya ng Diyos at Diyablo, langit at impiyerno, purgatoryo, kaluluwa ng tao, araw ng paghuhukom, at wakas ng mundo

Shintoismo

Shintoismo ang tawag sa Paniniwala ng mga Hapones tungkol sa Diyosa ng araw at iba pang Diyosa ng kalikasan. Ang Shinto ay nangangahulugang Daan o kaparaanan ng Diyos. Tinatawag na Kami ang mga Diyos na may kapangyarihang likas at nananahan ang mga ito sa ilog, puno, bato, bundok, buwan at araw. Sinasamba rin nila ang namatay nilang mga kamaganak at ninuno.Nakasentro ang pagsamba nila sa mga templo at dambana na sa paniniwala nila ay nananahan ang Diyos. Bunubuo ang paniniwala nila ng mga dasal, pagpalakpak, pag-aalay at gawaing pananampalataya. Malaking bilang nila ay makikita sa bansang Hapon.

APAT NA PANININDIGAN NG SHINTO

Tradisyon at Pamilya: Ang pamilya ang kanilang pangunahingprayoridad.

Pagmamahal sa Kalikasan: Ang kalikasan ay may malakas na koneksyon sa mga Panginoon kaya ito'y binibigyang silbi.

Kanilang Kalinisan: Sila ay palaging naliligo at naghuhugas.

Matsuri: Pagpuri sa mga Panginoon at sa mga sinaunang espirito.

Paniniwala
Purification: Pagtanggal ng masamang espiritu sa katawan.
Kami: Banal na espiritu na lumalabas sa anyo ng mga bagay.
Kapag ikaw ay namamatay, ikaw ay magiging isang *kami*.
Aragami: Masamang "kami" na pinatay at ngayon ay naghahanap ng paghihiganti.
Mizuko: Mga batang hindi naipanganak. Mga sanhi ng problema.
Mizuko Kuyo: Pag-samba ng mga Mizuko upang iwasan ang problema.

GAWAIN 13. Mga Relihiyon sa Asya

Panuto : Basahin at unawain ang mga impormasyon, lathalain at sulat. Kinakailangan mo ring basahin ang Batayang Aklat (Arain 16 : Mga Relihiyon sa Timog at Kanlurang Asya pp 218-228 at Aralin 17 : Mga Relihiyon at Pilosopiya sa Silangan, Hilaga at Timog Silangang Asya pp 232-244) upang higit na mapayaman ang kaalaman sa pagtupad ng mga gawain sa bahaging ito. Punan ang kasunod na Retrieval Chart at sagutin ang kasunod na Pamprosesong MgaTanong.

Matapos mapabasa sa mga mag-aaral ang mga teksto at lathalain tungkol sa relihiyon kinakailangang mapunuaan nila ang kasunod na Retrieval Chart upang mataya ang lubos na pag-unawa sa mga mahahalagang turo, aral at paniniwala sa ibat-ibang relihiyon sa Asya.

Kinakailangan na makakamit ang sapat na impormasyon ng klase upang maintindihan ang mga pangyayaring naganap sa mga bansa sa Asya at paano nakaimpluwensiya ang relihiyon sa pagbuo ng sinaunang pamumuhay ng mga Asyano.

RELIHIYON	**Bansang Sinilangan**	**Tagapagtatag**	**Mga Batayang Turo,Aral at Paniniwala**



Sa gawaing ito ay ipapatala ng guro sa mga mag-aaral ang ibat ibang impluwensiya ng relihiyon sa Lipunan, Sining at Kultura, Politika at Pagpapahalaga at Moralidad.

Maaring magdagdag pa ng iba pang gawain ang guro kung kinakailangang mapalalim ang saklaw ng mga impluwensiya ng relihiyon sa mga Asyano.

Pamprosesong Mga Tanong :

1. Paano itinatag ang mga relihiyon sa Asya?
2. Ano ang nagtulak sa mga tagapagtatag ng relihiyon na talikuran ang masarap na buhay at magtatag ng isang relihiyon ?
3. Bakit nagkakaiba iba ang relihiyon at paniniwala ng mga tao sa Asya?
4. Aling relihiyon na tinalakay ang higit na pinaniniwalaan at niyayakap ng mga Asyano? Bakit?
5. Paano nakatulong ang mga relihiyon sa pagbuo at paghubog ng kabihasnang Asyano ?
6. Paano nakaimpluwensiya ang relihiyon sa buhay at pamumuhay ng mga Asyano, anong aral, paniniwala at gawain ng kanilang relihiyon ang higit na nakapagpaunlad sa kanilang sarili?
7. Paano mo pinili ang kasalukuyang relihiyon na iyong pinaniniwalaan?
8. Aling turo o aral ng iyong relihiyon ang higit na nakakaapekto sa iyong buhay ?Bakit ?

Ipasagot sa mga mag-aaral ang Pamprosesong Mga Tanong. May pagkakataon na mahirap para sa ilang mag-aaral na sagutin ang tanong kaya higit na mahalaga ang gabay ng guro upang baguhin ang anyo ng tanong dahil iba iba ang antas ng mga mag-aaral.

MGA PILOSOPIYA SA ASYA

Nagmula ang salitang **Pilosopiya** sa mga salitang griyego na "Philo" at "Sophia". Ang "Philo" ay nangangahulugang "Pagmamahal" at ang "Sophia" naman ay "Karunungan". Kung pagsasamahin, ito ay "Pagmamahal sa Karunungan". Kung kaya't ang Pilosopiya ay palagiang nagtatanong sa mga bagay-bagay upang magbigay-linaw, mag-alay ng kasagutan at magdagdag ng karunungan sa nagtatanong.

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga lathalain tungkol sa Mga Pilosopiya sa Asya. Iaatas din sa mga mag-aaral na basahin ang batayang Aklat at iba pang materyales na naglalaman ng mga kaalaman tungkol sa mga Pilosopiya sa Asya.

Maaring manood din ng mga videos na naglalaman ng buhay nila Confucius, Mencius at Lao Tzu, sila ang mga haligi ng pilosopiyang Tsino.

Confucianism

Isang pilosopiya o paraan ng paglakad ng buhay ng isang tao. Itinatag ni Confucius sa Shantung, China noong ika 6-5 century B.C.Siya ay mayroong 5-6 milyon na taga-sunod sa buong daigidig. Ang turo niya ay makikita sa kanyang mga isinulat na libro na ang *mga Four books at Five classics*.Ang paniniwala ni Confucius ay ang mabuting paraan ng pamumuhay ng isang tao ay magdadala ng kapayapaan .Hindi itinuturing ito relihiyon ng iba dahil hindi lahat ng elemento ng isang relihiyon ang Confucianism, nagpopokus ito sa paraan ng pamumuhay at *ethical teachings*.Naniniwala sila sa isang Panginoon sa langit at nag-aalay sila ng iba't ibang sakripisyo, pero inaalay ito ng mga hari, prinsipe at tao na may mataas na posisyon sa lipunan .Hindi sila naniniwala sa buhay pagkatapos mamatay, noong itanong si Confucius tungkol dito, ito ang kanyang sagot. "We haven't yet finished studying life to delve into the question of death."

> *Li: includes ritual, propriety, etiquette, etc. Hsiao: love within the family: love of parents for their children and of children for their parents Yi: righteousness Xin: honesty and trustworthiness Jen: benevolence, humaneness towards others; the highest Confucian virtue Chung: loyalty to the state, etc.*

Taoism

Tinatag ni Lao Tzu, Isinilang siya noong 500 B.C. sa Hunan sa Timog China.Siya ay nagtrabaho sa Imperial Library.Sa kanyang simpleng pamumuhay, siya ay natuto sumunod sa tawag niyang "Tao".Tao: "Ang Daan": Isang paraang pamumuhay. Bago iniwanan niya ang Chou Empire, isinulat niya ang *Tao Te Ching*

Mga Turo
Lahat ng mga bagay ay isa.Naniniwala sila na kapag gumawa ka ng masama ang katumbas ay dapat gumawa ka ng kabutihan.Ang buhay at kamatayan ay magkasama. Ito ay iisang realidad.Mga birtud: pagpipili sa sarili, pagpapasensya at pagpapakumbaba.Ang estado ay nararapat na primitibo, pasibo at mapayapa.
[Dahil sa pagdaloy ng panahon, nagkaroon ng daming pagbabago ang kanilang mga aral.]

Mga Paniniwala
Yin at Yang: Pagiging isa sa kalikasan.
Chi: enerhiya na nang-gagaling sa kalikasan o sa tao.
Tao: Isang puwersa sa likod ng mga natural na kaayusan.
Wu Wei: Hindi nakikita na kapangyarihan sa loob ng lahat ng mga bagay
Pu: Lahat ng bagay ay nakikita na ito ay walang "preconceptions".
De: Ang aktibong pamumuhay, o sa sarili, ng "paraan".

Kasulatan
TAO TE CHING
Sinulat ito ni Lao Tzu. Ito ay na sa anyong patula.Layunin nito na makamit ang ugnayang mistiko. Nilalaman nito ang mga pangunahing aral ng Taoismo. Lahat daw ng tao ay may pagkakapantay-pantay. Lahat daw ng bagay ay relatibo.

Legalismo
Nakabatay ang legalismo sa makabuluhan at malakas na pwersa na dala ng estado. Ang agrikultura at sandatahang lakas ang ilan sa mga element na maaring magpatibay sa estado. Ang pagsasaka o agrikultura at pagtatanggol sa bayan bilang sundalo ay makapag sasalba ng lipunan ayon sa legalismo. Ayon sa paniniwalang legalismo na dapat ay palawakin, patibayin at patatagin ang estado.Higit na mahalaga ang istriktong batas ng

pamahalaan at estado upang ang lahat ng miyembro ng lipunan ay kumilos at gumawa ng mabuti at wasto. Ang sinumang lalabag sa mga batas ay makakatikim ng mabigat na parusa na magmumula sa estado o pamahalaan.Upang makalimutan at mabura ang paniniwala sa confucianismo , Pinabinasura at sinilaban ni Emperor Shi Huang Ti ang mga babasahin na may kaugnayan sa Confucianismo.

GAWAIN BLG. 14 PULSO (Pangkalahatang Ugnayan Laan Sa Opinyon)

Panuto : Sa kasunod ay mababasa ang mahahalagang pilosopiya mula sa kilalang Asyanong Pilosopo. Ikaw ay hinahamon na magbigay ng pananaw at pag unawa sa mga pilosopiya nila Confucius, Mencius at Lao Tzu. Isulat ito sa nakalaang espasyo.

Ganyakin ang mga bata sa gawaing ito sa pagtanong ng : Ano ang inyong pilosopiya sa buhay?, bakit mahalaga ito para sa inyo?, paano ito naka impluwensiya sa inyong pamumuhay ?

Hayaan silang umupo ng dalawahan at magpalitan ng pilosopiya.

Ipabasa sa mga mag-aaral ang pilosopiya nila Confucius, Mencius at Lao Tzu. Ipasulat ang kanilang pagkaunawa sa pilosopiya.

Muling babalik ang mag-aaral sa kanilang kapareha upang magpalitan naman ng sagot sa pilosopiya nila Confucius, Mencius at Lao Tzu.



Sariling Pananaw at Pagkaunawa sa Pilosopiya

_____
_____
_____
_____
_____
_____



Sariling Pananaw at Pagkaunawa sa Pilosopiya

_____
_____
_____
_____



Sariling Pananaw at Pagkaunawa sa Pilosopiya

_____
_____
_____
_____
_____

Kahalagahan ng mga pilosopiya sa pagbuo at paghubog ng pagkakakilanlang Asyano_____
_____
_____
_____

Matapos maisagawa ang naunang gawain, Inaasahan na masasagot ng mag-aaral ang mahalagang tanong na ito. Isulat ang sagot sa nakalaang espasyo.

Pamprosesong MgaTanong :

1.Ano ang iyong napuna sa mga pilosopiya na iyong nabasa ?
2. Sa anong aspeto nagkakatulad at nagkakaiba ang mga pilosopiya?
3.Naniniwala kaba sa kanilang mga pilosopiya? Ano ang naging batayan mo ng iyong pagsang ayon sa kanilang mga pilosopiya?
4.Ano-anong mga aspeto ng buhay ang tinatalakay sa mga pilosopiya / napapanahon ba ito na pag-usapan?
5.Nakaimpluwensiya ba ang mga pilosopiyang iyon sa mga Asyano sa kanilang sinaunang pamumuhay?
6.Paano nakatulong ang mga pilosopiya sa pagbuo at paghubog ng kabihasnang Asyano ?

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Pamprosesong Mga Tanong. Maaring gawin ang paglalahad ng tanong sa talakayan ng guro

GAWAIN BLG. 15. 3-2-1- Chart

Pagkatapos matukoy at maunawaan ang mahahalagang pangyayari sa Sinaunang Kabihasnan sa Asya. Maari mo nang balikan ang mga natutunan at nahinuha sa nakalipas na mga aralin at sagutin ang susunod na gawain .

Tatlong bagay na aking natutuhan sa modyul na ito
1._____
_____
_____

Sa bahaging ito ay inaasahan na naunawaan na at natutukoy na ng mga mag-aaral ang mga mahahalagang pangyayari sa Sinaunang Pamumuhay ng mga Asyano. Kaya ipasusulat sa mga mag-aaral na balikan ang mga natutuhan at nahinuha sa mga aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa tatlong bagay na kanilang natutunan sa modyul,dalawang kamangha manghang bagay na kanilang nalaman sa pag-aaral ng modyul at isang tanong na tutugon sa kabuuan ng pag-aaral sa mahahalagang pangyayari na naganap sa kasaysayan ng mga bansang Asyano.

2._____
_____
_____

3._____
_____
_____
_____
__

Dalawang kamangha-manghang bagay na aking nalaman sa pag-aaral ng modyul na ito.

1._____
_____
_____

2._____
_____
_____
_____
_____

Isang tanong na kukumpleto sa pag-aaral ko at tutugon sa kabuuan ng pag-aaral sa mahahalagang pangyayari na naganap sa kasaysayan ng mga bansang Asyano ay

1._____
_____
_____
_____

Ang bawat pangyayari at kaganapang pangkasaysayan sa mga rehiyon sa Asya ay manipestasyon lamang na ang Asya ang sentro ng kasaysayan ng ika 16 na siglo. Ito ay napatunayan natin sa natapos na aralin. Sa naunang gawain ay naipamalas ng mag aaral ang pag unawa sa mahahalagang pangyayari sa bawat rehiyon ng mga Asyano. Tumugon ang nakatapos na gawain sa mahalagang tanong kung paano nahubog ang kasalukuyang sibilisasyon ng mga bansa sa Asya. Sa pagpapatuloy ng gawain, sikapin nating pitasin ang nangungunang impluwensya ng mga mahahalagang pangyayaring ito sa lipunan, relihiyon, pilosopiya at mga kababaihang Asyano sa pagtupad ng sumusunod na gawain

GAWAIN BLG 16.PAGSUSURING TEKSTO

Panuto : Sa kasunod ay iyong mababasa ang dalawang lathalain na may pamagat na " Kodigo ni Hammurabi sa Kababaihan at Sinaunang Lipunan at Kodigo ni Manu sa Kababaihan sa Sinaunang Lipunan".Upang higit na mapayabong iyong kaalaman at pag-aaral sa Sinaunang Lipunang Asyano ay sagutin ang sumusunod na gawain

Ipabasa at ipaunawa ang nilalaman ng mga lathalain tungkol sa mga sinaunang kababaihang Asyano sa mga mag-aaral . Ipasuri sa mga mag-aaral kung ano ang tingin sa kanila ng lipunan at paano sila pinahalagahan bilang bahagi ng lipunan. Ipabasa ng mga mag-aaral ang Kodigo ni Hammurabi at Kodigo ni Mannu, kung ano ang sinasabi nila Manu at Hammurabi sa mga sinaunang kababaihan sa Asya?

Kodigo ni Hammurabi sa Kababaihan sa Sinaunang Lipunan



Ipahalaw ang sa mag-aaral ang mahahalagang nilalaman ng lathalain at ibahagi ito sa klase.

Maaring magkaroon ng paraang pananaliksik na ipagagawa sa mga mag-aaral upang higit na mapalawak ang aralin sa mga kababaihan.

Lumikha si Haring Hammurabi ng mga batas upang itaguyod ang maayos na kaugalian at lipunan sa kanyang nasasakupan. Bahagi ng mga probisyon ng batas na ito ang mababang pagtingin sa kababaihan. Itinuturing ang mga babae na parang produkto na ibinebenta at binibili sa kalakalan. Ipinagkakasundo ang babae sa ibang lalaki kapalit ng pera at dote. Kahit bata pa lamang ang babae ay ipinagkakasundo na siya hanggang umabot sa sapat na gulang. Ayon pa rin sa batas ni Hammurabi, ang babaeng hindi tapat sa kaniyang asawa ay parurusahan ng kamatayan. Sa oras na mahuli siya na nakikipagtalik sa ibang lalaki pareho silang itatapon sa dagat hanggang malunod. Pinapayagan na ibenta ng lalaki ang kaniyang asawa at mga anak. Mahigpit ang pagbabawal sa paglahok ng babae sa kalakalan.

Kodigo ni Manu sa Kababaihan sa Sinaunang Lipunan



Ipaunawa ang nilalaman ng lathalain. Sikaping naipaliwanag ng guro ang mga termino na makatutulong sa pag-unawa ng lathalain.

Hikayatin na magbasa pa ang mga mag-aaral para sa karagdagang kaalaman ng aralin.

Ang Kodigo ni Manu ay nagtatakda rin ng mga batas tungkol sa kababaihan. Ang isang babae na nakipag relasyon at nakipag talik sa mataas na uri ng lalaki sa lipunan ay mapupunta sa impyerno. Ipinagkakaloob ang dote sa pamilya ng babae at hindi sa kaniya. Ang mga ritwal na may na may kaugnayan sa kababaihan ay hindi kinikilala. Ayon din sa kodigo, ang agwat ng edad ng lalaki sa kanyang magiging asawa ay tatlong beses ang tanda ng lalaki sa kaniyang asawang babae. Isa pa na inuutos ng kodigo ay hindi dapat tututol ang ama na ipagkasundo ang anak na babae na ipakasal dahil ito ay isang malaking paglabag na katumbas ay pagpapalaglag sa sanggol.

Panuto : Batay sa iyong pagbabasa at pag-unawa sa naunang lathalain iyong sagutin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng Kababaihan sa Kodigo ni Hammurabi at ni Mannu ?

Ipatatala sa mga mag-aaral ang kanilang lagum ng pag-unawa sa nilalaman ng Kodigo ni Hammura at Kodigo ni Mannu sa Mga Kababaihan.

Ipasuri sa mga mag-aaral kung saan nagkakatulad at nagkakaiba ang dalawang kodigo sa pagtrato sa sinaunang kababaihan.

KODIGO NI HAMMURABI

Mababang pagtingin sa kababaihan

KODIGO NI MANNU

Katayuan ng mga kababaihan

PAGKAKATULAD

Pagpigil sa karapatan ng kababaihan….

PAGKAKAIBA SA ASPEK TO NG

Karapatan sa pag-aasawa

_____

_____

_____

Karapatan sa pulitika

_____

_____

_____

Pamprosesong Mga Tanong :

1. Ano ang kalagayan ng kababaihan sa sinaunang lipunan ?
2. Ano ang bahaging ginampanan ng kababaihan sa sinaunang lipunan?
3. Bakit limitado ang karapatan ng kababaihan sa lipunan? Hanggang ngayon ba ay nangyayari pa ito sa mga bansang Asyano ?
4. Sa kabila ng mababang pagtingin ng lipunan paano sila naging makabuluhang bahagi sa pagbuo at pagpapayaman ng sibilisasyong asyano

Pasagutan sa mga mag-aaral ang pamprosesong Mga Tanong upang matalakay sa ibat ibang anggulo an bahaging ginampanan ng mga kaba

GAWAIN 17. Relihiyon ang Sandigan, Di Magigiba !

Panuto : Sa kasunod ay makikita ang isang larawan.Sa iyong natutunan sa mga nakalipas na aralin, Hinahamon kita na bigyan mo ito ng puna sa pamamagitan ng pagsulat ng mensahe ng larawan. Maging gabay ang temang ito " Ang Relihiyon ay Tagapagtatag ng Sibilisasyon "

Makikita sa kaliwang bahagi ang larawan at ang nakasulat na pangungusap na,Religion Built Civilization. Ipasulat sa mag-aaral ang mensahe ng larawan at mga salita sa susunod na espasyo at sagutin ang pamprosesong Mga Tanong.



Ang mensahe ng larawan ay…….

Sa bahaging ito ipasusulat ng guro ang mensahe ng larawan sa itaas na may tema na, Religion Built Civilization.

Maaring maging laman nito ang ilang pagpapatunay ng mga mag-aaral kung paano ang relihiyon ay tagapagtaguyod ng sibilisasyon.

amprosesong Mga Tanong

1. Magbigay ng opinyon sa Tema ng Larawan." " Ang Relihiyon ay Tagapagtatag ng Sibilisasyon sa Asya"
2. Ano ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa sinaunang pamumuhay ng mga tao?
3. Paano nakatulong ang mga aral at paniniwala sa pagbuo at paghubog ng sibilisasyong Asyano?
4. Paano nakaimpluwensiya ang relihiyon sa iyong buhay?

Pasagutan sa mga mag-aaral ang pamprosesong Mga Tanong. Maaring hindi kontekstwal ang sagot ng mag-aaral dahil ang relihiyon ay personal na usapin. Gabay ng guro ay mahalaga sa bahaging ito.

GAWAIN 18. Kontribusyon ng Mga Asyano

Panuto : Muling balikan ang mahahalagang teksto sa mga na unang gawain. Pitasin sa mga tekstong ito ang mga kontribusyon ng mga sinaunang lipunan at komunidad sa Asya. Itala sa kasunod na gawain ang mahahalagang kontribusyon sa Bubble Info Chart. Sagutin ang Pamprosesong Mga Tanong.

Maaring gawin din ito sa pamamagitan ng Data Retrieval Chart batay sa Rehiyon na kinabibilangan ay itatala ang kontribusyon.

Maari ding gawin ito bilang brainstorming na pamamaraan sa talakayan ng klase.

Maaring gawin ito sa pamamagitan ng isang laro na Pinoy Henyo.



Pamprosesong Mga Tanong :

1.Ano ang iyong mga naitala na kontribusyon ng mga Asyano sa kabihasnan?

2.Sa anong rehiyon at bansa ito nahahanay? Paano ito nakatulong sa pamumuhay nila?

3.Paano nalinang ng mga bansang Asyano ang ibat ibang ambag nila sa kabihasnan?

4.Alin sa mga ambag ng mga bansang Asyano ang naisasabuhay mo parin at nagagamit hanggang ngayon?

5.Paano nakatulong ang mga ambag na iyan sa pagbuo at paghubog ng pagkakakilanlang Asyano?

Ngayon, pagkatapos mong matupad ang naunang gawain tungkol sa tradisyon, pilosopiya at relihiyon, panaw at paniniwala mayroon ka ng kaalaman upang maunawaan ang ugnayan ng mga konseptong ito sa mahahalagang pangyayari mula sa sinaunang pamumuhay .Bago magpatuloy ay sagutin muna ang kasunod na gawain upang itaya ng iyong mga natutuhan.

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Pamprosesong Mga Tanong. Maaring magtala ng karagdagan na tanong ang guro kung nais niya at sa tingin niya na mapapalawig pa ang talakayan at kinakailangang pangunawa.

GAWAIN 19. K-W-H-L Tsart ng Pagunlad

Panuto: Sagutan ang kolum na ***W kung ano pa ang nais malaman sa paksa*** at ***H kung paano matutukoy ang mga dapat na malaman sa paksa***. Samantala, masasagutan mo lamang ang iba pang bahagi ng kolum pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito. Ang paksa ay: Sinaunang Pamumuhay

K	W	H	L
Kung ano na ang alam sa paksa?	Kung ano pa ang nais malaman sa paksa?	Paano matutukoy ang mga dapat na malaman sa paksa?	Ano ang mga natutunan?

Pasagutan sa mga mag-aaral ang kolum na W kung ano pa ang nais malaman sa natapos na aralin at sagutan din ang kolum na H kung paano matutukoy ang mga dapat na malaman sa paksa.

Asahan ng guro na may ilang mga pagkakaiba iba sa mga sagot, kaya inaasahan ang gabay nila.

Maaring gumamit ng pamamraang, Recall, Review at Revisit kung mayroon pang mag-aaral na nais malaman ang nakatapos na aralin.

PAGNILAYAN AT UNAWAIN

Sa bahaging ito ng modyul ay pagtitibayin ang pag-unawa sa Sinaunang Pamumuhay ng mga Asyano sa pamamagitan ng mga gawain upang makapagnilay at balikan ang mga natutuhan at baguhin kung ito ay kailangan sa malawak na pag-unawa.

Ipabasa ng tahimik sa mga mag-aaral ang transisyon ng aralin. Bago tumungo sa susunod na bahagi ng modyul ay malinaw na ang lahat ng mga gawain na natapos. Wala ng nakabitin na mga katanungan sa mga mag-aaral at ihanda na sila sa susunod na bahagi ng modyul.

GAWAIN BLG. 20. MAY DAHILAN BA TALAGA ?

Panuto : Ang iyong mababasa ay isang lathalain na may pamagat na “MAY RASON”. Isang pagsusuri sa iyong relihiyon at paniniwala. Pagkatapos basahin ay bigyang puna ang bawat pangungusap na may pulang tanda. Ito ay isusulat mo sa kasunod na kahon. Pagkatapos sasagutin mo naman ang Pamprosesong Mga Tanong.

Ipabasa at ipaunawa sa mga mag-aaral ang panuto. Ipasuri mabuti ang nilalaman ng lathalain na, “MAY RASON”

Maaring maglaan ng maikling panimulang paliwanag ang guro sa lathalain para magkaroon ng simpleng impormasyon ang mga mag-aaral.

May Rason

Ang lahat ng bagay sa mundong ibabaw ay may rason kung bakit nag-exist. Maging tayo man, ay may dahilan kung bakit tayo nabuhay at ipinanganak sa mundong ito. Ngunit karamihan sa mga tao na nabubuhay sa mundong ito ay tumatanda at pumapanaw nang hindi nila nalalaman kung bakit sila nabuhay. Ang sabi nga sa isang kasabihan na "ang Diyos ay hindi gumawa nang wala sa kanyang plano" na ang ibig sabihin nito lahat tayo ay may dahilan kung bakit tayo nandito tayo sa mundong ito. Ang mga tao sa ating paligid, nakakasalamuha, nakikilala, maging ang ating mga magulang at mga anak ay kasama sa kuwento ng ating buhay at maging ang mga taong nakikilala natin sa internet at mga website na ating binibisita. Ang lahat ng mga ito ay may dahilan. Sa una, hindi natin ito nakikita pero kung ating pag-aaralan ang mga bagay na ito na dumarating sa ating buhay ay konektado pala.

Lahat ng dumarating at nangyayari sa ating buhay, kaaya-aya man ito o hindi ay kasama sa kuwento ng ating buhay. May ilang tao akong nakausap at sila`y nagtatanong kung bakit ganito o ganon ang takbo ng kanilang buhay. Sinasabi nila na bakit may mga ipinanganak na mayaman at maganda ang estado ng kanilang pamumuhay samantalang sila`y hindi. Ang iba naman ay ipinanganak na sakitin o may kapansanan. Ganito raw ba talaga ang buhay, at kung talaga bang may Diyos, bakit hindi siya naging patas sa paglikha sa tao. Tayong mga mag-aaral ng mystical art o spirituality ay naniniwala na sa mundong mapaglaro ay may dalawang batas, ***1)*** *ang Batas ng Diyos* ***2)*** *ang Batas ng Tao. Alam natin na ang bawat*

Matapos ipabasa sa mag-aaral ang lathalain, bigyang punto ang mga pangungusap na may guhit na pula. Ito ay paghahanda para sa kasunod at kaugnay na gawain ng mag-aaral. Sa pagtupad sa gawaing ito ay kinakailangan ang gabay ng guro.

batas ay dapat sundin o tuparin sapagkat kapag ating sinuway ito`y may karampatang parusang nag-aantay. Ang batas ng tao kapag ating nilabag ay may karampatang parusa at kalimitan sa paglabag natin dito ay minsan tayo`y napapawalang-sala ngunit ang batas ng Diyos, alam man natin ito o hindi kapag ating nilabag ay may kaukulang parusa na kahit sino o ano man ang iyong estado sa buhay ay iyong pagbabayaran at ito ang batas ng karma.

Dahil sa batas na ito, tayo ay napaparusahan dahil sa ating mga ginawang maling aksyon sa nakaraan at kalimitan ang pagharap sa parusa na ating nagawa at hindi kaya ng isang buhay lamang at minsan, ito ay ating pinagbabayaran ng daan-daan o libo-libong taon at ito ang nagiging dahilan kung bakit hindi pare-pareho ang ating pamumuhay sa kasalukuyan. Ang batas ng karma ay hindi isang marahas na batas upang parusahan tayo bagkus ang batas na ito ay isang makatuwiran at patas na batas upang tayo ay matuto sa ating nagawang mali, maging ito man ay pagkakamali sa aksyong pisikal, o pag-gamit man ng ating kaisipan sa maling sitwasyon at pagkakataon. Dahil nga hindi natin kayang bayaran ng isang buhay lamang ang ating mga nagawang pagkakamali na dulot ng batas ng karma dito pumapasok ang isa pang espirituwal na batas at ito ang batas ng reinkarnasyon o ang muling pagkabuhay Maraming tao ang tutol sa batas na ito dahil kung totoo ang batas na ito ang lahat ng tao ay magiging immortal ngunit nakalimutan natin na tayo mismong mga tao ay may dalawang katauhan, ang lower at

higher self. Ang ating lower self ang syang namamatay at bumabalik sa alabok na kung saan tayo nagmula at ang ating higher self ay syang immortal na syang may kakayahang mabuhay muli. At ito rin ang sinasabi na "ang laman ay ipapanganak sa laman, at ang espiritu ay ipapanganak sa spiritu"

At tayong mga Pilipino ay masuwerte sapagkat nasa bansa natin ang pamamaraan kung saan puwede narin baguhin ang ating buhay. Tandaan natin na ang mga "nararanasan natin sa ating buhay ay bunga lamang ng mga maling aksyon natin sa nakaraan" samakatuwid kung sa ngayon na binabasa mo ito at simulan mo nang magbago sa pamamagitan ng aming tinuturo sa loob lamang ng pitong minuto ay sinisigurado namin na ang inyong hinaharap ay mababago tungo sa positibong aspeto ng buhay. Sapagkat nadarama ang mga positibong emosyon at ang resulta nito mga positibong pangyayari sa ating buhay na magaganap sa hinaharap.

Source:

Posted by 8 O`Clock Movement, Philippines at 4:32 AM

Mahahalagang Linya ng Lathalain Iyong Limiin

"ang Diyos ay hindi gumawa nang wala sa kaniyang plano"
*Para sa akin ang mensahe nito ay*_____
_____

1) *ang Batas ng Diyos* ***2)*** *ang Batas ng Tao. Alam natin na ang bawat batas ay dapat sundin o tuparin sapagkat kapag ating sinuway may karampatang parusang nag-hihintay.Para sa akin ang mensahe nito ay*_____
_____

*Ang batas ng karma ay hindi isang marahas na batas upang parusahan tayo bagkus ang batas na ito ay isang makatuwiran at patas na batas upang tayo ay matuto sa ating mga nagawang mali, Para sa akin ang mensahe nito ay*_____
_____
_____

Malayang ipatala sa mga mag-aaral ang personal na pag-unawa nila sa mga mahahalagang linya ng lathalain.

Maaring magkaroon ng pagbabahaginan ng kasagutan sa klase upang maunawaan ng bawat isa ang kanilang opinyon sa lathalain at mabigyang gabay ng guro kung kinakailangan.

Tandaan natin na ang mga "nararanasan natin sa ating buhay ay bunga lamang ng mga maling aksyon natin sa nakaraan"
Para sa akin ang mensahe nito
*ay*_____
_____

Pamprosesong Mga Tanong

1. Sa anong bahagi ng aralin may kaugnayan ang mga sinalungguhitang mga paniniwala ?
2. Anong relihiyon ang may kaugnayan sa lathalain at paano ito nagtutugma sa aral at paniniwala?
3. Sa iyong pagsusuri paano nakatulong ang lathalain sa pagpapalalim ng iyong pag-unawa sa relihiyon at paniniwala?
4. Bilang mag-aaral at kabataan paano ka naaapektuhan ng relihiyon sa iyong pamumuhay?
5. Kung ikaw ang magwawakas ng lathalain paano mo ito wawakasan kasama ang paniniwala na ang relihiyon, pilosopiya at paniniwala ay pundasyon ng isang maningning at maunlad na sibilisasyon?

Pasagutan sa mga mag-aaral ang pamprosesong Mga Tanong. Upang lubos na mapatibay at mapagnilay ng mga bata ang aralin kinakailangang masagot nila ang mga tanong na ito.

GAWAIN BLG. 21. ANG KASO NG SISTEMANG CASTE

Panuto : Magkakaroon ng maikling debate tungkol sa katayuan at kalagayan ng lipunan sa India . Ang pagkakahati-hati at di-pagkakapantay pantay ng mga karapatan at kapangyarihan ng bawat mamamayan dahil sa tradisyon at kulturang Caste. Ang Isyu " "Nakabuti ba sa India ang Sistemang Caste?"

Upang mapatibay ang gawaing ito dapat ay sapat na ang kaalman ng mga mag-aaral sa Sistemang Kaste ng lipunan sa India. Makatutulong na mabalikan ang Batayang Aklat upang masuri muli ang teksto para sa paghahanda sa isang debate.

Maaring pag-aralan ang pigura sa ibaba at ang kalakip na paliwanag nito para sa lubos na pag-unawa.



Ito ang Istruktura ng Sistemang Kaste sa India. Nasa pinaka itaas ang mga Brahmins o Brahmans na binubuo ng mga Pari. Ikalawang antas ng tao sa lipunan ang Kshatriyas na binubuo naman ng mga Mandirigma at Mga Pinuno. Ikatlong Anta sang mga Vaisyas na binubuo ng mangangalakal,at maliliit na opisyal. Sa ika apat na anta sang mga Sudras na binubuo ng mga Karaniwang manggagawa. At sa pinaka mababang anta sang mga Pagala gala at mga walang tirahan at karapatan. Habang bumababa ang iyong antas ay lumiliit din ang halaga mo sa lipunan.Limitado ang karapatan ng mga nasa ibabang antas ng lipunan.

Maaring tumawag ng dalawang mag-aaral para sa pagtatalo. Bago pa man ang pagtatalo ay naihanda sila sa gawaing ito isang araw bago ang debate para sa maayos at malaim na pagtatalo.

Maaring mapagtibay at mapagnilay ng mga mag-aaral ang sistemang ito hindi lamang sa lipunang India kundi sa ibang bansa sa Asya.

GAWAIN BLG. 23 REFLECTION PAPER

Panuto: Sa puntong ito ay susulat ka ng isang REFLECTION PAPER na nag lalaman ng iyong mga karanasan sa pagsagot ng mga gawain. Itatala mo dito ang mga kawili wili at kapana panabik na impormasyon na iyong natutuhan. Huwag ding kalilimutang itala ang maling paniniwala na nabigyang- liwanag sa mga gawain. Isulat din ang mga aralin na higit kang nakaugnay bilang mag-aaral, bilang Pilipino at bilang Asyano.

Sa puntong ito ay ipapagawa ng guro sa mga mag-aaral ang Reflection Paper na naglalaman ng kanilang mga karanasan sa pagsagot ng mga gawain. Itatala din ditto ng mga mag-aaral ang mga kaalamang natutuhan ukol sa aralin, mga kakayahan at ang mga ugaling naihubog nila habang nagsasagot ng mga gawain.

Huwag ding kalimutann ipatala sa mga mag-aaral ang mga maling kaalman na nabigyang linaw sa mga gawain. Isulat din ang mga aral na higit silang nakaugnay bilang mag-aaral, bilang Pilipino at bilang Asyano.

MY REFLECTION PAPER

BINABATI KITA!

Mahusay mong nagampanan ang mga gawain sa bahaging ito. Natapos mo na at naisagawa sa mas malalim na pagtalakay ang kahalagahan ng kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigay-daan sa paghubog ng sinaunang Pamumuhay ng mga Asyano at sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano. Sa pagkakataong ito ay ilalapat mo naman ang iyong natutuhan sa pagsasagawa ng inaasahang pagganap sa bahagi ng ilipat

Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang bahaging ito ng transisyon. Maaring magtanong ang guro kung may nais pang itanong ang mga mag-aaral bago dumako sa susunod na bahagi ng modyul.

ILIPAT

Sa pamamagitan ng gawaing ito maipakikita mo naman ang iyong natutuhan sa paksang tinalakay sa paglalapat ng mga gawaing nakapagsusuri sa kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigay daan sa paghubog ng sinaunang kabihasnan sa Asya at sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano.

Ito ang huling bahagi ng modyul na maglalapat sa mga paksang tinalakay at sinuri ng mga mag-aaral. Sa bahaging ito ay inaasahan sa mga mag-aaral na maisasagawa at maisasbuhay ang mga natutuhan sa modyul sa pamamagitan ng mga susunod na gawain.

GAWAIN BLG.24 PASYAL PASYAL

Kung ikaw ay lilihim sa kaibigan na taga ibang bansa na magbakasyon sa Pilipinas, paano mo siya hihikayatin gamit ang mabubuting pilosopiya at paniniwalang Asyano ?

Magpagawa sa mga mag-aaral ng isang liham na naghihikayat sa isang kaibigan gamit ang mabubuting pilosopiya at paniniwalang Asyano.

Maaring ilaman dito ang mahalagang kontribusyon ng mga Asyano, mga kultura at mabubuting pilosopiya na sisiguro na magiging mabuti at masaya ang pagbabakasyon ng isang tao na pupunta sa Asya lalo na sa Pilipinas.

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

GAWAIN BLG.25. K-W-H-L Tsart ng Pag-Unlad sa Aralin

Natapos mo na ang mga gawain at pagtataya sa modyul na ito. Sa bahaging ito ay sapat na para sagutin mo naman ang bahagi ng L upang itala ang mga kailangan at makabuluhang bagay na iyong natutuhan sa modyul na ito.

K	W	H	L
Ano na ang alam sa paksa?	Ano pa ang nais malaman sa paksa?	Mga dapat na malaman sa paksa?	**Ang mga natutuhan?**

Sa bahaging ito ay ipatatala sa mga mag-aaral ang mga mahahalagang kaalaman at makabuluhang bagay na kanilang natutuhan sa modyul.

Matataya ditto ang kabuuang pagkatuto ng mga mag-aaral sa modyul at kung paano nila na kumpleto ang mga gawain.

Mahalaga sa bahaging ito kung paano maisasabuhay ng mga mag-aaral ang pagkatuto at hindi ang dami ng na memoryang kaalamn.

Aktuwal na isasagawa ng mag-aaral sa bahaging ito ang Inaasahang Pagganap sa kritikal na pagsusuri na impluwensiya ng kaisipang asyano, relihiyon at pilosopiya sa pagkabuo at paghubog ng sibilisasyong Asyano. Ipakita/ipadama sa mga mag-aaral ang kahalagahan at kaugnayan ng Inaasahang Pagganap

Ipapaliwanag mabuti ng guro ang bahaging ito bilang paghahanda sa susunod na gawain ng mag-aaral.

ADVOCACY CAMPAIGN

Layunin ng malikhaing advocacy campaign na hindi lamang maipahayag ng mag-aaral ang kanyang malalim na pagkakaunawa sa pagsusuri sa impluwensiya kaisipang Asyano, relihiyon at paniniwala kundi ang mahikayat ang kapwa mag-aaral at kabataan na maisabuhay ang impluwensiyang Asyano na nagbibigay daan hindi lamang sa paggising kundi makapag-ambag sa pagyabong ng pagmamahal sa bansa at sa pagiging Asyano sa kasalukuyan.

Kailangan iangkop ng mag-aaral ang bubuuing advocacy campaign sa panlasa ng kapwa kabataan. Maaring kumbinasyon ng iba't-ibang media ang gamitin tulad ng komersyal sa telebisyon at radyo, print ads sa mga diyaryo at magasin, paggawa ng brochure, komiks, posters, advocacy shirts at iba pangparaphernalia, internet website o blogsite, at paglikha ng campaign jingle o tula. Kailangan maitanghal sa klase o sa paaralan ang nabuong advocacy campaign sa isang gawain na itinakda para dito

Inaasahan ang paggabay ng guro sa gawaing ito ng mag-aaral. Maaring magbigay ng oryentasyon ang guro kung paano ang paraan at sistema na gagawin sa Advocacy campaign upang maipakita ng naayon sa itinakdang rubrics ng guro at ng mag-aaral.

Maaring pumili lamang ng isang pokus ng Advocacy Campaign ang guro kung kanyang nanaisin. Maaring dagdagan o bawasan o baguhin ang Rubrics depende sa kakayhan ng klase at ng mag-aaral.

Rubric ng Presentasyon (*Presentation Rubric*)
Direksyon: Lagyan ng tsek (✓) ang kolum ng antas ng pagkatuto na sa iyong pansariling ebalwasyon ang natugunan at naabot ng inyong presentasiyon. Basahing mabuti ang bawat pamantayan.

Narito ang Rubrics para sa Advocacy campaign ng mga mag-aaral. Maaring mabago ito depende sa gagamitang mga mag-aaral.

1 – Walang alam 2 – Nalilito 3 – Mahusay 4 – Napakahusay

KRAYTIRYA	1	2	3	4
1. Kaalaman sa Paksa: Naipakita sa presentasiyon ang malawak at malalim na pagkakaunawa sa paksa.				
2. Organisasyon: Malinaw, lohikal at ganap na nailahad ang naging pag-unlad ng mga paksain(subtopics); madaling masundan at maunawaan ng mga nanonood ang nais maipahayag; mahusay na natukoy at natalakay ang lahat ng mga mahahalagang puntos at pangunahing isyu sa paksa.				
3. Kalidad ng Impormasyon o Ebidensya: Wasto ang mga historikal na mga ebidensiyang ginamit nakapagpakita ng sapat, pili at kailangang ebidensya ayon sa pangangailangan ng isang presentasyon.				

Ipabasa at ipaunawa na mabuti sa mga mag-aaral ang nilalaman ng Rubrics.

4. Kaalaman sa Kontekstong Pangkasaysayan: Nakapagpakita ng malalim at malawak na kaalaman sa kapanahunan ng pangyayari; naiugnay ang pagtalakay sa mga kaganapang panlipunan, pangekonomiya at pampulitika sa kapanahunan ng pangyayari; tumpak at umaayon sa kapanahunan ng pangyayari ang mga larawan, kasuotan, diagram, at iba pang props at multi-media na ginamit sa presentasyon.				
5. Estilo at Pamamaraan ng Presentasyon: Ang piniling anyo o pamamaraan ng presentasyon ay lohikal at angkop na angkop sa paksa; mayroong malinaw na umpisa, buong katawan (organizedbody) at pagsasara (clear closure) o kongklusyon ang presentasyon; tamang-tama ang haba at Sumunodsa itinakdang oras ang presentasyon.				

Rubric ng Pansariling Ebalwasyon ng Mag-aaral
(*Kabuuang Pagkatuto sa Modyul*)
Direksyon: Buong katapatan na sagutn ang rubric ng ebalwasyon upang masukat ang pagkatuto sa kabuuan ng Modyul. Bilugan ang bilang na sa iyong pagtataya ay naabot ang antas ng pansariling pagkatuto. Kung ang iyong kasagutan ay nasa ikalawang antas (nalilito) lamang, hingin ang paggabay ng iyong guro upang mabigyang linaw at ganap na maunawan ang anumang bahagi na may suliranin sa pag-unawa at sariling pagkatuto.
1–Walang alam2–Nalilito3–Mahusay4–Napakahusay
1. Napapatunayan ang malalim na pagkaunawa sa pagkabuo at paghubog ng Sinaunang Kabihasnan sa Asya at sa Pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano

2. Nabibigyang-puna ang iba't ibang mahahalagang pangyayari sa Sinaunang Kabihasnan mula ika 16 siglo hanggang sa ika 20 siglo

3. Nasusuri ang bahaging ginampanan ng mga pananaw, paniniwala at relihiyon sa paghubog ng kasaysayang Asyano

4. Nagagawang timbang-timbangin ang kalagayang legal at tradisyon ng kababaihan sa pagtataguyod at pagpapanatili ng Asyanong pagpapahalaga

5. Nailalagay ang sarili sa katauhan ng mga Asyano sa bahaging ginampanan sa pagbuo at paghubog ng pagkakilanlang Asyano

6. Nakapagninilay sa kahalagahang ng mga kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigay daan sa paghubog ng sinaunang kabihasnan sa Asya at sa pagbuo ng pagkakailanlang Asyano

Ito naman ang Rubrics ng pansariling ebalwasyon ng mga mag-aaral sa pagtupad nila ng mga gawain sa modyul at sa pagsagot sa mga Pamprosesong Tanong sa modyul.

Pasasagutan ito ng guro sa bawat mag-aaral upang mataya ang personal na pagkatuto at pag-unlad sa kaalaman, pagpapahalaga at kasanayan sa pag-aaral ng Sinaunang Pamumuhay ng mga Asyano.

Tinalakay sa modyul na ito kung paano nahubog ang Sinaunang Kabihasnan at kung paano ang mga ito ay nabuo sa mga lambak at ilog. Napahalagahan din ang mga bagay at kotribusyon ng mga tao sa Sinaunang Kabihasnan. Simula nang mabuo ang mga kabihasnan ay unti unti ng nahubog ang mga pamayanan at lumaganap ang mahahalagang pangyayari sa ibat ibang rehiyon ng Asya. Ang mahahalagang pangyayari mula sa Sinaunang Kabihasnan mula sa ika 16 na siglo hanggang siglo 20 ay nasuri din sa bahagi ng Modyul na ito.

Naipamalas din sa Modyul na ito ang pag-unawa sa mga Kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigay daan sa paghubog ng sinaunang Kabihasnan sa Asya at sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano. Sa kabuuan, ang Modyul na ito ay higit na nagpayaman maging sa pag-unawa ng tunay na pagkakakilanlan natin.

Sa gitna ng katatagan at kaunlaran ng kabihasnang Asyano ay dumating ang mga mananakop na mga Kanluranin na nagpakita ng paghahangad sa mga Asyano. Sa harap ng mga pagbabago, naging matatag kaya ang mga Asyano ? Sa kasunod na Modyul ay iyong tutuklasin kung paano tumugon ang mga Asyano sa hamon ng pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa transisyunal at Makabagong Panahon mula ika- 16 hanggang 20 siglo.

Pahuling Pagtataya

1. Ano ang tinutukoy na pamumuhay na nakagawian at pinaunlad ng maraming pangkat ng tao?
   a. Kabihasnan at sibilisasyon
   b. Kultura
   c. Pilosopiya
   d. Tradisyon

2. Paano nabubuo ang isang kabihasnan?
   a. Sa pagkakaroon ng sentralisadong pamahalaan,relihiyon,uring panlipunan,sining ,arkitektura at sistema ng pagsulat
   b. Kapag may pamahalaan,relihiyon,sining,arkitektura at sistema ng pagsulat
   c. Kapag naging maayos ang pamumuhay at nabago ng kapaligiran
   d. Kapag nagkaroon ng paglaki ng populasyon at napangkat ang tao ayon sa kakayahan
3. Bakit itinuring ang kabihasnang Sumer bilang pinakamatanda at pinakaunag kabihasnan sa daigdig ?
   a. Dahil kinilala ang Sumer na unang sibilisadong lipunan ng tao na nangibabaw bunga ng marami nitong kontribusyon sa daigdig.
   b. Dahil nakapagtatag ito ng mga pamayanan at imperyo
   c. Dahil sa nagkaroon ito ng matatag na sistemeng political
   d. Dahil sila ang nangibabaw na pamayanang nabuo sa lupain ng *Fertile Crescent*
4. Anong kabihasnan ang nakatuklas ng sistema ng pagsulat na tinawag na *cuneiform*?
   a. Sumer
   b. Indus
   c. Shang
   d. Lungshan
5. Ano ang tawag sa templong dambana na itinatag ng mga Sumerian na kinilala nila bilang dambana ng kanilang diyos o diyosa?
   a. Great Wall of China
   b. Taj Mahal
   c. Ziggurat
   d. Hanging Garden
6. Bakit kinilala ng mga arkeolohiya ang kabihasnang Indus na isang organisado at planadong lipunan?
   a. Dahil maayos at mabilis na natagpuan ang mga labi ng kabihasnan
   b. Dahil sa natuklasang dalawang lungsod na pare-pareho ang sukat na bloke ng kabahayan na may sentralisadong sistema ng kanal sa ilalim ng lupa.
   c. Dahil hindi nagkaroon ng anumang bakas ng pag-aaway sa lugar na ito.
   d. Dahil naging maayos ang mga labi ng mga taong nahukay sa lugar na ito
7. Bakit naiiba ang tungkulin ng hari sa kabihasnang Shang sa tungkulin ng hari sa kabihasnang Indus at Sumer?
   a. Dahil ang hari ng Shang ang gumagawa ng sakripisyo para sa kasaganaan ng lahat ng nasasakupan.
   b. Dahil ang gawain lamang ng hari ng kabihasnang Indus at Sumer ay nakasentro sa tungkuling panrelihiyon
   c. Dahil ang hari sa Sumer at Indus ay nakatira sa mga templo samantalang ang sa kabihasnang Shang ay malayo sa mga tao.
   d. Dahil ang hari ng kabihasnang Shang ay may tungkuling politikal hindi lang panrelihiyon.

8. Anong mga pamamaraan o paghahanda ang ginawa ng mga kabihasnang umusbong sa Asya upang hindi sila magapi ng hamon ng kalikasan sa kanilang lugar tulad ng mga baha at kalamidad?
   a. Nagtayo sila ng mga dike na haharang sa mga tubig na maaaring sumira sa kanilang lupain kapag panahon ng pag –ulan.
   b. Nagtanim sila ng malalaking puno sa tabi ng ilog.
   c. Nagtatago sila at bumabalik sa mga kweba kapag panahon na may ulan.
   d. Nagtayo sila ng mga dike at nagtanim ng mga malalaking puno at inayos ang mga daluyan ng tubig upang hindi pumasok sa kanilang pamayanan.
9. Paano ginampanan ng mga kababaihang pinuno ang kanilang tungkulin bilang lider ng bansa sa Asya?
   a.Itinaguyod at pinanatili nila ang Asyanong pagpapahalaga sa panahon ng kanilang pamumuno.
   b. pinalawak nila ang kapangyarihan ng mga kababaihang pinuno sa kanilang bansa.
   c. Pinataas nila ang kita ng bansang kanilang pinamunuan
   d. Binigyan ng pagkakataon ang mga kababaihang may kakayahang manungkulan sa kanilang bansa.
10. Paano isinasagawa ang footbinding sa mga batang babae sa Tsina bilang bahagi ng kanilang kultura?
   a. Ang mga batang babae sa murang edad ay tinatanggalan na ng kuko at binabali ang buto ng daliri at lalagyan ng bondage at ibabalot sa bakal o metal ang paa upang hindi ito humaba pa.
   b. Binabali ang buto ng daliri at nilalagyan ng balot na bakal sa paa.
   c. Sa murang edad ay binalot na ng bakal ang paa at hindi pinalalabas ng bahay.
   d. Ang mga batang babae ay nilalagyan ng bakal sa paa.

11. Paano isinasagawa ng mga kababaihan ang satti bilang kultura ng India noong sinaunang panahon?
   a. Isinasama ang sarili sa labi ng namatay na asawa bilang tanda ng pagmamahal
   b. Tumatalon ang babae sa apoy habang sinusunog ang labi ng asawang lalaki
   c. Naliligo ng gas at sinisindihan ang katawan upang masunog
   d. Nagpapakamatay para kasama o kasabay sa paglilibing sa labi ng asawang namatay.
12. Isa sa apat na Noble ng katotohanan ng Budhismo ay nagsasaad na “Buhay ay nangangahulugan na puno ng paghihirap”. Ano ang kahulugan ng ganitong pahayag?
   a. Hindi natatakasan ang kahirapan at kalungkutan sa buhay
   b. Kahit pa magsumikap ang tao ay makararanas pa rin siya ng paghihirap
   c. Pang habangbuhay ang paghihirap ng tao
   d. Bahagi na ng buhay ng tao ang paghihirap at pagpapakasakit

13. Ang Tsina ay nagkaroon ng tinatawag na Apat na Dakilang Dinastiya? Bakit tinawag itong dakilang dinastiya?
   a. Lumawak ang impluwensiya ng Tsina sa panahong ito.
   b. Nagkaroon ng pagsakop ang mga dayuhan at nagapi nila
   c. Nagkaroon ng pag-unlad ang Tsina sa panahong ito sa ibat-ibang larangan
   d. Nagkaroon ng pag-unlad sa kanilang sining at teknolohiya
14. Ang kultura ay mahalaga sa isang bansa. Kung walang tradisyunal na kultura, walang makabagong kultura at kung hindi aangkop sa makabagong lipunan ang tradisyon at kultura mahihirapan itong panatilihin ng tao. Ano ang mensaheng ipinapaabot ng pahayag?
   a. Ibagay ang kultura at tradisyon sa mga kaganapang panlipunan
   b. Isabuhay at ibahagi ang mga magagandang kultura at tradisyon ng bansa
   c. Ang lumang kultura at tradisyon ay pahalagahan at pagyamanin at ariin itong mahalagang haligi ng bansa.
   d. Dapat pahalagahan ang mga kultura ng bansa.
15. Matatapos ang inyong talakayan sa aralin tungkol sa relihiyon,Naatasan ka ng iyong guro na mamuno sa paglikha ng presentasyon sa ibat-ibang relihiyon sa Asya. Ano ang gagawin mong pamantayan sa pagbuo ng nilalaman ng presentasyon?
   a. Kasaysayan ng relihiyon,sino nagtatag,saan natatag
   b. Kasaysayan ng relihiyon at mahahalagang aral nito
   c. Kasaysayan ng relihiyon,sino ang nagtatag at ang impluwensiya nito sa bansa
   d. Kasaysayan ng relihiyon,mga mahahalagang aral,impluwensiya sa bansa at kalagayan nito sa kasalukuyang panahon
16. Kakatawanin mo ang inyong paaralan para sa isang paligsahan ng debate tungkol sa pilosopiya at misyon ng bawat paaralan sa inyong dibisyon. Anong paghahanda ang gagawin mo bago ang paligsahan?
   a. Magbasa at magsaliksik tungkol sa magiging punto ng debate
   b. Magsaliksik at maghandang humarap sa karamihan
   c. Gumawa ng outline ng isyu at magsaliksik at paghandaan ang mga posibleng magiging punto ng debate
   d. Magbasa, manood ng balita at maghanda
17. Ikaw ay pangulo ng *History Club* sa inyong paaralan, naatasan ka na gumawa ng mga proyekto sa kahalagahan ng mga kontribusyon Asyano. Ano ang gagawin mo para makilala at Makita ng lahat ang mga nasabing kontribusyon?
   a. Magtakda ng paligsahan sa pagsulat ng sanaysay
   b. Collage making contest
   c. Open house exhibit
   d. *Quiz contest*

18. Naatasan ka ng inyong guro na kumatawan sa pagpupulong sa inyong paaralan na ang punto ng pag uusapan ay tungkol sa karapatan ng mga minority group. Naipangako mo sa inyong klase na poprotektahan mo ang ilang kaklase na nabibilang sa ganitong pangkat. Alin sa mga sumusunod ang maaari mong ihanda bago ka humarap sa pagpupulong?
    a. *Case study*
    b. Resolusyon
    c. Report ng mga insidenteng may kinalaman sa minority group sa paaralan
    d. Petisyon
19. Si Trisha ay napili ng dibisyon para kumatawan sa gagawing *Youth Meeting* sa Singapore na dadaluhan ng piling mag-aaral ng ibat –ibang bansa sa Asya. Maglalahad siya ng mga kalutasan sa problemang kinakaharap ng mga kabataan sa Pilipinas. Alin sa mga sumusunod ang dapat niyang ihanda at isalang-alang?
    a. Datos na naglalaman ng mga suliranin ng kabataang Pilipino
    b. Mga sanaysay na naglalaman ng maraming kalutasan sa problema ng kabataang Pilipino
    c. *Progress Report Chart* ng bansa
    d. Datos na naglalaman ng suliranin at datos na naglalaman kung paano ito nalutas ng bansa.
20. Sa paanong paraan mo ipepresenta ang kultura,tradisyon at kagandahan ng Pilipinas sa isang pagpupulong kung ikaw ay naatasan na kinatawan sa kabila ng ibat-ibang balita na nagbibigay ng masamang impresyon sa ating bansa?
    a. *Powerpoint presentation* ng mga magaganda at itinatanging kultura ng bansa
    b. Paghahanda at pagbasa ng ng progress report tungkol dito
    c. *Video presentation* ng mga ipinagmamalaking kultura,tradisyon at mga taong nagpapahalaga dito
    d. Pagbibigay ng *pamphle*t ng mga larawan ng katangi-tanging tanawin at kultura ng bansa.

Pagwawasto

Paunang Pagtataya	Pahuling Pagtataya
1. A	1. A
2. A	2. A
3. A	3. A
4. A	4. A
5. C	5. C
6. B	6. B
7. D	7. D
8. D	8. D
9. A	9. A
10. A	10. A
11. B	11. B

12. D	12. D
13. C	13. C
14. C	14. C
15. D	15. D
16. C	16. C
17. C	17. C
18. C	18. C
19. D	19. D
20. C	20. C

GLOSSARY OF TERMS

Confucianism- Isang pilosopiya na nnakatuon sa pagpapabuti ng ugali sa pamamagitan ng pagtataguyod sa mga birtyu ng kagandahang loob, tamang pag-uugali at pagkamagalang.

Cuneiform – Unang nabuong sistema ng panulat. Isa itong uri ng pictograp na naglalarawan ng mga bagay na ginagamitan ng may 600 pananda sa pagbubuo ng mga salita o ideya.

Dinastiya – Pamumuno ng isang angkan sa isang imperyo o kaharian sa loob ng mahabang panahon.

Footbinding – Sadyang pagbabali ng arko ng paa upang hindi ito lumaki nang normal,tinatawag ang ganitong klase ng mga paa na lotus feet o lily feet.

Karma - Ang ating mga gawain ay kasama natin maglalakbay kahit saan at kahit gaano kalayo man ang ating marating sa buhay. Kung ano man ang ating mga nagawa noon ay siyang naghubog kung ano tayo ngayon.

Kowtow – Pagyuko ng mga Tsino sa kanilang Emperador nang tatlong beses kung saan ang noo ay humahalik sa semento.

Pananaw – Saloobin o opinyon ng isang tao batay sa kanyang paniniwala.

Pilosopiya - Ang mapagkilatis na pag-aaral sa mga pinakamalalim na katanungan na maaaring itanong ng sangkatauhan. Nagmula ang salitang Pilosopiya sa mga salitang griyego na "Philo" at "Sophia". Ang "Philo" ay

nangangahulugang "Pagmamahal" at ang "Sophia" naman ay "Karunungan". Kung pagsasamahin, ito ay "Pagmamahal sa Karunungan"

Reinkarnasyon – Paniniwala na ang kaluluwa ay muling mabubuhay sa mas mataas o mababang kalagayan sa lipunan batay sa kabuuang pagkilos ng tao.

Son of Heaven o Anak ng Langit - Ang emperador ay pinili ng langit upang mamuno na may itinakdang kasaganaan at kapayapaan.

Zoroastrianismo- Tawag sa relihiyon ng mga persyano, itinatag at ipinalaganap ni Zoroaster ang kaniyang mga turo, na naniniwalang may dalawang pwersang naglalaban upang makuha ang kaluluwa ng tao.ayon sa kaniya huhusgahan ang tao batay sa kaniyang ginawa at kung kaninong pangkat siya sumanib.

Mga Sanggunian :
Mateo, Grace Estela C. et al, Asya Pag-Usbong ng Kabihasnan,Batayang Aklat sa Araling Panlipunan Ikalawang Taon,Vibal Publishing House,
Quezon City,

Gonzales, Andrew ,Valez, C.R., Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya

B.Mangubat at R.Villa, Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya

Gabay sa Pagtuturo ng Kurikulum ng Edukasyong Sekundarya ng 2010 (Araling Panlipunan II)

Mateo, Grace Estela C. et al, Asya Pag-Usbong ng Kabihasnan (Manwal ng Guro sa Araling panlipunan,Ika lawang Taon) , Kagawaran ng Edukasyon

Mga Artikulo, Lathalain at Bahagi ng Thesis :

Teaching with the Web:
A Collection of Online Treasure Hunts and Webquests Ang Kultura ng Timog Silangang Asya: Isang Pagsusuri ng Ilang Teksto
Isang Online Treasure Hunt Para sa Ikalawang Taon ng High School (Filipino)

Sinulat nina O. Ferrer at P. Arinto
May Rason Posted by 8 O`Clock Movement, Philippines

Website :

http://thepoc.net/thepoc-features/buhay-pinoy/buhay-pinoy-features/14341-ang-karma-sa-buhay-ng-pinoy.html
tl.wikipedia.org

war.wikipedia.org

http://www.danscartoons.com/reg60_demo.gif

http://www.childtrafficking.com/Docs/hrw_08_human_tagalog_0708.pdf

LEARNING MODULE

ARALING PANLIPUNAN VIII
Ikatlong Markahan
Ang Timog at Kanlurang Asya sa
Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 siglo)

MODYUL BLG. 3 ANG TIMOG AT KANLURANG ASYA SA TRANSISYONAL AT MAKABAGONG PANAHON (16-20 SIGLO)

Introduksyon

Ang modyul para sa yunit III ay tatalakay sa ginawang pananakop at pagtatatag ng imperyalismo at kolonyalismo ng mga Kanluranin sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya, gayundin sa naging tugon ng mga bansa sa nabanggit na mga rehiyon sa ginawang pananakop ng mga Kanluranin at kung paano ang mga ito ay nagdulot ng transpormasyon at mga pagbabago.

Upang higit na matalakay at maunawaan ng mga mag-aaral ang mga mahahalagang konsepto at kaisipan, iba't-ibang mga gawain ang iminungkahi ng mga sumulat. Ang mga ito, ang magsisilbing gabay para sa guro at mga mag-aaral. Maliban sa mga gawaing matatagpuan sa modyul, ang guro na gagamit nito ay hinihikayat na maging malikhain sa pamamagitan ng pagbibigay laya na higit pa niyang paunlarin ang modyul. Maaaring magdagdag ng iba pang mga gawain kung sa inaakala niya ay higit pa itong makakatulong sa mabilis at madaling pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa mga paaralang may internet, iminumungkahi ding kumuha ng mga materyal na may kaugnayan sa paksang tatalakayin upang higit na maging kawili-wili ang pagtalakay sa paksa.

Bahagi din ng teaching guide ay ang pagkakaroon ng unit assessment map. Maaari itong gawing batayan ng guro sa pagtataya sa mga kakayahang nalinang ng mga mag-aaral. Maari pa rin itong dagdagan at higit na paunlarin.

Ang pagtalakay sa mga paksang nakapaloob sa yunit na ito ay inaasahang matatapos sa loob ng labinlima hanggang dalawampung oras na nakalaan sa bawat quarter sa loob ng isang taong panuruan.

PAMBUNGAD AT MGA POKUS NA TANONG:

Minsan ba naisip mo o naitanong sa iyong sarili, kung paano ang buhay noon ng iyong mga angkan o ninuno? Madali kaya ang buhay noon o napakahirap? Anu-ano kaya ang mga karanasan at pagsubok ang pinagdaanan nila para lang maabot ang ngayo'y mauunlad na bansa sa Asya?

Sa modyul na ito, inaasahang masasagot mo ang sumusunod na mga tanong *:*

1. Sa paanong paraan nakaapekto ang mga pagbabago sa Timog at Kanlurang Asya?

2. Paano hinubog ng nakalipas at kasalukuyang mga pangyayari sa Timog at Kanlurang Asya ang pag-unlad ng mga bansa ?

MGA ARALIN AT SAKOP NG MODYUL:

Aralin 1 – Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Aralin 2 – Pag-usbong ng Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Aralin 3 – Ang Daan tungo sa Paglaya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya

Aralin 4 – Ang mga Pagbabago at Hamong kinaharap ng Timog at Kanlurang Asya

Sa araling ito, inaasahang matututunan mo ang mga sumusunod:

Aralin 1	• Mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya • Papel ng kolonyalismo at imperyalismo sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya • Transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Timog at Kanlurang Asya sa pagpasok ng mga isipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng (a) pamamahala, (b) kabuhayan, (c) teknolohiya, (d) lipunan, (e) paniniwala, (f) pagpapahalaga, at (g) sining at kultura.
	• Ang mga nagbago at nanatili sa ilalim ng kolonyalismo • Epekto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya • Ang mga Karanasan sa Timog at Kanlurang Asya sa ilalim ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin
Aralin 2	• Papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya • Ang mga salik at pangyayaring nagbigay daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo • Iba't ibang manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya • Bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo • Epekto ng nasyonalismo sa sigalot etniko sa Asya katulad ng partisyon/ paghahati ng India at Pakistan • Mga pamamaraang ginamit sa Timog at Kanlurang Asya sa pagtatamo ng kalayan mula sa kolonyalismong sa kilusang nasyonalista • Epekto ng mga digmaang pandaidig sa pag-aangat ng mga malawakang kilusang nasyonalista (hal: epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig sa pagtatag ng sistemang mandato sa Kanlurang Asya)
Aralin 3	• Iba't ibang ideyolohiya(ideolohiya ng malayang demokrasya, sosyalismo at komunismo) sa mga malawakang kilusang nasyonalista • Epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunn sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampulitik • Bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo

	• Mga pagbabago sa mga bansang bumubuo sa Timog at Kanlurang Asya • Balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya • Mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan sa pangkalahatan, at ng kababaihan, grupong katutubo, mga kasapi ng caste sa India at iba pang sektor ng lipunan • Ang kalagayan at papel ng kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Timog at Kanlurang Asya at ang kanilang ambag sa bansa at rehiyon • Ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya
Aralin 4	• Bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay • Mga kasalukuyang pagbabago pang-ekonomiya na naganap/ nagaganap sa kalagayan ng mga bansa • Pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad ng Timog Asya gamit ang estadistika at kaugnay na datos. • Mga anyo at tugon sa neokolonyalismo sa Timog Asya • Epekto ng kalakalan sa pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Timog Asya • Kontribusyon ng Timog Asya sa larangan ng sining at humanidades at palakasan • Pagkakakilanlan ng kulturang Asyano batay sa mga kontribusyong ito

MODULE MAP:

Here is a simple map of the above lesson



EXPECTED SKILLS:

Upang higit na maunawaan ang mga paksang tatalakayin sa modyul na ito, kinakailangang maisagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makasunod nang wasto sa mga panuntunan
2. Maunawaan ang mga babasahin sa bawat aralin/aktibiti
3. Malikhaing pagsasagawa ng mga gawain
4. Makapagpakita ng kahusayan sa mga kasanayang pangheograpiya
5. Mahusay na pagpapaliwanag ng mga isyu ukol sa mga kaisipan
6. Magkaroon ng mapanuring pag-unawa/pag-iisip
7. Makabuo ng sariling pananaw ukol sa mga paksang tatalakayin
8. Maging mapagsiyasat
9. Maging mahusay sa pagninilay
10. Mailagay ang sarili sa sitwasyon ng iba para sa kagalingang panlahat

LESSON NO. 1: TITLE

PRE-ASSESSMENT: (Write another set of 20 multiple-choice items. Mark the correct answer with an asterisk and below the last choice, write an explanation of the correct answer and why the others are not right. Code the item as A, M or T.)

Upang masubok ang iyong nalalaman sa Modyul na ito, subuking sagutin ang mahabang pagsusulit sa ibaba sa pamamagitan ng pagpili sa titik ng tamang sagot sa bawat bilang. Bigyang pansin ang mga aytem na hindi mo nasagot at subukin muling sagutan ang mga aytem habang ginagamit ang Modyul na ito.

1. Ano ang pamamaraang ginamit ng mga Hindu sa pamumuno ni Mohandas Gandhi upang ipakita ang kanilang pagtutol sa mga Ingles?
   *A. Passive resistance
   B. Armadong pakikipaglaban
   C. Pagbabago ng Pamahalaan
   D. Pagtatayo ng mga partido pulitikal

2. Naghangad rin ng kanyang kalayaan ang India. Anong pamamaraan ang isinagawa nito upang matamo ang kanyang hangarin?
   A. Nakipag-alyansa sa mga Kanluranin
   B. Itinatag ang Indian National Congress
   C. Binoykot ang mga produktong English
   *D. Tinulungan ang mga Ingles sa panahon ng digmaan

3. Sa ilalim ng Ingles, nagkaroon ng mga pagbabago sa India na hindi katanggap-tanggap sa mga Indian. Alin ang isang pagbabagong hindi matanggap ng mga Indian?
   *A. Pagpapalaganap ng isang sistema ng edukasyon na ayon sa pamantayang Ingles
   B. Paglilipat ng mga sentro ng gawaing pangkabuhayan sa mga baybaying-dagat
   C. Pagkakaroon ng racial discrimination sa pagbibigay ng posisyon sa pamahalaan
   D. Pagpapahusay ng mga transportasyon at komunikasyon

4. Nang makamit ng India ang kalayaan mula sa Britanya noong 1947, nahati ito sa dalawang estado, ang kalakhang India at Pakistan. Ano ang epekto nito sa katayuan ng bansa at mamamayan?
   A. Nahimok na mag-alsa ang mga Muslim sa mga Hindu.
   *B. Nahati ang simpatiya ng mga mamamayan sa dalawang estado.
   C. Nagsilikas ang karamihan ng mga mamamayan sa ibang bansa.
   D. Nagkaroon ng kaguluhan sa pamumuno.

5. Ang patuloy na paglalaban ng India at Pakistan ay dahil sa kapwa nila nais angkinin ang teritoryong Kashmir. Ano ang epekto ng nasyonalismo sa sigalot na ito?
   *A. Naniniwala ang dalawang magkalabang bansa na pag-aari nila ang Kashmir.
   B. Nais ng dalawang bansa na patunayang makapangyarihan sila.
   C. Umasa ang mga mamamayan na malulutas din ang sigalot na ito.
   D. Tumanggi ang dalawang bansa sa pakikialam ng United National Organization (UNO) sa paglulutas ng kanilang suliranin

6. Noong sinakop ng mga Ingles ang India, nagsimulang pinakialaman ang pulitika ng bansa sa pamumuno ng British East India Company. Naging mababa ang pagtingin ng mga Ingles sa kultura ng India. Maging ang pamamahagi ng mga lupain ay binago rin ng mga Ingles. Sa ganitong pangyayari, napilitan ang mga manggagawang Hindu na mag-aral ng Ingles upang mapaunlad ang sariling kakayahan sa paghahanapbuhay. Anong implikasyon ang mabubuo sa ganitong kaganapan?
   A. Ang pananakop ng mga dayuhan ay nagsilbing aral ng India.
   *B. Ang pananakop ng mga Ingles sa India ay nakatulong sa pag-unlad ng kulturang Hindu.
   C. Ang pananakop ng mga Europeo ay lalong nagpahirap sa kabuhayanng mga Hindu.

7. Ano ang naging epekto ng kolonyalisasyon sa mga rehiyon ng Asya?
   *A. Naging masidhi ang pagkakaroon ng damdaming nasyonalismo ng mga Asyano upang ibangon ang kaunlaran ng bansa.
   B. Naging mapagbigay ang mga Asyano sa naisin ng mga dayuhang bansa.
   C. Natutunan ng mga Asyano ang manakop ng ibang lupain.
   D. Natutong magtiis ang mga Asyano alang-alang sa kapayapaan.

8. Sa pakikipagsapalaran nakamtan ng India ang kasarinlan. Anong uri ng nasyonalismo ang isinagawa ni Gandhi laban sa pananakop ng Britanya?

A. Aggressive
B. Defensive
*C. Passisve
D. Radikal

9. Aling pangyayari ang pumukaw sa damdaming nasyonalismo ng bansang India?

A. Pagbagsak ng kolonyalismo ng mga Turko
B. Pagpapatupad ng economic embargo ng mga Ingles
C. Pagkakapatay kay Mohandas Gandhi
* D. Pagkakaroon ng diskriminasyon sa mga India

11. Alin sa mga sumusunod ang naging masamang epekto ng kolonyalismo sa rehiyong Asya?

A. pag-unlad ng kalakalan
B. pagkamulat sa Kanluraning panimula
C. pagkakaroon ng mga kaalyadong bansa
*D. paggalugad at pakikinabang ng mga Kanluranin sa mga yamang likas

12. May mga kilusang kababaihan sa India,Pilipinas, at Japan upang

A.magsilbing hamon sa kababaihan
*B.isulong ang karapatan at mapabuti ang kalagayan ng kababaihan sa tahanan at lipunan.
C.magbigay ng suportang pinansyal sa kababaihan
D. magpunyagi bilang mga ilaw ng tahanan

12.Isinusulong naman ni Mahatma Gandhi ang kanyang pananaw na ang pinuno ng bansa ang siyang magpakita ng pagpapahalaga sa moralidad. Ang pagpapahalaga na sinasabi ni Gandhi ay ang:

A. maging tapat sa mamamayan at sa konstitusyon
B. mabuting relasyon sa karatig bansa
C. pagkakaroon ng isang asawa at isang pamilya
*D. maging bukas o transparent sa lahat ng kanyang gawain sa tulong sa bayan

13. Dalawang anyo ng nasyonalismo ang ipinakita ng mga Hindu laban sa mga British. Isa dito ay ang kilusang pinamunuan ni Bal Gangadhar Tilak na tinawag na rebolusyonaryong kilusan dahil gumamit ito ng marahas na pagkilos. Ang nakatawag pansin ay ang pinamunuan ni Mohandas K. Gandhi dahil:
A. Mga bata ang kinasangkapan niya sa paglaban sa British
B. Namahagi siya ng mga produktong Hindu
C. Isinagawa niya ito kasama ang mga guro
*D. gumamit ng paraang tahimik tulad ng di pagsunod sa mga kagustuhan ng mga British

14. Ang nasyonalismo ay ang pagsibol ng damdaming makabayan. Nagbigay daan ito para ang mga Asyano ay matutong:
*A. pigilan ang paglaganap ng imperyalismong kanluranin
B. pagiging mapagmahal sa kapwa
C. makisalamuha sa mga mananakop
D. maging laging handa sa panganib

15.Ang panahon ng Kolonyalismo ng mga Kanluranin ay nagdulot ng iba't ibang epekto sa mga bansang Asyano. Alin sa mga sumusunod ang hindi epekto ng pananakop ng mga Kanluranin sa mga bansang Asyano?
A. Nagkaroon ng pag-unlad sa sistema ng transportasyon at komunikasyon na nagdulot nang mabilis pagluwas ng kalakal sa pandaigdigang pamilihan
*B. Naturuan ang lahat ng Asyanong pamahalaan ang kanilang mga sarili sa panahon ng pananakop ng mga Kanluranin
C. Nagkaroon ng paghahalo ng mga lahi dahil sa mga naganap na kasalang katutubo at dayuhan
D. Pangunahing gampanin ng mga bansang Asyano ang tagatanggap ng mga produktong Kanluranin

16. Ano ang ipinapahiwatig ng tagumpay ng kampanya ni Mohandas Gandhi sa kolonyalismo ng mga Ingles sa India?
A. Mahusay na rebolusyonaryong lider si Mohandas Gandhi
*B. Maaaring labanan ang kolonyalismo sa mapayapang paraan
C. Ang pang-aapi ng mga kolonyalista ay may katapusan
D. Naging simbolo si Mohandas Gnadhi ng pagkakaisa ng mga mamamayan sa India

17. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na magandang dulot ng pananakop ng mga Ingles sa pangangalaga ng karapatang pantao ng mga Hindu lalo na ang mga kababaihan?
A. Pag-unlad ng komunikasyon at transportasyon sa India
B. Pagkakaroon ng pagkakataong makapag-aral ang mga mamamayan ng India
*C. Pagbabawal sa ilang matandang kaugaliang Hindu tulad ng "sati" at "female infanticide"
D. Pagbabawal sa matatandang kaugaliang tulad ng "foot binding" at "concubinage"

18.Ano ang kahalagahan ng mataas na antas ng edukasyon sa isang bansa?
*A.Ito ay nagsisilbing instrumento sa pagsulong ng nasyonalismo at interes ng bansa
B.Pinagaganda ang imahe ng bansa kapag ito ay may mataas na bahagdan ng edukadong mamamayan
C.Magandang negosyo ang mga pampribadong paaralan na napagkukunan ng buwis ng pamahalaan
D.Pinalalaki nito ang opurtunidad ng mga tao na mangibang bansa.

19.Bakit sinasabing ang kalakalan ay mahalagang susi sa pagkakaisa ng mga Asyano?
A. Dahil dito ay nagtutulungan ang mga magkakaratig bansa sa Asya
*B. Nagsisilbi itong daluyan ng kultura at pagpapalitang kultural ng mga bansa
C.Maaring lumaki ang kita sa mga usaping block market
D. Sa pamamagitan nito nababatid ang mga bansang palaasa

20**.**Bakit muling nabuo ang bansang Israel?
A.Dahil sa layuning lumakas ang Judaism
*B.Sa kagustuhang magsama-samang muli ng mga Hudyo
C.Upang matamo ang kanilang kaligtasan
D.Dahil sa pananakop ng ibang lupain

TABLE OF SPECIFICATION

SUBJECT: ARALING PANLIPUNAN GRADE 8
GRADE 8 QUARTER 3 UNIT 3
UNIT TOPIC: Ang Timog at Kanlurang Asya sa Transiyonal at Makabagong Panahon (16-20 siglo)
UNIT DESIGNER: Dr. Adelina A. Sebastian, Erna C. Golveque, Regina R. Capua
CONTENT STANDARD: Naipapamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at KanlurangAsya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 Siglo)

PERFORMANCE STANDARD: Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong panahon (16-20 siglo)

LESSON CONTENT	KNOWLEDGE/SKILLS 40%	MEANING MAKING 30%	TRANSFER 30%	NO. OF ITEMS
Aralin 1 – Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya		***15** ***10** ***6** ***7**		**4**
Aralin 2 – Pag-usbong ng Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya	***1**	***2 *8 *16** ***14 *13** ***9 *5**		**8**
Aralin 3 – Ang daan tungo sa paglaya ng Timog at Kanlurang Asya		***4** ***20**	***12**	**3**
Aralin 4 – MgaPagbabago at Hamong kinaharap ng Timog at Kanlurang Asya	***18**	***3** ***17 *19**	***11**	**5**
	SUB-TOTAL NO. OF ITEMS: 2 **2**	**SUB-TOTAL NO. OF ITEMS:16** **16**	**SUB-TOTAL NO. OF ITEMS:2** **2**	**TOTAL NO. OF ITEMS (100%)** **20**

UNIT ASSESSMENT MAP

Asignatura: Araling Panlipunan
Paksang Pangyunit: Ang Timog at Kanlurang Asya sa Transisyunal at Makabagong Panahon (16-20 Siglo)

Mga Sumulat: Regina Capua, Erna Golveque at Adelina A. Sebastian, Ph. D.

Type	Knowledge and Process Skills (40%)	Understanding (Meaning Making) 30%	Transfer (30%)
Pre – Assessment / Diagnostic	KWLS (NG) Word Web (NG)	Concept Cluster Ko (NG) Digma Pic! (NG)	Pre-test (NG)
Formative assessment	Discussion Web (NG) I-time Live Mo (G) Concept Map (NG) Pagpupuno sa Tsart (G) Tri-Question Approach (G)	Data Retrieval Chart (G) Tree Diagram (G) Fact o Opinion (G) Cluster Web (G) 3-2-1 Chart (G)	I-Jingle Mo (G) Data Information Chart (G)
Summative Assessment	VENN Diagram (G) Focused Listing (G) Concept Web (G)	Opinyon Mo Kailangan Ko! (NG) Positibo o Negatibo (G) Mapa ng Paghahambing at	Power Point Presentation (G) Post-test (NG)

	Pagtatapat-tapat (G) Dugtungang Pangungusap (G)	Pagkakaiba (G) Focused Listing (G) Triad Web (G) Pahayag Suri (NG)	
Self-Assessment	Problema / Solusyon (NG)	Pagtataya ng Epekto (G) Reflection Journal (G) Editorial Cartoon (G) Lesson Closure (G)	Pagpapalalim ng kaalaman (G) Iguhit, Poster Mo! (G) Picture Collage (G) Photo Essay (G) Eko-Slogan (G)

NG – Not Grade
G – Graded
Six Facets of Understanding: Explanation, Interpretation, Application, Perspective, Empathy, Self-Knowledge

TEACHING GUIDE

Start of Lesson1

ARALIN BLG. 1: PANAHON NG IMPERYALISMO AT KOLONYALISMO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA(16-17 siglo)

I. MGA TIYAK NA LAYUNIN

Ang mga mag-aaral ay:

1. Naiisa-isa at Natatalakay ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pananakop ng mga Kanluranin sa unang yugto at ikalawang yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo (ika-16 hanggang ika-20siglo) sa Asya

2. Natutukoy ang mga bansang mananakop at mga bansang sinakop sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya

3. Naipaliliwanag ang mga dahilan,pamamaraan, at epekto sa unang yugto at ikalawang yugto ng kolonyalismoat imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya(ika-16 hanggang ika-20 siglo)

4. Napaghahambing ang unang yugto ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismong naganap sa Timog at Kanlurang Asya

5. Natataya ang mga epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

6. Nailalahad ang konsepto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Asya

7. Nabigyang-halaga ang papel ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

II. Nilalaman

A. Paksa: Unang yugto, Ikalawang yugto, at Epekto ng Kolonyalismoat Imperyalismosa Timog at Kanlurang Asya(ika-16 hanggang ika-20 siglo)
B. Mga Konsepto: kalakalan, merkantilismo,kapitalismo,kolonyalismo, imperyalismo
C. Babasahin: Modyul 3, grade 8 ng Araling Panlipunan pp._____
D. Mga Kagamitan: laptop, lcd monitor, mga larawan, mapa ng Mundo, mapa ng Asya, krayola,

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain
B. Paglinang sa Aralin

Alamin(Explore/Knowledge)
Gawain Blg. 1: Pagbasa sa isang kaso(case study)

Ipabasa sa mga mag-aaral ang isang kaso. Bigyan ng ilang minuto upang maunawaan ito. Pagkatapos maipabasa at maipaunawa ang kaso maaari ng tumungo sa:

Ang Student Supreme Government (SSG) ay naglunsad ng patimpalak tungkol sa pinakamaayos at pinakamalinis na silid-aralan. Ang inyong seksyon ay nagplano kung paano ninyo mapapaganda ang inyong silid-aralan. Sama-sama kayong kumilos at nagtulungan upang mapaganda ang inyong silid-aralan. Naging maayos na ang lahat sa tulong ng bawat isa. Pagkalipas ng isang linggo, nagdesisyon ang inyong prinsipal na magpapalitan ng room.

Pamprosesong tanong:

1. Ano ang iyong masasabi tungkol sa ginawa ng prinsipal?
2. Ano ang iyong naging damdamin sa ginawa ng iyong prinsipal?
3. Makatwiran ba ang kanyang ginawa? Bakit?
4. Sa kabila ng ginawa ng iyong prinsipal, may kabutihan bang naidulot ito sa iyo?

Paalala: Lahat ng mga sagot ng mag-aaral ay ipatala sa journal o repleksiyonnotebook upangbalikan sa huling bahagi ng panlinang(Firm-up).

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.1,aralin 1

GAWAIN BLG. 2: IMPERYO KO……i-TAPAT MO SA REHIYON KO! *

Sa bahaging ito nangangailangan ng mapa ng Asya. Ipapipili at Ipatatapat ang tamang sagot sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya. Ipagawa ito sa journal o repleksiyon notebook.

Pagkatapos maipapili at maipatapat sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya. Bigyan ang mga mag-aaral ng panahon para makabuo ng dyad (dalawahan) para maihambing ang naging sagot ng mga mag-aaral.

Maaaring itanong ang mga sumusunod:

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Paano nagiging imperyo
2. ang isang maliit na pangkat lamang?
3. Nakaranas ba ang mga bansa sa Asya ng paghahari ng imperyo bago ang ika-16 hanggang ika-19 na siglo,at sa panahon ng ika-16 hanggang ika-20 siglo?
4. Ano ang naging karanasan ng mga Asyano sa panahon na sila ay pinaghaharian ng imperyo? Ano ang naging kalagayan ng pamumuhay ng mga naghari sa imperyo?
5. Ang imperyo ba ay katulad ng salitang imperyalismo at kolonyalismo? May kabutihan ba ang pananakop?
6. Paano nakaimpluwensiya ang imperyalismo? Paano nabago ang pamumuhay ng mga sinakop?

Imperyong Hittites
Imperyong Maurya
Imperyong Macedonian
Indo-Aryan
Imperyong Persian
Imperyong Mogul

TIMOG ASYA

1._____
2._____
3._____

KANLURANG ASYA

1._____
2._____
3._____

Paalala: Lahat ng mga sagot ng mag-aaral ay ipatala sa journal o repleksiyon notebook upang balikan sa bahagi ng panlinang(Firm-up).

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.2, aralin 1

GAWAIN BLG. 3: KWLS

Sa bahaging ito aalamin ng guro ang kaalaman ng mga mag-aaral ukol sa paksa. Ang guro ay maghahanda ng mga larawan ng pamumuhay ng mga Asyano partikular sa Timog at Kanlurang Asya bago ang pananakop at pagkatapos ng pananakop. Ipakita ito sa pamamagitan ng picture collage o mas mabuti kung gagamit ng kompyuter para maipakita ang mga larawan.

Pagkatapos maipakita ang mga larawan. Ipasagot sa mga mag-aaral ang unang kolum. Sa ikalawang kolum magpabuo ng mga mahahalagang tanong. Sa ikatlo at ikaapat na kolum ay ipapasagot pagkatapos ng mga ibibigay na gawain sa modyul.

K Ano ang aking alam?	**W** Ano ang nais kung malaman?	**L** Ano ang aking natutunan?	**S** Ano pa ang gusto kong maunawaan?
			Paano nakamit ng Timog at Kanlurang Asya ang kasalukuyang kalagayan dulot ng kolonyalismo at imperyalismo?

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.3, aralin 1.

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.3, aralin 1.

PAUNLARIN(Firm-up/Process)

Sa bahaging ito ang guro ay magsisimula na sa pagpapaunlang aralin. Ang pagtutuwid sa maling pang-unawa ng mga mag-aaral ay dito isasagawa ng guro.Ang mga naging sagot at nabuong mahahalagang tanong sa unang bahagi ng modyul ay balikan para sa pagtutuwid ng pang-unawa ng mga mag-aaral.

GAWAIN BLG.4: POWERPOINT PRESENTATION

Pagpapabasa ng teksto.Ipabasa ang unang teksto ukol sa dahilan ng kolonyalismo at imperyalismo na nasa modyul, para mas lumawak ang pang-unawa ng mga mag-aaral iminumungkahi ang iba't ibang reperensiya sa Asya nanasa ibaba ng gawain blg. 4. Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral para maunawaan ang teksto.

Maaaring ibigay ng maaga sa mga mag-aaral ang teksto para magkaroon ng oras na mapag-aralan at maunawaan ito.

Bumuo ng limang pangkat. Markahan ng guro ang presentasyon batay sa kriterya sa ibaba. Maaaring magbigay anggurong iba pang pamantayan.

Maghanda para sa talakayan at maaaring itanong ang mga sumusunod:

Pangkat 1 - Ang Mga Krusada

Pangkat 2 – Ang Paglalakbay ni Marco Polo

Pangkat 3 – Renaissance

Pangkat 4 – Ang Pagbagsak ng Constantinople

Pangkat 5 – Ang Merkantilismo

Rubric para sa Powerpoint Presentation

Mga Kraytirya	Natatangi 5 puntos	Mahusay 4 puntos	Medyo Mahusay 3 puntos	Hindi Mahusay 2 puntos
Kaalaman sa paksa				
Kalidad ng mga impormasyon o ebidensiya				
Kaalaman sa kontekstong pangkasaysayan				
Estilo at pamamaraan ng presentasyon				
Disenyong teknikal, pagpapatupad at pagganap sa presentasyon				
Kabuuang Marka				

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga dahilan ng pagpunta ng mga Kanluranin sa Asya? sasagutin ito sa pamamagitan ng concept map.

2. Paano nakahikayat ang mga dahilan na ito upang manakop ng mga bansa sa Asya ang mga Kanluranin?

3. Sa inyong palagay nakabuti ba sa mga bansa sa Asya ang mga dahilang ito sa pananakop ng mga Kanluranin?

Mungkahing Gawain:

Maaari ding maghanda ng mga game shows tulad ng pinoy henyo, celebrity bluff, minute to win it, who wants to be a millionaire at iba pa.

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.4, aralin 1.

PAALALA: Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga

GAWAIN 5: DISCUSSION WEB

Ipasuri ang salitang merkantilismo batay sa teksto at mga reperensiya.Magpabuo ng limang pangkat na may sampung miyembro sa bawat pangkat. Magkaroon ng talakayan at magpabuo ng ebidensiya at suporta sa panig ng Oo at Hindi. Ipasuri ang tanong at magpatala ng mga impormasyon at pahayag ng bawat miyembro sa bawat pangkat sa posisyon ng Oo at Hindi.

Sabihing magtulungan ang bawat pangkat sa pagbuo ng konklusyon at dahilan.

Panghuli, magpapili ng tagapagsalita para maibahagi ang kanilang pananaw sa buong klase.Maaaring itanong ang mga sumusunod:

DISCUSSION WEB

DAHILAN

Oo **Hindi**

CONCLUSION

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang merkantilismo?
2. Bakit malaki ang pananalig ng mga Kanluranin sa Merkantilismo?
3. Ano ang epekto ng patakarang pang-ekonomiyang ito sa mga bansang Kanluranin?
4. Sino ang mas nakinabang dito, ang mga Asyano ba o ang mga Kanluranin?
5. Sang-ayon ka ba sa ginawa ng mga Kanluranin sa Asya? Bakit?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria etAl
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian et al

Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

PAALALA: Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.5, aralin 1.

GAWAIN 6: DATA INFORMATION CHART

Hikayatin ang mga mag-aaral na ipabasa ang pangalawang teksto:Paggalugad at Pagtuklas ng mga Kanluranin sa Asya,.Mahalagang mabigyang pansin sa teksto ang mga bansang Kanluranin at mga bansang sinakop sa Asya (pahapyaw lang dahil ang kabuuan ng paksa ay ipagpapatuloy sa modyul 4) at sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya(bigyang diin dahil ito ang sentro ng paksa sa modyul 3)

Magpadala ng globo o mapa ng daigdig, mapa ng Asya. Maaari ding maghanda ang guro ng kopyana makukuha sa google images.com at ibigay na lamang sa mga mag-aaral.

Pasagutan ang talahanayan.



Ang mga bansang Europeona nanakop at ang mga bansa na nasakop ng mga bansang Europeo.

Mga Bansang Europeo	Mga Bansang Nasakop sa Asya
1.	1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.

GAWAIN BLG.7:MAP-KULAY

Maghanda ang guro ng mapa ng Timog at Kanlurang Asya.Maaaring kumuha ng kopya sa google images.com. magpadala ng pang-kulay.Pakulayan ang mga bansang Asyano na sinakop ng mga Kanluranin sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya sa inihandang mapa ng Asya.Maaaring gumamit ng simbolo o kulay tulad ng halimbawa sa ibaba.

Pagkatapos maipagawa sa bawat mag-aaral ang pagkukulay.Magpabuo ng dyad sa bawat pangkat na kinabibilangan para mapaghambing at masuri ang ginawa ng bawat pangkat.Magkaroon ng malayang talakayan.

Portugal - berde

France - asul

England - pula



Source: www.googleimages.com

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga bansang Kanluranin na sumakop sa Asya?
2. Anong mga bansa sa Asya ang mga nasakop ng mga Kanluranin?
3. Anong bansa ang sinakop ng Portugal, England, at France sa Timog Asya? Sa ilang bansa sa Kanlurang Asya?
4. Bakit hindi maagang nasakop ng mga Kanluranin ang Kanlurang Asya sa unang yugto ng pananakop?
5. Bakit nagtatag ang mga bansang Kanluranin ng mga kolonya sa Asya?
6. Mahalaga ba ang unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo ng mga Kanluranin sa Asya? sa mga Asyano?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

PAALALA: Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.6 at 7, aralin 1.

GAWAIN BLG.8: i-TIMELINE MO…..!

Batay pa rin sa ipinabasang teksto na nasa modyul at mga mungkahing babasahin:Paggalugad at pagtuklas ng mga bansang Kanluranin. Ipasagot sa mga mag-aaral ang nakahandang Timeline. Paalalahanan ang mga mag-aaaral na mahalagang maunawaan at masuri ang mga mahahalagang impormasyong naunawa sa teksto (ika-14 hanggang ika-17 siglo) sa unang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.



Panuto:

1. Ipasulat at ipasuri ang mga mahahalagang pangyayari sa unang yugto ng kolonyalismo sa Timog at Kanlurang Asya mula ika-14 hanggang ika-17 siglo.
2. Paalalahanan ang mga mag-aaralna mga mahahalagang impormasyon na kanilang naunawaan sa teksto.
3. Ipabigay pansin ang mga pagbabagong naganap(epekto) sa paraan ng pamumuhay ng mga Asyano.
4. Pagkatapos ipagawa, tatawag ngmag-aaral para maibahagi ang kaniyang ginawang timeline.
5. Maaaring ipagamit ang rubric bilang pamantayan sa pagtataya na nasa ibaba.
6. Magkaroon ng malayang talakayan.

TIMELINE RUBRIC

Kategorya/ Pamantayan	Pinakatama 5	MedyoTama 4	Malinaw 3	Malabo 2
Pamagat	Epektibo, nakatatawag pansin at madaling maunawaan	Epektibo at madaling maunawaan	Simple at madaling maunawaan	Walang pamagat
Petsa Pamprosesong	Kumpleto ang petsa ng mga pangyayari, Tiyak at tumpak ang lahat ng pangyayari	May kulang na 1-2 petsa ng mga pangyayari, May 2-3 mali o Malabo sa mga pangyayari	Maykulang na 3-5 petsa sa mga pangyayari, mahigit sa lima ang hindi tiyak	Hindi tiyak ang mga nawawalang pangyayari,halos lahat ng pangyayari ay di tiyak
Istilo at Organisasyong Tanong	Sumasakop sa lahat ng mahahalagang panahon,tama at pare-pareho ang pagitan ng bawat taon/petsa	Sumasakop sa lahat ng mahahalagang panahon, may 2-3 petsa sa panahon na hindi kapareho ang pagitan	Sumasakop sa lahat ng mahahalagang panahon, nagtataglay ng 5 petsa/panahon na di pare-pareho ang pagitan	Dalawa lamang ang nasasakop ng mahahalagang panahon, hindi pareho-pareho ang pagitan ng mga petsa/panahon
Nilalaman:	Nagtataglay ng 11-15 pangyayaring kaugnay ng paksa	Nagtataglay ng 8-10 pangyayaring kaugnay ng paksa	Nagtataglay ng 6-7 pangyayaring kaugnay ng bansa	Nagtataglay ng 5 lamang pangyayaring kaugnay ng paksa
Layunin	Malinaw at tiyak	Malinaw ngunit di gaanong tiyak	Hindi malinaw	Walang ibingay na layunin

1. Sino

si Prinsipe Henry? Si Bartolome Diaz? Si Vasco da Gama?

2. Bakit naging mahalaga ang kanilang paglalakbay?
3. Naging kapaki-pakinabang ba ito sa kanilang mga bansa? Naging kapaki-pakinabang ba ito sa mga bansa sa Asya?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagagganda ng gawain blg.8, aralin 1.

GAWAIN BLG.9: DATA RETRIEVAL CHART

Magpabuo ng limang pangkat. Batay sa teksto at sa mga iminungkahing reperensiya ipaunawa ang mga naging paraan, patakaran na ginamit ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya sa unang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo.Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral para magawa ito. Hayaang pumili ang pangkat kung sino ang magpapaliwanag sa harap ng klase. Maaaring itanong ang mga sumusunod.

Bigyang-halaga sa talakayan ang paraan at patakarang ginamit ng mga Kanluranin sa pananakop . Iugnay ang talakayan sa gawain blg.5.

UNANG YUGTO NG KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA (IKA-16-17 SIGLO)

Rehiyon(Bansa)	Mananakop	Paraan ng	Patakaran

		Pananakop	
Timog (India)	Portugal		
	England		
	France		
Kanluran(Oman at Muscat)	Turkong Ottoman		

Pamprosesong Tanong**:**

1. Ano ang ginamit na paraan ng mga Kanluranin para masakop ang Timog Asya? ang Kanlurang Asya ?
2. Ano ang mga patakaran na ginamit ng mga mananakop sa Timog Asya at sa Kanlurang Asya?
3. Makatarungan ba ang ginamit na patakaran ng Ingles sa Timog Asya, ng Turkong Ottoman sa Kanlurang Asya? Bakit
4. Paano nagbago ang pamumuhay ng Timog at Kanlurang Asya sa mga patakarang pinairal sa Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismong naganap ?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asyanina Dr. Adelina Sebastian et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg. 9, aralin 1.

GAWAIN BLG.10: TREE DIAGRAM

Sa bahaging ito ang guro ay maaaring balikan ang mga nabuong sagot at tanong ng mga mag-aaral na nasa repleksiyon journal para maituwid ng guro ang mga mag-aaral na may maling pang-unawa upang maihanda ang mga mag-aaral sa mas kritikal na pagsusuri ukol sa kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin.

Pagpapabasa ng teksto at iminungkahing babasahin ukol sa mga dahilan na lalong nagbunsod sa mga Europeo na maghangad ng kolonya sa ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya(ika-18 hanggang ika-19 na siglo) na nasa modyul. Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na maunawaan ang teksto.

Ipasagot ang tree diagram sa bawat mag-aaral. Magkaroon ng malayang talakayan.



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga dahilan na nagbunsod sa mga Kanluranin na lalong maghangad ng kolonya sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Ano ang White Man's Burden?

3. Kung ikaw ay isang mamamayan na nakaranas ng pananakop ng Kanluranin, ano ang iyong tugon sa sinabi ni Rudyard Kipling?
4. Tunay ba na ang ng mga Kanluranin ay nakatulong sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga Asyano? Paano?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.10, aralin 1.

Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.10, aralin 1.

GAWAIN BLG.11: i-Historya…...Mo!

Pagsasalaysay ng aralin, ipabasa ang teksto na nasa modyul at iminungkahing babasahin sa mga mag-aaral.

Hatiin ang klase sa dalawang pangkat.

Pangkat 1 – Timog Asya Pangkat 2 – Kanlurang Asya

Ipaalaala na bigyan ng pokus sa pagsasalaysay ang mga pagbabagong naganap(epekto) sa paraan at patakaran ng pamumuhay ng mga taga-Timog at Kanlurang Asya sa ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo sa bansa, sa rehiyon.Maaaring itanong ang mga sumusunod

IKALAWANG YUGTO NG KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA (IKA-18-19 SIGLO)

Rehiyon	Mananakop	Paraan ng Pananakop	Patakaran

Timog (India)	England		
Kanluran (Palestine(Israel at Jordan),Iraq, Syria at Lebanon)	England France		

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang paraan ng pananakop sa Ikalawang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya?
2. Ano ang patakarang umiral sa Timog Asya? sa Kanlurang Asya?
3. Ano ang pagkakaiba ng sistemang Kapitalismo sa Mandato?
4. Paano naging makapangyarihan sa daigdig ang mga Europeo, ang mga Amerikano ?
5. Sa kabila ng paghahari ng mga mananakop sa Timog at Kanlurang Asya, may natutuhan ba ang mga Asyano sa pagdating ng mga Kanluranin?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian, et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.11, aralin 1.

GAWAIN BLG. 12:DEBATE saRebelyong Sepoy

Ipagawa ang debateng impormal. Maaaring gamitin ang direksiyon sa ibaba. Maaari ding gawing pamantayan ang rubric na ito.Magkaroon ng malayang talakayan.



Pasimulang Pahayag ng Pangkat na Panig(affirmative team) –dalawang minuto
Pasimulang pahayag ng Pangkat na Di-panig (negative team)-dalawang minuto
(Tatlong minuto ang nakalaan sa dalawang pangkat bilang – tatlong minuto paghahanda sa pagsalungat(rebuttals))
PangalawangPahayag ng Pangkat na Panig(affirmative team) –dalawang minuto
Pangalawang Pahayag ng Pangkat na Di-panig (negative team)-dalawang minuto
(Tatlong minuto ang nakalaan sa dalawang pangkat bilang – tatlong minuto paghahanda sa pagsalungat(rebuttals))
Huling Pahayag ng pangkat na panig(affirmative team) –dalawang minuto
Huling Pahayag ng pangkat na di-panig (negative team)-dalawang minuto

Mga Kraytirya	Natatangi 5 puntos	Mahusay 4 puntos	Medyo Mahusay	Hindi Mahusay

			3 puntos	2 puntos
1.Kaalaman at pagkakaunawa sa paksa				
2.Organisasyon				
3.Kalidad ng impormasyon o ebidensiya				
4.Kaalaman sa kontekstong pangkasaysayan				

Rubric para sa Debate

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ibig sabihin ng sepoy?
2. Bakit nagkaroon ng rebelyong sepoy?
3. Paano mabuhay sa isang bansang ang naghahari ay imperyalista?
4. Paano naging World Power ang England?
5. Ano ang aral na natutunan sa rebelyon para sa mga mananakop at sa sinakop?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian, et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:
Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.12, aralin 1.

GAWAIN BLG.13: PAGSUSURI

Pagpapabasa ng teksto at mga mungkahing babasahin.
Ipasusuri ang epekto ng kolonyalismo. Ipagawa ang gawain sundin lamang ang Panuto.Magkaroon ng malayang talakayan.

Lagyan ng E_kung Ekonomiya, P_kung Pulitika, at S/K_kung Sosyo-Kultural na epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Asya.

_____1. Ang India ang naging tagapagtustos ng mga hilaw na materyales at pamilihan ng produktong Kanluranin.
_____2. Maraming katutubo ang yumakap sa Kristiyanismo
_____3. Nagkaroon ng "fixed border" o takdang hangganan ang teritoryo ng bawat bansa.
_____4. Sumulpot ang mga kolonyal na lungsod.
_____5. Nagkaroon ng paghahalo ng lahi ng mga Kanluranin at katutubo upang mapanatili ang katapatan ng kolonya.
_____6.Pag-unlad ng sistema ng transportasyon at komunikasyon.
_____7. Nawalan ng karapatan ang mga Asyano na pamahalaan ang sariling bansa gamit ang sariling sistema.
_____8. Nailipat sa Europa ang mga kayamanan ng Asya na dapat pinakinabangan ng mga Asyano.
_____9.Nagtayo ng mga irigasyon, ospital, paaralan, at simbahan.
____10. Nagkaroon ng makabagong kaisipan at ideya na magamit sa pagpapatakbo ng pamahalaan, ekonomiya at iba pang aspeto ng buhay.
____11.Nabuo ang mga kilusang nasyonalismo.

____12.Nagtatag ng maayos at sentralisadong pamahalaan.
____13.Mga Kaugalian ay nahaluan.
____14. Mga istilo ng pamumuhay ay iginaya sa Kanluranin.
____15.Isinilang ang mga Asyanong mangangalakal o “middle man”.
____16. Pagpapairal ng wikang Kanluranin bilang wikang gagamitin sa mga paaralan.

Pamprosesong Tanong:

1. Anong mga pagbabago ang dulot ng pananakop ng mga Kanluranin sa Asya?
2. Anu-anong aspeto ang nabago sa Timog at Kanlurang Asya?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian, et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:
Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.13, aralin 1.

GAWAIN BLG. 14: PAGTATAYA NG EPEKTO

Ipatataya ang epekto ng kolonyalismo at imperyalismong naganap sa Timog at Kanlurang Asya na nasa teksto at iminungkahing babasahin. Ipagawa sa mga mag-aaral gamit ang talahanayan. Pagkatapos magawa ng mga mag-aaral magtanong upang mataya ang pumabor sa mabuti at di-mabuting epekto ng kolonyalismo at imperyalismo.

Panuto:

Lagyan ng (+) plus sign kung mabuting epekto at (-)minus sign kung di mabuting epekto ng kolonyalismo at imperyalismo.

	Timog Asya(India)		Kanlurang Asya(Israel, Saudi Arabia,Dubai etc.)	
	Mabuti	Di-mabuti	Mabuti	Di-mabuti
Pamahalaan				
Kabuhayan				
Teknolohiya				
Lipunan				
Edukasyon				
Paniniwala				
Pagpapahalaga				
Sining at Kultura				

PAMPROSESONG TANONG

1. Paano nabago ang Timog at Kanlurang Asya sa iba't ibang aspeto?

2. Magbigay ng halimbawa sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya na sumasalamin sa epekto ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga Kanluranin.

3. May malaking impluwensiya ba ang naganap na kolonyalismo at imperyalismo sa kalagayan pang-ekonomiya ngayon ng India, Saudi Arabia, Israel, Dubai at iba pang bansa sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya? Paano?

4. Paano nagsilbing hamon sa pamumuhay ng India, Saudi Arabia, Israel, Dubai at iba pang bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang nakalipas na karanasan sa pananakop ?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al

Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal

Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. Al

Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian, et al

Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.14, aralin 1.

GAWAIN BLG. 15: VENN DIAGRAM

Paghambingin ang kolonyalismo at imperyalismong naganapsa Timog at Kanlurang Asyanoong una,ikalawang yugto at sa kasalukuyang panahon .

Ipagawa ang venn diagram sa bawat pangkat.

Bigyan ng pokus samalayang talakayan na sa unangyugto ng kolonyalismo ay nasusukat sa dami ng ginto, sa dami ng likas na yaman.Sa ikalawang yugto ang kapitalismo.Sa kasalukuyan ang pinagbabatayan ng pagiging malakas at mayamang bansa ay ang dami ng nalikhang teknolohiya, mataas na kalidad ng edukasyon para makasabay sa globalisasyon. Maaaring talakayin dito ang bansang India, Dubai, Saudi Arabia, Israel at iba pang bansa sa Timog at Kanlurang Asya na nakaranas ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin ngunit sa kasalukuyan ang mga bansang ito ay nakahanda na sa panibagong hamon ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin.

Anyo ng Kolonyalismo noong:

PAGKAKAIBA PAGKAKATULAD PAGKAKAIBA

16-17 SIGLO 18-19 SIGLO



Pamprosesong Tanong

1. Ano ang diwa ng kolonyalismo noong ika-16-17 siglo at ika-18-19 siglo?
2. Bakit iyon ang naging batayan ng pag-unlad ng isang bansa noong una at ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya?
3. Sa ngayon, ang pinagbabatayan pa ba ng pagiging maunlad ng isang bansa ay ang dami ng likas na yaman?

4. Ano ang iyong pakahulugan sa kolonyalismo at Imperyalismo sa panahon ng globalisasyon?
5. Paano naging instrumento sa mga bansa sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya ang karanasan sa pananakop ng mga Kanluranin sa bagong hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa makabagong panahon?

Mga Mungkahing Babasahin:

Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian, et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang

GAWAIN BLG. 16: i-JINGLE MO! Kolonyalismo at Imperyalismo sa Asya….U!

Ipalalahad ang konsepto ng kolonyalismo at imperyalismo sa mga mag-aaral. Magagawa ito sa pamamagitan ngmuling pagbasa sa teksto.

Magpangkatang gawain. Bawat pangkat ay bubuo ng Jingle sa kahulugan ng imperyalismo at kolonyalismo. Gawing pamantayan ang rubric na naihanda. Ang pangkat na makakasunod sa mga kategorya sa ibaba ang tatanghaling panalo.Maaaring itanong ang mga sumusunod.

JINGLE RUBRIC

Kriterya	Pinakamahusay 4	Mahusay 3	Hindi Mahusay 2	Kailangan Pang Linangin 1
Liriko	Ang liriko ay lubhang kahika-hikayat, naipamalas ang produkto ng maayos, simple at umuulit-ulit	Ang liriko ay kahika-hikayat,naipamalas ang produkto, simple	Ang liriko ay medyo kahika-hikayat, simple,di naipamalas ang produkto	Ang liriko di nakahihikayat, di naipamalas ang produkto
Melodiya	Naglalaman ng 3 na kalidad ng epektibong jingle,maiksi, nakakaakit, simple o umuulit-ulit	Naglalaman ng 2 na kalidad ng epektibong jingle, maiksi, nakakaakit, simple o umuulit-ulit	Naglalaman ng 1 na kalidad ng epektibong jingle, maiksi, nakakaakit, simple o umuulit-ulit	Walang kalidad ng epektibong jingle, maiksi, nakakaakit, simple o umuulit-ulit
Presentasyon	Napakahusay ang pagkakalikha, pinag-isipang mabuti ang mga bahagi	Mahusay ang pagkakalikha, pinag-isipang mabuti ang mga bahagi	Medyo mahusay ang pagkakalikha, medyo pinag-isipan ang mga bahagi	Di mahusay ang pagkakalikha, di pinag-isipan ang mga bahagi
Epektibong Pangkalahatan	Tugmang-tugma at nagkakugnay-ugnay ang mga bahagi	Tugma at nagkakaugnay-ugnay ang mga bahagi	Medyo tugma at medyo nagkakaugnay-ugnay ang mga bahagi	Di tugma at di nagkakaugnay ang mga bahagi

PAMPROSESONG TANONG

1. Batay sa inyong presentasyon, ano ang kolonyalismo? Ano ang imperyalismo?
2. Batay sa iyong naging sagot na nasa journal notebook mo, angkop ba ang iyong kaalaman ukol sa kahulugan ng kolonyalismo at imperyalismo?
3. Ano ang inilalarawan ng prinsipal, at ng seksyon na nagmamay-ari ng silid-aralan?
4. Makatwiran ba ang ginawa ng prinsipal? Bakit?
5. Sa kabila ng ginawa ng prinsipal, may naidulot ba itong mabuti sa iyo? Saseksyon mo?

Mga Mungkahing Babasahin:
Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian, et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.15, aralin 1

GAWAIN 14: BRAINSTORMING

Magpagawa ng brainstorming.Magpahanda ng ½ na blankong papel. Isulat ang iyong ideya ukol sa kolonyalismoat imperyalismo.Maaari ng ipasagot ang tanong.



Pamprosesong Tanong:

1. Sa iyong palagay, ang imperyalismo ba ay totoong nagbigay ng magandang kinabukasan at pag-asa sa mga bansang sinakop? Pangatwiranan.

2. Sa pangkalahatan, masasabi mo bang nakabuti sa mga Asyano ang pagdating ng mga Kanluranin?

3. Bilang isang Pilipino at Asyano, paano ka magiging kabahagi sa pag-unlad ng ating bansa,sa ating rehiyon sa makabagong panahon?

Sa puntong ito, maaaring gawing formative test ito upang malaman ng guro kung may taglay ng pang-unawa ang mga mag-aaral at maaari
ng tumungo sa mas malalim na gawain o hindi pa.Kung hindi pa malinaw sa mga mag-aaral, ang guro ay mag-isip ng malikhaing gawain(strategic intervention) upang matamo ng mga mag-aaral ang dapat na malinang na kakayahan ukol sa aralin.

Mga Mungkahing Babasahin:
Asya Noon,Ngayon at sa Hinaharap ni Teofisto Vivar et al
Asya Pag-usbong at Pag-unlad nina Grace Estela C. Mateo etal
Asya Tungo sa Pag-unlad nina Evelina Viloria et. al
Buhay na Asya nina Dr. Adelina Sebastian, et al
Kasaysayan at Kabihasnan ng Asya nina Mangubat at Villa

Paalala:
Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.15, aralin 1.

Gawain 15: KWLS

Ipasasagot na ang ikatlong kolum at ikaapat na kolum sa mga mag-aaral.

Pagkatapos, balikan ang mga naging sagot sa repleksiyon notebook. ng mga mag-aaral.

Itatanong samga mag-aaral kung naunawaan ang aralin. Itatanong sa mga mag-aaral kung may kailangang pagtutuwid sa aralin.Mahalagang maging malinaw sa mga mag-aaral ang lahat ng mga kaalaman at pang-unawa na kakailanganin sa aralin na ito upang mahusay na magampanan ang huling gawain para sa modyul.

K Ano ang aking alam?	**W** Ano ang nais kung malaman?	**L** Ano ang aking natutunan?	**S** Ano pa ang gusto kong malaman?
			Paano nakamit ng Timog at Kanlurang Asya ang kasalukuyang kalagayan dulot ng kolonyalismo at imperyalismo?

PAGNILAYAN AT UNAWAIN(Deepen/Understanding)
GAWAIN 16: PAGBASA NG ISYUNG GLOBAl

Pagpapabasa ng Isung Global na nasa modyul.Pagtitibayin na ng mga mag-aaral ang mga nabuong pang-unawa sa paksa.Kritikal na ipasusuri ang impluwensiya ng pananakop ng mga Kanluranin sa pamumuhay ng mga bansa sa rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya.Magkaroon ng malayang talakayan.Maaaring itanong ang mga sumusunod.

Middle East

Oil. That is what the modern Middle Eastern geopolitics have usually been about. Given the vast energy resources that form the backbone of western economies, influence and involvement in the Middle East has been of paramount importance for the former and current imperial and super powers, including France, Britain, USA and the former Soviet Union.

Prior to the discovery of oil, the region had been a hotbed for religious conflict and wars over other rich resources and land. The declining Ottoman Empire paved way for the rising European imperial and colonial powers interested in securing various territories and controlling access to Asia. In more recent times, interest in the region has been due to the energy resources there.

Source: [World Atlas]

As a result, for centuries, western populations have been acclimatized to a type of propaganda and vilification of the Arab and other people of the Middle East, and of Islam in general. This was especially so during the European colonial times, as so vividly examined by Edward Said, in his well-respected book, *Orientalism*. This negative stereotyping has served to provide justifications for involvement and to ensure "stability" for the "national interests" of the powers that want to be involved in the region.

This cultural stereotyping and racism has occurred in the modern times too. Often, especially in the 1980s, war films depicting an Arab or Islamic group as the bad guys were common place, sometimes reflecting prevailing turmoils at the time. Even in the 1990s, those ideas continued, where the bad guy was often a despotic Arab from one of the "rogue states" and as a result of the terrorist attacks against the US in September 11, 2001 and the resulting "War on terror", such imagery is likely to continue. Over such a long time then, such boundaries of discourse about the Middle East have already been framed. To overstep those boundaries is to be labeled anti-Semitic, neo-Nazi, anti-West or some other equally negative label. For most journalists in the mainstream then, self-censorship is often the course, sometimes unknowingly.

To maintain superiority, control and influence over the region, the West has placed corrupt Arab leaders into positions of power and supported the overthrow of those that are not seen as favorable. This has also served to keep their populations at bay, in return for militarization, power and personal wealth of the elite. Sometimes this has been done in the name of fighting communism. The common theme underlying it though has been the struggle to control access to important resources such as oil.

The Middle East is the most militarized region in the world and most arms sales head there. A suppressed people that sees US influence as a major root cause of the current problems in the Middle East has led to a rise in Islamic militancy, acts of terrorism and anti-west sentiment, anti-US in particular. When looking at some of the actions of the US, it can often be seen why this is unfortunately so.

Source: http://globalissues.org/geopolitics/armstrade.asp

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga dahilan ng kaguluhang nagaganap sa Middle East?
2. Saan nag-ugat ang ganitong hidwaan ng mga Arabe at mga Israeli, ng Iran at Iraq, ng Syria, ng Turkey, ng Lebanon at iba pang mga bansa sa Middle East?
3. Anong mga paraan ang ginamit ng bansang Kanluranin at ng Amerika sa Middle East?
4. Tama bang makialam ang mga Europeo at Amerika sa usaping pulitikal at sosyal sa Middle East? Bakit?
5. Bilang, isang mag-aaral, isang Pilipino, anong aksyon ang gagawin mo upang ikaw mismo ay makaiwas sa panghihimasok o pagsasamantala ng ibang tao, ng ibang bansa na gustong pagsamantalahan ang iyong kahinaan?

Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.16, aralin 1.

Gawain 17: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ipalalarawan ang epekto ng kolonyalismo at imperyalismo ng kastila sa karanasan ng Pilipinas sa kanilang sarili. Magpabigay ng isang halimbawa at anong aral ang kanilang natutunan na magagamit sa hamon ng makabagong panahon.



Paalala:

Sa bahagi ngTips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.17, aralin 1.

GAWAIN 18: Reflection Journal.

Magpagawa ng komitment sa repleksiyon notebook. Gawing gabay ng mga mag-aaral ang direksiyon sa modyul.

Gumawa ka ng komitment sa iyong journal . Maging gabay mo ang iyong pandama sa mahalagang pangkasaysayan ng pagpupunyagi ng mga Pilipino at bilang isang Asyano, na tuldukan mo na ang Kolonyalismo at Imperyalismo at isipin mo ang mabuo bilang isang bansa at rehiyon sa Asya

- Paano nagbago ang iyong pananaw bilang isang mag-aaral dahil sa mga pagpupunyaging ipinakita ng mga Pilipino at ng mga Indian at Arabe sa Timog at Kanlurang Asya sa panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismo?
- Ipakita mo ang iyong pagkaunawa sa naganap(epekto) na pananakop ng mga Kanluranin ukol sa pamumuhay, sa pulitika, sa kultura at edukasyon sa mga Asyano
  Banggitin ang iyon plano kung paano makikiisa sa layunin sa mga makabagong hamon ng Kolonyalismo at Imperyalismo na hinaharap

Paalala:

Sa bahagi ng Tips/Trivia/Additional Readings ang guro ay maglagay ng mga ibang suhestiyon sa ikagaganda ng gawain blg.18, aralin 1.

ILIPAT/ISABUHAY(Transfer/Product/Performance)

Magpagawa ng Editorial Cartoon.Magpadala ng oslo paper, at pangkulay. Magpaguhit ng simbolo na naglalarawan ng una at ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismong naganap sa Timog at Kanlurang Asya. Magpalagay ng paliwanag sa ginawang editorial cartoon. Ipabahagi sa klase sa ilang mag-aaral ang natapos na gawain.

ARALIN 2 : PAG- USBONG NG NASYONALISMO AT PAGLAYA NG MGA BANSA SA TIMOG AT KANLURANG ASYA

Paksa (2.1) Ang papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya
Paksa (2.2) Ang mga salik at pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo
Paksa (2.3) Iba't ibang manipestasyon ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya
Paksa (2.4) Bahaging ginagampanan ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo
Paksa (2.5) Epekto ng nasyonalismo sa sigalot etniko sa Asya katulad ng partisyon/paghahati ng India at Pakistan
Paksa (2.6) Mga pamamaraang ginamit sa Timog at Kanlurang Asya sa pagtatamo ng kalayaan mula sa kolonyalismong kilusang nasyonalista
Paksa (2.7) Epekto ng mga digmaang pandaigdig sa pag-aangat ng mga malawakang kilusang nasyonalista.

MGA LAYUNIN :

1. Natutukoy ang kahulugan, anyo at manipestasyon ng nasyonalismo.
2..Nakikilala ang mga nangunang nasyonalista sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.
3. Naipaliliwanag ang mga pangyayaring naganap sa mga bansa at mga mahahalagang salik ng nasyonalismo na pumukaw sa damdaming makabayan ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya.
4. Nasusuri ang mga pamamaraang ginamit sa pagpapakita ng nasyonalismo at ang mga naging epekto nito sa paglaya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.
5. Nakaguguhit ng poster na nagpapakita ng diwa ng nasyonalismo sa iba't ibang paraan.
6. Naisasaloob ang pagpapahalaga ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya sa mga gawaing nasyonalismo ayon sa mga ginawa ng mga kilalang nasyonalista dito.

II : NILALAMAN:

- Paksa: Nasyonalismong Asyano
- Mga Konsepto: kolonyalismo, imperyalismo,rebolusyon,nasyonalismo
- Balangkas ng Aralin:
  1.Nasyonalismong Asyano
  2. Nasyonalismo sa Timog Asya
  3. Nasyonalismo sa Kanlurang Asya

- Babasahin: Modyul 2 Teksto sa Gawain blg.4 , 7,10,14 Grade 8 Ikatlong Markahan, Araling Panlipunan
- Kagamitan: *Collage,Concept Map, Concept Cluster, Tree Diagram Format,Retrieval Chart, Rubrics*, Mapa ng Timog at Kanlurang Asya, mga larawan ng nasyonalista,*Reflection Log sample format*

III: **PAMAMARAAN:**

A.Paglinang ng Gawain;

1. ALAMIN:

a. Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa isang pangkatang talakayan na may kaugnayan sa isang sitwasyon tungkol sa pagpapakita ng nasyonalismo sa paaralan.Hihikayatin ang mga mag-aaral ng bawat pangkat na magbigay ng kanyang pananaw tungkol sa mga katanungan sa sitwasyon.

b. Mula sa talakayan ng pangkat at pag-uulat tungkol sa sitwasyong ibinigay ng guro ay maaari nang ipakilala ang salitang nasyonalismo bilang nabuong konsepto.

c. Sa gawaing ito,ay hihikayatin ang mga mag aaral na suriin ang *1 Collage* na may kaugnayan sa pagpapakita ng nasyonalismo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Gagabayan ang mga ito sa pagsagot ng mga katanungan ukol sa *Collage*.

d. Matapos ang pagsagot ng mga mag-aaral sa mga katanungan ay muling hihikayatin ang mga ito, na sagutan at kulayan ang 1 *Concept Cluster* na maaaring paglagyan ng kanilang mga dati at bagong kaalaman tungkol sa nasyonalismo.

2.PAUNLARIN

A. MGA MUNGKAHING GAWAIN:

1. Matapos masagutan ng mga mag aaral ang kanilang *Concept Cluster* ay maaaring sundan ito ng isang malayang talakayan upang mabigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na maipaliwanag ang kanilang mga kasagutan na isinulat sa unang kahon na may tatak na *Initial Answer* ng kanilang *Concept Cluster*. Pagkatapos ng talakayan ay ipatago na sa mga mag aaral ang kanilang *Concept Cluster*, bigyan sila ng tagubilin na ang 3 pang natitirang kahon ay maaari nilang sagutin matapos ang mga susunod na gawain.

2. Sa puntong ito, ay maaari nang ibigay ng guro sa kanila ang Teksto sa Gawain Blg.4 upang kanilang mabasa. Hihikayatin ang mga mag-aaral na magbasa sa loob lamang ng 10 minuto.

3. Pagkatapos ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng Teksto sa Gawain Blg.4 ay maaari na sa kanilang ipasagot ang isang *Data Retrieval Chart* na kailangang lagyan ng wastong impormasyon ang mga bahagi tungkol sa mga tunay na kaganapan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya.Muling pakulayan ang nasabing *chart* upang maging kaakit- akit.Muli,hihikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang pamprosesong mga tanong ukol sa nabuong *Data Retrieval Chart.*

4. Magsasagawa ng malayang talakayan tungkol sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya sa tulong ng nabuong *Data Retrieval Chart* ng mga mag-aaral.

5. Pagkatapos ng gawaing ito, ay maaaring sabihin sa mga mag-aaral na balikan ang kanilang mga naging kasagutan sa kahon na may *Initial Answer* sa kanilang *Concept Cluster* upang matulungan sila na makatiyak sa mga tamang kasagutan at makapaglagay ng mga bago at tamang kaalaman sa mga kahon ng *Revised, Final Answer* pati na ang huling kahon ng kanilang *Concept Cluster*.

6. Sa puntong ito, ay maaaring ipasulat sa loob ng simbolong naiguhit ng mga mag-aaral ,ang kanilang reaksyon kaugnay sa isang pahayag ni Mohandas Gandhi tungkol sa isang pamamaraang kanyang isinagawa sa pagpapakita ng nasyonalismo sa Timog Asya.

7. Maaring gamitin ang *Rubrics*, para sa pagmamarka ng sanaysay na naisulat tungkol sa isang pamamaraang nagawa ni Mohandas Gandhi sa pagpapakita ng nasyonalismo sa Timog Asya.

8. Upang mas mapalawak pa ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa nasyonalismo, marapat lamang na ipabasa sa mga mag aaral ang Teksto sa Gawain Blg.7 na may kaugnayan sa mga lider nasyonalista na namuno sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Bigyan ng 10 minuto ang mga mag-aaral sa pagbabasa.

9.Sa bahaging ito ay maaari ng pasagutan sa mga mag aaral ang Gawain blg. 8 na may kaugnayan sa mga kilalang nasyonalista na namuno sa Timog at Kanlurang Asya at mga bansang kanilang pinagmulan. Ipababasa sa mga mag-aaral ang panuto sa Gawain 8.

10. Magsasagawa ng malayang talakayan ang guro sa pamprosesong mga tanong tungkol sa Gawain blg.8.

11.Pagkatapos makilala ng mga mag-aaral ang mga lider Nasyonalista sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya, maaari ng ipasuri sa mga mag-aaral ang isang *Collage* na may kaugnayan sa Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

12.Hihikayatin na magbasa ang mga mag-aaral ng Teksto sa Gawain Blg.10 upang matutuhan nila ang mga naging karanasan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

13. Pagpapasagot ng guro sa mga mag-aaral ng kanilang *Concept Map at Tree Diagram* tungkol sa mga kaganapan saTimog at Kanlurang Asya noong Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig . Muli ay pakulayan sa mga mag- aaral ang kanilang mga *diagram* matapos na ito ay sagutan upang maging kaakit-akit.

14.Magsasagawa ng malayang talakayan ang guro tungkol sa naging karanasan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya sa Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa tulong ng *Concept Map at Tree Diagram.*

15**.** Pagpapasagot muli sa mga mag-aaral ng *Concept Cluster* sa simulang bahagi ng Modyul na ito. Ipasulat sa mga mag-aaral sa bahaging *Revised Answer* at *Final Answer* ang mga kaalamang naiwasto at natutuhan na nila matapos maisakatuparan ang lahat ng gawain sa Modyul na ito tungkol sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

C. PAGNILAYAN AT UNAWAIN:

1. Pagpapabasa ng guro sa mga mag-aaral ng napapanahong balita na may kaugnayan sa pagpapakita ng nasyonalismo ng ilang bansang Asyano sa kasalukuyan.Ipasasagot ng guro sa mga mag-aaral ang pamprosesong mga tanong tungkol dito.

2.Hihikayatin ng guro ang mga mag-aaral na magpahayag sa isang pangkatang gawain ng kani-kanilang opinyon tungkol sa napapanahong balita na may kaugnayan sa pagpapakita ng nasyonalismo ng ilang bansang Asyano sa kasalukuyan.
3.Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa panonood nang may pagsusuri tungkol sa isang pelikula,*video*,dokumentaryo na nagpapakita ng nasyonalismong Asyano.Hihikayatin ng guro ang mga mag-aaral na sagutan ang mga gabay na tanong tungkol sa nabasang napapanahong balita.

4. Pagpapasagot sa mga mag-aaral ng isang pagsasanay ukol sa mga pahayag na may kaugnayan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Asya na dapat at di dapat sang-ayunan.Gagabayan ang mga mag aaral sa paglilinaw ng ilang isyu.

5.Pagpapasulat sa mga mag-aaral sa isang *Reflection Log* ng kanilang repleksyon ukol sa kanilang natutuhan, realisasyon at opinyon na may kaugnayan sa pag-usbong ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

D. ILIPAT/ISABUHAY:

1. Gagabayan ang mga mag-aaral sa pagguhit ng isang poster na may kapsyon ng pangako, na maaaring magpakita ng pagiging makabayan sa kanilang tahanan, pamayanan/barangay at paaralan.

2. Maaaring gamitin ang isang *review sheet* sa pagmamarka ng mga poster na naiguhit na may kapsyong pangako ng mga mag-aaral ukol sa kaisipang nasyonalismo.

Teaching Guide:Q3, Gr 8 (Aralin 2.2)

ARALIN 2.2: **Paglaya ng mga Bansa sa Timog at Kanlurang Asya**

- Mga tiyak na layunin:

Ang mga mag-aaral ay:

13. Nakapaglalahad ng kanilang kaisipan tungkol sa ideolohiya.
14. Nakapagtatalakay sa mga ideolohiyang nalinang sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya (16- 20 dantaon)
15. Nakapag susuri sa mga ideolohiya at Kilusang Nasyonalista sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya (16- 20 dantaon).
16. Nakapagpapaliwanag sa naging kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya sa mga malawakang Kilusang Nasyonalista.
17. Nakapagpapaliwanag kung paano lumaya ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.
18. Nakalalahok ng aktibo sa mga gawain at talakayan.

7. Nilalaman

Paksa : Kaugnayan ng Iba't ibang Ideolohiya sa mga Malawakang Kilusang Nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya
Mga Konsepto: Ideolohiya at Kilusang Nasyonalista
Babasahin : Modyul 3, grade 8 ng Araling Panlipunan pp._____
Mga Kagamitan: Computer, Manila paper, Pentel Pen, Krayola, mga Larawan

I. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

B. Paglinang sa Aralin:

Gawain Blg. 1: Word Web

Ipagsulat sa mga mag-aaral ang mga salitang kaugnay sa salitang ideyolohiya.



Pagkatapos ipasuri sa mga ito ay mga salitang naisukat at mula ditto, hikayatin ang mga mag-aaral ang makabuo ng isang konsepto na tumutukoy sa ideyolohiya sa pamamagitan ng pagbuo sa sumusunod.

Ang ideyolohiya ay tumutukoy sa_____

_____

_____

Gawain Blg. 2: ATING ALAMIN (Explore)

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bigyan ang mga mag-aaral ng sampung minuto (10) upang isagawa ang Concept Map. Pagkatapos ng itinakdang oras, hayaang ipaskil sa pisara ang kanilang ginawa. Ang bawat pangkat ay pipili ng kanilang tagapagsalita upang ibahagi ang kanilang ginawa.

Pagkatapos ng pagbabahaginan, ang guro at ang mga mag-aaral ay maaaring magtanong tungkol sa mga ibinahagi.

Concept Map



Gawain Blg 3: Teksto……..lyong Suriin

Sa gawaing ito, bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang mabasa ang teksto na kinakailangan sa pag unawa sa paksa. Ito ay makikita sa modyul. Maaari itong ibigay bilang takdang aralin sa mga mag-aaral. Ang pagtalakay at pagsusuri sa paksa ay gagawin sa susunod na mga araw. Ang sumusunod ay gabay na mga katanungan na sasagutan ng mga mag-aaral habang binabasa nila ang teksto.

1. Ano ang ideolohiya? Paano ang pagkakahati ng mga ideolohiya? Ipaliwanag.

2. Anu-ano ang mga ideolohiyang nalinang sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya? Paano ang mga ito ay nakaimpluwensya sa mga Kilusang Nasyonalista sa Timog Asya? Sa Kanlurang Asya?

3. Sinu- sino ang ilan sa mga personalidad na nanguna sa pagtatatag ng mga Kilusang Nasyonalista? Ipaliwanag ang naging kontribusyon nila.

4. Paano nakaapekto ang mga kilusang naitatag sa paglaya ng mga bansa sa nabanggit na mga rehiyon sa Asya? Ipaliwanag.

5. Paano nakapagdulot ng pagbabago ang mga ito? Ipaliwanag.

Ang mga kasagutan sa takdang aralin ay ipasulat sa kwaderno o dyornal. Habang sinusuri ang teksto, magdaos ng malayang talakayan o kaya ay pangkatang talakayan tungkol sa paksa.

Mga Pamprosesong tanong:

1. Paano ang iba’t ibang ideolohiya ay nakaapekto sa pagkakaroon ng mga malawakang Kilusang Nasyonalista?

2. Sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya, anong ideolohiya ang higit na nakaapekto sa pagkakaroon ng malawakang Kilusang Nasyonalista? Bakit? Paano sa pamamagitan ng nabanggit na mga ideolohiya, ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ay nagkaroon ng transpormasyon? Magbigay ng mga halimbawa.

Gawain Blg. 4: Map Analysis: Mapa ng Timog at Kanlurang Asya

Ipasuri sa mga mag-aaral ang mapa ng Timog at Kanlurang Asya. Gamit ang krayola, pakulayan sa kanila ng kulay asul ang mga bansa naniniwala sa ideolohiyang demokrasya;kulay dilaw, kung sosyalismo at kulay pula, kung komunismo.

TIMOG ASYA

KANLURANG ASYA

Gawain Blg. 5: PAGKILALA SA MGA NASA LARAWAN

Sa gawaing ito, ang larawan ng mga nanguna sa paglinang ng iba't ibang ideolohiya sa Timog at Kanlurang Asya na nakalagay sa kahon ay kikilalanin sa pamamagitan ng pagbuo sa titik ng mga ginulong salita. Pupunan ng mga mag-aaral ang tsart ng mga hinihinging datos.

Larawan	TIMOG ASYA		
	Bansa	Ideyolohiya	Kilusang Nasyonalista
 Nadaynada - rawtasisa www.globalsecurity.com			
 **Tamaham – hingda** www.thefamouspeople.com			

 **Dummamah – ial – nihjan** www.shariah4pakistan.com			
 Alb – hagdarang – kital www.indianetzone.com			
 Kenayanase www.rajivawjesinha. wordpress.com			

Larawan	KANLURANG ASYA		
	Bansa	Ideyolohiya	Kilusang Nasyonalista
 Odorhet zelrh www.blogs.forward.com			
 Silaaf www.biography.com			

 Mamahdum nib dusa www.nndb.com			
 Mudmhaam – ibn – dulba – hbaaw www.sarkub.com			

Pagkatapos na magawa ang Gawain blg. 4, magkakaroon ng talakayan. Mga Pamprosesong Tanong :

1. Paano ang mga kilalang personalidad ay nakatulong sa pagkakaroon ng ideolohiya sa kanilang bansa?
2. Naging epektibo ba ang mga Kilusang Nasyonalista na kanilang itinatag? Sa paanong paraan?
3. Paano ang mga ito ay nakapagdulot ng transpormasyon sa kanilang bansa?

Gawain Blg 6: Fact or Opinion?

Sa gawaing ito, hihikayatin ng guro na suriin ang mga pahayag tungkol sa ideolohiya. Isusulat nila sa kanilang worksheet na katapat ng mga pahayag kung ito ay Fact O Opinion at ipaliliwanag nila ang dahilan.

Statement tungkol sa ideyolohiya	**Fact or Opinion**	**Dahilan**
1. Ang ideyolohiya ay lipon ng mga kaisipang pinaniniwalaan at pinanghahawakan ng maraming tao na kumikilos ayon sa mga ideya, simulain, prinsipyo o paniniwala na napapaloob dito.		
2. Ang ideyolohiyang pampulitika ay nakasentro sa paraan ng mga mamamayan.		
3. Ang ideyolohiyang pang-ekonomiya ay nakasentro sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa at paraan ng paghahati ng kayamanan nito sa mga mamamayan		
4. Sinasabing paraan ng pamumuhay ang demokrasya at maaaring ipahayag sa iba't-ibang anyo tulad ng aspetong pulitikal, pangkabuhayan at panlipunan.		
5. Naniniwala ang mga sosyalista sa mga pagpapahalagang pagkakapantay – pantay, panlipunang katarungan, pagtutulungan, pag-unlad, kalayaan at kaligayahan.		
6. Sinasabing sa ilalim ng komunismo, puno ng kasaganaan ang isang lipunan, walang uri ang mga tao, mga batas at walang pamimilit.		

PAGNILAYAN AT UNAWAIN (Deepen)

Gawain Blg 7: Lesson Closure

Pagkatapos ng talakayan, inaasahan na naunawaan ng lubos ng mga mag-aaral ang paksa.Sa pagkakataong ito, ang mga mag-aaral ay handa ng magpakita ng kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng pag kukumpleto sa mga panimulang pahayag bilang pagtatapos sa paksa.

Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag:

Sa araw na ito ay natutunan ko na

_____
_____
_____

Ang pinakamahalagang ideya na nakaapekto sa akin ay

_____
_____

Ito ay mahalaga sapagkat

_____
_____
_____
_____

Sa Kabuuan, napagtanto ko na

_____
_____
_____

PAGLALAPAT/PAGSASABUHAY (Transfer)

Gawain Blg. 8: (Picture Collage)

Bilang panghuling gawain sa paksang tinalakay, ang mga mag-aaral ay aatasang magsaliksik at humanap ng larawan ng limang personalidad sa Timog at Kanlurang Asya na naging instrumento sa pagbabago ng kanilang bansa sa kasalukuyang panahon.Gamit ang mga larawan, gagawa ng picture collage ang mga mag-aaral. Ipaliwanag sa kanila na ang picture collage ay kinakailangang magpakita ng mahalagang ginawa ng mga taong ito.

Ang kriterya sa pagmamarka ay kailangang ipaliwanag. Kung may iba pang mungkahi ang mga mag-aaral at ito ay kanilang napagkasunduan maliban sa matatagpuan sa modyul, maaari mo itong bigyan ng konsiderasyon.

TG,Q 3` Aralin 3

ARALIN 3: MGA PAGBABAGO SA TIMOG AT KANLURANG ASYA

I. Mga tiyak na layunin:

Sa oras ng sesyon ang mga mag-aaral ay:

1. Nakapagtatalakay sa mga uri ng pamahalaan.
2. Nakapagsusuri sa balangkas ng pamhalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya
3. Nakapaglalahad ng mga samahang kababaihan na naitatag sa Timog at Kanlurang Asya.
4. Nakapagpapaliwanag sa mga layunin ng mga samahang kababaihang itinatag.
5. Nakapagtatalakay sa kalagayang panlipunan ng mga kababaihan sa nabanggit na mga rehiyon sa Asya.
6. Nakapagsusuri sa mga gawain ng mga samahang kababaihan.
7. Nakapagpapaliwanag sa epekto ng mga samahang kababaihan sa mga sumusunod na aspeto:

    a. Pagkakapantay-pantay
    b. Pagkakataong pang-ekonomiya
    c. Karapatang pampulitika

8. Nakapagpapaliwanag kung paano nakapagdulot ng pagbabago sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang mga samahang kababaihan.
9. Nakapagsusuri sa mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan sa pangkalahatan , grupo ng mga kababaihan at iba pang sektor ng lipunan.
10. Nakapag papaliwanag sa kalagayan at papel ng mga kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya at ang kanilang ambag sa bansa at rehiyon.
11. Nakapagbibigay ng kanilang opinion tungkol sa paksa.

II. Nilalaman:

A. Paksa: 3.1: Balangkas ng Pamahalaan ng mga Bansa sa Timog At Kanlurang Asya
3.2: Mga Samahang Kababaihan at Mga Kalagayang Panlipunan
Mga Palatuntunang Nagtataguyod sa Karapatan ng Mamamayan , Grupo ng Kababaihan at Iba Pang Sektor ng Lipunan

B. Mga Konsepto: Mga Konsepto: Samahang Kababaihan at Kalagayang Panlipunan
Pamahalaan, Mga Palatuntunang Nagtataguyod Sa Karapatan

C. Babasahin: Modyul 3, Q 3
D. Mga Kagamitan: Computer, Manila Paper, Pentel Pen
III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain
B. Paglinang sa aralin;
1. Pagganyak;

Tanungin ang mga mag-aaral kung sila ba ay nagging instrument ng pagbabago sa kanilang tahanan o kaya ay sa kanilang barangay. Hikayatin silang pumili ng kanilang learning partner at sa loob ng limang (5) minute ay mag bahaginan ng kanilang mga ginawang pagbabago. Pagkatapos, iugnay ito sa paksang tatalakayin.

2. Mga Mungkahing Gawain

ALAMIN (EXPLORE)

Gawain Blg. 1: KWLH Chart

Hayaang pumunta sa kanilang pangkat ang mga mag-aaral. Gamit ang Manila Paper at Pentel Pen, pupunan nila ang una at ikalawang kolum ng KWLH chart.Gagawin nila ito sa loob ng sampung minuto. Pagkaraan ng takdang oras ay ipapaskil nila ang kanilang ginawa at ibabahagi ng napiling lider ang kanilang nailagay na mga impormasyon.

Mga Nalalaman	**Mga nais kong Malaman**	**Mga Natutunan**	**Paano Pa Tayo Higit na Matututo**
A. Balangkas ng Pamahalaan sa Timog at Kanlurang Asya 1. 2. 3. 4. 5. 6. 7.			

B. Mga Palatuntunang Nagtataguyod sa Pangkalahatan at ng Kababaihan, Grupong katutubo, mga kasapi ng Caste sa India at iba pang sektor 1. 2. 3. 4. 5.			

PAUNLARIN (PROCESS)

Gawain Blg 2 :Basa…….Suri!

Pagpapabasa sa teksto: Balangkas ng Pamahalaan sa Timog at Kanlurang Asya.
Ipabasa ang teksto at hikayatin ang mga mag-aaral na suriin ito. Paalalahanan ang mga ito na magtala ng mga mahahalagang konsepto at impormasyon habang binabasa nila ang teksto. Bigyan sila ng labinlimang (15) minuto.

Upang makatiyak na naunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binasa, magdaos ng malayang talakayan tungkol sa binasa. Maaring itanong ang mga sumusunod:

1. Ano ang pamahalaan?Ipaliwanag.
2. Bakit mahalaga ang pamahalaan sa isang bansa?
3. Anu-ano ang mga uri ng pamahalaan? Ilahad ang mahalagang katangian ng bawat pamahalaan.
4. Sa iyong pananaw, paano ang pamahalaan

Gawain Blg 3 : Pagbasa at Pag-unawa sa Teksto

Ipapabasa ng guro ang teksto tungkol sa Mga Kilusang Pangkababaihan o Mga Samahang Kababaihang Naitatag sa Mga Bansa sa Timog at Kanlurang Asya. Ito ay makikita sa modyul sa pahina_____. Pangkatin ang mga mag-aaral at hayaang basahin nila ito ng tahimik o sabay sabay nila itong basahin sa pangkat sa pangunguna ng kanilang lider. Bigyan sila ng dalawampung minuto (20) upang ang teksto ay mabasa.

Pagkatapos basahin, ang mga mag-aaral ay inaasahang nakahanda na sa susunod na gawain.

Gawain Blg 4 Ikwento Mo…….Pakikinggan Ko!

Ang lider ng bawat pangkat ay aatasang magkwento tungkol sa tekstong binasa. Habang siya ay nagkukwento, tagubilinan ang mga mag-aaral na isulat sa kanilang kwaderno o dyornal ang mga mahahalagang datos at impormasyon tungkol sa mga sumusunod:

a. Mga Samahang Kababaihang Naitatag sa Timog at Kanlurang Asya
b. Mga Namuno/Tagapagtatag
c. Layunin ng Bawat Samahan
d. Kalagayang Panlipunan

Maaari nila itong gawin sa loob ng dalawampung (20) minuto).

Note :Sa mga paaralan na may pasilidad sa ICT,sa halip na ang nasa itaas ang ipagagawa,maaaring ipagawa ang Video Suri. Magpapanood ng Video na may kinalaman sa mga kababaihan at saka ipagawa ang dyornal base sa kanilang napanood. Halimbawa, hayaang panoorin ng mga mag-aaral ang "Access To Credit: Women's Entrepreneurs in Bangldesh" (http:/Asiafoundation.org/media/view/video/ZLv1MTpC5qA).

Gawain Blg 5 Pagpupuno sa Tsart:

Gamit ang Manila Paper at Pentel Pen, sa loob ng sampung (10) minuto, ilalagay nila ang hinihinging mga datos ng sumusunod na Tsart.Pagkatapos na magawa ang Tsart, ipapaskil sa pisara ang kanilang output at hayaang ibahagi sa klase ng bawat pangkat ang kanilang ginawa.

	Kalagayang Panlipunan	**Samahang Kababaihan**	**Tagapagtatag/ Pinuno**	**Layunin**
1. Timog Asya				

2. Kanlurang Asya				

PAUNLARIN (PROCESS)

Gawain Blg. 6: PAGSUSURI SA TEKSTO

Sa bahaging ito, hayaang balikan at suriin ng mga mag-aaral ang binasang teksto at magdaos ng malayang talakayan.

Mga Pamprosesong Tanong:

Anu-ano ang mga samahang kababaihang naitatag sa ilang bansa sa Timog at Kanlurang Asya? Ano ang layunin ng nabanggit na mga samahan?

Paano mo ilalarawan ang kalagayang panlipunan ng mga kababaihan sa nabanggit na mga bansa?

Ano ang naging epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampulitika ng mga taga Timog at Kanlurang Asya?

Paano ang mga samahang kababaihang naitatag ay nakatulong sa patuloy na transpormasyon sa nabanggit na mga rehiyon?

Gawain Blg. 7: 3 -2 -1 Chart

Sa gawaing ito, hikayatin ang mga mag-aaral na maglista ng mga kaisipang kanilang natutunan. Hayaang punan ng mga mag-aaral ang 3-2-1 Chart.

Maglista ng mga kaisipang iyong natutunan
3 _____
_____
_____

Mga Kaisipang kinawilihan mo.
2 _____
_____

Nais mo pang itanong
1 _____

Pagkatapos na magawa ang Chart, hayaan ang mga mag-aaral na pumili ng tatlong kaklase at silang apat ay magbabahaginan ng nagawa nilang 3-2-1 chart. Gagawin nila ito sa loob ng sampung (10) minuto. Pagkaraan ng itinakdang oras, tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng pinag-usapan nila sa grupo sa buong klase.Hikayatin na magbigay ng reaksyon tungkol sa mga narinig ang iba pang mga mag-aral.

PAGNILAYAN AT UNAWAIN (DEEPEN)

Gawain Blg. 8 : Problema/Solusyon

Sa gawaing ito,sasagutan ng mga mag-aaral ang sumusunod na mga katanungan at ilalagay nila ang mga katumbas na sagot sa tapat nito. Hayaan muna na gawin ito ng bawat mag-aaral sa kanyang kwaderno o dyornal sa loob ng sampung (10) minuto.

Pagkatapos, bumalik sa kanilang pangkat at ilagay nila sa Manila Paper ang napagkasunduang mga kasagutan. Ipaskil sa pisara ang natapos na gawain. Ang lider ng bawat pangkat ay mag-uulat sa klase tungkol dito. Maaaring magkaroon ng maikling talakayan tungkol sa mga iniulat.

Mga katanungan	Mga kasagutan
1. Paano ang mga samahang kababaihan ay nakaaapekto sa: a. Pagkakapantay – pantay b. Pang – ekonomiya c. Karapatang pampulitika	1. a. b. c.
2. Paano ang mga kalagayang panlipunan sa buhay ng kababaihan ay nakaapekto sa: a. Pagkakapantay – pantay b. Pang – ekonomiya c. Karapatang pampulitika	2. a. b. c.
3. Anu-ano ang mga pagbabagong naidulot ng mga samahang kababaihan sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.	3. a. b. c. d. e.

Gawain Blg 9: Power Point Presentation

Pagkatapos ng pagsusuri, ang mga mag-aaral ay gagawa ng power point presentation tungkol sa:
A. Balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

B. Mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan sa pangkalahatan at ng mga kababaihan gayundin ang grupong katutubo at iba pang sector ng lipunan. (Maaaring sumangguni sa teksto ng tungkol sa mga samahang kababaihan na matatagpuan sa paksa 3.2.

Ang kriterya ng pagtataya sa power point ay kailangang ipaliwanag sa mga mag-aaral. Kung may mungkahi pang kriterya, bigyan ito ng konsiderasyon.

Komprehensibo and nilalaman	-	-	-	10 pts
Organisado ang mga ideya	-	-	-	5 pts
Malikhain ang Pagkakagawa	-	-	-	5 pts
			Total	**20 pts**

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang masasabi ninyo sa balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya pagkatapos na sila ay magkaroon ng kalayaan.

2. Anu-ano ang palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mga mamamayan at iba pang sektor ng lipunan sa Timog at Kanlurang Asya

3. Paano ang mgs sumusunod ay nagdulot ng transpormasyon sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya:
   a. Balangkas/Uri ng pamahalaan
   b. Mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mga mamamayan at iba pang sektor ng lipunan.

PAGNILAYAN at UNAWAIN

Gawain 10: Pagpapatuloy sa KWLH Tsart

Pabalikin sa pangkat na kinabibilangan nila at balikan ang KWLH Tsart na ginawa nila sa Gawain Blg 1. Sa pagkakataong ito, handa na ang mga mag-aaral na punan ang huling dalawang kolum ng naturang tsart.Bigyan sila ng labinlimang (15) minuto upang ito ay matapos.

Muling ipapaskil ang Tsart at atasan ang piniling mag-aaral na ibahagi ang kanilang nagawa.

Gawain Blg 11: Mapa ng Paghahambing at Pagkakaiba

Himukin ang mga mag-aaral na paghambingin ang kalagayan at papel ng mga kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya. Ang diagram ay ilalagay nila sa Manila Paper. Gagawin nila ito sa loob ng sampung minuto. I-post nila ng magkakalayo sa loob ng silid aralan ang kanilang output.Bigyan ng pagkakataon na makita ng lahat sa pamamagitan ng pagpunta sa bawat poste. Maglagay ng tagapagpaliwanag sa bawat poste na nakahanda ring sumagot sa anumang katanungan ng kamag-aaral.



Gawain Blg. 12: Cluster Web

Muli, gamit ang Manila Paper, ipalagay sa mga bilog ang mga ambag ng kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya sa loob ng labinlimang minuto.Pagkatapos, ipapaskil sa pisara at atasan ang lider na ipaliwanag ang nilalaman ng web. Hikayatin ang mga mag-aaral na magtanong tungkol sa ibinahagi gayundin ang pagbibigay ng kanilang reaksyon.



Gawain Blg. 13: Focused Listing

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga natutunan nila sa pamamagitan ng paglilista sa:

e. Limang mahahalagang konseptong tinalakay sa paksa

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

f. Repleksyon nila tungkol sa kahalagahan ng mga ambag na nagawa ng mga kababaihan

_____
_____
_____

g. Repleksyon nila tungkol sa kalagayan ng mga kababaihan

_____
_____
_____

ILIPAT O ISABUHAY (TRANSFER)

Gawain Blg. 14: Photo Essay

Atasan ang mga mag-aaral na humanap ng mga larawan na nagpapakita kung paano ang pamahalaan ay nagpatupad ng mga programa para sa kagalingang panlahat. Hikayating ipaliwanag nila ang ipinakikita ng mga larawan at kung paano ito nakapagdulot ng transpormasyon sa lipunan sa pamamagitan pagsulat ng sanaysay o essay. Ipadikit sa 1/2 na kartolina ang larawan at ang essay na ginawa. paliwanag ang kriterya ng pagtataya na matatagpuan sa modyul.

Kriterya ng Pagmamarka:

Kaangkupan ng larawan	-	-	-	-	-	8 pts
Nilalaman ng Essay	-	-	-	-	-	7 pts
Pagkamalikhain	-	-	-	-	-	5 pts
						20 pts

PANGHULING PAGSUSULIT

Upang masubok ang iyong nalalaman sa Modyul na ito, subuking sagutin ang mahabang pagsusulit sa ibaba sa pamamagitan ng pagpili sa titik ng tamang sagot sa bawat bilang. Bigyang pansin ang mga aytem na hindi mo nasagot at subukin muling sagutan ang mga aytem habang ginagamit ang Modyul na ito.

8. Ano ang pamamaraang ginamit ng mga Hindu sa pamumuno ni Mohandas Gandhi upang ipakita ang kanilang pagtutol sa mga Ingles?
   *A. Passive resistance
   B. Armadong pakikipaglaban
   C. Pagbabago ng Pamahalaan
   D. Pagtatayo ng mga partido pulitikal

9. Naghangad rin ng kanyang kalayaan ang India. Anong pamamaraan ang isinagawa nito upang matamo ang kanyang hangarin?
   A. Nakipag-alyansa sa mga Kanluranin
   B. Itinatag ang Indian National Congress
   C. Binoykot ang mga produktong English
   *D. Tinulungan ang mga Ingles sa panahon ng digmaan

10. Sa ilalim ng Ingles, nagkaroon ng mga pagbabago sa India na hindi katanggap-tanggap sa mga Indian. Alin ang isang pagbabagong hindi matanggap ng mga Indian?
   *A. Pagpapalaganap ng isang sistema ng edukasyon na ayon sa pamantayang Ingles
   B. Paglilipat ng mga sentro ng gawaing pangkabuhayan sa mga baybaying-dagat
   C. Pagkakaroon ng racial discrimination sa pagbibigay ng posisyon sa pamahalaan
   D. Pagpapahusay ng mga transportasyon at komunikasyon

11. Nang makamit ng India ang kalayaan mula sa Britanya noong 1947, nahati ito sa dalawang estado, ang kalakhang India at Pakistan. Ano ang epekto nito sa katayuan ng bansa at mamamayan?
    A. Nahimok na mag-alsa ang mga Muslim sa mga Hindu.
    *B. Nahati ang simpatiya ng mga mamamayan sa dalawang estado.
    C. Nagsilikas ang karamihan ng mga mamamayan sa ibang bansa.
    D. Nagkaroon ng kaguluhan sa pamumuno.

12. Ang patuloy na paglalaban ng India at Pakistan ay dahil sa kapwa nila nais angkinin ang teritoryong Kashmir. Ano ang epekto ng nasyonalismo sa sigalot na ito?
    *A. Naniniwala ang dalawang magkalabang bansa na pag-aari nila ang Kashmir.
    B. Nais ng dalawang bansa na patunayang makapangyarihan sila.
    C. Umasa ang mga mamamayan na malulutas din ang sigalot na ito.
    D. Tumanggi ang dalawang bansa sa pakikialam ng United National Organization (UNO) sa paglulutas ng kanilang suliranin

13. Noong sinakop ng mga Ingles ang India, nagsimulang pinakialaman ang pulitika ng bansa sa pamumuno ng British East India Company. Naging mababa ang pagtingin ng mga Ingles sa kultura ng India. Maging ang pamamahagi ng mga lupain ay binago rin ng mga Ingles. Sa ganitong pangyayari, napilitan ang mga manggagawang Hindu na mag-aral ng Ingles upang mapaunlad ang sariling kakayahan sa paghahanapbuhay. Anong implikasyon ang mabubuo sa ganitong kaganapan?
    A. Ang pananakop ng mga dayuhan ay nagsilbing aral ng India.
    *B. Ang pananakop ng mga Ingles sa India ay nakatulong sa pag-unlad ng kulturang Hindu.
    C. Ang pananakop ng mga Europeo ay lalong nagpahirap sa kabuhayanng mga Hindu.

7. Ano ang naging epekto ng kolonyalisasyon sa mga rehiyon ng Asya?
    *A. Naging masidhi ang pagkakaroon ng damdaming nasyonalismo ng mga Asyano upang ibangon ang kaunlaran ng bansa.
    B. Naging mapagbigay ang mga Asyano sa naisin ng mga dayuhang bansa.
    C. Natutunan ng mga Asyano ang manakop ng ibang lupain.
    D. Natutong magtiis ang mga Asyano alang-alang sa kapayapaan.

8. Sa pakikipagsapalaran nakamtan ng India ang kasarinlan. Anong uri ng nasyonalismo ang isinagawa ni Gandhi laban sa pananakop ng Britanya?

A. Aggressive
B. Defensive
*C. Passisve
D. Radikal

9. Aling pangyayari ang pumukaw sa damdaming nasyonalismo ng bansang India?

A. Pagbagsak ng kolonyalismo ng mga Turko
B. Pagpapatupad ng economic embargo ng mga Ingles
C. Pagkakapatay kay Mohandas Gandhi
* D. Pagkakaroon ng diskriminasyon sa mga India

19. Alin sa mga sumusunod ang naging masamang epekto ng kolonyalismo sa rehiyong Asya?

A. pag-unlad ng kalakalan
B. pagkamulat sa Kanluraning panimula
C. pagkakaroon ng mga kaalyadong bansa
*D. paggalugad at pakikinabang ng mga Kanluranin sa mga yamang likas

20. May mga kilusang kababaihan sa India,Pilipinas, at Japan upang

A.magsilbing hamon sa kababaihan
*B.isulong ang karapatan at mapabuti ang kalagayan ng kababaihan sa tahanan at lipunan.
C.magbigay ng suportang pinansyal sa kababaihan
D. magpunyagi bilang mga ilaw ng tahanan

12.Isinusulong naman ni Mahatma Gandhi ang kanyang pananaw na ang pinuno ng bansa ang siyang magpakita ng pagpapahalaga sa moralidad. Ang pagpapahalaga na sinasabi ni Gandhi ay ang:

A. maging tapat sa mamamayan at sa konstitusyon
B. mabuting relasyon sa karatig bansa
C. pagkakaroon ng isang asawa at isang pamilya
*D. maging bukas o transparent sa lahat ng kanyang gawain sa tulong sa bayan

13. Dalawang anyo ng nasyonalismo ang ipinakita ng mga Hindu laban sa mga British. Isa dito ay ang kilusang pinamunuan ni Bal Gangadhar Tilak na tinawag na rebolusyonaryong kilusan dahil gumamit ito ng marahas na pagkilos. Ang nakatawag pansin ay ang pinamunuan ni Mohandas K. Gandhi dahil:
A. Mga bata ang kinasangkapan niya sa paglaban sa British
B. Namahagi siya ng mga produktong Hindu
C. Isinagawa niya ito kasama ang mga guro
*D. gumamit ng paraang tahimik tulad ng di pagsunod sa mga kagustuhan ng mga British

14. Ang nasyonalismo ay ang pagsibol ng damdaming makabayan. Nagbigay daan ito para ang mga Asyano ay matutong:
*A. pigilan ang paglaganap ng imperyalismong kanluranin
B. pagiging mapagmahal sa kapwa
C. makisalamuha sa mga mananakop
D. maging laging handa sa panganib

15.Ang panahon ng Kolonyalismo ng mga Kanluranin ay nagdulot ng iba't ibang epekto sa mga bansang Asyano. Alin sa mga sumusunod ang hindi epekto ng pananakop ng mga Kanluranin sa mga bansang Asyano?
A. Nagkaroon ng pag-unlad sa sistema ng transportasyon at komunikasyon na nagdulot nang mabilis pagluwas ng kalakal sa pandaigdigang pamilihan
*B. Naturuan ang lahat ng Asyanong pamahalaan ang kanilang mga sarili sa panahon ng pananakop ng mga Kanluranin
C. Nagkaroon ng paghahalo ng mga lahi dahil sa mga naganap na kasalang katutubo at dayuhan
D. Pangunahing gampanin ng mga bansang Asyano ang tagatanggap ng mga produktong Kanluranin

16. Ano ang ipinapahiwatig ng tagumpay ng kampanya ni Mohandas Gandhi sa kolonyalismo ng mga Ingles sa India?
A. Mahusay na rebolusyonaryong lider si Mohandas Gandhi
*B. Maaaring labanan ang kolonyalismo sa mapayapang paraan
C. Ang pang-aapi ng mga kolonyalista ay may katapusan
D. Naging simbolo si Mohandas Gnadhi ng pagkakaisa ng mga mamamayan sa India

17. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na magandang dulot ng pananakop ng mga Ingles sa pangangalaga ng karapatang pantao ng mga Hindu lalo na ang mga kababaihan?
A. Pag-unlad ng komunikasyon at transportasyon sa India
B. Pagkakaroon ng pagkakataong makapag-aral ang mga mamamayan ng India
*C. Pagbabawal sa ilang matandang kaugaliang Hindu tulad ng "sati" at "female infanticide"
D. Pagbabawal sa matatandang kaugaliang tulad ng "foot binding" at "concubinage"

18.Ano ang kahalagahan ng mataas na antas ng edukasyon sa isang bansa?
*A.Ito ay nagsisilbing instrumento sa pagsulong ng nasyonalismo at interes ng bansa
B.Pinagaganda ang imahe ng bansa kapag ito ay may mataas na bahagdan ng edukadong mamamayan
C.Magandang negosyo ang mga pampribadong paaralan na napagkukunan ng buwis ng pamahalaan
D.Pinalalaki nito ang opurtunidad ng mga tao na mangibang bansa.

19.Bakit sinasabing ang kalakalan ay mahalagang susi sa pagkakaisa ng mga Asyano?
A. Dahil dito ay nagtutulungan ang mga magkakaratig bansa sa Asya
*B. Nagsisilbi itong daluyan ng kultura at pagpapalitang kultural ng mga bansa
C.Maaring lumaki ang kita sa mga usaping block market
D. Sa pamamagitan nito nababatid ang mga bansang palaasa

20.Bakit muling nabuo ang bansang Israel?
A.Dahil sa layuning lumakas ang Judaism
*B.Sa kagustuhang magsama-samang muli ng mga Hudyo
C.Upang matamo ang kanilang kaligtasan
D.Dahil sa pananakop ng ibang lupain

ARALING PANLIPUNAN 8

MODYUL BLG. 4 :ANG SILANGAN AT TIMOG SILANGAN ASYA SA TRANSISYONAL AT MAKABAGONG PANAHON (IKA-16 HANGGANG IKA-20 SIGLO)

PANIMULA AT MGA GABAY NA TANONG

Sa modyul na ito ay mauunawaan mo ang nagpatuloy at nagbago sa mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya na nasakop ng mga Kanluranin. Tandaan na dapat mong maunawaan sa modyul na ito ang sagot sa sumusunod na katanungan:(EQ)

- **Paano nakamit ang transpormasyon sa Silangan at Timog Silangang Asya sa mula ika- 16 siglo hanggang sa ika-20 siglo?**
- Paano **nakaimpluwensiya** sa transpormasyon ng Silangan at Timog Silangang Asya ang karanasan nito sa panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismo?
- Paano **nakatulong** ang pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya sa kasalukuyang kalagayan?
- Paano **nahubog** ng paglaya ng Silangang Asya at Timog Silangang Asya ang transpormasyong naganap noong ika-16 na siglo hanggang sa ika-20 siglo?
- Paano **nakaapekto** sa mga Asyano ang mga pagbabagong naganap sa Silangan at Timog Silangang Asya noong ika -16 hanggang ika- 20 siglo

MGA PAMANTAYAN, ARALIN AT SAKOP NG MODYUL:

PAMANTAYAN

Pamantayang Pangnilalaman
Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng Silangan at Timog – Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon 16- 20 Siglo)

Pamantayan sa Pagganap
Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng Silangan at Timog Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon 16- 20 Siglo)

Kakailanganin sa Pag-unawa:(EU)
Ang patuloy ng transpormasyon sa Silangang Asya at Timog – Silangang Asya ay bunga ng pagsusuri sa mga salik ng pagbabago at pagtutugon sa mga hamon ng panahon

Mahalagang Tanong
Paano nakamit ang transpormasyon sa Silangan at Timog Silangang Asya sa mula 16 siglo hanggang sa 20 siglo?

ARALIN

Aralin 1 – Kolonyalismo at Imperyalismo sa Silangan at Timog-Silangan Asya noong ika 16- hanggang ika-20 siglo
Aralin 2 – Pag-usbong Nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya sa noong ika 16- hanggang ika-20 siglo
Aralin 3 – Hakbang tungo sa Paglaya ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya noong ika 16- hanggang ika-20 siglo
Aralin 4 – Ang mga Pagbabago sa Silangan at Timog – Silangang Asya noong ika 16- hanggang ika-20 siglo



INAASAHANG KAKAYAHAN

Ang sumusunod ang inaasahang kakayanan na matututunan sa Modyul na ito. Tiyaking babasahin at babalik-balikan dahil ito ang magsisilbi gabay sa pagkatuto.

Aralin 1	• Nasusuri ang mga dahilan at paraan ng pagpasok ng mga Kanlurang bansa hanggang sa pagtatag ng kanilang mga kolonya o kapangyarihan sa Silangan at Timog Silangang Asya • Nasusuri ang transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Timog at Timog Silangang Asya sa pagpasok ng mga isipan at impluwensiyang kanluranin sa larangan ng: (a) pamamahala, (b) kabuhayan, (c) teknolohiya, (d) lipunan, (e) paniniwala, (f) pagpapahalaga, at (g) sining at kultura • Naipapaliwanag ang mga nagbago at nanatili sa ilalim ng kolonyalismo • Natataya ang mga epekto ng kolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya • Naihahambing ang mga karanasan sa Silangan at ng Timog Silangang Asya sa ilalim ng imperyalismong kanluranin

Aralin 2	• Nasusuri ang salik at pangyayaring nagbigay –daan sa pag-usbong at pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya • Naipapaliwanag ang iba't ibang manipestasyon ng nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya • Nabibigyang halaga ang papel ng nasyonalismo sa pagbuo ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangan
Aralin 3	• Naihahayag ang pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo • Nasusuri ang pamamaraang ginamit sa Silangan at Timog Silangangn Asya sa pagtatamo ng kalayaan mula sa kolonyalismo ng kilusang nasyonalista • Nasusuri ang matinding epekto ng mga digmaang pandaidig sa pag-aangat ng malawakang kilusang nasyonalista • Nasusuri ang kaugnayan sa iba't ibang ideolohiya(ideolohiya ng malayang demokrasya, sosyalismo at komunismo) sa malawakang kilusang nasyonalista
Aralin 4	• Naihahambing ang mga pagbabago sa mga bansang bumubuo sa Silangan at Timog – Silangang Asya • Nasusuri at naihahambing ang balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangangn Asya • Nasusuri ang mga anyo at tugon sa Neokolonyalismo sa Silangan at Timog-Silangang Asya • Nasusuri at naihahambing ang mga palatuntunang nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan sa pangkalahatan, at ng kababaihan, grupong katutubo, mga kasapi ng *caste* sa India at iba pang sektor ng lipunan • Naihahambing ang kalagayan at papel ng kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Timog Silangan at Silangang Asya at ang kanilang ambag sa bansa at rehiyon • Naiuugnay ang mga kasalukuyang pagbabago, pang-ekonomiya na naganap/ nagaganap sa kalagayan ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya • Nasusuri ang pagkakaiba-iba ng antas ng pagsulong at pag-unlad ng Timog at Timog Silangang Asya gamit ang estadistika at kaugnay na datos • Nasusuri ang epekto ng kalakalan sa pagbabagong pang-ekonomiya at pangkultura ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya • Nasusuri ang epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunn sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampolitika • Nasusuri ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano • Natataya ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay • Napahahalagahan ang mga kontribusyon ng Silangan at Timog Silangang Asya sa larangan ng sining at humanidades at palakasan • Nahihinuha ang pagkakakilanlan ng kulturang Asyano batay sa mga kontribusyon nito

MGA INAASAHANG KAKAYAHAN

Upang maisakatuparan ang pagkatuto sa Modyul na ito, kailangan alalahanin at gawin ang sumusunod:

1. Mabigyang kahulugan ang mahahalagang konsepto na may kaugnayan sa paksa
2. Makapagsuri ng mga talahanayan, larawan at primaryang sanggunian
3. Makabuo ng pag-unawa tungkol sa mga nanatili, nagbago at nagpatuloy sa lipunang Asyano mula ika-16 na siglo hanggang sa ika-20 siglo at ang epekto nito sa mga mamamayan.
4. Makilahok sa kinabibilangang pangkat sa pagtupad ng iba't ibang gawaing pampagkatuto.
5. Makapagsulat ng iyong repleksiyon o realisasyon tungkol sa iba't ibang antas ng transpormasyon ng mga bansang Asyano

PLANO SA PAGKATUTO

Mapa ng mga Gawain

ACTIVITIES FOR ACQUIRING KNOWLEDGE AND SKILLS	ACTIVITIES FOR MAKING MEANING AND DEVELOPING UNDERSTANDING	ACTIVITIES LEADING TO TRANSFER
	EXPLORE/ALAMIN	
(A1)Gawain 1:Hanapin Mo Ako, Kung Kaya Mo!		
(A2) Gawain1: Picture Analysis		
(A3)Halu-ayos-laya		
(A4) Gawain 1:Ano Alam Ko? (IRF Worksheet)		

FIRM UP		
	(A1)Gawain 4:Balikan Natin	
	(A1)Gawain 5:Pagsusuri	
	(A1)Gawain 6:Kung Ikaw ay Isang Mananakop	
	(A1) Gawain 7:Map Analysis – Unang Yugto	
	(A1) Gawain 9:Map Analysis – Ikalawang Yugto	
(A2) Gawain 3: Buuin Natin – Silangang Asya		
(A2)Gawain 4: Buuin Natin – Timog Silangang Asya		
(A3) Gawain 3: Suri-Teksto		
(A4)Gawain3: Data Retrieval Chart		
(A4) Gawain4: Time Line		
(A4) Gawain 5: Economic Crisis		
(A4) Gawain 8: Neokolonyalismo		
(A4) Gawain 10: Tabular Chart		
(A4) Gawain 12: Kahalagahan ng Edukasyon		
(A4) Gawain 14: Relihiyon		
(A4) Gawain 16: Pamana		

DEEPEN		
(A1) Noon at Ngayon		
		(A2**)**Gawain 8: Ang Aking Panata
(A3)Gawain 5: Re – solusyon		
	(A4)Gawain 18: Alam Ko Na!Compare and Contrast Diagram	
TRANSFER		
(A1)Imbestigasaysayan		
(A1)Thesis-Proof Worksheet		
(A2)Suriin Natin Thesis Proof Worksheet		
(A3)Gawain 8 : Paggawa ng *Resolution*		
(A4)GRASPS		

Legend A1= Aralin1 A2=Aralin 2 A3=Aralin 3 A4=Aralin4

Mapa ng Pagtataya

TYPE	KNOWLEDGE AND PROCESS/ SKILLS (ACQUISITION)	UNDERSTANDING (MEANING MAKING)	TRANSFER
PRE-ASSESSMENT/ DIAGNOSTIC	(A1)Gawain 2: Mapa-nakop		
	(A1)Gawain 3:Hagdan sa Aking Pag-unlad		
	(A2) Gawain 2: Ang Aking Pag-unawa *Generalization table*		
	(A3) SAAN KA PA!!! *Anticipation-Reaction Guide*		
	(A4) Gawain 2:Poll Opinyon		
	(A1-4)Pre-test		
FORMATIVE ASSESSMENT		(A1)Gawain 8: Paghahambing – Unang Yugto	
		(A1)Gawain 10: Pagsusuri	(A1)Gawain13: Noon at Ngayon
		(A1)Gawain 11: Paghahambing-Imperyalismo	
		(A1)Gawain 12: Paghahambing	
	(A1)Gawain 15: Hagdan ng Aking Pag-unlad Hagdan ng Aking Pag-unlad		
		(A2)Gawain 5: Pagsulat ng Sanaysay	
		(A2) Gawain 6: Daloy ng Kasaysayan	

		(A2)Gawain 7	
	(A3)Text Analysis		
		(A4) Gawain 6: Game Na! (321 Chart)	
		(A4) Gawain 7: Complete IT! (Sentence Completion)	
		(A4)Gawain 9:What's on your mind (One Minute Essay)	
		(A4) Gawain 11: Punto de Bista! (Checklist Issue Base	
		(A4) Gawain 15: What's your Stand? (Yes or No Card)	
		(A4) Gawain 17: Proud to be Asian	
SUMMATIVE ASSESSMENT	(2)Gawain 7:Ang Aking Pag-unawa-Generalization Table		(A1)Gawain 16: Imbestigasaysayan
			(A2) Gawain 10: Suriin Natin (*Resolution Analysis-Thesis Proof Worksheet)*
			(A3)Resolution Making
	(A3)Matrix organizer		
	(A3)Anticipation-Reaction Guide		
	(A4)IRF Worksheet		
	(A4)Poll Opinyon		
			(A4)GRASPS
	(A1-4)Post-test		
SELF-ASSESSMENT		(A1)Gawain 14: Pagsulat ng Repleksiyon	

		(A2) Gawain9: Padsulat ng Repleksiyon	
		(A3) Reflection Journal	
		(A4) Gawain 19: Tuklasin mo	

Legend A1= Aralin1 A2=Aralin 2 A3=Aralin 3 A4=Aralin4

PERFORMANCE TASK AND RUBRIC CRITERIA

Bunsod ng iba't ibang suliraning kinakaharap sa Silangang Asya at Timog – Silangang Asya nagpasya ang mga bansang bumubuo dito na magdaos ng isang kumperensiya upang talakayin ang mga naturang suliranin. Bilang isang kinatawan ikaw ay inaasahang makapagbigay ng mga mungkahi kung paano lulutasin ang mga nasabing suliranin. Ang iyong mga mungkahi ay ilalahad sa mga iba pang kinatawan ng kumperensiya sa pamamagitan ng power point presentation. Ang iyong mungkahi ay mamarkahan batay sa mga sumusunod na pamantayan: kaalaman sa paksa, pinaghalawan ng datos, organisasyon, presentasyon, kaangkupan ng mungkahi.

(G)**Goal**	Talakayin ang mga suliranin ng kinakaharap ng Silangan at Timog – Silangang Asya
(R)**Role**	Kinatawan ng isang bansa
(A)**Audience**	Iba't ibang kinatawan mula sa ibang bansa ng dalawang rehiyon
(S)**Situation**:	May mga suliraning kinakaharap ang mga bansa sa Silangan at Timog – Silangang Asya na kailangang mabigyan ng agarang solusyon
(P)**Performance**	Makapaglahad ng proposal sa pamamagitan ng powerpoint presentation
(S)**Standards**:	Kaalaman sa paksa, pinaghalawan ng datos, organisasyon, presentasyon, kaangkupan ng mungkahi

RUBRIC

SCAFFOLD OF TRANSFER

Kriterya	4	3	2	1
Kaalaman sa Paksa	Higit na nauunawaan ang mga paksa. Ang mga panguhaning kaalaman ay nailahad at naibigay ang kahalagahan, wasto at magkaka-ugnay ang mga impormasyon sa kabuuan.	Nauuwanaan ang paksa ang mga pangunahing kaalaman ay nailahad ngunit di-wastoang ilan: may ilang impormasyon na hindi maliwanag ang pagkakalahad.	Hindi gaanong maunawaan ang paksa. Hindi lahat ng pangunahing kaalaman ay nailahad may mga maling impormasyon at hindi naiugnay ang mga ito sa kabuuang paksa.	Hindi maunawaan ang paksa ang mga pangunahing kaalaman ay hindi nailahad at natalakay at walang kaugnayan ang mga pangunahing impormasyon sa kabuuang Gawain.
Pinaghalawan ng Datos	Binatay sa iba't ibang saligan ang mga kaalaman tulad ng mga aklat, pahayagan, video clips, interview, radio at iba pa.	Ibinatay sa iba't ibang saligan ang mga impormasyon ngunit limitado lamang.	Ibinatay lamang ang saligan ng impormasyon sa batayang aklat lamang.	Walang batayang pinagkunan at ang mga impormasyon ay gawa-gawa lamang.
Organisasyon	Organisado ang mga paksa at sa kabuuan maayos ang presentasyon ng Gawain ang pinag-sama-samang ideya ay malinaw na naipapahayag at natatalakay gamit ang mga makabuluhang powerpoint presentation.	Organisado ang mga paksa sa kabuuan at maayos na presentaasyon ngunit di masyado nagamit ng maayos ang powerpoint presentation.	Walang interaksyon at ugnayan sa mga kasapi. Walang malinaw na presentasyon ng mga paksa. May powerpoint presentation ngunit hindi nagamit at nagsilbi lamang na palamuti sa pisara?	Di organisado ang paksa. Malinaw na walang preperasyon ang paksa.
Presentasyon	Maayos ang pagkakalahad. Namumukod tangi ang pamamaraan, malalakas at malinaw ang pagsasalita sapat para marinig at maintindihan ng lahat	Maayos ang paglalahad. May ilang kinakabahan at may kahinaan ang tinig	Simple at maikli ang presentasyon	Ang paglalahad ay hindi malinaw. Walang gaanong presentasyon.
Kaangkupan ng Mungkahi	Ang mga mungkahi ay naaangkop sa iba't ibang bansa at sensitibo sa lahat ng antas ng lipunan	Ang mga mungkahi ay naaangkop sa iba't ibang bansa	May ilang mungkahi na hindi naaangkop sa ibang bansa	Maraming mga mungkahi ang hindi angkop sa ibang bansa

LEVEL 1	LEVEL 2	LEVEL 3	LEVEL 4

DIRECTED PROMPT	OPEN PROMPT	GUIDED TRANSFER	INDEPENDENT TRANSFER
*1. Inform the students **the skills** they are expected to demonstrate.* *2. Provide **step-by-step instruction** on how to do the skills and check their work.* *3. Provide this task during Firm Up or Interaction stage.*	*1. Provide students another task similar to that given in Level 1.* *2. Instead of giving a step-by-step instruction, prompt the students to do the steps on their own. If different procedures are given, ask students to choose which procedure they would use. Students may also be asked to vary the steps they learned.* *3. Providethis task during Firm Up or Interaction stage.*	*1. Provide a real world situation where the skills taught in Levels 1- 2 are applied.* *2. Instead of directing the students step-by-step to use the skills they learned in previous levels, ask students to look back on the skills they learned and determine which of these they would use to meet the requirements of the given task.* *3. Provide this task during Deepen or Interaction stage.*	*1. Provide a real world situation similar to Level 3 where the skills taught in Levels1-2 are applied.* *2. Purposely refrain from suggesting to students to use the skills they learned in Levels 1-2. Have students on their own figure out which of the skills they learned in previous levels they would use to meet the standards in the given task.* *3. Provide task during Transfer or Integration stage.*
TASK: Gawain: Pagsusuri ng dokumento/artikulo Bibigyan angmga mag-aaral ng mga dokumento tulad ng artikulo at larawan na nagpapakita at	**TASK:** Gawain: Pagsusuri ng *resolution* sa mga kaganapan sa Silangang Asya at Timog Silangang Asya 1. Angmga mag-aaral ay bibigyan ng	**TASK:** Gawain: Paggawa ng *resolution* Bilang paghahanda sa gagawing *Performance Task* ay ibibigaysamga mag-aaral ang sitwasyong ito Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig maraming isyu ang umusbong sa Silangan at	**TASK:** **Performance Task**-Paggawang *Proposal Paper* Bunsod ng iba't – ibang suliraning kinakaharap sa Silangang Asya at Timog – Silangang Asya nagpasya ang mga bansang bumubuo dito na magdaos ng isang kumperensiya upang talakayin ang mga naturang suliranin. Bilang isang kinatawan ikaw ay

tumatalakaysa mga suliranin sa Silangang Asya at Timog Silangang Asya. 2. Susuriin ng mga mag-aaral ang mga nasabing dokumento gamit ang *Cause and Effect.* 3.Pagkatapos ng pagsusuri gagabayan ang mag-aaral bumuong paghihinuha gamit ang *"Guide Question Sheet"*	sipi ng isang halimbawa ng *resolution* na may kaugnayan sa mga usaping na nagpayabongng nasyonalismong mga taga – Silangan at Timog – Silangang Asya 2. Susuriin ng mga mag – aaral ang mga problema ng hinarap ng rehiyon sa Silangan at Timog Silangang Asya at ang solusyong tinahak para makamtan ang nasyonalismo 3. Isusulat nila ang kanilang pagsusuri sa Thesis Proof Worksheet at iprepresenta gamit ang power point presentation 4. Gamitin ang peer review checklist para sa pagbibigay puna	Timog Silangang Asya. Isa na ditto ang sigalot dulot ng pag-aagawan sa teritoryo. Ikaw,bilang ambassador ng iyong bansa ay gagawa ng isang resolution para ipakita ang iyong mga punto sa teritoryong inaangkin . Ang iyong nabuong resolusyon ay maglalaman ng mga naging problema bunsod Ng Nasabing usapin at mga mungkahing solusyon upang malutas ang sigalot na ito gamit ang *powerpoint presentation* Ang resolution na ginawa ay huhusgahan batay sa mga sumusunod na pamantayan--- Maliwanag at maayos ang pagkakalahad ng resolusyon Sapat at katanggap-tanggap ang mga mungkahing solusyon sa suliranin Nakapaglahad ng mga datos batay sa realidad ng suliranin na binibigyan ng solusyon	inaasahang makabuo ng mga *proposal paper* kung paano lulutasin ang mga nasabing suliranin. Ilalahad ito saiba pang kinatawan ng kumperensiya sa pamamagitan ng *power point presentation*. Angiyong *proposal paper* ay mamarkahan batay sa mga sumusunod na pamantayan: kaalaman sa paksa, pinaghalawan ng datos, organisasyon, presentasyon, kaangkupan ng mungkahi.

Table of Specification
(Pre/Post-Assessment)

ASIGNATURA: ARALING PANLIPUNAN GRADE 8
GRADE 8 QUARTER 4 UNIT 4
UNIT TOPIC: Ang Silangan at Timog Silangang Asya sa Transiyonal at Makabagong Panahon (16-20 siglo)
CONTENT STANDARD: Naipapamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Silangan at Timog Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 Siglo)
PERFORMANCE STANDARD: Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Silangan at Timog Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong panahon.

LESSON CONTENT	Knowledge 20%	Skills/Process 20%	Understanding 30%	Product/Performance 30%	NO. OF ITEMS
Aralin 1 – Kolonyalismo at Imperyalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya	**1**	**1**	**1**	**1**	**4**
Aralin 2 – Pag-usbong ng Nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya	**1**	**1**	**2**	**2**	**6**
Aralin 3 – Hakbang tungo sa paglaya ng Silangan at Timog Silangang Asya	**1**	**1**	**1**	**1**	**4**
Aralin 4 – Pagbabago at mga Hamong kinaharap ng Silangan at Timog Silangang	**1**	**1**	**2**	**2**	**6**

Asya					
	SUB-TOTAL NO. OF ITEMS: **4**	**SUB-TOTAL NO. OF ITEMS:** **4**	**SUB-TOTAL NO. OF ITEMS:** **6**	**SUB-TOTAL NO. OF ITEMS:** **6**	**TOTAL NO. OF ITEMS (100%)** **20**

Pre- Assessment Matrix

Content Standard: Naipapamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Silangan at Timog Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 Siglo)

Performance Standard: Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Silangan at Timog Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong panahon

Levels of Assessment	***What will I assess?***	***MC ITEM***	***CORRECT ANSWER AND EXPLANATION***
Knowledge (15%)	Natataya ang mga epekto ng kolonyalismo sa Silangan at Timog – Silangang Asya	1. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan ng epekto ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin sa ekonomiya ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo? a.Nagpatayo ng mga simbahan upang maipalaganap ang relihiyong Kristiyanismo b.Nagtalaga ng mga banyagang kinatawan upang pamunuan ang nasakop na bansa c.Nagpagawa ng mga kalsada at riles ng tren upang mapabilis ang pakikipagkalakalan d..Nagpalabas ng mga kautusan upang mapasunod ang mga katutubong Asyano	C. Inilalarawan dito ang ginawa ng mga Kanluraning bansa sa mga sinakop na bansang Asyano sa aspetong pang-ekonomiya. Nakita ng mga Kanluranin na maraming likas na yaman ang mapakikinabanganila kung kay't isinaayos nila ang transpormasyon at komunikasyon upang mapabilis ang kanilang pagkamkam sa yaman ng Asya.
	Nasusuri ang mga pamamaraang ginamit sa Silangan at Timog-Silangang Asya sa pagtatamo ng kalayaan mula sa kolonyalismo sa	2. Isa ang Tsina sa mga bansang nakaranas ng pananakop ng mga Kanluranin. Magkakaiba ang pamamaraan at layunin ng mga Tsino na nakipaglaban para makamit ang kanilang kalayaan. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari na may kaugnayan sa pagpapakita ng mga Tsino ng damdaming Nasyonalismo.	C. II, III, I, at IV Ipinapakita dito ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa Tsina na may kaugnayan sa pagkamit ng kalayaan mula sa mga Kanluranin. Nagsimula ito sa mga grupo na tinatawag na Boxer, sinundan ng mga Taiping, sumunod ang pamumuno ni

	kilusang nasyonalista	I. Pagtatatag ni Sun Yat Sen ng partidong Kuomintang II. Paghihimagsik ng mga Boxer laban sa mga Kanluranin III. Pagsiklab ng Rebelyong Taiping laban sa mga Manchu IV. Pagsikat ng partidong Kunchantang sa pamumuno ni Mao Zedong A. III, II, I at IV B. I, II, III, at IV C. II, III, I, at IV D. IV, III, I, at II	Sun Yat Sen at ang huli ay si Mao Zedong.
	Naipapahayag ang pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng nasyonalismo ng Silangan at Timog-Silangang Asya sa pagbibigay wakas sa kolonyalimo/imperyalismo	3. Sa paglaya ng maraming bansa sa Asya ang isa sa pinaka nakatulong upang makamit ang paglaya ay ang pagkakaroon ng pambansang kamalayan kagaya nang pagtatanggol sa bayan, paghahandog ng sarili para sa bayan, pag-iisip kung ano ang ikabubuti ng sambahayan ang konseptong tinutukoy ay- a. Patriotismo b. Kolonyalismo c. Nasyonalismo d. Neokolonyalismo	C. Nasyonalismo Sapagkat ang binibigyang kahulugan ay ang konseptong Nasyonalismo. Ang Nasyonalismo ay isang kamalayan na may pagpapahalaga sa pagiging kabilang sa isang nasyon
	Napapahalagahan ang mga kontribusyon ng Silangan at Timog-Silangang Asya sa larangan ng sining, humanidades, at palakasan	4. Inanyayahan ka ng iyong kaibigan na manood ng pagtatanghal ng Miss Saigon na gaganapin sa CCP. Gaganap ka bilang Kim, ang pangunahing tauhan sa nasabing pagtatanghal si Lea Salonga. Sa anong larangan siya nakilala? a. Arkitektura b. Musika c. Palakasan d. Pulitika	B. Musika Kilala si Lea Salonga bilang kauna-unahang Pilipino at Asyano na nagwagi bilang Best Actress sa prestihiyosong Tony Awards dahil sa kaniyang pagganap bilang Kim sa stage play na Miss Saigon
Process/ Skills (25%)	LC: Nasusuri ang transpormasyon ng mga pamayanan at		b. kabuhayan Maraming naging epekto ang kolonyalismo

	estado sa Silangan at Timog – Silangang Asya sa pagpasok ng mga isipan at impluwensiyang Kanluranin sa larangan ng: a.) pamamahala, b) kabuhayan, c.) teknolohiya, d.) lipunan, e.) paniniwala, f.) pagpapaphalaga, g.) sining at kultura	5.Maraming pagbabago ang naganap sa mga bansang napasailalim sa kapangyarihang kanluranin. Suriin ang tsart sa ibaba na nagpapakita ng epekto ng kolonyalismo sa isang bansa. Sa iyong palagay, anong aspeto ang nagbago na ipinapakita ng tsart?  a. edukasyon b. kabuhayan c. lipunan d. pulitika	sa mga bansa nasakop ng mga kanluraning kapangyarihan. Nabago ang kabuhayan, edukasyon, politika at sa lipunan. Ang mga naging epekto ng kolonyalismo sa kabuhayan ay a) naubos ang mga natural resources b) lumaganap ang kahirapan at c) lumaganap ang pagtatanim ng mga produkto para sa monopoly.
	Natutukoy ang mga bansang Kanluranin	6. Para sa aytem na ito, suriin ang ipanapakita ng mapa sa ibaba: 	A. Great Britain, Netherlands, Portugal at Spain

	nanakop sa Silangan at Timog-Silangang Asya	 6. Ayon sa mapa, ano-ano ang mga bansang Kanluranin na nanakop ng mga lupain sa Silangan at Timog Silangang Asya? a. Great Britain, Netherlands, Portugal, Spain b. France, Netherlands, Spain, Portugal c. Portugal, United States of America, Spain, Netherlands d. United States of America, Spain, Portugal, Great Britan	Ang mga nabanggit na bansa ay kabilang sa mga Kanluranin na nanakop ng lupain sa Unang Yugto ng Kolonyalismo sa Asya. Ang mga bansang France at United States of America na makikita sa ibang pagpipilian ay kabilang sa mga Kanluranin na nanakop ng lupain sa Ikalwang Yugto ng Imperyalismo sa Asya.
	Naipapahayag ang pagpapahalaga sa bahaging ginampanan ng nasyonalism ng Silangan at Timog-Silangang Asya sa pagbibigay wakas sa kolonyalimo/imperyalismo	7. Nadama ng maraming bansa sa Timog Silangang Asya ang pagnanais na lumaya. Alin sa mga sumusunod ang isa sa mga pamamaraang ginamit sa Timog Silangang Asya kagaya ng Pilipinas, Indonesia, Myanmar at iba pa upang lumaya? a. Pagsunod at paghihintay b. Pagtutol at pakikipagtulungan c. pakikipagtulungan at pagpapakabuti d. Pananahimik at pagwawalang bahala	B. Pagtutol at pakikipagtulungan Dahil ang karaniwang mga bansa sa Timog Silangang Asya ay nakamit ang kalayaan sa pamamagitan ng pakikipaglaban at pakikipagtulungan kagaya ng Indonesia lumaban sila sa mga Olandes upang makamit ang kalayaan,ang Thailand nakipagtulungan sa Hapones

	Nasusuri ang epekto ng mga samahang kababaihan at ng mga kalagayang panlipunan sa buhay ng kababaihan tungo sa pagkakapantay pantay pagkakataong pang ekonomiya at karapatang pampulitika	 http://en.wikipedia.org/wiki/File:Aung_San_Suu_Kyi_17_November_2011.jpg Megawati Sukarnoputri Corazon Aquino Aung San Suu Chandrika Kumaratunga 8. Ano ang pagkakatulad ng nagawa ng mga kababaihan na nasa larawan sa itaas? a. Nagtaguyod ng demokrasya sa kanilang bansa b. Nakibaka para sa karapatan ng mga babae sa kanilang bansa c. Nanungkulan sa pinakamataas na posisyon sa pamahalaan ng kanilang bansa d. Nagpairal ng bagong uring pamahalaan sa kanilang bansa	C. Nanungkulan sa pinakamataas na posisyon sa pamahalaan ng kanilang bansa Ang apat na kababaihan na nasa larawan ay pawing mga naging lider ng kani-kanilang bansa.
Understanding (30%)	ENDURING UNDERSTANDING: Ang patuloy ng transpormasyon sa Silangang Asya at Timog – Silangang Asya ay bunga ng pagsusuri sa mga salik ng pagbabago at pagtutugon sa mga hamon ng panahon	 http://www.google.com.ph/imgres?q=colonialism+in+southeast+asia&num=10&hl=fil&biw=1280&	A. Ipinapakita ng larawan ang pagkontrol ng mga mananakop sa agrikultura ng kolonya.

		bih=563&tbm=isch&tbnid=aXFAxKOiZN7vyM:&imgrefurl=http://blogs.bauer.uh.edu/vietDiaspora/blog/colonial- 9. Suriin ang larawan sa itaas. Ano ang mahihinuha mo sa uri ng buhay ng mga tao sa ilalim ng mga mananakop? a. Ang pagsasaka ay kinontrol ng mga mananakop. b. Mas napalago nila ang buhay agrikultura. c. May kalayaan ang mga sinakop sa kanilang pamumuhay. d. Sila ay lubos na binabantayan sa kanilang pagtatrabaho.	
		10. Para sa aytem na ito, suriin ang mapa ng Asya sa ibaba: 	B. Iba-iba ang paraan ng pagtugon ng mga Asyano sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo May mga Asyano na gumamit ng mapayapang pamamaraan tulad ng civil disobedience at propaganda. Ang iba naman ay nakipaglaban sa pamamagitan ng dahas.

		Ano ang iyong mahihinuha mula sa mapa? a. Karamihan ng mg bansang nasakop ng mga Kanluranin ay kabilang sa Timog, Silangan at Timog Silangang Asya b. Iba-iba ang paraan ng pagtugon ng mga Asyano sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo c. Dumanas ng pagmamalupit at pang-aabuso ang mga Asyano sa kamay ng mga mananakop d. Ang paglaya ng isang bansa ay nasa kamay ng isang mahusay na pinuno	
	MISCONCEPTION: Forge documents	11. Pahayag 1: Ang lahat ng mga bansa sa Silangan at Timog- Silangang Asya ay sinakop ng mga Europeo. Pahayag 2: Ang mga bansang lumaya sa pananakop ng mga Kanluranin ay naging demokratikong bansa a. Pahayag 1 ay tama, pahayag 2 ay mali b. Pahayag 1 ay mali, pahayag 2 ay tama c. Lahat ng pahayag ay tama. d. Lahat ng pahayag ay mali.	D. Hindi lahat ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay nasakop (Thailand, Korea ay hindi nasakop), at ang ibang lumayang bansa ay naging komunistang bansa
		12. Paano naapektuhan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang Silangan at Timog Silangang Asya sa pag-aangat ng mga malawakang kilusang nasyonalista? a. Nagpatuloy ang digmaan at nagkaroon ng digmaang sibil b. Lumakas ang nasyonalismo at dahil dito nakamit ang kasarinlan c. Nagkaroon ng lakas ng loob na lumaban upang makamtan ang kalayaan d. Milyon-milyong mamamayan ang namatay at maraming lungsod ang nasira	B. Lumakas ang nasyonalismo at dahil dito nakamit ang kasarinlan Dahil ang tinutukoy sa katanungan ay pag-aangat ng malawakang kilusang nasyonalista at tanging ang titik B ang tumukoy sa nasyonalismo bilang pamamaraan sa paglaya

		13. Para sa aytem na ito, suriin ang larawan sa ibaba  Akamasu ang pag unlad ng ekonomiyang Asyano sa gansangl umilipad(flying geese). Ano ang mensaheng ipinahihiwatig nito? a. Magkakaiba ang antas ng pag-unlad ng mga bansang Asyano. b. Mabagal ang pag-unlad ng mga bansang Asyano. c. Magkakasabay ang tinatamasang pag-unlad ng mga bansang Asyano. d. May malaking impluwensiya ang mga kanluraning bansa sa pag-unlad ng mga bansang Asyano.	A. Magkakaiba ang antas ng pag-unlad ng mga bansang Asyano Tulad ng mga “flying geese” na may nauuna at nahuhuli, may mataas at mababa ang lipad, ganoon din ang pag-unlad ng ekonomiya ng mga Asyano.
		14.Sa paglipas ng panahon ay patuloy na nadaragdagan ang pangalan ng mga Asyanong nagtatagumpay sa iba’t ibang larangan ng palakasan sa daigdig. Paano nakaapekto ang tagumpay na ito ng mga bansang Asyano sa pananaw ng mga bansa sa daigdig? a.Naging sentro ng kontrobersiya ang tagumpay na natamo ng mga Asyano. b.Kinilala ang Asya sa larangan ng palakasan bilang isang *powerhouse.* c.Itinuring na balakid ng ibang mga bansa ang tagumpay na tinamo ng mga Asyano sa kanilang sariling hangarin. d.Maraming atletang Asyano ang hinangad ng ibang mga bansa na makuha nila.	B.Kinilala ang Asya sa larangan ng palakasan bilang isang *powerhouse.* Tumanggap ng mga parangal ang mga atletang Asyano sa mga pandaigdigang paligsahan dahl sa kanilang husay sa larangan ng palakasan.

Product/Performance (30%)	GRASPS Ang mga mag-aaral ay kritikal na nakapagsusuri sa mga pagbabagong nagaganap sa Silangan at TImog – Silangang Asya at nakagagawa ng matalinong pagpapasya sa pamamagitan ng aktibong pagtugon.	15. Maraming pagbabago ang dulot ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin sa Asya. Isa dito ay ang pagbabago sa kultura na naging dahilan sa kawalan ng tunay na pagkakaisa ng mga mamamayang Asyano sa kani-kanilang bansa. Makikita na may kaugnayan sa mga hamon na nararanasan ng mga Asyano sa kasalukuyan. Ano ang nararapat na gawin upang maging bahagi sa paglutas ng nabanggit na suliranin? a. Sisihin ang mga Kanluraning bansa na nanakop sa mga bansang Asyano b. Tanggihan ang mga turista na mula sa mga bansa na nanakop noon sa Asya c. Magsumikap sa pag-aaral upang hindi maging pabigat sa lipunan d. Tanggapin ang mga pagbabagong naganap at gamitin para mapaunlad ang bansa	D. Ang panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismong Asyano ay panahon din ng transpormasyon dahil sa mga pagbabagong naganap sa pamahalaan, ekonomiya, at kultura ng mga Asyano. Mahalagang maunawaan mo na hindi na maibabalik ang nakaraan subalit maaring magamit ang mga pagbabagong naranasan upang maisaayos ang anomang pagkakamali at maipagpatuloy ang mga magagandang nasimulan. Patuloy pa din ang transpormasyon sa kasalukuyan kung kaya't mahalagang tanggapin ang mga pagbabago at gamitin ito sa paraang makatutulong sa pag-unlad ng sariling bansa
		16. Nabuo ang nasyonalismo sa Asya bilang reaksiyon ng mga Asyano sa kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin. May mga gumamit ng civil disobedience, rebolusyon, pagyakap sa ideolohiya, pagtanggap sa mga pagbabagong dala ng mga dayuhan at pagtatag ng mga makabayang samahan upang ipakita ang damdaming nasyonalismo. Bilang mag-aaral paano mo maipakikita ang pagmamahal sa bayan sa kasalukuyang panahon? a. Maging mabuting mag-aaral at makilahok sa mga gawaing pangkomunidad b. Makiisa sa mga samahan na nagsusulong ng pangangalaga sa kalikasan c. Mag-aral ng mabuti upang hindi maging pabigat sa lipunang kinabibilangan d. Magtayo ng samahan upang pagbayarin ang mga Kanluranin sa kanilang kasalanan	A. Sa kasalukuyang panahon ang nasyonalismo ay maaaring maipamalas ng isang mag-aaral sa pamamagitan ng pagiging isang mabuti at masipag na mag-aaral dahil makatutulong ito upang siya ay maging mulat sa mga nangyayari sa kaniyang paligid. Bukod dito, mahalaga din na siya ay maging aktibo sa mga gawaing pangkomunidad upang magkaroon siya ng kontribusyon sa pagpapanatali ng kaayusan at kaunlaran sa kanilang lugar.

		17. Mahigpit na pinagtatalunan ng bansang China at Pilipinas ang mga isla ng Spratly na tinatawag din ng mga Pilipino na Kalayaan Islands. Noong panahon ng kolonyalismo at imperyalismo, ang mga teritoryo ng mga bansang Asyano ay sinakop ng mga Kanluranin, ano ang nararapat gawin upang maiwasan na mauwi sa pananakop ng China ang sigalot sa Spratly Islands? a. Idulog ang usapin sa pandaigdigang husgado upang maresolba ng mapayapa ang nabanggit na krisis b. Palakasin ang puwersang pandigma ng Pilipinas upang maging handa sa posibleng digmaan c. Humingi ng tulong sa mga malalakas na bansa upang matapatan ang malakas na puwersa ng China d. Makipagkasundo sa pinuno ng pamahalaang Tsino upang paghatian ang mga isla sa Spratly	A. Maaari pa rin na maipakita ang damdaming nasyonalismo sa kasalukuyan sa pamamagitan ng isang diplomatiko at mapayapang paraan. Sa ganitong sitwasyon, hindi kinakailangan na makipagtapatan ng puwersa o lakas sa mga bansang nagiging katunggali o kasamaan ng loob. Ito ay magdudulot lamang ng pagkasira ng mga ari-arian, ng kalikasan at pagkamatay ng mga inosenteng mamamayan. Ang isang taong nagtataglay ng damdaming nasyonalismo ay hindi maghahangad na maganap ang mga nabanggit na karahasan sa kaniyang sariling bayan.
		18. Kung ikaw ay isa sa mga namumuno sa ating bansa at papasok ka sa mga kasunduan ano ang dapat na isasaisip sa pagsusulong nito? a.Isusulong ang interes ng ating bansa at babantayan ang ating karapatan b.Isusulong ang malayang kalakalan upang umunlad ang ating ekonomiya c.Bibigyang pabor ang interes ng ibang bansa upang mapanatili ang kapayapaan d.Isusulong ang pag-unlad ng ating bansa kahit maapektuhan ang ating kapaligiran	A.Dahil ang pagsusulong ng ating interes at pagbabantay sa ating karapatan ang kailangan upang hindi tayo makontrol ng ibang bansa at maranasan ang ginhawa ng pagiging malaya

		19.Ang mga demonstrasyon na naganap sa EDSA sa Pilipinas noong 1986 at Tiananmen sa China noong 1989 ay parehong nauwi sa isang rebolusyon. Paano nagkakatulad ang dalawang magkahiwalay na pangyayari sa kasaysayan? http://www.theepochtimes.com/n2/images/storie/ http://2.bp.blogspot.com/-Iep97hIN73Y/T0WMsEhWT5I large/2010/06/03/tiananmen+square+massacre.jpg AAAAAAAAAY0/f1SgmJeLZIo/s1600/edsa+uprising+/ 2.jpg http://i.telegraph.co.uk/multimedia/archive/ http://news.asiaone.com/A1MEDIA/news/ 01416/tiananmen_square8_1416033i.jpg 02Feb12/images/20120225.104422_edsa.jpg	B. May kakayanan ang mamamayan na maipahatid sa pamahalaan ang kanilang naisin Ito ang pinakamabisang gawin ng pamahalaan sa halip na umaasa sa tulong mula sa iba o di kaya'y lumikha ng panibago pang suliranin

		a.May kakayanan ang pamahalaang tumanggi sa hangarin ng mamamayanito. b.May kakayanan ang mamamayan na maipahatid sa pamahalaan ang kanilang naisin. c.Maaaring magtagumpay ang isang mapayapang pamamaraan kung magkakaisa. d.Maaaring tularan ng isang bansa ang karanasan ng ibang bansa na may parehong resulta	
		20. Ang mga OFW ay itinuturing na pangunahing dahilan ng unti-unting pagbangon ng ekonomiya ng Pilipinas. Kamakailan lang ay patuloy ang pagbalik sa bansa ng mga OFW bunsod ng mga di magandang karanasan na kanilang tinamo tulad ng pang-aabuso, pagmamaltrato at iba pa. Kung ikaw ang Sec. of DFA ano ang iyong imumungkahing mabisang gawin ng pamahalaan ukol dito? a.Himukinangmga OFW nabumaliksamgabansangpinagtatrabahuhan b.Wakasan ngPilipinas ang ugnayan sa mga nasabing bansa. c.Himukinangmgakaratigbansanamagpairalng ‘economic embargo’. d.Maglunsadngmgaprogramangpangkabuhayan parasamganagbalikna OFW	d.Sapagka t ang pagkakaloob ng hanapbuhay sa OFW ang pinakamakakatulong upang silay makabangong muli

Post- Assessment Matrix

Content Standard: Naipapamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Silangan at Timog Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (16-20 Siglo)

Performance Standard: Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa nang kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Silangan at Timog Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong panahon

Levels of Assessment	***What will I assess?***	***MC ITEM***	***CORRECT ANSWER AND EXPLANATION***
Knowledge (15%)	Natataya ang mga epekto ng kolonyalismo sa Silangan at Timog – Silangang Asya	1. Ang pagdating ng mga iba't - ibang mananakop sa Silangan at Timog – Silangang Asya ay nagdulot ng maraming pagbabago sa pamumuhay ng mga Asyano. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagbabago sa aspetong pulitikal ng mga nasakop na bansa? a. Pagtataguyod ng makabagong sistema ng edukasyon b. Pagpapatayo ng mga imprastraktura c. Pagbabago sa paniniwala at relihiyon d. Pagkawala ng karapatang pamunuan ang sariling bansa	D. Kabilang sa aspetong pulitikal ang pagkakaroon ng karapatan ng mga katutubo na pamunuan ang kanilang sariling bansa. Ang kawalang ng karapatang pamunuan ang bansa ay nangangahulugan ng kawalan ng kalayaan.
	Nasusuri ang mga pamamaraang ginamit sa Silangan at Timog-Silangang Asya sa pagtatamo ng kalayaan mula sa kolonyalismo sa kilusang nasyonalista	2. Magkakaiba ang pamamaraang ginamit ng mga Asyano sa pagpapamalas ng damdaming nasyonalismo. Alin sa mga sumusunod ang mga samahan na itinatag ng mga Pilipino na naglalayong ipakita ang kanilang pagmamahal sa bayan? a. Bodi Utomo at Sarekat Islam b. Kilusang Propaganda at Katipunan c. Partido Kuomintang at Partido Kunchantang d. Anti-Facist People's Freedom League	B. Itinatag ng mga ilustrado ang Kilusang Propaganda na ang layunin ay magkaroon ng reporma o pagbabago sa Pilipinas. Nang mabuwag ito, itinatag naman ang isang rebolusyunaryong

			samahan na Katipunan na nagsusulong ng ganap na kalayaan. Ito ay mga samahang itinatag ng mga Pilipino na nagpapakita ng damdaming nasyonalismo.
	Epekto ng mga digmaang pandaidig sa pag-aangat ng mga malawakang kilusang nasyonalista Iba't ibang ideyolohiya (ideolohiya ng malayang demokrasya, sosyalismo at komunismo) sa mga malawakang kilusang nasyonalista	3.Sa paanong paraan nakaapekto ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa paglaya ng mga bansa sa Timog Silangang Asya? a.Marami ang napinsala at namatay b.Nagpatuloy ang kaguluhan at nagkaroon ng *civil war* c.Lumakas ang nasyonalismo at napabilis ang paglaya d.Umigting ang tunggalian ng ideolohiyang demokratiko at komunismo	**C. Lumakas ang Nasyonalismo at napabilis ang paglaya** dahil sa lahat ng epekto na nabanggit ito lamang ang tumatalakay sa epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa **paglaya**
	Nasusuri ang balangkas ng pamahalaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya	4. Ang China ay nakilala sa pagkakaroon ng sistemang dinastiya sa larangan ng pamamahala. Alin sa mga sumusunod na sistemang politikal ito nahahawig? a.Demokrasya b.Monarkiya (Konstitusyonal) c.Monarkiya (Walang takda) d.One Party Government	C. Monarkiya (Walang Takda) Ang isang dinastiya ay pinamumunuan ng isang emperador na nagtataglay ng katumbas na kapangyarihan ng

			isang hari o reyna sa isang monarkiyang walang takda (absolute) pamahalaan.
Process/ Skills (25%)	Nasusuri ang kinalaman ng edukasyon sa pamumuhay ng mga Asyano	5.Suriin ang talahanayan ukol sa bilang ng mga di marunong bumasa at sumulat ng ilang mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya. Education: Illiteracy Rate Adult (% of Females/ Male Ages 15 and above) Pananda: B – babae L - lalaki	A.Nakatulong ang mga mamamayan sa pagpapa-unlad ng ekonomiya ng bansa. Ang pagkakaroon ng mababang illiteracy rate ay nangangahulugang mataas ang kamuwangan sa nasabing bansa. Ang pagkakaroon ng mga mamamayang marunong bumasa at sumulat ay makatutulong sa pagpapa-unlad ng ekonomiya.Mas malaki ang tsansa na magkaroon ng maayos na hanapbuhay ang isang nakababasa at nakasusulat o may pinag-aralan kaysa wala.

Bansa	1970		1980		1990		2000	
	B	L	B	L	B	L	B	L
China	64.48	33.84	47.82	22.02	33.08	13.55	23.72	8.34
Hongkong	35.29	7.88	23.76	5.98	5.63	4.65	9.83	3.46
South Korea	19.89	6.26	11.07	3.15	6.56	1.61	3.59	0.86
Philippines	18.29	14.59	12.09	10.06	8.12	7.06	4.87	4.54
Thailand	27.29	11.99	17.37	7.5	10.51	4.64	6.12	2.85
Singapore	40.46	14.1	26.19	8.67	16.73	5.51	11.62	3.73

Ano ang pinakamabisang naging epekto sa mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya na may mababang illiteracy rate?

		a.Nakatulong ang mga mamamayan sa pagpapa-unlad ng ekonomiya ng bansa. b.Napanatili ang katatagang pampulitika. c. Napagyaman ang ugnayan sa loob at labas ng bansa. d. Nagtungo ang mga mamamaya sa ibang bansa upang magtrabaho.	
	LC Bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya tungo sa paglaya ng mga bansa mula sa imperyalismo	6.Ang mga sumusunod ay pangyayaring naganap at naging papel ng nasyonalismo upang makalaya ang bansang Vietnam. Iayos ang mga pangyayari ayon sa historikal na kaganapan ng bansa. I. Vietnam War na sinalihan ng bansang Amerika II. Pagkakahati ng Vietnam sa dalawa dahilan sa magkatunggaling ideolohiya III. Pag-iisa ng Vietnam sa pamumuno ni Nguyen Ai-Quoc o Ho Chih Minh mula sa kilusang Viet Minh sosyalismo IV. Pag-iwan sa Timog Vietnam ng Amerika at pagpapasailalim sa kontrol ng grupong may ideolohiyang komunismo at a. I, II, III, IV b. II, I, IV, III c. III, IV, II, I d. IV, III, II, I	**B. II, I, IV, III.** Dahil ayon sa historikal na kaganapan pagkatapos ng World War II nahati ang Vietnam dahil sa magkatunggaling ideolohiya sinundan ng Vietnam War na tumagal ng mahabang panahon bandang huli ay iniwan ng Amerika dahilan sa malaking gastos at pahayag ng pandaigdigang opinion dahil ditto napag –isa ang Vietnam sa pamumuno ni Ho Chih Minh
	LC: Nasusuri ang transpormasyon ng mga pamayanan at estado sa Silangan at Timog – Silangang Asya sa	7.Bago maganap ang kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo, magkatulad ang patakarang panlabas ng China at Japan. Subalit magkaiba naman ang kanilang naging tugon sa pagdating ng mga dayuhang mananakop sa kanilang bansa. Gamit ang venn diagram,	A. Bago maganap ang kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin sa Asya nong 16-19 na siglo,

	pagpasok ng mga isipan at impluwensiyang Kanluranin sa larangan ng: a.) pamamahala, b) kabuhayan, c.) teknolohiya, d.) lipunan, e.) paniniwala, f.) pagpapaphalaga, g.) sining at kultura	panghambingin ang pakikitungo ng dalawang bansa bago at sa harap ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin.  a. Pagkakatulad: Parehas na isinara ang bansa sa mga dayuhan; Pagkakaiba: Tinanggihan ng China ang mga dayuhan. Tinanggap ng Japan ang mga dayuhan. b. Pagkakatulad: Parehas na isinara ang bansa sa mga dayuhan; Pagkakaiba: Tinaggap ng China ang mga dayuhan. Tinanggihan ng Japan ang mga dayuhan. c. Pagkakatulad: Parehas na binuksan ang bansa sa mga dayuhan; Pagkakaiba: Tinaggap ng China ang lahat ng mga Kanluraning bansa. Tinanggap ng Japan ang bansang United States. d. Pagkakatulad: Parehas na binukasan ang bansa sa mga dayuhan. Pagkakaiba. Tinanggap ng China ang United States. Tinaggap ng Japan ang lahat ng mga Kanluranin.	ipinatupad ng China ang isolationism at sa Japan naman ang Patakarang Sakoku. Parehas itong naglalayon na isara ang bansa mula sa impluwensiya ng mga dayuhan. Nang sumapit ang ika-16-19 na siglo, patuloy na tumanggi ang China sa pagpasok ng mga dayuhan kung kaya't puwersahan itong pinasok ng mga Kanluranin at natalo ang China sa mga digmaan. Subalit maluwag namang tinaggap ng Japan ang mga dayuhang bansa at naganap ang modernisasyon batay sa kanilang mga natutuhan sa mga mananakop.
	Naihahambing ang kalagayan at papel ng kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Timog at Kanlurang Asya at	8.Sina Gloria Macapagal-Arroyo, Maria Lourdes Sereno, Lydia De Vega-Mercado, Lea Salonga at iba pa ay pawang mga Pilipinang tumanyag sa loob at labas ng bansa. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagsasaad ng kahalagahan ng katanyagang tinamo ng mga nabanggit na kababaihan?	D.May taglay ng karapatan at kalayaan ang mga babae Ang pagtataglay ng

	ang kanilang ambag sa bansa at rehiyon	a.Pinatunayang kayang higitan ng mga babae ang mga lalaki. b.Higit ang talino at kasanayang taglay ng mga babae. c.Mas may pagpapahalaga at tiwala ang lipunan sa mga babae. d.May taglay ng karapatan at kalayaan ang mga babae.	karapatan at kalayaan ng mga babae ay nagbigay pagkakataon sa mga ito na pasukin ang iba't ibang larangan na nagbigay wakas sa isyu ng diskriminasyon.
Understanding (30%)	ENDURING UNDERSTANDING: Ang patuloy ng transpormasyon sa Silangang Asya at Timog – Silangang Asya ay bunga ng pagsusuri sa mga salik ng pagbabago at pagtutugon sa mga hamon ng panahon	9.Ang isyu tulad ng same sex marriage ay nanatiling kontrobersiyal na usapin sa mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya partikular na sa Pilipinas. Ano ang mahihinuha sa kaisipan ng mga Asyano ukol sa usapin na ito? a.Ang kulturang kanluranin ay hindi tanggap ng mga Asyano. b.Nanatiling tradisyonal ang kaisipan at saloobin ng mga Asyano. c.May mataas na pagpapahalaga ang mga Asyano sa kanilang kultura at relihiyon. d.Ang mataas na edukasyon ng mga Asyano na nakatulong sa kanilang pagpapasya sa buhay.	C.May mataas na pagpapahalaga ang mga Asyano sa kanilang kultura at relihiyon. Ang katutubong kultura at relihiyong Asyano ay nanatiling mahalaga para sa kanila higit sa lahat.Bagamat niyakap nila ang kulturang kanluranin, naging mapanuri sila sa epektong hatid nito partikular sa kanilang personal na buhay.
		10.Sa paglipas ng panahon ay patuloy na nadaragdagan ang pangalan ng mga Asyanong nagtatagumpay sa iba't ibang larangan ng palakasan sa daigdig. Paano nakaapekto ang tagumpay na ito ng	B.Kinilala ang Asya sa larangan ng palakasan bilang isang *powerhouse.*

		mga bansang Asyano sa pananaw ng mga bansa sa daigdig? a.Naging sentro ng kontrobersiya ang tagumpay na natamo ng mga Asyano. b.Kinilala ang Asya sa larangan ng palakasan bilang isang *powerhouse.* c.Itinuring na balakid ng ibang mga bansa ang tagumpay na tinamo ng mga Asyano sa kanilang sariling hangarin. d.Maraming atletang Asyano ang hinangad ng ibang mga bansa na makuha nila.	Tumanggap ng mga parangal ang mga atletang Asyano sa mga pandaigdigang paligsahan dahl sa kanilang husay sa larangan ng palakasan.
	Misconception	11.Pahayag 1: Ang **lahat** ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangan Asya na naghangad nang kalayaan sa pananakop ng mga bansang Kanluranin ay lumaya sa pagyakap sa kaisipang liberal at ideya ng demokrasya Pahayag 2: Ang **pananakop** at paniniil ng mga bansa sa Silangan Asya at Timog Silangang Asya ay naglunsad ng pag-usbong ng **diwang makabansa** bilang tugon sa pang-aabuso ng mga kanluranin a.Pahayag 1 ay tama, pahayag 2 ay mali b.Pahayag 1 ay mali, pahayag 2 ay tama c.Lahat ng pahayag ay tama. d.Lahat ng pahayag ay mali.	**B. Pahayag 1 ay mali, pahayag 2 ay tama** dahil hindi lahat ay yumakap sa ideolohiyang demokrasya at kaisipang liberal at ang pahayag 2 ay tama dahil ang naging tugon sa pananakop at paniniil ng kanluranin ay nasyonalismo

		12. Para sa aytem na ito, suriin ang *flowchart*  a. Ang panahon ng Imperyalismong Kanluranin ay sinundan ng pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo sa mga Asyano b. Maiuugnay ang kasalukuyang kalagayan ng mga bansang Asyano sa epekto ng Panahon ng Imperyalismong Kanluranin at Panahon ng pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo c. Hindi mabubuo ang damdaming Nasyonalismo ng mga Asyano kung hindi dahil sa mga patakarang ipinatupad ng mga mananakop na kanluranin sa d. Ang mga Kanluranin ang nagasagawa ng imperyalismo a kolonyalismo samantalang ang mga Asyano naman ang nagpamalas ng iba't ibang paraan ng pagpapakita ng damdaming nasyonalismo	B. Ang mga naging tugon ng mga Asyano sa mga hindi makatarungang patakaran ng mga imperyalistang Kanluranin ang nagbigay-daan sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo. Ang damdaming Nasyonalismo din ang kanilang naging batayan sa patuloy na pagpapaunlad at pagpapanatili ng kaayusan sa kani-kanilang mga bansa. Bagama't humaharap sa mga bagong hamon, patuloy itong napagtatagumpayan ng mga Asyano dahil sa maigting na pagmamahal sa kanilang bayan.
	Misconception	13. Suriin ang sumusunod na pahayag: Pahayag 1: Ang Thailand ay hindi nasakop ng kahit na siong dayuhan samantalang ang Korea ay sinakop ng mga Hapones. Pahayag 2: Lahat ng mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay sinakop ng mga Europeo.	B. Nakaligtas ang Thailand mula sa pananakop ng kahit na sinong dayuhan. Ang bansang Korea naman, bagama't hindi nasakop ng mga

		a. Pahayag 1 ay tama, pahayag 2 ay mali b. Pahayag 1 ay mali, pahayag 2 ay tama c. Lahat ng pahayag ay tama. d. Lahat ng pahayag ay mali.	Kanluranin ay sinakop naman ng bansang Japan. Hindi lahat ng bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya ay sinakop ng mga Europeo. Ang mga bansang Thailand at Korea ay hindi naging biktima ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin.
		14. Pahayag 1:Ang mga nanakop sa Silangan at Timog-Silangang Asya ay pawang mga Kanluranin Pahayag 2: Gumamit nang dahas ang mga Kanluranin sa pananakop sa Silangan at Timog Silangang Asya a. .Pahayag 1 ay tama, pahayag 2 ay mali b. Pahayag 1 ay mali, pahayag 2 ay tama c. Lahat ng pahayag ay tama. d. Lahat ng pahayag ay mali.	**D.Lahat ng pahayag ay mali** dahil hindi lang kanluranin ang nanakop maging ang Hapon na isang Asyano ay nanakop din. At hindi lang dahas ang pamamaraang ginamit ng kanluranin sa pananakop gumamit sila ng relihiyon, edukasyon,pakikipagkasundo atbp.
Product/Performance (30%)	GRASPS Ang mag-aaral ay nakapag sasagawa nang kritikal na	15. Kung ang iyong bansa ay humaharap sa krisis ng pagtatanggol ng teritoryo laban sa mas malakas na bansa, bilang isang kinatawan ng iyong bansa alin sa mga sumusunod na pananaw ang isusulong mo sa iyong gagawing resolusyon ?	C.Sapagkat sa mga kasagutan ito lamang ang nagsusulong sa karapatan at interes ng isang bansa na

	pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng Silangan at Timog Silangang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon 16- 20 Siglo)	a. Hindi magsusulong ng anumang interes dahil mababalewala rin naman. b. Papayag sa kung ano ang gusto ng mas malakas na bansa para walang gulo c. Isusulong ang pambansang interes at karapatan ng bansa anuman ang mangyari d. Isusulong ang interes ng iba pang bansa na interesado sa usapin upang magkaroon ng kaalyansa	kinakailangan sa pagtatanggol sa teritoryo
		16. Itinuturing ng ilan na isang porma ng neokolonyalismo ang tulong pinansiyal, militar at impluwensiyang kultural na hatid ng mga bansang kanluranin sa mga bansa sa Asya. Ano ang mabisang gawin ng mga Asyano upang mapangalagaan nila ang kanilang sariling kapakanan? a. Putulin ang ugnayan sa mga bansang ito at simulan ang pagiging nakapagsasarili sa aspektong pinansiyal,militar at kultural. b. Pumili ng mga bansang makapagbibigay ng higit na kapakinabangan sa aspektong pinansiyal, militar at kultural. c. Pag-aralan at suriin ang epekto ng mga kasunduang umiiral at bubuin pa lamang kaugnay sa aspektong pinansiyal, militar at kultural. d. Lumahok sa iba pang samahang panrehiyon at pandaigdig para sa higit na tulong pinansiyal, military at kultural.	C. Pag-aralan at suriin ang epekto ng mga kasunduang umiiral at bubuin pa lamang kaugnay sa aspektong pinansiyal, militar at kultural Ito ay isang matalinong hakbang upang matiyak kung ang mga tulong pinansiyal, militar at kultural ay makabubuti sa bansa o hindi.Ito rin ay upang mapangalagaan ang

			kapakanan ng bansang Asyano sa posibleng pag-abuso at panghihimasok ng mga kanluraning bansa sa mga usaping panloob na saklaw ng soberanya nito.
		17. Isa sa mga epekto ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin ay ang pagbabago sa kalagayang pang-ekonomiya ng mga Asyano. Bagama't may ilang bansang umunlad, karmihan sa mga bansang Asyano na nasakop ng mga dayuhan ay hindi pa rin ganap na maunlad sa kasalukuyan. Ano ang nararapat na gawin ng mga nasakop na bansa kung sakaling muling makipag-ugnayan sa kanila ang mga dating mananakop na dayuhan? a. Tanggihan ang mga dayuhang bansa na naghahangad na makipagkalakalan b. Tukuyin lamang ang mga lugar kung saan maaaring makipagkalakalan ang mga dayuhan na dating mananakop ng bansa c. Talikuran ang hindi magandang karanasan sa mga dayuhan subalit itigil na ang pakikipag-ugnayan sa kanila d. Tanggapin ang kanilang pagnanais na pakikipagtulungan at pakikipagkalakalan	D. Bagama't hindi naging maganda ang nakaraang ugnayan ng karamihan sa mga bansang Asyano at ang mga Kanluraning bansa na nanakop ng lupain sa Asya, hindi nararapat na maging negatibo ang pagtanggap natin sa mga dayuhang bansa sa kasalukuyang panahon. Kailangan din natin ang pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan sa mga dayuhang bansa upang mas mapaunlad pa ang ating ekonomiya.

		18. Mahigpit na pinagtatalunan ng bansang China at Pilipinas ang mga isla ng Spratly na tinatawag din ng mga Pilipino na Kalayaan Islands. Noong panahon ng kolonyalismo at imperyalismo, ang mga teritoryo ng mga bansang Asyano ay sinakop ng mga Kanluranin, ano ang nararapat gawin upang maiwasan na mauwi sa pananakop ng China ang sigalot sa Spratly Islands? a. Idulog ang usapin sa pandaigdigang husgado upang maresolba ng mapayapa ang nabanggit na krisis b. Palakasin ang puwersang pandigma ng Pilipinas upang maging handa sa posibleng digmaan c. Humingi ng tulong sa mga malalakas na bansa upang matapatan ang malakas na puwersa ng China d. Makipagkasundo sa pinuno ng pamahalaang Tsino upang paghatian ang mga isla sa Spratly	A. Maaari pa rin na maipakita ang damdaming nasyonalismo sa kasalukuyan sa pamamagitan ng isang diplomatiko at mapayapang paraan. Sa ganitong sitwasyon, hindi kinakailangan na makipagtapatan ng puwersa o lakas sa mga bansang nagiging katunggali o kasamaan ng loob. Ito ay magdudulot lamang ng pagkasira ng mga ari-arian, ng kalikasan at pagkamatay ng mga inosenteng mamamayan. Ang isang taong nagtataglay ng damdaming nasyonalismo ay hindi maghahangad na maganap ang mga nabanggit na karahasan sa kaniyang sariling bayan.

		19. Maraming pagbabago ang dulot ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin sa Asya. Isa dito ay ang pagbabago sa kultura na naging dahilan sa kawalan ng tunay na pagkakaisa ng mga mamamayang Asyano sa kani-kanilang bansa. Makikita na may kaugnayan sa mga hamon na nararanasan ng mga Asyano sa kasalukuyan. Ano ang nararapat na gawin upang maging bahagi sa paglutas ng nabanggit na suliranin? a. Sisihin ang mga Kanluraning bansa na nanakop sa mga bansang Asyano b. Tanggihan ang mga turista na mula sa mga bansa na nanakop noon sa Asya c. Magsumikap sa pag-aaral upang hindi maging pabigat sa lipunan d. Tanggapin ang mga pagbabagong naganap at gamitin para mapaunlad ang bansa	D. Ang panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismong Asyano ay panahon din ng transpormasyon dahil sa mga pagbabagong naganap sa pamahalaan, ekonomiya, at kultura ng mga Asyano. Mahalagang maunawaan mo na hindi na maibabalik ang nakaraan subalit maaring magamit ang mga pagbabagong naranasan upang maisaayos ang anomang pagkakamali at maipagpatuloy ang mga magagandang nasimulan. Patuloy pa din ang transpormasyon sa kasalukuyan kung kaya't mahalagang tanggapin ang mga pagbabago at gamitin ito sa paraang makatutulong sa pag-unlad ng sariling bansa

		20. Ang mga OFW ay itinuturing na pangunahing dahilan ng unti-unting pagbangon ng ekonomiya ng Pilipinas. Kamakailan lang ay patuloy ang pagbalik sa bansa ng mga OFW bunsod ng mga di magandang karanasan na kanilang tinamo tulad ng pang-aabuso, pagmamaltrato at iba pa. Kung ikaw ang Sec. of DFA ano ang iyong imumungkahing mabisang gawin ng pamahalaan ukol dito? a.Himukinangmga OFW nabumaliksamgabansangpinagtatrabahuhan b.Wakasan ngPilipinas ang ugnayan sa mga nasabing bansa. c.Himukinangmgakaratigbansanamagpairalng 'economic embargo'. d.Maglunsadngmgaprogramangpangkabuhayanparasa mganagbalikna OFW	d.Sapagka t ang pagkakaloob ng hanapbuhay sa OFW ang pinakamakakatulong upang silay makabangong muli

ARALIN BLG. 1: KOLONYALISMO AT IMPERYALISMO SA SILANGAN AT TIMOG SILANGANG ASYA

ALAMIN:

Handa ka na ba? Ngayon ay simulan mong alamin ang mga dahilan at pamamaraan na ginamit ng mga Kanluranin sa pananakop ng mga lupain sa pamamagitan ng isang paglalakbay.

Gawain 1. Hanapin mo ako, Kung kaya mo!

Basahin ang kuwento ng isang turista na nagtungo sa Pilipinas. Tukuyin ang mga lugar na kaniyang pinuntahan gamit ang sumusunod na mapa:

Nakapokus ang Aralin 1 sa mga pangyayari, dahilan ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya. Sa pagkakataong ito ay pagtutuunan ng pansin ang mga karanasan ng mga bansa sa mga nabanggit na rehiyon sa panahon ng pananakop ng mga Kanluranin. Mahalagang maipaunawa sa mga mag-aaral ang magkakaibang dahilan at patakaran na ipinatupad ng mga mananakop sa iba't ibang rehiyon. Gayundin, dapat na maipaghambing ng mga mag-aaral sa tulong ng guro ang naging epekto ng mga kolonyalismo at imperyalismo sa Asya sa transpormasyon ng pamahalaan, lipunan at ekonomiya ng mga bansang Asyano noong ika-16 hanggang ika-20 siglo. Higit sa lahat, dapat maunawaan ng mga mag-aaral ang kaugnayan ng mga pangyayari sa panahon na ito sa kaniyang kasalukuyang pamumuhay.

Layunin ng bahagi na ito na malaman ng guro ang lawak ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa paksa. Sa Aralin 1, mayroong tatlong gawain para sa bahagi ng Alamin. Ito ay ang Hanapin mo ako, Kung Kaya mo!, Mapa-nakop at ang Hagdan ng aking pag-unlad

Inaasahan na sa pamamagitan ng Gawain 1, ay mapupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa paksa. Ito ay itinuturing na hook-up activity o motivation. Dahil dito, namili ng mga lugar at lansangan mula sa iba't ibang panig ng bansa upang makita ng mag-aaral na kasama ang kanilang lokalidad sa pinag-aaralan sa kasaysayan.

Ang gawain na ito ay maaring gawing contest. Hatiin ang klase sa pangkat depende sa bilang ng mga mag-aaral. Gamit ang modyul ng mga mag-aaral ipatukoy sa kanila ang mga lugar na binabanggit sa kuwento ng turista. Kung walang modyul, iminumungkahi na bigyan ng kopya ang bawat pangkat ng mga mapa na kailangan sa gawain at ipaskil sa pisara ang kuwento ng turista.

Nagtungo ako sa Pilipinas upang bisitahin ang iba't ibang lugar at lansangan dito. Una kong pinuntahan ang daan na makikita sa silangan ng Athletic Bowl at sa kanluran ng Session Road. Malapit ito sa Governor Pack Road. Ito ay ang (1)_____. Pagkatapos nito ay nagtungo ako sa Maynila upang magpunta sa isang ospital. Napansin ko ang isang daan na ipinangalan sa isang bansa sa Europa. Makikita ang daan na ito sa kanluran ng ospital na aking pinuntahan. Nasa hilagang bahagi nito ang isang sikat na *fastfood chain*. Ang pangalan ng daan na ito ay (2)_____. Mula sa ospital ay nagtungo ako sa isang *pharmacy* upang bumili ng gamot. Dumaan ako sa isang mahabang lansangan na makikita sa hilaga ng EDSA. Ito ay ang (3)_____. Ayon sa aking mga kaibigan ay masarap ang mga prutas dito sa Pilipinas, kaya't nagtungo ako sa Marfori Fruit Market. Upang makarating dito, dumaan ako sa (4)_____ na makikita sa silangan ng Marfori Fruit Market at Timog ng A. Pichon St. Upang makapaglibang naman ay naglaro ako ng basketball sa Bacag Basketball Court na kalapit naman ng Bacag Elementary School. Makikita sa pagitan ng dalawang nabanggit na lugar ang (5)_____. Huli kong pinuntahan ang *ferry station* sa Maynila upang makita ang kasalukuyang kalagayan ng Ilog Pasig. Ang nasabing *ferry station* ay bumabagtas mula sa Pasig hanggang sa (6)_____. Makikita ito sa Hilaga ng *Quezon Boulevard* at Timog Silangang bahagi ng *McArthur Monument*.

Mga Sagot:
1.
2.
3.
4.
5.
6.

Pamprosesong Tanong:
1. Ano ano ang pangalan ng mga daan at lugar na pinuntahan ng turista?

2. Sila ba ay mga Pilipino o banyaga? Patunayan.

3. Ano ang ginawa ng mga nabanggit na dayuhan nang sila ay nagpunta sa Pilipinas? Ipaliwanag.

Mga Sagot:
1.Harrison Road
2. España Boulevard
3. Taft Avenue
4. Magallanes St.
5. MacArthur Highway
6. Lawton

Mga hakbangin para sa contest:
1. Ipaliwanag ang panuto:
a. Magtalaga ng miyembro ng pangkat upang gawin ang mga sumusunod:
tagapagbasa ng kuwento ng turista
tagatala ng sagot
tagahanap ng sagot sa mapa
tagapag-ulat

b. Atasan ang pangkat na maghanda ng malinis na papel na sigyang gagamitin upang itala ang kanilang sagot.

2. Hatiin ang klase sa pangkat.

3. Ipamahagi ang mga kagamitan sa bawat pangkat tulad ng mapa at papel na naglalaman ng kuwento ng turista.

4. Maglaan ng dalawang minuto para sa pagsasagot. Ang pangkat na may pinakamaraming tamang sagot ang siyang panalo. Kung may tabla, pagbatayan kung sino ang naunang natapos.

Matapos ang gawain, ipasagot ang Pamprosesong Tanong.
Inaasahang sagot:
1. Harrison Road, Taft Avenue, España boulevard, Magallannes, St. at iba pa.
2. Hindi po. Sila ay mga dayuhan na nagtungo sa Pilipinas.
3. May kaugnayan sila sa pananakop sa Pilipinas. Sila ay namuno sa panahon ng kolonisasyon ng bansa.

Maaaring gamitin ng guro ang mga lansangan o lugar na malapit sa tirahan ng kanilang mag-aaral. Siguraduhin lamang na ito ay ipinangalan sa mga dayuhan na naging bahagi ng pananakop sa ating bansa.

Gawain 2. Mapa-nakop

Tinalakay sa Aralin 1 at 2 ng Modyul 3 ang pananakop ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya. Sa nakarang gawain, nabatid mo na ang Pilipinas ay isa din sa mga nasakop na bansa. Bukod sa Pilipinas, ano pa kaya ang ibang bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya na nasakop ng mga Kanluranin?

Panuto: Makikita sa unang mapa ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya na nasakop ng mga Kanluranin. Gamit ang pangalawang mapa, tukuyin mo ang mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya na nasakop ng mga Kanluranin sa pamamagitan ng paglalagay ng mga flaglets sa mga nasakop na bansa.

Mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya na nasakop ng mga Kanluranin.

Portugal France England

Mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya na nasakop ng mga Kanluranin.

England USA Spain Netherlands France Portugal

Ang Gawain 2, na pinamagatang **Mapa-nakop** ay bahagi pa din ng **Alamin**. Naiiba ito sa unang gawain dahil ang nakaraan ay isang *hook up activity*. Samanatala, layunin naman ng Gawain 2 na: (1) malaman ang kaalaman at pag-unawa ng mag-aaral ukol sa nakaraang aralin o modyul, at (2) Lawak ng kaalaman ng mag-aaral sa mga tatalakaying aralin. Hindi kinakailangang magtalakay ang guro o kaya ay magdagdag ng bagong kaalaman sa bahaging ito.

Balikan ang mga tinalakay sa nakaraang aralin o modyul at iugnay ito sa kasalukuyang gawain. Gamitin ang unang mapa na nagpapakita ng mga nasakop na bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Ipaturo sa mga mag-aaral ang mga lupain na nasakop ng mga Kanluranin sa mga nabanggit na rehiyon.

Pamprosesong Tanong

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga bansang Asyano na nasakop ng mga Kanluranin?
2. Bakit sinakop ng mga Kanluranin ang karamihan ng mga bansa sa Asya?
3. Paano nakaapekto sa pamumuhay ng mga Asyano ang pananakop ng mga Kanluranin?

Gamit ang mapa ng Asya, ipatukoy naman sa mga mag-aaral kung alin ang mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya ang nasakop ng mga Kanluranin.

Mga mungkahi:

Kung may *flaglets:*

1. Maghanda ng tigli-limang piraso ng flaglets ng mga mananakop na bansa (nasa larawan sa kabila ang mga bandila)

Kung walang *flaglets*:

1. Gumupit ng iba't ibang hugis na siyang magiging batayan (legend) ng mga mananakop na bansa. Upang maiwasan ang kalituhan, gamitin ang mga naunang legend sa unang mapa (square – Portugal, triangle – France at cross – Spain) mag-isip ng iba hugis para sa bang Kanluraning bansa.
2. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang lugar o bansa na nasakop ng mga Kanluranin sa pamamagitan ng pagdikit ng flaglets (o ginupit na papel na may iba't ibang hugis) sa mapa.
3. Ipasagot ang pamprosesong tanong.
4. Bigyang pansin ang ikatlong tanong dahil ito ang magsisilbing batayan kung talagang naunawaan ng mag-aaral ang aralin na ito.

Gawain 3. Hagdan ng Aking Pag-unlad

Siguradong matapos mong matukoy ang mananakop at nasakop na bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya ay nais mong malaman ang mga dahilan kung bakit ito naganap. Bago natin ipagpatuloy ang pagsusuri sa mga dahilan na ito ay sagutan mo muna ang chart na "Hagdan ng Aking Pag-unlad".

Panuto: Sagutan ang hanay na ***Ang aking Alam*** at ***Nais malaman***. Samanatala, masasagutan mo lamang ang iba pang bahagi ng *chart* matapos ang modyul na ito.



Ang Gawain 3, Hagdan ng Aking Pag-unlad ng siyang panghuling gawain para sa bahagi ng Alamin sa aralin na ito. Kaiba ito sa unang dalawang gawain dahil isa itong halimbawa ng *map of conceptual change.* Pinasasagutan ang *map of conceptual change* sa bahagi ng Alamin upang masukat ang paunang kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa paksa. Maaari din na magbigay ng kanilang mga tanong ang mga mag-aaral sa bahaging ito. Nasa pagpapasiya ng guro kung ano ang *map of conceptual change* na kaniyang gagamitin. Babalikan ng mga mag-aaral ang kanilang mga paunang sagot sa huling bahagi ng aralin, kadalasan ito ay ginagawa sa bahagi ng Reflect/Understand.

Pasagutan sa mga mag-aaral ang bahagi ng Hagdan na Ang Aking Alam at Nais Malaman. Sa bahagi na Ang Aking Alam, ipasulat sa mga mag-aaral ang kanilang mga kalaman at pag-unawa ukol sa aralin. Ipasulat naman sa bahagi na Nais malaman ang kanilang mga tanong. Ipaalala sa mga mag-aaral na maging matalino sa pag-iisip ng tanong at iwasan ang mga tanong na ang sagot ay puro mga impormsyon lamang. Bagamat ito ay mahalaga, hikayatin pa din ang mga mag-aaral na magbigay ng mga tanong na mas mapanuri at mas malalim. Dapat ding ipaalala sa mag-aaral na laging isaisip ang mga tanong upang magsilbing gabay sa pag-unawa sa paksa ng aralin na kanilang tatalakayin.

Maaaring tanggapin ang paunang sagot ng mag-aaral sa bahagi ng Ang Aking Alam kahit na ito ay mali o malayo sa aralin. Samantala, dapat gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa pag-iisip ng mga tanong.

Ang natitirang dalawang bahagi ng Hagdan ng Aking Pag-unlad ay sasagutan pa sa huling bahagi ng Reflect and Understand.

BINABATI KITA!

Sa puntong ito ay nagtatapos na ang bahagi ng Alamin

Matapos masuri ang iyong mga kaalaman ukol sa Kolonyalismo at Imperyalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya ay siguradong nais mong malaman ang sagot sa iyong mga tanong. Masasagot ito sa susunod na bahagi ng modyul . Sa iyong pagtupad sa iba't ibang gawain, suriin kung tumutugma ba ang iyong mga dating alam sa mga bagong kaaalaman na iyong matutunan sa modyul.

Pagkatapos ng bahagi ng Alamin, inaasahan na matutukoy o maisasagawa ng guro ang mga sumusunod:

1. Mga paunang kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa aralin.
2. Mailahad ang pangunahing tanong kaugnay sa aralin.
3. Maipaliwanag sa mga mag-aaral ang mga sakop at daloy ng aralin.

PAUNLARIN:

Sa bahaging ito ay inaasahan na matutunan mo ang mga dahilan, pamamaraan at epekto ng pananakop ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya. Maari mong balikan ang mga sagot at tanong na iyong nabuo sa unang bahagi ng modyul na upang malaman kung tama ito at nasaasagot ang mga ito.

Ang bahagi ng Paunlarin ay may layunin na pagtibayin at palawakin ang mga paunang kaalaman ng mga mag-aaral ukol sa aralin. Sa bahaging ito makikita ang mga karagdagang babasahin o teksto na siyang magpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Magbibigay din ang guro ng mga mapanghamong gawain na makatutulong upang mapalawak ng ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin. Bahagi din ng Paunlarin ang mga pormatibong pagtataya (formative assessment).

Gawain 4. Balikan Natin

Batay sa inyong mga natalakay sa nakaraang modyul, bumuo ng timeline ukol sa mga pangyayaring nagbigay daan sa Imperyalismong Kanluranin sa Asya.

Mga pangyayari na nagbigay daan sa pagtatatag ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya



Ang Gawain 4, na pinamagatang Balikan Natin ay ipapagawa sa mga mag-aaral upang balikan ang mga pangyayaring nagbigay daan sa Imperyalismong Kanluranin sa Asya. Bagamat tinalakay na ito sa Aralin 1 ng Yunit 3, mahalaga na muli itong matukoy ng mga mag-aaral upang makita ang kaugnayan ng mga nabanggit na pangyayari sa mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Mga hakbangin sa paggawa ng *timeline*:

1. Hatiin ang klase sa pangkat. Maglaan ng sapat na oras upang mabasa ng mga mag-aaral ang bahaging Paunlarin ng Aralin 1, Yunit 3 na tumatalakay sa mga pangyayaring nagbigay daan sa Imperyalismong Kanluranin sa Asya.
2. Ayusin ang mga pangyayari mula sa una hanggang sa pinakahuling naganap sa pamamagitan ng pagbuo ng *timeline*.
3. Ipalahad sa klase ang timeline. Ipasagot ang mga pamprosesong tanong.

Pamprosesong Tanong:

1. Kung ang mga pangyayari sa itaas ay hindi naganap. Ano ang mga posibleng mangyayari sa Silangan at Timog Silangang Asya?
2. Dahil sa naganap ang mga pangyayaring ito, ano ang kinahinatnan ng Asya?

Inaasahang Sagot:

1. Maaaring napanatili ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya ang kanilang kalayaan. *(Paalala: Maaaring tanggapin ang ibang sagot ng mag-aaral kung ito ay mabibigyan niya ng maayos na pangangatuwiran.*
2. Nasakop ng mga Kanluranin ang karamihan ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Sa nakaraang gawain, nabatid mo ang mga pangyayaring nagbigay daan sa Imperyalismong Kanluranin sa Asya. Sa kasalukuyan, maraming dokumento ang naglalahad ng paghihirap na dinanas ng mga katutubong Asyano sa kamay ng mga mananakop na Kanluranin. Ngunit, ano nga ba ang dahilan ng mga Kanluranin kung bakit sila nanakop ng mga lupain? Bakit kaya para sa kanila ay tama ang kanilang ginawa, na ito ay isang misyon? Basahin at unawin mo ang sumusunod na sanggunian.

Gawain 5. Pagsusuri

Suriin ang mga dokumento na nagbibigay katuwiran sa kolonyalismo at imperyalismo ng mga Kanluranin sa Asya.

5.1 Ipinapakita sa larawan ang isang patalastas (advertisement) ng *Pear's soap*. Suriin ang nilalaman nito. Sagutin ang mga pamprosesong tanong.

Primaryang Sanggunian Blg. 1. Advertisement ng sabon na Per's Soap.

The first step towards lightening The White Man's Burden is through teaching the virtues of cleanliness.
Pears' Soap is a potent factor in brightening the dark corners of the earth as civilization advances, while amongst the cultured of all nations it holds the highest place – it is the ideal toilet soap

Pamprosesong Tanong:

1. Tungkol saan ang patalastas (advertisement)?

2. Anong bahagi ang nagbibigay katuwiran sa pananakop ng mga Kanluranin sa Asya? Ipaliwanag ang iyong sagot.

3. Sang-ayon ka ba sa mensahe ng patalastas? Bakit?

Pear's soap.
http://academic.reed.edu/humanities/110tech/romanafrica2/pears'soap.jpg.
Retrieved on December 7, 2012.

Ang pahayag na ito ay dapat na ipaliwanag ng guro sa mga mag-aaral upang makita nila ang kaugnayan ng nakaraang gawain (pagbuo ng timeline) sa susunod na mga gawain. Ipaliwanag din sa mga mag-aaral na sa bahaging ito ng aralin ay susuriin ang mga dahilan ng mga Kanluranin sa pananakop ng mga lupain. Dapat na ipaalala sa mga mag-aaral ang pagiging patas sa pagsusuri ng mga pangyayari sa kasaysayan. Isa sa paraan upang maisagawa ito ay ang pag-alam sa panig ng mga kabilang sa pangyayari.

Sa Gawain 5, Pagsusuri at Gawain 6, Kung ikaw ay isang mnananakop ay aalamin ng mga mag-aaral ang mga dahilan ng mga Kanluranin sa pananakop ng mga lupain sa Aprika at sa Asya. Isasagawa ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa dalawang primaryang sanggunian: ang una ay ang patalastas ng sabon na *Pears' soap* at ang tula ni Rudyard Kipping na *The White Man's Burden.* Sa pamamgitan naman ng pagsagot sa Gawain 6, ay mabibigyang linaw sa mga mag-aaral ang pagtatanggol ng mga Kanluranin sa kanilang ginawang pananakop.

Mga Hakbang sa pagsasagawa ng Gawain 5 at Gawain 6
1. Hatiin ang klase sa limang pangkat.
2. Bigyan ng kopya ng mga sanggunian ang bawat pangkat upang ito ay masuri.
   Pangkat 1 hanggang 3 – mga bahagi ng tulang The White Man's Burden
   Pangkat 4 – patalastas ng Pears' soap
   Pangkat 5 – Gawain 6

3. Ipaliwanag ang panuto ng gawain.

Ang tula na *The White Man's Burden* ay isinulat ni Rudyard Kipling noong 1899. Sa tula na ito ay biniyang katuwiran ni Kipling ang ginawang pananakop ng mga Kanluranin. Basahin at unawain ang nilalaman ng tula.

5.2 Makibahagi sa iyong pangkat. Punan ng tamang sagot ang *chart*. Iulat ang sagot sa klase.

Pangkat 1

Take up the White Man's burden—
Send forth the best ye breed—
Go bind your sons to exile."
To serve your captive's need;

Pangkat 2

Your new-caught, sullen peoples,
Half-devil and half-child

Pangkat 3

Take up the White Man's burden-
And reap his old reward
The blame of those ye better
The hate of those ye guard
The cry of hosts ye humour

Gamitin ang chart sa pagsusuri sa mga bahagi ng tula na naitalaga sa inyong pangkat.

Tanong	
Sino ang tinutukoy? Ipaliwanag (Mananakop o Sinakop)	
Ipaliwanag ang ibig ipahiwatig ng bahagi ng tula.	
Sang-ayon ka ba sa nilalaman/mensahe ng bahagi tula na nakatalaga sa inyong grupo? Bakit?	

Sa pagsasagot ng bawat pangkat, maaaring magpagawa ng powerpoint presentation, ipasulat sa manila paper o gawin itong pasalita lamang. Mahalaga na sundin ng pangkat ang chart na makikita sa pahina 10 ng L.M. upang maging gabay sa pagsusuri ng mga bahagi ng tula na naitalaga sa kanila.

Para naman sa pagkat 4, ipasagot ang pamprosesong tanong na makikita sa pahina 8 ng L.M.

Para sa pangkat 5 – pasagutan ang mga tanong na nasa paligid ng imahe ng isang manlalakbay, ang kahon ng pagbubuod at ang pamprosesong tanong na makikita sa pahina 11 ng L.M.

4. Maglaan ng sapat na minuto upang matapos ng mga mag-aaral ang gawain.

Pagpoproseso ng Gawain:

1. Bago ipalahad sa klase ang kanilang mga sagot ay talakayin ang panimula ng mga Primaryang Sanggunian na sinuri. Hindi na kailangan pang talakayin ang nilalaman ng buong tula. Bigyang pansin lamang ang mga bahagi na sinuri.
2. Matapos nito, ipalahad sa pangkat 1 hanggang 3 ang kanilang mga sagot.
3. Maaaring magtanong o magdagdag ng kaalaman ang guro matapos ang bawat pangkat.

4. Iugnay ang tula na The White Man's Burden sa nilalaman ng patalastas ng Pears' soap. Pagkatapos ay ipaulat sa klase ang sagot ng pangkat 4 sa mga pamprosesong tanong.

Gawain 6. Kung ikaw ay isang mananakop

Sagutin ang mga tanong batay sa mga primaryang sanggunian na iyong sinuri at sa mga nakaraang aralin na inyong tinalakay.

Bagot, Pina-drawing ko ito kay ebok .

Ano ang naisip na dahilan sa ginawang pananakop?

Ano-ano ang ga kagamitan at kakayahan na mayroon ang mga Kanluranin na nakatulong sa paglalayag at pananakop ng lupain

Ano ang naramdaman kapag nakasakop ng lupain?



Pagbubuod:

Nagtagumpay ang mga Kanluranin na makapaglayag sa ibang lupain dahil mayroon silang angkop na kagamitan tulad ng _____.

Ayon sa mga Kanluranin, tungkulin nila na tulungan ang sangkatauhan lalo na ang mga bansa sa Aprika at Asya dahil naniniwala sila na _____.

Pamprosesong Tanong:

1. Sang-ayon ka ba sa dahilan ng mga Kanluranin sa pananakop ng mga lupain? Bakit?

5. Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang mga sinuring primaryang sanggunian ay batay sa pananaw ng mga Kanluranin. Ito ay kanilang mga dahilan kung bakit sila nanakop ng mga lupain sa Aprika at Asya.

Ipaliwanag din na hindi kinakampihan ang mga Kanluranin subalit layunin lamang ng gawain na maunawaan ang panig ngmga Kanluranin.

6. Pagkatapos itong ipaliwang sa mga mag-aaral ay ipaulat sa klase ang mga sagot ng pangkat 5 sa Gawain 6.

Itanong sa klase ang pamprosesong tanong at magkaroon ng malayang talakayan tungkol dito. Maaaring tanggapin ng guro ang mga sagot ng mag-aaral subalit dapat niya gabayan ang mga mag-aaral. Gayundin, kailangan na mapangatuwiranan ng mga mag-aaral ang kanilang sagot.

Sa Gawain 5 at 6 ay natutunan mo ang mga dahilan ng mga Kanluranin kung bakit sila nanakop ng mga lupain. Maaaring hindi ka sang-ayon sa mga ito, o kaya naman ay napaisip ka na kung ikaw ang nasa kanilang sitwasyon ay maaaring nanakop ka din ng lupain. Mahalaga na malaman mo ang panig ng mga Kanluranin hindi upang sila ay kampihan o tularan, kung hindi upang mas mapalawak pa ang iyong pananaw sa pagsusuri ng mga pangyayari na may kaugnayan sa Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Sa mga susunod na bahagi ng modyul na ito ay mababasa mo ang mga karanasan ng mga Asyano na napasailalim sa mga patakaran ng mga mananakop na Kanluranin. Sa pagkakataong ito ay iyo namang mababatid ang panig ng mga nakaranas ng paghihirap, kalupitan at karahasan sa kamay ng mga mananakop na Kanluranin.

Matapos matalakay ang mga sagot ng limang pangkat sa Gawain 5 at Gawain 6 ay mabibigyang linaw na ang mga dahilan ng mga Kanluranin sa pananakop sa Aprika at Asya.

Mahalagang ipaliwanag sa mga mag-aaral na ano man ang sitwasyon at mga kagamitan na mayroon ang isang tao o ang isang bansa, hindi ito sapat na dahilan upang sila ay manakop ng iba pang bansa. Samakatuwid, bagamat may mga dahilan na ibinigay ang mga Kanluranin, hindi ito sapat upang mabigyan ng hustisya ang dinanas na paghihirap at pagmamalupit ng mga Asyano na kanilang sinakop.

Upang lubos itong maunawaan ng mga mag-aaral, ipaisip sa kanila ang sitwasyon na marami silang pera at mga tauhan, kailangan niya ng lupain upang mapalawak pa ang kaniyang pag-aari at kayamanan. Sapat ba itong dahilan upang gamitin ang kaniyang lakas upang mapalayas ang mga katutubo na naninirahan sa isang malawak na lupain na nais niyang maangkin?

Samakatuwid, ang pananakop, ano man ang paraan at dahilan ay isang hindi katanggap-tanggap na gawain.

Sa bahaging ito ay pag-ugnayin ang mga sagot ng mag-aaral sa Gawain 4, Timeline na nagpapakita ng mga pangyayaring nagbigay daan sa Imperyalismong Kanluranin, Gawain 5 at Gawain 6, pagsusuri sa mga katuwiran ng mga Kanluranin sa pananakop. Makikita dito na dahil sa kanilang mga pangangailangan at sa kanilang kakayahang manakop, naisakaturapan ng mga Kanluranin ang kanilang layunin. Maraming bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya ang nasakop ng mga Kanluranin. Ipaliwanag sa mag-aaral na ito ay may dalawang bahagi: ang Unang Yugto at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya.

Kolonyalismo at Imperyalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya

Upang maisakatuparan ang kanilang mga layunin, nagtayo ng kolonya ang mga Kanluranin sa Asya. Nagkaniya-kaniya ang mga Kanluranin sa pagsakop sa mga bansang Asyano. Ang rehiyon ng Silangan at Timog Silangang Asya ay mga rehiyon na lubusang naapektuhan ng pananakop. Kadalasan, isang bansang Kanluranin ang nakakasakop sa isang bansang Asyano, subalit may mga pagkakataon din na dalawa o higit pang bansa ang nakakasakop dito. Iba-iba ang pananaw ng mga Kanluranin sa pananakop ng lupain. Habang ang iba ay sinakop ang buong bansa, ang iba naman ay sinakop lamang ang mga piling bahagi nito.

Makikita sa mapa, ang mga lupain at bansa sa Asya na sinakop ng mga Kanluranin. Suriin ang mga dahilan kung bakit ito sinakop.

Sa bahaging ito ay sisimulan nang talakayin ang mga lupain sa Silangan at Timog Silangang Asya na nasakop ng mga Kanluranin, mga mananakop na Kanluranin, mga dahilan at paraan ng pananakop at mga patakaran at epekto nito.

Bilang pagganyak, ipasuri sa mga mag-aaral ang larawan. Itanong ang mga sumusunod:

1. Ano ang ginagawa ng mga tao sa larawan?
2. Saan kumakatawan ang mga simbolo na pizza pie, kutsilyo,, mga taong nakaupo at at taong nakatayo?
3. Anong pangyayari sa kasaysayan ng Asya ang tinutukoy sa larawan?
4. Bakit sinakop ng mga Kanluranin ang mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya?
5. Paano nabago ang pamumuhay ng mga Asyano sa mga nabanggit na rehiyon noong panahon ng Imperyalismong Kanluranin?

Matapos ang pagganyak na gawain ay balikan ang kahulugan ng mga konsepto ng Imperyalismo, Kolonyalismo, Protectorate, at Concession. Ipaliwanag sa mag-aaral na hindi lamang ito naganap sa Timog at Kanlurang Asya. Mas higit itong naranasan ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya noong Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Sa pamamagitan ng mapa, gabayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga paraan at dahilan ng pananakop ng mga Kanluranin sa Asya.

Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Silangan at Timog Silangang Asya



Mga lupain at bansa sa Silangan at Timog Silangang na nasakop ng mga Kanluranin noong Unang Yugto ng Imperyalismo (ika-16 at ika-17 siglo).

Upang mas maging maayos ang pagtuturo, palakihin ang mapa at ipaskil sa pisara. Isa-isang idikit ng guro ang mga speech balloon sa mapa batay sa mga tinutukoy na lugar. Maaari ding tumawag ng mag-aaral upang gawin ito.

Matapos nito, bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral na suriin ang mga impormasyon sa mapa.

Gawain 7. Map Analysis

Batay sa mapa na iyong sinuri, punan ng tamang sagot ang *chart*. Iulat ang sagot sa klase.

Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya

TANONG	
Ano-ano ang mga bansang nanakop sa Silangang at Timog Silangang Asya noong Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin?	
Kailang ito naganap?	
Batay sa mapa, ano ang karaniwang katangian ng mga sinakop na lugar o bansa? Bakit?	

Pagkatapos masuri ang mapa, talakayin sa klase ang nilalaman nito sa pamamagitan ng pagsagot sa Gawain 7 na pinamagatang Map analysis.

Mga mungkahi:

1. Malayang talakayan – isusulat ng guro ang mga tanong sa pisara. Ibabahagi ng mga mag-aaral kanilang mga sagot sa bawat tanong. Isusulat sa ng guro sa tapat ng mga tanong ang mga pangunahing ideya (key ideas) mula sa mga sagot ng mag-aaral.

2. Find your partner – bigyan ng laya ang mga mag-aaral na pumili ng kanilang kapareha upang suriin ang mapa at sagutin ang mga tanong. Tumawag ng hanggang tatlong magkapareha upang isulat sa pisara at ipaliwanag ang kanilng sagot.

Natukoy mo sa nakaraang gawain ang mga lupain na sinakop ng mga Kanluranin noong Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Nagbigay din ito sa iyo ng paunang kaalaman sa mga dahilan ng kung bakit ito sinakop ng mga Kanluranin. Upang mas mapalawak pa ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa mga dahilan at iba't ibang paraan ng pananakop ng mga Kanluranin sa Silangan at Timog Silangang Asya, basahin at unawain mo ang sumusunod na teksto.

Ang Gawain 7 ay nakatulong sa mga mag-aaral upang maging pamilyar sa mga lugar at bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya na nasakop ng mga Kanluranin noong Unang Yugto ng Imperyalismo. Makatutulong ito upang maunawaan ng mag-aaral ang mga dahilan kung bakit hinangad ng mga Kanluranin na masakop ang mga nabanggit na lugar.

Upang mas mapalawak pa ang kanilang kaalaman ukol sa aralin, tatalakayin ng guro ang mga teksto na naglalahad ng mga nasakop na bansa sa Silangang at Timog Silangang Asya, mga Kanluraning bansa na nanakop, mga dahilan at paraan ng pananakop, mga patakarang ipinatupad at epekto nito sa pamumuhay ng mga Asyano.

Mahalaga na bigyang-diin ng guro ang mga impluwensiya ng mga Kanluranin na nagdulot ng pagbabago sa pamumuhay ng mga nasakop na lupain o bansa.

Batay sa nakaraang aralin!

Mga pangyayaring nagbigay-daan sa Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya



Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Asya (Ika-6 at Ika-17 siglo)

Natutunan mo sa nakaraang modyul ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa Unang Yugo ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya. Natukoy mo din ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya na nasakop ng mga Kanluranin at kung bakit ito sinakop.

Tulad ng pagtalakay ng mga Aralin 1 sa Yunit III, bibigyang pansin sa bahaging ito ang Unang Yugto ng Imperyalismo sa Asya noong ika-16 at ika-17 siglo. Susuriin ang mga naging karanasan ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya sa panahon na ito.

Upang mas maging malinaw sa mga mag-aaral ang ugnayan ng mga pangyayaring nagbigay daan sa Imperyalismong Kanluranin sa Asya, balikan ang paksa na ito gamit ang graphic organizer na makikita sa L.M. pahina 15 – Batay sa nakaraang aralin!. Makatutulong ito upang maiugnay ng guro ang epekto ng mga nabanggit na pangyayari sa mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Silangang Asya

Sa loob ng mahabang panahon ay mayroon nang ugnayan ang Silangang Asya sa mga bansang Kanluranin dahil sa mga sinaunang rutang pangkalakalan. Bunga nito nabatid ng mga Kanluranin ang karangyaan ng mga bansa sa Silangang Asya. Bagamat maraming naghangad na ito ay masakop, hindi gaanong naapektuhan ang Silangang Asya ng Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin dahil na rin sa matatag na pamahalaan ng mga bansa dito.

Isa ang bansang Portugal sa mga Kanluraning bansa na naghangad na magkaroon ng kolonya sa Silangang Asya partikular sa China. Nakuha ng Portugal ang mga daungan ng Macao sa China at Formosa (Taiwan). Hindi nagtagal ay nilisan din ng Portugal ang mga nabanggit na himpilan.

Sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin, maraming bansa ang nag-unahan na masakop ang bansang China.

Bago talakayin ang nilalaman ng teksto, ipaturo sa mapa ang mga bansa na kabilang sa Silangang Asya. Matapos ito ay ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kalagayan ng Silangang Asya bago ang Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Ipaliwanag din ang naging karanasan ng mga bansa dito sa nasabing panahon.

Mahalaga na mabigyang-diin na hindi gaanong naapektuhan ang mga bansa sa Silangang Asya noong Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluanin. Bagamat may mga daungan o sentro ng kalakalan na napasakamay ng ilang Kanluranin, napanatili ng mga bansa dito ang kanilang kalayaan. Subalit, nakapasok at nasakop din ang kanilang mga bansa noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismo.



Timog Silangang Asya

Kung ang Silangang Asya ay hindi gaanong naapektuhan, iba naman ang naging kapalaran ng mga bansa sa Timog Silangang Asya noong Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Karamihan ng mga daungan sa rehiyong ito ay napasakamay ng mga Kanluranin. Ang mataas na paghahangad na makontrol ang kalakalan ng mga pampalasa at pagkuha ng ginto ang siyang nagtulak sa kanila na sakupin ang Timog Silangang Asya. Nauna ang mga bansang Portugal at Spain sa pananakop ng mga lupain. Nang lumaya ang Netherlands mula sa pananakop ng Spain, nagtayo din ito ng mga kolonya sa Timog Silangang Asya. Hindi nagtagal ay sumunod din ang mga bansa England at France.

Bago talakayin ang nilalaman ng teksto, ipaturo sa mapa ang mga bansa na kabilang sa Timog Silangang Asya. Paghambingin ang karanasan ng dalawang rehiyon. Ipaliwang sa mag-aaral na kung ang Silangang Asya ay hindi gaanong naapektuhan, karamihan naman ng mga isla at sentro ng kalakalan sa Timog Silangang Asya ay nasakkop ng mga Kanluranin.

Ipaturo din sa mapa ang mga bansang Kanluranin na nanakop noong Unang Yugto ng Imperyalismo. Matapos nito, pagtuunan ng mas mahaba, mas malawak at mas malalim na talakayan ang mga nasakop na bansa at lupain tulad ng Pilipinas, Indonesia, at Malaysia.

Ipaturo muli sa mapa ang mga isla ng mga nabanggit na bansang Asyano na nasakop ng mga Kanluranin.

PILIPINAS

Nakasakop: Spain

Mga lugar na nasakop: Halos kabuuan ng Luzon at Visayas at ilang bahagi ng Mindanao.

Dahilan: Mayaman ang Pilipinas sa ginto, May mahusay na daungan tulad ng Maynila.

Paraan ng Pananakop:

Unang dumaong sa isla ng Homonhon si Ferdinand Magellan, isang Portuges na naglayag para sa Hari ng Spain noong Marso 16, 1521. Nabigo siyang masakop ang Pilipinas dahil napatay siya ng mga tauhan ni Lapu Lapu sa Labanan sa Mactan. Nagpadala ang Hari ng Spain ng iba pang paglalakbay na ang layunin ay masakop ang Pilipinas. Ang paglalakabay na pinamunuan ni Miguel Lopez de Legazpi ang nagtagumpay na masakop ang bansa sa pamamagitan ng pakikipagsanduguan sa mga lokal na pinuno at paggamit ng dahas. Itinayo ang unang pamayanang Espanyol sa Cebu noong Abril 27, 1565 mula dito ay sinakop din ang iba pang lupain tulad ng Maynila na itinuturing na isa sa pinakamagandang daungan at sentro ng kalakalan sa Asya. Nakatulong din sa pananakop ng Espanyol ang pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyanismo. Natuklasan din ng mga Espanyol ang karangyaan ng Pilipinas sa sa ginto lalo na sa mga lugar ng Ilocos, Camarines, Cebu at Butuan sa Mindanao.

Ferdinand Magellan. Nareting niya ang Silangan gamit ang rutang pa-Kanluran. Napatunayan sa kaniyang paglalakbay na bilog ang mundo.

**Ano ang kahalagahan ng paglalakbay ni Magellan?*

Kristiyanismo. Relihiyong ipinalaganap ng mga Espanyol. Isa ito sa mga paraan na ginamit ng mga Espanyol sa pananakop sa Pilipinas. Nakatulong ang mga misyonero na maipalaganap ang Kristiyanismo matapos maisakatuparan ang patakarang reduccion (ito ay naglalayon na mailipat ang mga katutubo na naninirahan sa malalayong lugar upang matiyak ang kanilang kapayangyarihan sa kolonya, gayundin ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo). Nasakop ng relihiyon ang pag-iisip at damdamin ng mga Pilipino kung kaya't mas madali silang napasunod ng mga Espanyol.

**Paano nakatulong ang Kristiyanismo upang mapasunod ang mga Pilipino?*

Mindanao. Hindi tulad ng Luzon at Visayas, ilang bahagi lamang ng Mindanao ang nasakop ng mga Espanyol dahil sa matagumpay na pakikilagban ng mga Muslim.

**Ano ang kaugnayan ng relihiyon Islam sa tagumapay ng mga Muslim?*

Lapu Lapu. Pinuno ng Mactan na kauna-unahang Pilipino na nagtagumpay na mapaalis ang mga mananakop na Espanyol. Pinamunuan niya ang Labanan sa Mactan kung saan napatay ng kaniyang mga tauhan si Magellan.

**Maituturing ba na isang bayani si Lapu Lapu? Bakit?*

Sanduguan. Iba-iba ang paraan ng mga Espanyol sa pananakop. Isa dito ay ang pakikipagkaibigan sa mga lokal na pinuno na pormal nilang ginagawa sa pamamgitan ng sanduguan. Iniinom ng lokal na pinuno at pinunong Espanyol ang alak nahinalua ng kani-kanilang mga dugo. Sa ibang lugar naman ay ginagamitan nila ng puwersa o dahas upang masakop ang lupain.

** Tama ba ang ginawang pakikipagkaibigan ng mga lokal na pinuno sa mga Espanyol? Bakit?*

Gabay na tanong:
1. Ano ang pangunahing dahilan ng mga Espanyol sa pagsakop sa Pilipinas?
2. Paano sinakop ng mga Espanyol ang Pilipinas? Ipaliwanag ang mga pamamaraang ginamit.

Talakayin ang nilalaman ng teksto ukol sa pananakop sa Pilipinas, Indonesia at Malaysia.
Mga mungkahi:
1. Malayang talakayan – ipabasa sa mga mag-aaral ang nilalaman ng teksto. Ipaturo sa mapa ang mga nabanggit na lugar.
2. Group reporting – hatiin ang klase sa anim na pangkat. Ipaulat ang nilalaman ng mga teksto. Bigyan ng laya kung paano ito iuulat sa klase.
Pangkat 1 at 2 – Pilipinas
1 – Nakasakop, mga lugar na nasakop, paraan ng pananakop
2 – Mga ipinatupad na patakaran ng mga Espanyol

Pangkat 3 at 4 – Indonesia
3 – Nakasakop, mga lugar na nasakop, paraan ng pananakop
4 – Mga ipinatupad na patakaran ng mga Dutch

Pangkat 5 at 6 - Malaysia
5 – Nakasakop, mga lugar na nasakop, paraan ng pananakop
6 – Mga ipinatupad na patakaran ng mga Kanluranin

3. Malikhaing Presentasyon – ipalahad sa mag-aaral ang nilalaman ng teksto sa malikhaing pamamaraan.

Mga halimbawa:
Pagguhit ng larawang diwa (poster making)
Pagbuo ng tula o jingle
Papapakita ng dula-dulaan
Pagguhit ng comic strip
Pagpapakita ng tableaux

INDONESIA

Nakasakop: Portugal, Netherlands at England

Mga lugar na nasakop:
Ternate sa Moluccas – nasakop ng Portugal
Amboina at Tidore sa Moluccas – inagaw ng Netherlands mula sa Portugal. Panandaliang nakuha ng England subalit ibinalik din sa Netherland.

Batavia (Jakarta) – nasakop din ng Netherlands

Dahilan: Mayaman sa mga pampalasa, mga sentro ng kalakalan at maayos na daungan

Paraan ng Pananakop:
Dahil sa paghahangad sa mga pampalasa, narating ng Portugal ang Ternate sa Moluccas noong 1511. Nagtayo sila ng himpililan ng kalakalan dito at nagsimulang ipalaganap ang relihiyong Kristiyanismo. Pinaalis ng mga Dutch ang mga Portuges noong 1655 at sinakop ang mga isla ng Amboina at Tidore sa Moluccas gamit ang mas malakas na puwersang pandigma. Upang mapanatili ang kanilang kapangyarihan, nakipag-alyansa ang mga Dutch sa mga local na pinuno ng Indonesia. Gumamit din sila ng *divide and rule policy* upang mapasunod at masakop ang mga nabanggit na isla. Dahil dito nagkaroon ng monopolyo sa kalakalan ng mga pampalasa ang mga Dutch. Lalo pang napatatag ng Netherlands ang monopolyo nang itatag nito ang Dutch East India Company. Pansamantalang nakuha ng England ang Moluccas dahil sa epekto ng *Napoleonic Wars* subalit naibalik din ito sa mga Dutch matapos ang digmaan.

Netherlands
Dating sakop ng mga Espanyol ang Netherlands. Nang lumaya ito, nagsimula siyang magpalakas ng kagamitan sa paglalakabay sa dagat at sa pakikidigma. Dutch ang tawag sa mga naninirahan dito.

**Bakit hindi kaagad nakapanakop ang bansang Netherlands?*

Mga Pampalasa
Mataas ang paghahangad at pangangailangan ng mga Kanluranin sa mga pampalasa na makukuha sa Asya tulad ng cloves, nutmeg at mace. Halos kasing halaga ng ginto ang mga pampalasa na ito sa pamilihan ng mga bansang Europeo (Kanluranin).

**Bakit mahal ang presyo ng mga pampalasa sa pamilihan ng mga Europeo?*

Divide and Rule Policy
Isang paraan ng pananakop kung saan ay pinag-away-away ng mananakop ang mga lokal na pinuno o mga naninirahan sa isang lugar upang mas madali niya itong masakop. Sa ibang lugar, ginagamit naman ng mga mananakop ang isang tribo upang masakop ang ibang tribo.

**Bakit naging matagumpay ang divide and rule policy?*

Moluccas
Tinatawag ding Maluku. Kilala bilang *spice island*. Ito ang lupain na nais marating ng mga Kanluranin upang makontrol nila ang kalakalan ng mga pampalasa. Sa kasalukuyan, ito ay bahagi ng bansang Indonesia.

**Bakit maraming naghahangad na masakop ang Moluccas?*

Dutch East India Company

Itinatag ng pamahalaan ng Netherlands ang Dutch East India Company noong 1602 upang pag-isahin ang mga kompanya na nagpapadala ng paglalayag sa Asya. Pinahintulutan ang Dutch East India Company na magkaroong ng sariling hukbo na magtatanggol laban sa mga pirata, magtayo ng daungan sa mga lupaing nasasakop at makipagkasundo sa mga lokal na pinuno ng mga bansa sa Asya. Binigyan din ito ng karapatan ng pamahalaan ng Netherlands na manakop ng mga lupain. Nakontrol ng Dutch East India Company ang *spice trade* sa Timog Silangang Asya na nagpayaman sa bansang Netherlands.

** Bakit mahalaga para sa Netherlands ang Dutch East India Company?*

Gabay na tanong:
1. Ano ang pangunahing dahilan ng pagsakop ng Netherlands sa ilang bahagi ng Indonesia?
2. Paano sinakop ng mga Dutch ang mga sentro ng kalakalan sa Indonesia? Ipaliwanag ang pamamaraang ginamit.

Talakayin ang mga impormasyon na nasa paligid ng teksto. Iugnay ito sa karanasan ng bansa sa ilalim ng pananakop ng mga Kanluranin. Sa pagtalakay nito, maaaring gumamit ng mga larawan, mapa, dokyumetaryo at ibang kagamitan na makatutulong sa mag-aaral upang mas maunawaan ang mga impormasyon.

Matapos ang pagtalakay sa mga nilalaman ng teksto ng ng bawat bansa, pasagutan sa mag-aaral ang gabay na tanong sa pamamagitan ng malayang talakayan. Sa pamamagitan ng pagsago sa mga tanong ay makabubuo ng paglalahat ang mga mag-aaral ukol sa kanilang natutunan at naunawaan sa mga kaganapan sa bawat bansang tinalakay.

Bilang paglalahat, pasagutan ang Gawain 8 – Paghahambing. Sa pamamagitan ng gawain na ito ay makikita ng mga mag-aaral ang pagkakatulad at pagkakaiba ng karanasan ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya sa Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin.

Gawain 8. Paghahambing

Suriin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga karanasan ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya na sinakop ng mga Kanluranin. Punan ng tamang sagot *chart* lulat ang sagot sa klase.

Nasakop na bansa	Kanluraning bansa na nakasakop	Dahilan ng Pananakop	Paraan ng Pananakop	Patakarang Ipinatupad	Epekto
China					
Pilipinas					
Indonesia					
Malaysia					

Inaasahang sagot:

Nasakop na bansa	Kanluraning bansa na nakasakop	Dahilan ng Pananakop	Paraan ng Pananakop	Patakarang Ipinatupad	Epekto
China	Portugal (ilang daungan lang)	Upang makontrol ang kalakalan	Pakikipagkalakalan Pagkontrol sa kalakalan (kabuhayan)	Pagkontrol sa kalakalan (kabuhayan)	Batay sa pagsusuri ng mag-aaral
Pilipinas	Espanya – buong bansa	Mayaman sa ginto, may mahusay na daungan	Paggamit ng dahas, pakikipagkaibigan at pagpapalaganap ng Kristiyanismo	Tributo, Polo, Monopolyo, Senralisadong Pamamahala (Kabuhayan, kutura at Pamahalaan)	Batay sa pagsusuri ng mag-aaral
Indonesia	Portugal, Netherlands at England	Mayaman sa pampalasa, sentro ng kalakalan at daungan	Pakikipagkalakalan, paggamit ng dahas, divide and rule policy	Monopoloyo sa kalakalan, pagkontrol sa mga ruta (Kabuhayan)	Batay sa pagsusuri ng mag-aaral
Malaysia	Portugal, Netherlands at England	Mayaman sa pampalasa, sentro ng kalakalan at daungan	Paggamit ng dahas at pakikipagkalakalan	Monopoloyo sa pangangalakal ng mga pampalasa (Kabuhayan)	Batay sa pagsusuri ng mag-aaral

Gawain 8. Paghahambing

Suriin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga karanasan ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya na sinakop ng mga Kanluranin. Punan ng tamang sagot *chart* lulat ang sagot sa klase.

Nasakop na bansa	Kanluraning bansa na nakasakop	Dahilan ng Pananakop	Paraan ng Pananakop	Patakarang Ipinatupad	Epekto
China					
Pilipinas					
Indonesia					
Malaysia					

Mga mungkahi sa pagsagot sa Gawain 8:
1. Individual work – pasagutan sa mag-aaral. Maaring ipagawa bilang Takdang Gawain. Ilalahad ang sagot sa susunod na pagkikita.
2. Group work – (kung ito ang ipagagawa ng guro, magpadala ng mga sumusunod na kagamitan: manila paper, pentel pen, colored papers) - hatiin ang klase sa apat na pangkat.
Pangkat 1 – China
Pangkat 2 – Pilipinas
Pangkat 3 – Indonesia
Pangkat 4 – Malaysia

Maglaan ng sapat na oras upang mapunuan ng pangkat ng tamang sagot ang chart. Ipalahad sa klase ang kanilang sagot.

3. Malayang Talakayan – ipapaskil o iguguhit ng guro ang chart sa pisara. Tatawag ng mag-aaral upang punan ng tamang sagot ang chart.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang mga Kanluraning bansa na nanakop ng mga lupain sa Silangan at Timog Silangang Asya?
2. Bakit nanakop ang mga Kanluranin ng mga lupain sa Silangan at Timog Silangang Asya?
3. Magkakatulad ba ang mga pamamaraang ginamit ng mga Kanluranin sa pananakop? Bakit?
4. Naging madali ba ang pananakop sa mga lupain? Ipaliwanag ang sagot.
5. Nakabuti ba sa mga Asyano ang mga patakarang ipinatupad ng mga Kanluranin? Pangatuwiranan.

Pagkatapos ng Gawain 8, (alinman sa mga mungkahi ang ipinagawa ng guro) ay pasagutan ang mga pamprosesong tanong sa pamamagitan ng malayang talakayan.
Inaasahang sagot:
1. Spain, Portugal, Netherlands at England
2. Upang mapaunlad ang kanilang kabuhayan at mapalawak ang kanilang kapangyarihan
3. Hindi. Dahil may mga lugar o bansa na agad sumunod sa naisin ng mga Kanluranin. Ang mga tumutol naman ay ginamitan ng puwersa.
4. Oo. Dahil sa lakas ng puwersa ng mga Kanluranin. Ang iba naman ay hindi na nakipaglaban upang maiwasan ang pagdanak ng dugo at madamay ang mga inosenteng mamamayan.
5. Hindi. Bagamat may mga nabago at nakatulong, karamihan sa mga patakaran na ipinatupad ng mga Kanluranin ay nakasama sa mga Asyano. Pinakamalaking epekto ay ang naranasang pahihirap sa kabuhayan ng mga nasakop na lugar o bansa.

Hindi nagtapos ang pananakop ng mga Kanluranin sa Asya noong ika-17 siglo. Sa pagpasok ng ika-18 siglo, mayroon pang ibang bansang Kanluranin tulad ng Amerika na nagsimula na ding manakop ng mga lupain sa Asya. Ang mga pagbabago sa ekonomiya, teknolohiya at industriya sa Europa at United States ay ilan lamang sa mga dahilan sa pagpapatuloy ng Impeyalismong Kanluranin sa Asya noong ika-18 hanggang ika-19 na siglo. Suriin mo ang mapa na nagpapakita ng mga nasakop na bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya sa panahong ito

Maaring magbigay ng mahabang pagsusulit matapos ang pagtalakay sa Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Silangan at Timog Silangang Asya (ika-16 at ika-17 siglo).

Nakita ng mga taga Europe ang malaking pakinabang na kanilang nakuha mula sa pagkontrol sa mga lupain o pagsakop ng bansa sa Asya. Dahil dito patuloy nilang kinontrol ang mga lupain na kanilang nasakop. May ilang Kanluraning bansa na nanakop ng lupain noong Unang Yugto ang nanghina dahil sa pakikidigma sa ibang bansa o kaya ay dulot ng suliranin sa kanilang bansa. Ilan sa mga ito ay ang Portugal at Spain. Ang dalawang bansa na ito ay hindi na nakapanakop pa ng lupain at nawala sa kanila ang kanilang mga pagmamay-aring daungan at bansa sa Asya. May mga bagong Kanluraning bansa ang lumakas tulad ng Germany, France at United States. Ang mga bansang ito ay nanakop din ng lupain sa Asya. Bukod sa kapakinabangan na nakukuha sa pananakop ng mga lupain sa Asya, bakit nga ba nagpatuloy at lalong umigting ang pagnanais ng mga Kanluranin na makapanakop ng lupain?

Ipaliwanag sa mag-aaral na matapos ang ika-17 siglo, nagkaroon ng mga pagbabago sa pamumuhay ng mga mamamayan sa Europe at United States. Sa panahong ito nagsimula ang tinatawag na Industrial Revolution kung saan ay lalo pang umunlad ang teknolohiya na siyang nagpabago sa paraan ng paggawa ng produkto at paghahangad sa paglilingkod. Isa ang Industrial Revolution sa mga dahilan ng patuloy na pananakop ng mga Kanluranin. Ito ang tinatawag na Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin na naganap noong ika-18 at ika-19 na siglo.

SASAMA KA BA?

Nagaganap sa inyong bansa ang malaking pagbabago, naimbento ang mga makabagong makinarya sa nagpabilis sa paggawa ng mga produkto. Balitang-balita sa inyong lugar na makakukuha sa Asya ng mga materyales na magagamit sa paggawa ng produkto na maaaring ipagbili upang umuland ang iyong pamumuhay.

Nagpalabas ng paanyaya ang inyong Hari na naghihikayat sa mga kalalakihan na sumama sa paglalakbay sa Asya upang manakop ng lupain.

Sasama ka ba?

Bago magsimula ang pagtalakay sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin, isagawa sa klase ang gawain na pinamagatang Sasama ka ba? Ipakita ang mga larawan sa itaas at basahin ang kuwento tungkol dito. Alamin kung sasama o hindi ang mag-aaral at ipapaliwanag ang kanilang sagot.

Sa iyong palagay, saang kontinente naganap ang paanyaya ng Hari? Bakit?

Ano ang naging epekto ng paanyaya ng Hari sa kaniyang mga mamamayan?



Mga lupain at bansa sa Silangan at Timog Silangang na nasakop ng mga Kanluranin noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismo (ika-18 at ika-19 siglo).

Sa pamamagitan ng dalawang huling tanong (pahina 21), matutukoy ng mga mag-aaral na ito ay naganap sa kontinente ng Europe. Nanakop ng lupain ang mga Kanluranin dahil marami sa kanila ang tumugon sa paanyaya ng kanilang Hari. Bukod sa pagpapakita ng katapatan at pagmamahal sa kanilang pinuno, kapalit din na kanilang pagsama ang posibilidad na pagkakaroon ng maayos na pamumuhay.

Muli, ipasuri sa mga mag-aaral ang mapa ng Asya na nagpapakita ng mga lupain sa Silangan at Timog Silangang Asya na nasakop ng mga Kanluranin, mga dahilan at ang mga nanakop na bansa noong Ikalawang yugto ng imperyalismo.

Gamit ang mapa ng Asya, suriin ang mga lupain at bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya na nasakop ng mga Kanluranin noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Makikita sa mapa ang mga nanakop na Kanluranin at mga dahilan kung bakit ito sinakop.

Mahalaga ito upang makita ng mga mag-aaral ang lokasyon ng mga nasakop na lupain.

Upang mas maging maayos ang pagtuturo, palakihin ang mapa at ipaskil sa pisara. Isa-isang idikit ng guro ang mga speech balloon sa mapa batay sa mga tinutukoy na lugar. Maaari ding tumawag ng mag-aaral upang gawin ito.

Matapos nito, bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral na suriin ang mga impormasyon sa mapa.

Gawain 9. Map Analysis

Batay sa mapa na iyong sinuri, punan ng sagot tang *chart*. Paghambingin ang iyong mga sagot sa Gawain Bilang 7. Iulat ang sagot sa klase.

Ikalawang Yugto ng Imperyalismo sa Asya

Unang Yugto ng Imperyalismo	TANONG	Ikalawang Yugto ng Imperyalismo
	Ano-ano ang mga bansang nanakop ng mga lupain sa Silangang at Timog Silangang Asya ?	
	Kailang ito naganap?	
	Batay sa mapa, ano ang karaniwang katangian ng mga sinakop na lugar o bansa? Bakit?	

Pagkatapos masuri ang mapa, talakayin sa klase ang nilalaman nito sa pamamagitan ng pagsagot sa Gawain 9 na pinamagatang Map analysis. Bago isagawa ang Gawain 9, ipaalala sa mga mag-aaral na dalhin ang kanilang sagutang papel na ginamit sa Gawain 7. Kailangan nila ito sa paghahambing ng Una a Ikalawang Yugto ng Imperyalismo.

Ipaalala sa mga mag-aaral na katulad din ito ng Gawain 7. Ang pagkakaiba lamang ay nakapokus ito sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismo.

Kapag ipinaskil ng guro ang chart, sabihin sa mag-aaral na ang sasagutan ay ang kolum na – Ikalawang Yugto ng Imperyalismo batay sa mga tanong na makikita sa gitnang kolum.

Mga mungkahi:

1. Malayang talakayan – isusulat ng guro ang mga tanong sa pisara. Ibabahagi ng mga mag-aaral kanilang mga sagot sa bawat tanong. Isusulat ng guro sa tapat ng mga tanong ang mga pangunahing ideya (key ideas) mula sa mga sagot ng mag-aaral.
2. Find your partner – bigyan ng laya ang mga mag-aaral na pumili ng kanilang kapareha upang suriin ang mapa at sagutin ang mga tanong. Tumawag ng hanggang tatlong magkapareha upang isulat sa pisara at ipaliwanag ang kanilang sagot.

Matapos masagot ang mga tanong sa kolum ng Ikalawang Yugto ng Imperyalismo, ipasulat o ipaulat ang sagot sa Gawain 7 at ilagay ito sa kolum na Unang Yugto ng Imperyalismo. Bigyan ng sapat na oras ang mag-aaral upang suriin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga sagot sa kolum na Unang Yugto ng Imperyalismo at kolum na Ikalawang Yugto ng Imperyalismo.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga bansang Kanluranin na
nahinto -
nagpatuloy -
nagsimulang –
manakop ng mga lupain sa Silangan at Timog Silangang Asya noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin?

2. May pagkakatulad ba ang mga dahilan ng Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin? Patunayan.

Pagkatapos masuri, magsagawa ng malayang talakayn upang masagot ang mga pamprosesong tanong.
Inaasahang sagot:
1.
nahinto – Espanya, Portugal
nagpatuloy – Netherlands at England
nagsimula – France, Germany, United States

2. Opo. Dahil nagpatuloy ang paghahangad ng mga Kanluranin na makapanakop ng lupain upang mapaunlad ang kanilang bansa. Samakatuwid, mataas pa din ang pagnanais ng mga Kanluranin na makontrol ang kalakalan, ang makakuha ng mga hilaw na materyales at gawing pamillihan ng mga sobrang produkto ang mga nasakop na lupain sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Nabatid mo mula sa mapa na iyong sinuri ang mga lupain at bansa na sinakop ng mga Kanluranin sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Upang mas mapalawak pa ang iyong kaalaman at pag-unawa kung bakit nagpatuloy ang pananakop ng mga Kanluranin sa Silangan at Timog Silangang Asya, basahin at unawain mo ang sumusunod na teksto.

Ang Gawain 9 ay nakatulong sa mga mag-aaral upang maging pamilyar sa mga lugar at bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya na nasakop ng mga Kanluranin noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismo. Makatutulong ito upang maunawaan ng mag-aaral ang mga dahilan kung bakit hinangad ng mga Kanluranin na masakop ang mga nabanggit na lugar.

Bukod dito, ginamit din ang mapa at ang chart upang maipaghambing ang mga dahilan at nasakop na lupain noong Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin.

Upang mas mapalawak pa ang kanilang kaalaman ukol sa aralin, tatalakayin ng guro ang mga teksto na naglalahad ng mga nasakop na bansa sa Silangang at Timog Silangang Asya, mga Kanluraning bansa na nanakop, mga dahilan at paraan ng pananakop, mga patakarang ipinatupad at epekto nito sa pamumuhay ng mga Asyano.

Mahalaga na bigyang-diin ng guro ang mga impluwensiya ng mga Kanluranin na nagdulot ng pagbabago sa pamumuhay ng mga nasakop na lupain o bansa.

Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya (ika-18 at ika-19 na siglo

Maraming bansang Kanluranin ang nagpatuloy na naghangad na makasakop ng lupain sa Asya. Lalo pang umigting ang paghahangad na ito ng mga Kanluranin dahil sa mga pagbabagong naganap sa kontinente ng Europe at Amerika.

Batay sa mga nakaraang Aralin!

Mga salik na nagbigay-daan sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya

Ikalawang Yugto ng Imperyalismo

Bakit nga ba nagpatuloy ang imperyalismong Kanluranin sa Asya? Ano-ano ang mga lupain na nasakop sa pagkakataong ito at bakit sila sinakop? Paano nanakop ang mga Kanluranin?

Sa bahaging ito ng modyul ay mauunawaan mo ang mga sagot sa mga nabanggit na katanungan.

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na hindi natapos ang pananakop ng lupai ng mg Kanluranin matapos ang ika-17 siglo. Nang pumasok ang ika-18 siglo, marami pang Kanluraning bansa tulad ng United States, Germany at France ang nanakop din ng mga lupain sa Asya.

Ilahad sa kanila ang mga tanong na mababasa sa panimulang bahagi ng L.M. pahina 24.

Mga salik na nagbigay-daan sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya



Upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang kaugnayan ng Unang Yugto at Ikalawang Yugto ng Imperyalismo, talakayin sa klase ang *graphic organizer* na nagpapakita ng Sanhi at Epekto ng mga pangyayari noong ika-18 at ika-19 na siglo. Sa pagtalakay, maaaring isulat ang mga sanhi sa colored paper o cartolina at idikit ito ng guro sa pisara. Samanatala, isulat din ang mga dailan sa colored paper o cartolina. Idikit ito sa pisara subalit huwag itapat sa mga sanhi. Tumawag ng mag-aaral na siyang maglalagay ng Epekto sa bawat Sanhi ng Ikalawang Yugto ng Imeperyalismo. Ipapaliwanag sa mag-aaral ang kaniyang sagot.

Maaari din nmang ang guro ang magtalakay ng mga Sanhi at Epekto ng Ikalawang Yugo ng Imperyalismong Kannluranin sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Silangang Asya

China

Sa loob ng mahabang panahon ay ipinatupad ng China ang paghihiwalay ng kaniyang bansa mula sa daigdig (isolationism) dahil sa mataas na pagtingin niya sa kaniyang kultura at naniniwala siya na makasisira ito kung maiimpluwensiyahan ng mga dayuhan. Bagamat pinahihintulutan ang mga Kanluranin, pinapayagan lamang sila sa daungan ng Guanghzou at dapat na isagawa ng mga dayuhang mangangalakal ang ritwal na *kowtow* bilang paggalang sa emperador ng China. Bunga ng *isolation*, umunlad at napatatag ng China ang kaniyang ekonomiya, kultura at politika. Nagawa ng China na makatayo sa sariling paa. Sa panahong ito, ang mga Kanluranin (Euroepans) ang siyang umaasa sa pakikipagkalakalan sa China. Ang karangyaan ng China ay nagpatanyag sa kaniya hindi lamang sa Asya kung hindi maging sa mga bansa sa Europe. Ang pagha-ng China ang pangunahing dahilan ng

Talakayin ang Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya. Magsimula sa pagtalakay sa Silangang Asya katulad ng ginawa sa Unang Yugto. Dalawang bansa ng binigyang pansin sa Silangang Asya: ang China at Japan.

Ipaliwanag sa mag-aaral ang ugnayan ng China sa mga bansang Asyano at Kanluranin bago ang panahon ng Imperyalismo upang magkaroon sila ng ideya sa karangayaan at katanyagan ng China. Bigyang-diin na mas makapangyarihan ang China kung ihahambing sa mga Kanluraning bansa sa panahon na ito.

Talakayin din ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa unti-unting pagbukas ng China sa mga dayuhan hanggang sa ito ay tuluyang mapasok ng mga Kanluraning bansa.

Bigyang-diin ang epekto ng pagkakahati ng China sa mga Spheres of Influence dulot ng pagkatalo nito sa pakikidigma sa mga Kanluranin. Ipaliwanag din kung bakit hinangad ng United States na ipatupad ang Open Door Policy sa China sa halip na Sphere of Inluence.



Patas ba ang nilalaman ng mga Kasunduang Nanking at Tientsin? Bakit?

Maaaring gamitin ang graphic organizer sa ibaba upang maipakita ang kalagayan ng China bago at noong Panahon ng Imperyalismong Kanluranin

Tanyag ang China sa Asya at Europe dahil sa maunlad na ekonomiya at kahanga-hangang kabihasnan

Ipinatupad ng China ang isolationism o ang paghihiwalay na kaniyang bansa mula sa mga dayuhan

Nagsimula ang pagpasok ng mga British ng produktong opyo sa mga daungan ng China

Naganap ang Una at Ikalawang Digmaang Opyo sa pagitan ng England at France laban sa China

Natalo ang China dahil dito, maraming daungan ang nabuksan at tuluyan nang napasok ng dayuhan ang buong bansa

Pinaghatian ng mga Kanluranin ang China sa pamamagitan ng Sphere of Influence. Hiniling naman ng United States ang na ipatupad ang Open Door Policy

Talakayin ang mga Digmaang Opyo gamit ang graphic organizer na ito. Pasagutan sa mag-aaral ang gabay na tanong.

Ang *Sphere of Influence* sa China

Isa sa mga epekto ng pagkatalo ng China sa mga Digmaang Opyo ay ang unti-unting paghina ng katatagan ng pamahalaan nito. Sinamantala ito ng mga Kanluranin at tuluyang sinakop ang bansa. Subalit, hindi katulad ng ibang bansa sa Asya, hindi sinakop ng mga Kanluranin ang buong China. Upang maiwasan ang digmaan sa pagitan ng mga Kanluranin, hinati nila ang China sa mga *spheres of influence*. Ito ay tumutukoy sa mga rehiyon sa China kung saan nangingibabaw ang karapatan ng Kanluraning bansa na kontrolin ang ekonomiya at pamumuhay ng mga tao dito. Binigyan din ng karapatan ang mga Kanluraning bansa na magpatayo ng iba't ibang imprastraktura gaya ng kalsada, tren at mga gusali upang paunlarin ang kanilang sphere of influence. Ipinatupad din sa mga lugar na ito ang karapatang *extraterritoriality*.

Spheres of Influence sa China

England – Hongkong
Yang Tze valley
Weihaiwei
France – Zhanjiang
Kwangchow
Germany – Kwantung
Qingdao
Yunnan
Portugal – Macao
Russia - Manchuria

Larawan at mapa na nagpapakita ng Sphere of Influence sa China

Isa pang dayuhang bansa ang nagkaroon ng sphere of influence sa China. Ito ang bansang Japan. Nakuha ng bansang Japan ang karapatan sa mga isla ng Formosa, Pescadores at Liadong Peninsula sa pagkatalo ng China sa digmaang Sino-Japanese noong 1894. Nakapaloob ang pagbibigay ng China ng mga nabanggit na lugar sa Japan sa Kasunduang Shimonoseki.

Ano ang pinakamasang epekto ng pagkatalo ng mga China sa mga Digmaang Opyo? Bakit?

Talakayin ang pagpapatupad ng Sphere of Influence sa China. Bigyang-diin kung bakit nagkasundo ang mga Kanluranin na hatiin ang China sa mga spheres of influence. .

Gamitin ang larawan at mapa upang maipaliwanag ng maayos sa mga mag-aaral ang konsepto ng Sphere of Influence. Makikita din sa mapa ang mga lugar na sakop ng sphere of influence at kung sino ang Kanluranin na nagmamay-ari nito.

Siguraduhin na masasagot ng mag-aaral ang gabay na tanong sa malayang talakayan.

Ang Open Door Policy

Ang paghahati-hati ng China sa *spheres of influence* ay nagdulot ng pangamba sa bansang United States dahil sa posibilidad na isara ang China sa pakikipagkalakalan sa ibang bansa na walang sphere of influence dito. Kapag naganap ito, mapuputol ang ugnayang pangkalakalan ng United States sa China. Dahil dito, iminungkahi ni John Hay, Secretary of State ng United States na ipatupad ang *Open Door Policy* kung saan ay magiging bukas ang China sa pakikipagkalakalan sa ibang bansa na walang sphere of influence dito. Nakapaloob sa mungkahi ni John Hay ang sumusunod:

1. Pagrespeto sa karapatan at kapangyarihan sa pakikipagkalakalan sa mga lugar na sakop ng sphere of influence ng mga Kanluranin;
2. Pagbibigay ng karapatan sa China na mangolekta ng buwis sa mga produktong inaangkat mula sa bansa; at
3. Paggalang sa mga itinakdang halaga buwis ng mga Kanluraning bansa sa paggamit ng mga kalsada, tren at daungan sa kani-kanilang *spheres of influence*.

Dahil sa mga patakarang sphere of influence at open door, napanatili ng China ang kaniyang kalayaan, subalit nanatiling kontrol ng mga mananakop ang kaniyang ekonomiya. Nawala sa kamay ng mga Tsino ang kapangyarihan na magtakda ng kanilang mga patakaran para sa mga dayuhan. Gayundin, gumuho ang dating matatag na pamamahala ng mga emperador dahil sa panghihimasok ng mga dayuhang dinastiya. Higit sa lahat, pumasok sa China ang iba't ibang impluwensiya ng mga Kanluranin na nakapekto sa kanilang iniingatan at ipinagmamalaking kultura.

Bakit ipinilit ng United States na malpatupad sa China ang *Open Door Policy*?

Ipaliwanag ang kaugnayan ng sphere of influence sa pagpapatupad ng Open Door Policy at ang naging epekto nito sa bansang China.

Pasagutan sa mga mag-aaral ang gabay na tanong sa malayang talakayan.

Maaaring gamitin ang larawan sa pagtalakay ng Open Door Poicy sa China.

http://www.google.com.ph/imgres?hl=fil&sa=X&tbo=d&biw=1024&bih=473&tbm=isch&tbnid=JgNpjR83Ymkz0M:&imgrefurl=http://www.dipity.com/tkarabet/Imperialistic-China/&docid=IoC1t-nCJotZfM&imgurl=http://cdn.dipity.com/uploads/events/c706e0ed9abdb1c7d7ac80fbcb386eff_1M.png&w=600&h=477&ei=UW_RUMaTIPGSiAfMxYD4CA&zoom=1&iact=hc&vpx=107&vpy=180&dur=1164&hovh=200&hovw=252&tx=144&ty=161&sig=110094991698572235318&page=2&tbnh=138&tbnw=193&start=14&ndsp=19&ved=1t:429,r:28,s:0,i:174

Magbigay ng formative assessment pagkatapos matalakay ang paksa ukol sa China.
Mungkahi: Exit Card
Panuto: Punan ng sagot ang mga bahagi ng exit card.

Pangalan: Grado at Pangakat:
Paksa:

Ang aking mga natutunan ukol sa Imperyalismo sa China ay:

Ang mga sumusunod ang pagbabago na naganap sa China dahil sa imperyalismong Kanluranin:

Ang mga bahagi ng paksa na hindi ko gaanong naunawaan ay:

Ang aking tanong ukol sa paksa ay:

Pag-aralan ng guro ang mga sagot ng mag-aaral sa exit card. Gawin itong batayan kung kailangan pa ba niyang balikan ang paksa o maaari nang magpatuloy sa susunod.

Matapos matalakay ang China, ay talakayin naman ang isa pang bansa sa Silangang Asya na napasok din ng mga Kanluranin noong panahon ng Ikalawang Yugto ng Imperyalismo sa Asya.

Japan

Napaunlad ng Japan ang kaniyang ekonomiya, napatingkad ang kaniyang kultura at pagpapahalaga at napatatag ang kaniyang pamamahala dahil sa pagsasara ng kaniyang mga daungan mula sa dayuhan. Bagamat may ugnayan sa mga bansang Netherlands, China at Korea, hindi nito pinahihintulutan na makapasok sa bansa ang mga dayuhan.

Sa pagdating ng mga Kanluranin sa Asya, isa ang bansang Japan sa mga ninais nilang masakop. Nagpadala ng kanilang mga kinatawan ang bansang England, France, Russia at United States subalit lahat sila ay tinanggihan ng Japan.

Noong 1853, ipinadala ni Pangulong Milliard Filmore ng United States si Commodore Matthew Perry upang hilingin sa emperador ng Japan na buksan ang kaniyang mga daungan para sa mga barko ng United States. Kailangan ng barko ng mga United States na tumatawid sa Karagatang Pasipiko nang mapagdadaungan upang mapagkuhanan ng karagdagang pagkain, tubig at panggatong. Hindi kasi sapat ang kanilang reserba o kaya ay mahirap na dalhin pa nila ang lahat ng ito sa kanilang paglalakbay. Sa pagpunta ni Perry sa Japan ay nakita ng mga Hapones ang naglalakihang barko ng United States na armado ng kanyon. Bagamat hindi tahasang sinabi, ang ginawang ito ni Perry ay isang

Paano nagkakatulad ang China at Japan sa pakikitungo sa mga dayuhan?

Ipakita ang bandila ng Japan at magsagawa ng semantic webbing upang mabatid ang mga ideya ng mag-aaral ukol sa bansang ito.

Magbigay ng mga salita na maglalarawan sa bansang Japan. Ipaliwanag.

I-proseso ang sagot ng mga mag-aaral. Bilang pagtatapos, tanungin ang mga mag-aaral: Sa iyong palagay, nasakop din kaya ng mga Kanluranin ang bansang Japan? Bakit?



Talakayin ang nilalaman ng teskto. Gumamit ng mapa upang maituro ang lokasyon ng Japan. Kailangan din ito upang maipaliwanag kung bakit hinangad ng United States na ito ay mabuksan.

Pasagutan sa mag-aaral ang gabay na tanong sa malayang talakayan

Modernisasyon ng Japan

Tinularan ng mga Hapones ang paraan ng pamumuhay ng mga Kanluranin na makatutulong sa kaniyang pag-unlad. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

Nakatulong ba sa Japan ang ipinatupad na modernisasyon? Patunayan.

Bansa	Natutuhan
Germany	Sentralisadong pamahalaan, ginawang modelo ang konstitusyon nito
England	Kahusayan at pagsasanay ng mga sundalong British
United States	Sistema ng edukasyon

Ipinadala ng pamahalaan ng Japan ang kaniyang mga iskolar sa Europe at United States upang matuto ng makabagong kaalaman at kaisipan sa pamamahala, kalakalan at pakikipagdigma. Tinularan din ng Japan ang pagpapaunlad ng industriya na ginawa ng United States at mga Kanluraning bansa. Hindi nagtagal, naging isang maunlad at makapangyarihang bansa na din ang Japan. Nagsimula na din siyang manakop ng ibang lupain upang matugunan ang kaniyang mga pangangailangan. Ilan sa kaniyang mga nasakop ay ang Korea, bahagi ng Russia at China, at Pilipinas.

Ipaliwanag kung paano tinaggap ng Japan ang pagpasok ng mga Kanluranin sa bansa. Bigyang-diin ang ginamit na istratehiya ng mga namuno sa bansa upang mapaunlad ang bansa sa harap ng banta ng pananakop ng mga Kanluranin.

Bilang paglalahat, paghambingin ang karanasan ng bansang China at Japan noong panahon ng Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya. Gumamit ng venn diagram sa paghahambing.



Timog Silangang Asya

Nagpatuloy ang paghahangad ng mga Kanluranin sa mga pamapalasa ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. Ang pagbabagong dulot ng industriyalisasyon ay lalo pang nagpataas sa pagnanais ng mga Kanluranin na mapanatili ang kanilang imperyo. Ginamit ng mga Kanluranin ang mga likas na yaman na makukuha sa mga bansa dito upang makagawa ng mas maraming produkto. Higit sa lahat, ang kanilang mga sobrang produkto ay dinala nila sa mga pamilihan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. Nisakatuparan nila ang lahat ng mga ito dahil sakop nila ang karamihan ng mga bansa sa rehiyon.

May mga bansang nasakop noong Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin ang patuloy na napasailalim sa kapangyarihan ng mga dayuhan. Samantala, ang mga dating malaya ay sinakop o kaya ay kinontrol ng mga Kanluranin ang kabuhayan.

Ipaliwanag sa mag-aaral na hindi lamang ang Silangang Asya ang naapektuhan ng Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Nagpatuloy din ito sa mga bansa sa Timog Silangang Asya.

Dahil sa paghahangad ng mga Kanluranin sa mga likas na yaman at pagkontrol sa kalakalan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya, nagpatuloy ang pamumuno ng mga Kanluranin sa mga bansa sa rehiyong ito.

Ipaturo sa mga mag-aaral ang mapa ng Timog Silangang Asya at tukuyin ang mga bansa na kabilang dito. Pagkatapos, talakayin ang mga bansa sa Timog Silangang Asya na nasakop noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin.

Pilipinas

Sa loob ng mahigit tatlong daang taon ay napasailalim ng mga Espanyol ang Pilipinas. Nagtangka ang mga Pilipino na makamit ang kalayaan sa kamay ng mga mananakop subalit sila ay nabigo. Sa pagpasok ng ika-19 na siglo, nagsimulang magpalawak ng kaniyang teritoryo sa Asya-Pasipiko ang United States. Isa ang Pilipinas sa mga lupain na nais niyang makontrol dahil sa istratehikong lokasyon nito. Angkop ang lokasyon ng bansa sa kaniyang plano na sakupin ang iba pang bansa sa Asya at sa pagkontrol sa kalakalan sa Asya-Pasipiko.

Noong una, tinulungan ng mga Amerikano ang mga rebolusyunaryong Pilipino sa pamumuno ni Emilio Aguinaldo na talunin ang mga Espanyol. Natalo ang mga Espanyol at idineklara ni Aguinaldo ang kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898. Subalit, lingid sa kaalaman ng mga Pilipino ay nagkaroon ng lihim na kasunduan ang mga Spain at United States. Batay sa kasunduan, susuko ang Spain sa United States at isasalin sa huli ang karapatang pamunuan ang Pilipinas. Samakatuwid, hindi pa din malaya ang Pilipinas dahil sila ay mapapasailalim sa United States – ang bansa na kaniyang itinuring na kaibigan. Pormal na naisalain sa kamay ng United States ang pamumuno sa Pilipinas sa bisa ng Kasunduan sa Paris. Nilagdaan ito ng mga kinatawan ng United States at Spain noong Disyembre 10, 1898.

Perlas ng Silangan

Ganito inilarawan ni Jose Rizal ang Pilipinas dahil sa ganda ng bansa at sa kaniyang lokasyon nito sa Asya.

Paano nakaapekto sa kasaysayan ng Pilipinas ang kaniyang lokasyong heograpikal?

20 milyong dolyar

Ibinayad ng United States sa Spain kapalit ng pagpapauliad na ginawa ng Spain sa Pilipinas.

Ano ang epekto ng Kasunduan sa Paris sa mga Pilipino?

Talakayin ang nilalaman ng teksto ukol sa karanasan ng Pilipinas sa ilalim ng pananakop ng United States noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Bigyang pansin ang mga dahilan at paraan ng pananakop, mga ipinatupad na patakaran at epekto, at ang mga pagbabagong naganap sa pamahalaan, ekonomiya at kultura ng Pilipinas dulot ng pananakop ng mga Amerikano.

Ipaliwanag ang mga karagdagang impormasyon at pasagutan ang mga gabay na tanong ukol dito sa isang malayang talakayan. Gamitin ang *chart* sa pagbubuod ng paksa.

Mga pagbabagong naganap sa Pilipinas noong Ikalawang Yugto ng

Pamahalaan	Ekonomiya	Kultura

Indonesia (East Indies)

Patuloy na pinamahalaan ng mga Netherlands ang Indonesia. Ang mataas na paghahangad ng mga taga-Europe sa mga pampalasa at produktong agrikultural ang nagtulak sa mga Dutch na ipatupad ang *culture system* o kilala din sa tawag na *cultivation system*. Ang patakaran na ito ay iminungkahi ni Johannes Van den Bosch. Sa ilalim ng patakarang ito, inatasan ng mga Dutch ang mga magsasakang Indones na ilaan ang sanglimang (1/5) na bahagi ng kaniyang lupain o 66 na araw para sa pagtatanim ng mga produktong iniluluwas ng mga Dutch. Ilan sa mga ito ay asukal, kape at indigo. Nang makita ng mga Dutch ang tagumpay ng culture system, sapilitan na ding ipinatanim sa mga Indones ang iba pang produkto tulad ng bulak, oil, palms, tsaa, tabako, quinine at iba pang pampalasa. Dumanas ng lubos paghihirap ang mga Indones sa ilalim ng patakarang ito dahil hindi na sila makapagtanim ng mga produkto para sa kanilang sariling pangangailangan.

CINNAMON

Sapilitang ipinatanim ng mga Dutch sa mga Indones sa ilalim ng Culture o Cultivation System.

Ano ang naging epekto ng Culture system sa mga Indones?

30

Talakayin ang nilalaman ng teksto ukol sa karanasan ng Indonesia (tinawag ding East Indies) sa ilalim ng pananakop ng mga Dutch noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Bigyang pansin ang mga dahilan at paraan ng pananakop, mga ipinatupad na patakaran at epekto, at ang mga pagbabagong naganap sa pamahalaan, ekonomiya at kultura ng Indonesia.

Ipaturo sa mapa ang lokasyon ng Indonesia, partikular ang mga isla na nasakop ng mga Dutch.

Ipaliwanag ang mga karagdagang impormasyon at pasagutan ang mga gabay na tanong ukol dito sa isang malayang talakayan. Gamitin ang *chart* sa pagbubuod ng paksa.

Mga pagbabagong naganap sa Indonesia noong Ikalawang Yugto ng		
Pamahalaan	Ekonomiya	Kultura

SINGAPURA

Salitang Malay na ang ibig sabihin sa Ingles ay Lion City.

Bakit sinakop ng mga British ang Singapore?

Rubber Tree

Ito ay orihinal na matatagpuan sa South America. Dinala ito ng mga British ang mga

Malaysia at Singapore

Napasakamay ng mga British ang Singapore, na noon ay bahagi pa ng Malaysia dahil naghahanap sila ng angkop na daungan para sa kanilang mga barkong pangkalakalan mula India patungong China. Nakilala ang Singapore bilang isa sa pinakamaganda at pinakamaunlad na daungan sa Timog Silangang Asya. Kinontrol ng mga British ang Singapore at kumita sila ng malaki mula sa pakikipagkalakalan sa mga karatig bansa at sa mga bansang Kanluranin.

Sa kabilang banda, kilala naman ang Malaysia sa malawak na plantasyon ng goma (rubber) at sa pagkakaroon ng malaking reserba ng lata (tin). Naging pangunahing produktong panluwas ng Malaysia ang goma at lata. Kumita ng malaki ang mga British dahil sa pagkontrol nila ng pagluluwas ng mga nabanggit na produkto. Upang mas mapabilis pa ang produksiyon, hinikayat ng mga British ang mga Tsino na mandayuhan sa Malaysia upang maging mga manggagawa. Hindi naglaon, mas dumami pa ang mga Tsino kaysa sa mga katutubong Malay sa Malaysia. Ang pananakop ng mga British sa Malaysia ay nagdulot ng paghihirap at ng kaguluhan sa pagitan ng mga nandayuhang Tsino at katutubong Malay na hanggang sa ngayon ay nararamdaman pa din sa bansa.

Talakayin ang nilalaman ng teksto ukol sa karanasan ng bansang Malaysia at Singapore noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Bigyang pansin ang mga dahilan at paraan ng pananakop, mga ipinatupad na patakaran at epekto, at ang mga pagbabagong naganap sa pamahalaan, ekonomiya at kultura ng Malaysia at Singapore

Ipaturo sa mapa ang lokasyon ng Malaysia at Singapore, partikular ang mga isla na nasakop ng mga British.

Ipaliwanag ang mga karagdagang impormasyon at pasagutan ang mga gabay na tanong ukol dito sa isang malayang talakayan. Gamitin ang *chart* sa pagbubuod ng paksa.

Mga pagbabagong naganap sa Malaysia at Singapore noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin		
Pamahalaan	Ekonomiya	Kultura

Burma (ngayon ay Myanmar)

Ang lokasyon ng Burma sa India, na sakop ng mga England ang dahilan kung bakit sinakop din ito ng mga British. Mahalaga para sa mga British ang Burma dahil ito ay magagamit niya upang mapigilan ang mga magtatangkang sumakop sa silangang bahagi ng India na noon ay kabilang sa mga sakop niyang lupain. Noong una ay may maayos na ugnayan ang England at Burma. Subalit sa hindi inaasahang pangyayari, sumiklab ang mga labanan sa pagitan ng mga British at Burmese na tinawag na Digmaang Anglo-Burmese.

Bakit mahalaga para sa England ang Burma?

Talahanayan ng dahilan at bunga ng mga Digmaang Anglo-Burmese

	Unang Digmaang Anglo-Burmese	Ikalawang Digmaang Anglo-Burmese	Ikatlong Digmaang Anglo-Burmese
Taon	1842-1856	1852-1853	1885-1886
Dahilan	Paglusob ng Burma sa mga estado ng Assam, Arakan, at Manipur na itinuring ng mga British na panghihimasok sa India	Hidwaan sa kalakalan. Sapilitang kinuha ng mga British ang mga barkong pangkalakalan ng mga Burmese	Itinuring ng mga British na pagtataksil ang pakikipagkasundo ng mga haring Buremese sa bansang France
Bunga	Natalo ang mga Burmese at nilagdaan ang Kasunduan sa Yandabo. Nagbigay ng bayad-pinsala ang Burma Napasakamay ng English East India Company ang Arakan at Tenasserim Tinanggap ng Burma ang British Resident sa palasyo ng hari	Natalo ang mga Burmese dahil sa mas malakas na kagamitang pandigma ng mga British. Nawalan ng karapatan ang mga Burmese na dumaan sa mga rutang pangkalakalan na dati ay kanilang pagmamay-ari.	Natalo ang mga Burmese Ganap na sinakop ng England ang buong Burma at isinama ito bilang probinsiya ng India. Isa itong malaking kahihiyan para sa kaharian ng Burma na matagal nang namamahala sa kanilang lupain.

Bakit naaalis ang Burma dito at pinawang probinsiya ng India?

Ang resident system ay isang patakaran na ipinatupad ng mga British sa Burma. Ang British Resident ay kinatawan ng pamahalaan ng England sa Burma. Bilang kinatawan, kailangang manirahan ang British Resident sa Burma. Isa sa kaniyang tungkulin ay ang pakikipag-ugnayan sa mga dayuhang bansa. Ibig sabihin, may karapatan siyang makipag-usap, makipagkasundo, makipagkalakalan at magdesisyon sa mga usaping panlabas ng Burma na dati ay gawain lamang ng Hari ng Burma. Nabawasan ang kapangyarihan ngHari at nawala sa kaniyang kamay ang karapatan na magdesisyon kung kaninong dayuhan makikipagkaibigan at makikipag-ugnayan

Maituturing ba ang Resident System bilang isang uri ng pananakop? Bakit?

Talakayin ang nilalaman ng teksto ukol sa karanasan ng bansang Burma (Myanmar) noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Bigyang pansin ang mga dahilan at paraan ng pananakop, mga ipinatupad na patakaran at epekto, at ang mga pagbabagong naganap sa pamahalaan, ekonomiya at kultura ng Burma.

Ipaturo sa mapa ang lokasyon ng Burma.

Ipaliwanag ang mga karagdagang impormasyon at pasagutan ang mga gabay na tanong ukol dito sa isang malayang talakayan. Gamitin ang *chart* sa pagbubuod ng paksa.

Mga pagbabagong naganap sa Burma (Myanmar) noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin		
Pamahalaan	Ekonomiya	Kultura

French Indo-China

Ang French Indo-China ay binubuo ng tatlong bansa: Laos, Cambodia at Vietnam. Nanggaling ang pangalang Indo China sa pinagsamang India at China, may mga bansang naksimpluwensiya sa kultura ng rehiyong ito. Ginawang dahilan ng France ang mga ulat ng pang-aapi sa mga misyonerong Katoliko na kanilang ipinadala sa pagsakop sa Indo-China. Subalit ang pagkontrol sa mayamang kalikasan at magandang daungan ng Indo-China ang kanilang pangunahing layunin sa pananakop.

Bakit tinawag na Indo-China ang rehiyon na kinabibilangan ng Laos, Cambodia at Vietnam?

Laos.

Hiningi ng French ang kaliwang pampang ng Mekong River na kasalukuyan ay bansang Vietnam bilang bayad-pinsala sa pagpapatalsik ng mga misyonerong French. Isinama ito bilang protektorado ng France.



Vietnam.

Sa pamamagitan ng puwersang pang-militar, napabilang din sa protektorado ng France ang Vietnam. Sa una ay tumutuol ang China subalit wala din siyang nagawa dahil sa lakas ng puwersa ng France.

Cambodia.

Naging protektado ng France ang Cambodia matapos niyang makuha ang Cochin China noong 1862. Dahil sa lakas ng puwersa ng mga French, walang nagawa ang Cambodia kundi tanggapin ang pagiging protektado ng France.

Patakarang Ipinatupad sa Indo-China

Tulad ng pamamahala ng mga Espanyol sa Pilipinas, direktang pinamahalan ng mga French ang Indo-China. Ang mga French ang humawak sa iba't ibang posisyon ng pamahalaan. Ipinag-utos din ang

Talakayin ang nilalaman ng teksto ukol sa karanasan ng French Indochinanoong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Bigyang pansin ang mga dahilan at paraan ng pananakop, mga ipinatupad na patakaran at epekto, at ang mga pagbabagong naganap sa pamahalaan, ekonomiya at kultura ng Burma.

Ipaturo sa mapa ang French Indochina at ang mga bansa na bumubuo dito sa kasalukuyan.

Ipaliwanag ang mga karagdagang impormasyon at pasagutan ang mga gabay na tanong ukol dito sa isang malayang talakayan. Gamitin ang *chart* sa pagbubuod ng paksa.

Mga pagbabagong naganap sa French Indochina (Vietnam, Laos, Cambodia) noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin		
Pamahalaan	Ekonomiya	Kultura

Gawain 10. Pagsusuri

Suriin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga karanasan ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya na sinakop ng mga Kanluranin noong Ikalawang Yugto ng Imperyalismo. Punan ng tamang sagot *chart*. Iulat ang sagot sa klase.

Nasakop na bansa	Kanluraning bansa na nakasakop	Dahilan ng Pananakop	Paraan ng Pananakop	Patakarang Ipinatupad	Epekto
China					
Japan					
Pilipinas					
Indonesia					
Malaysia					
Indo-China					
Myanmar					

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang mga bansang Kanluranin na nanakop ng lupain sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismo?
2. Bakit kinailangan ng mga Kanluranin na manakop ng mga lupain sa Asya?
3. Magkakatulad ba ang pamamaraang ginamit ng mga Kanluranin sa pananakop ng mga naturang lupain? Bakit?
4. Nakabuti ba sa mga Asyano ang ipinatupad na patakaran ng mga Kanluranin.

Pangatuwiranan.

Bilang paglalahat, ipaliwanag sa mag-aaral na may malaking epekto sa pamumuhay ng mga Asyano ang naganap na pananakop ng mga Kanluranin. Ito ay dulot ng mga patakaran na ipinatupad nila sa mga lupain na kanilang nasakop.

Pasagutan sa mag-aaral ang chart, ipaliwanag sa klase ang sagot.
Mga mungkahi:
1. Malayang talakayan – isulat ang *chart* sa pisara, pasagutan ito sa mag-aaral sa pamamagitan ng malayang talakayan. Pagtuunan ng pansin ang mga epekto ng patakarang ito.
2. Pangkatang gawain – hatiin ang klase sa pitong pangkat. Italaga ang isang bansa sa bawat pangkat. (Pangkat 1 – China, Pangkat 2 – Japan, Pangkat 3 – Pilipinas, Pangkat 4 – Indonesia, Pangkat 5 – Malaysia, Pangkat 6 – Indo-China, Pangkat 7 – Myanmar. Bigyan ng sapat na oras ang mga pangkat na masagutan ang *chart*. Iulat ito sa klase.

Talakayin ang pamprosesong tanong sa pamamagitan ng malayang talakayan.
Inaasahang sagot:
1. England, Netherlands, France, Germany, at United States of America.
2. Upang may mapagkunan ng mga hilaw na materyales, may mapagbilhan ng mga sobrang produkto at makontrol ang kalakalan sa mga bansang Asyano.
3. Hindi. Bagamat karamihan ng mga mananakop ay gumamit ng puwersa, mayroon din na nakipagkaibigan sa mga lokal na pinuno habang ang iba naman ay kinontrol ang kalakalan.
4. May mga patakaran na nakabuti sa mga Asyano, subalit karamihan sa mga ito ay nakasama sa kanila. Pangunahing naapektuhan ang kanilang kabuhayan. Umunlad ang kanilang bansa dulot ng pagkontrol sa kalakalan at ekonomiya ng mga bansang Asyano.

Gawain 11. Paghahambing

Sa pamamagitan ng *Venn Diagram*, suriin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Silangan at Timog Silangang Asya.



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang naging epekto ng mga patakarang ipinatupad ng mga Kanluraning bansa sa mga bansang Asyano?

2. Nakabuti ba ang mga pagbabagong isinagawa ng mga Kanluraning bansa sa kanilang mga naging kolonya sa Silangang Asya at Timog-Silangang Asya? Pangatuwiranan.

3. Masasalamin pa ba sa kasalukuyang panahon sa Silangang Asya at Timog-Silangang Asya ang mga pagbabagong hatid ng mga kanluraning bansa na sumakop sa kanila? Patunayan ang sagot.

Matapos ang pagtalakay sa Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya, magsagawa ng pagsusuri ng mga pagkakatulad at pagkaiba nito sa Unang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Gawin ito sa pamamagitan ng *Venn Diagram*.

Ang Gawain 11 ay maaaring itala sa hanay ng Pag-unawa (Understanding) na isa sa mga batayan ng pagmamarka (grading system) ng K to 12 Basic Education Curriculum.

Ipagawa ito ng isahan (individual) . Layunin ng gawain na ito na masukat ang pag-unawa ng mag-aaral ukol sa Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin. Maaaring ipagawa ito sa loob ng klase o kaya ay ipagawa bilang gawaing bahay.

Mga hakbangin:

1. Magsagawa ng paglalahat ng Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Asya.
Maaaring gamitin ang mga sagot ng mag-aaral sa mga Gawain blg. 8 at Gawain blg. 10.
2. Ipaliwanag sa mag-aaral ang panuto sa pagsagot sa Gawain 11. Maaaring mga *key words* ang ilagay sa mga bilog ng *venn diagram*.
3. Pasulatin ng sanaysay ang mga mag-aaral bilang paliwanag sa kanilang mga sagot sa *venn diagram.* Ipaalala sa mag-aaral na dapat ay masagot ang mga pamprosesong tanong sa gagawing sanaysay.
4. Pumili ng ilang mag-aaral na maglalahad ng kanilang sagot sa klase sa susunod na pagkikita.

Malakas at makapangyarihan ang mga Kanluranin. Sa panahon ng imperyalismo, maaaring sabihin na lahat ng kanilang naisin ay kanilang nakukuha. Iba-iba ang pamamaraan na kanilang ginamit, ang iba ay sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan, pakikipagkalakakalan o kaya ay paggamit ng dahas.

Subalit, hindi lahat ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya ay nasakop ng mga Kanluranin. Bagamat maraming likas na yaman at produkto na maaaring mapakinabangan, napanatili ng bansang Thailand ang kaniyang kalayaan mula sa mga Kanluranin. Sa kabilang banda, nasakop ang Korea ng kapwa Asyanong bansa tulad ng China at Japan. Subalit gaya ng Thailand, nailigtas ng Koreans ang kanilang bansa mula sa pananakop ng mga Kanluranin.

Tunghayan mo ang mga susunod na teksto upang maunawaan mo ang mga dahilan at pamamaraang ginamit ng mga pinuno ng Thailand at Korea upang sila ay hindi masakop ng mga Kanluranin.

Matapos ang pagpoproseso sa Gawain 11, ipasuri sa mag-aaral ang larawan bilang pagganyak:

Gabay na tanong:

1. Ano ang ipinakikita sa larawan?
2. Lahat ba ng mga bansang Asyano sa Silangan at Timog Silangan ay nasakop ng mga Kanluranin? Patunayan ang iyong sagot.
3. <u>Bakit hindi nasakop ng mga Kanluranin ang Thailand at Korea?</u>

Maaaring magbigay ng kanilang palagay ang mga mag-aaral. Tanggapin ito kung karapat-dapat. Ipasagot uli ito sa mag-aaral pagkatapos ng pagtalakay sa aralin na ito.

Matapos ang pagsusuri sa larawan at pagsagot sa mga gabay na tanong, talakayin ang mga dahilan kung bakit hindi nasakop ng mga Kanluranin ang Korea at Thailand.



Talakayin ang nilalaman ng teksto tungkol sa mga dahilan kung bakit hindi nasakop ng mga Kanluranin ang Thailand.

Ipaliwanag sa mag-aaral na isa sa ginamit ng mga namumuno sa Thailand ay diplomasya. Ang pagkakaloob nila ng mga kahilingan ng mga Kanluranin ay hindi nagpapakita ng kanilang kahinaan, dahil ang kapalit nito ay ang pagpapanatili ng kanilang kalayaan.

Maaaring gumamit ng larawan sa pagtalakay ng mga namuno sa Thailand na nakatulong upang mapanatii ang kanilang kalayaan. Bigyang diin ang kanilang mga konribusyon.

Gumamit ng mapa sa pagpapaliwanag ng konsepto ng pagiging *Buffer State* ng Thailand. Pagtuunan ng pansin ang naging sitwasyonng Thailand sa gitna ng tensiyon na namumuo sa pagitan ng England at France.

Ipasagot ang pamprosesong tanong sa malayang talakayan

Mga mungkahi sa pagtatalakay:
1. Maaaring ipaulat sa mag-aaral o sa pangkat ang bawat isang dahilan.
2. Ipagawa ito bilang Takdang Aralin (dalawa o tatlong araw_ bago ang pagtalakay sa paksa. Magsagawa ng malayang talakayan.
3. Malikhaing presentasyon (paggawa ng poster, tula, dula-dulaan ukol sa mga dahilan)

Korea

Tulad ng Thailand, napanatili din ng Korea ang kanlyang kalayaan mula sa mga Kanluranin. Kung ang Thailand ay naging bukas sa mga Kanluranin, paano naman napanatili ng Korea ang kanliyang kalayaan?

Iba ang istratehiya na ginamit ng Korea upang hindi masakop ng mga Kanluranin. Ito ay ang sumusunod:

1. Pagsasara ng daungan mula sa mga dayuhan.

2. Pagkakaroon ng mahusay na pinuno.

Haring Sejong (1692-1627)

Kilala si Haring Sejong dahil sa kaniyang kontribusyon sa pag-unlad ng Korea. Ginamit ng batayan ni Sejong sa kaniyang pamumuno ang pilosopiya ni Confucius. Ito din ang naging batayan ng kasyusang panlipunan sa kaniyang panahon. Pinasimulan din niya ang pag-aaral ng hangul, ang sinuunang sistema ng pagsulat ng mga Koreans. Bukod, dito, dinoon ang mga natutong kuotasa at kumulat at napaunlad dio ang kanilang kalayan. Mademi ding mahahalagang imbensiyon ang nagawa sa lialim na kaniyang pamumuno tulad ng *water clock, sundial rain gauge* at pag-unlad ng kaalaman sa medisina. Nakatulong din sa pagpapanatili ng kalayaan ng Korea ang pagpapalakas ni Haring Sejong sa puwersang militar na kaniyang kaharian.

Haring Gojong (1863-1907)

Siya ay [illegible] dahil dito pansamantalang namuno ang kaniyang ama na si Yili Hae-ung o mas kilala sa tawag na Daewongun na nangangahulugang Prince of the Great Court. Naniniwala si Daewongun na maaaring maging sanhi ng kanilang pagkasakop kapag nakapasok ang Impluwensiya ng mga dayuhan, maging ito man ay sa kulturo o sa kalakalan sa kanilang bansa. Isa sa ilya na mga nagmungkahi ng pagsasara ng bansang Korea mula sa mga dayuhan. Ipinag-utos din niya ang pagpapapatay sa halos 10,000 Korean na naging Kristiyano at sa mga misyonerong French na nakapaso sa kanilang bansa.

Naging ganap na emperador ng Korea si Gojong noong 1897. Lalo pa niyang pinatatag ang Korea at ilinaklas ang kalayan ng bansa na kalila ng mga banta ng pananakop mula sa mga dayuhan tuled ng bansang Japan.

Hermit Kingdom o Ermitanyong Kaharian

Nakita ng Korea ang epekto ng pagbubukas ng daungan sa mga dayuhan tulad ng nangyari sa Japan at China. Mataas ang pagpapahalaga ng mga Koreans sa kanilang kultura at pananamapalataya at ayaw nila na ito ay mabahiran ng impluwensiya ng mga Kanluranin. Dahil dito, isinara ng Korea ang mga daungan nito mula sa pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan.

Nakatulong sa Korea ang pagsasara nila ng daungan dahil umunlad ang ekonomiya, kultura at naging matatag ang pundasyon ng pagpapahalaga ng mga mamamayan.

Tinawag ang Korea bilang Hermit Kingdom o Ermitanyong Kaharian dahil ginawa niyang pagsasara ng daungan at pagputol ng pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan.

Paano napanatili ng Korea ang kanilang kalayaan mula sa mga mananakop na Kanluranin?

Talakayin ang nilalaman ng teksto tungkol sa mga dahilan kung bakit hindi nasakop ng mga Kanluranin ang Korea.

Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang naging epekto ng pagsasara ng Korea ng kaniyang bansa mula sa impluwensiya ng mga dayuhan. Bigyang-pansin ang obserbasyon ng mga Koreans sa naganap sa China at Japan dahil sa pagtanggap sa mga dayuhan. Suriin kung nakabuti ba o nakasama sa bansa ang pagtanggi nito na tumanggap ng mga dayuhan.

Maaaring gumamit ng larawan sa pagtalakay ng mga namuno saKorea na nakatulong upang mapanatii ang kanilang kalayaan. Bigyang diin ang kanilang mga konribusyon.

Gumamit ng mapa sa pagpapaliwanag ng konsepto ng pagiging *Hermit Kingdom* ng Korea. Sa tulong ng mapa, ipaliwanag ang kahalagahan ng lokasyon ng Korea sa bansang China at Japan. Pagtuunan ang kaugnayan ng lokasyon ng Korea sa pananakop ng Japan.

Ipasagot ang pamprosesong tanong sa malayang talakayan

Mga mungkahi sa pagtatalakay:
1. Maaaring ipaulat sa mag-aaral o sa pangkat ang bawat isang dahilan.
2. Ipagawa ito bilang Takdang Aralin (dalawa o tatlong araw_ bago ang pagtalakay sa paksa. Magsagawa ng malayang talakayan.
3. Malikhaing presentasyon (paggawa ng poster, tula, dula-dulaan ukol sa mga dahilan)

Napatunayan mo na hindi lahat ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya ay nasakop ng mga Kanluranin. Bagamat magkaiba ng istratehiyang ginamit, parehong nailigtas ng Thailand at Korea ang kanilang lupain mula sa panghihimasok at pananakop ng mga Kanluranin. Ang pagkakaroon nila ng mahuhusay na pinuno ay nakatulong din upang mapanatili nila ang kanilang kalayaan.

Ipaliwanag sa mag-aaral na mahalaga ang bahaging ginampanan ng mga pinuno ng Thailand at Korea kaya't hindi ito nasakop ng mga Kanluranin. Sa kasalukuyan, mahalaga pa din ang bahaging ginagampanan ng mga pinuno sa pag-unlad ng bansa.

Gawain 12. Paghahambing

Paano nga ba nagkakatulad at nagkakaiba ang Thailand at Korea? Suriinn mo ito gamit ang *venn diagram*.



Bilang pagbubuod, ipagawa sa mag-aaral ang Gawain 12. Maaaring itala din ito ng guro sa kolum na pag-unawa bilang isa sa batayan ng pagmamarka.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang dalawang bansa sa Silangang Asya at Timog Silangang Asya na hindi nasakop ng mga Kanluranin?

2. Bakit tinawag na Buffer State ang Thailand at Hermit Kingdom ang Korea?

3. Paano nagkakaiba ang ginamit na istratehiya ng dalawang bansa upang mapanatili ang kalayaan mula sa mga Kanluranin?

4. Paano naman nagkakatulad ang dalawang bansa sa aspeto ng mga namumuno sa pamahalaan?

5. Sa iyong palagay, ano ang katangian ng mga namuno sa Thailand at Korea ang nararapat na tularan ng ating mga pinuno sa kasalukuyan? Bakit?

Pasulatin ng sanaysay ang mga mag-aaral bilang paliwanag sa kanilang sagot sa Gawain 12. Gamiting gabay ang mga pamprosesong tanong sa pagbuo ng sanaysay.

Tumawag ng mag-aaral na magbabasa ng kanilang gawa sa klase. Iproseso ang gawain upang mabatid kung naunawaan ng klase ang aralin.

BINABATI KITA!

Ngayon ay natapos mo na ang bahagi ng Paunlarin para sa Aralin 1.

Ngayong ay may sapat ka nang kaalaman at pag-unawa ukol sa mga dahilan, paraan at epekto ng Imperyalsimo at Kolonyalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya. Maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng modyul na ito upang mapalalim at mapalawak pa ang iyong pag-unawa ukol sa paksang ito.

Sa bahaging ito, maaaring magbigay ng mahabang pagsusulit ang guro. Maaari ding balikan ang mga tanong at mga bahagi ng aralin na hindi pa gaanong nauunawaan ng mag-aaral.

PAGNILAYAN AT UNAWAIN

Sa bahaging ito palalalimin mo ang mga nabuong pag-unawa ukol sa paksa. Inaasahan din na sa pagkakataong ito ay kritikal na masusuri mo ang impluwensiya ng pananakop ng mga Kanluranin sa pamumuhay ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Ang bahagi ng Pagnilayan at Unawain ay layunin na palalimin ang pag-unawa ng mag-aaral ukol sa aralin sa pamamagitan ng mga mapanghamong gawain. Isinasagawa sa bahaging ito ang pagninilay – ibig sabihin babalikan, susuriin ng mag-aaral ang kanilang kaalaman at pag-unawa, aalamin kung alin sa mga bahagi ng aralin ang hindi pa gaanong naunawaan at ano ang kanilang realisasyon. Bukod dito ay kailangan din nilang mapatunayan na naunawaan nila ang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa pangunahing tanong kayat ito ay tinawag din na unawain.

Gawain 13. Noon at Ngayon

Makikita pa din sa kasalukuyan ang mga patunay ng kolonyalismo at imperyalismo na naganap sa Asya. Suriin mo kung ano ang mga nagbago at nagpatuloy sa kultura, pamahalaan at ekonomiya ng Pilipinas matapos itong lumaya mula sa Imperyalismong Kanluranin.

Gawin ang sumusunod na hakbang:

1. Mamili sa sumusunod na aspeto na iyong susuriin: kultura, pamahalaan, ekonomiya.

2. Gamitin ang *chart* sa gagawing pagsusuri.

Aspeto	Kalagayan bago dumating ang mga mananakop	Kalagayan sa ilalim ng mga mananakop	Kalagayan sa kasalukuyan

3. Sagutin ang sumusunod na tanong:
3.1 Ano-ano ang mga nagpatuloy at nagbago sa sinuring aspeto bago at matapos ang Imperyalismong Kanluranin sa Pilipinas?
3.2 May kaugnayan ba ang mga nakasakop na Kanluranin sa kasalukuyang kalagayan ng dalawang bansa? Patunayan.
3.3 Magkatulad ba ang kalagayan ng sinuring aspeto sa kalagayan ng ibang bansa sa Asya na nasakop din ng mga Kanluranin? Bakit?
3.4 Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa patuloy na pagpapabuti o pagpapaunlad ng kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas batay sa napiling aspeto?

Higit na mauunawaan ng mag-aaral ang aralin kung ito ay maiuugnay sa kanilang sariling karanasan. Sa pamamagitan ng Gawain 13, Noon at Ngayon, susuriin ng mag-aaral ang kasalukuyang kalagayan ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya. Ang mga aspeto na susuriin ay kultura, pamahalaan at ekonomiya sapagkat ang mga aspeot na ito ang nakaranas ng pagbabago sa ilalim ng pananakop ng mga Kanluranin.
Mga hakbang:
1. Hatiin ang klase sa pangkat na may apat na miyembro.
2. Bigyan ng laya na mamili ng bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya at ng aspeto na susuriin. (sa pagpili, dapat gabayan ng guro ang mag-aaral upang pagkakapareho) .

Gawain 13. Noon at Ngayon

Makikita pa din sa kasalukuyan ang mga patunay ng kolonyalismo at imperyalismo na naganap sa Asya. Suriin mo kung ano ang mga nagbago at nagpatuloy sa kultura, pamahalaan at ekonomiya ng Pilipinas matapos itong lumaya mula sa Imperyalismong Kanluranin.

Gawin ang sumusunod na hakbang:

1. Mamili sa sumusunod na aspeto na iyong susuriin: kultura, pamahalaan, ekonomiya.

2. Gamitin ang *chart* sa gagawing pagsusuri.

Aspeto	Kalagayan bago dumating ang mga mananakop	Kalagayan sa ilalim ng mga mananakop	Kalagayan sa kasalukuyan

3. Sagutin ang sumusunod na tanong:
3.1 Ano-ano ang mga nagpatuloy at nagbago sa sinuring aspeto bago at matapos ang Imperyalismong Kanluranin sa Pilipinas?
3.2 May kaugnayan ba ang mga nakasakop na Kanluranin sa kasalukuyang kalagayan ng dalawang bansa? Patunayan.
3.3 Magkatulad ba ang kalagayan ng sinuring aspeto sa kalagayan ng ibang bansa sa Asya na nasakop din ng mga Kanluranin? Bakit?
3.4 Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa patuloy na pagpapabuti o pagpapaunlad ng kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas batay sa napiling aspeto?

Karugtong . . . .
3. Sa pagsagot sa chart, dapat na magkatugma ang sagot sa ikalawa hanggang ikaapat na kolum. Ibig sabihin dapat ay masuri kung ano ang mga pagbabago o nagpatuloy sa sinuring aspeto. Kinakailangan na maging makatotohanan at sinusuportahan ng mga ebidensiya at patunay ang sagot ng mag-aaral at hindi lamang batay sa kanilang sariling opinyon.
4. Sa pagsagot, maaaring gumamit ng mga larawan, chart na nagpapakita ng mga istatistiks, at iba pang kagamitan upang masuportahan ang kanilang sagot.
5. Muli, pasulatin ng sanaysay ang mag-aaral bilang paliwanag sa kanilang sagot. Ipaalala sa kanila na dapat ay nasasagot ang mga pamprosesong tanong sa kanilang sanaysay.
6. Hindi ito gagawin ng mag-aaral sa loob ng klase. Subalit, maari lamang maglaan ng hanggang tatlong araw sa pagsasakatuparan ng gawain na ito.
7. Tumawag ng mag-aaral upang ilahad ang kanilang gawa sa klase.
8. Maaari itong itala sa kolum na produkto/pagganap bilang isa sa mga batayan ng pagmamarka.

Gawain 14. Pagsulat ng repleksiyon

Sumulat ng repleksiyon ukol sa iyong mga natutunan, realisasyon at opinyon tungkol sa ginawang pagsusuri.

Bilang panghuing gawain sa bahagi ng Pagnilayan at Unawain, pasulatin ng repleksiyon ang mga mag-aaral ukol sa kanilang mga realisasyon at opinyon tungkol sa ginawang pagsusuri. Sa puntong ito, malaya ang mag-aaral na ipahayag ang kanilang damdamin ukol epekto ng Imperyalismong Kanluranin sa kanilang kasalukuyang pamumuhay. Itala ito sa kolum na pag-unawa bilang isa sa batayan ng pagmamarka.

Gawain 15. Hagdan ng Aking Pag-unlad

Sa bahaging ito, sagutan mo ang bahagi ng ***Mga Natutunan*** at ***Epekto ng pananakop ng mga Kanluranin sa mga bansang Asyano***. Balikan mo ang iyong mga sagot sa naunang bahagi ng Hagdan ng Aking Pag-unlad upang masuri kung umunlad ba ang iyong kaalaman at pag-unawa.



Kung sa bahaging ito ay may mga katanungan, konsepto na may kaugnayan sa aralin na hindi pa gaanong malinaw at mga bahagi ng aralin na kailangan ng karagdagang paliwanag, maaaring magtanong ka sa iyong kapwa mag-aaral o kaya ay sa iyong guro. Mahalagang maging malinaw sa iyo ang lahat ng mga kaalaman at pag-unawa na kakailanganin sa aralin na ito upang mahusay mong magampanan ang huling gawain para sa aralin na ito.

Bago ang araw na pasasagutan ang Gawain 15, ipaalala sa mga mag-aaral na dalhin ang *map of conceptual change* na may paunang sagot (Gawain 3).

Sa Gawain 15, sasagutan ng mag-aaral ang huling dalawang bahagi ng Hagdan ng Aking Pag-unlad: ang Mga Natutuhan kung saan ay isusulat niya lahat ng bagong kaalaman mula sa aralin. Upang mabatid din ang kaniyang nabuong pag-unawa, kailangan niyang masagot ang tanong na makikita sa huling bahagi.

Dapat suriin ng guro kung tama ang sagot ng mga mag-aaral sa huling dalawang bahagi ng Gawain 15.

Mga hakbang:
1. Pasagutan sa bawat isa ang huling dalawang bahagi ng Gawain 15.
2. Pagkatapos, gumawa ng katulad na *map of conceptual change* sa pisara. Ipasulat sa mag-aaral ang kanilang mga sagot dito.
3. Magsagawa ng pagsusuri. Hikayatin ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang mga sagot.

Matapos ang pagsagot sa Gawain 15, Hagdan ng Aking Pag-unlad, makikita ng guro kung umunlad ba ang kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral. Kung sa puntong ito, mayroon pang mga katanungan ang mga mag-aaral, maaari itong sagutin ng guro o kaya ay itanong sa klase upang ibahagi ng ibang kamag-aaral ang kanilang sagot.

BINABATI KITA!

Mahusay mong nagampanan ang gawain sa bahagi ng Pagnilayan at Unawain para sa Aralin 1.

Ngayon ay mayroon ka nang sapat na pang-unawa ukol sa impluwensiya ng pananakop ng mga Kanluranin sa Silangan at Timog Silangang Asya. Sigurado akong handa ka na para sa susunod na gawain.

Sa bahaging ito dapat masiguro ng guro na malinaw na sa mga mag-aaral ang mga kaalaman at pag-unawa na kanilang natutuhan mula sa aralin. Makatutulong ito upang maisakatuparan ng mga mag-aaral ang gawain sa huling bahagi ng modyul, ang Ilipat/Isabuhay.

ILIPAT/ISABUHAY:

Sa bahaging ito ay pagtitibayin mo ang iyong pag-unawa ukol sa aralin. Magsasagawa ka ng mas malalim na pagtalakay tungkol sa mga sanhi at epekto ng mga suliranin na kinahaharap ng mga bansang Asyano sa kasalukuyan at kaugnayan nito sa Imperyalismong Kanluranin na naganap noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo. Sa bahaging ito, isasagawa mo ang gawain hindi lamang bilang isang mag-aaral kundi bilang isang aktibong bahagi ng lipunan o ng bansa na iyong kinabibilangan.

Ang bahagi ng Ilipat/Isabuhay ang huling bahagi ng modyul. Sa bahaging ito, ililipat o isasabuhay ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutuhan mula sa aralin. Isasagawa ito sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawain na kinapapalooban ng mga sitwasyon na kasalukuyang nangyayari o kaya ay maaaring kaharapin ng mga mag-aaral (real life situations and real-world setting). Sa pamamagitan nito, masasanay ang mga mag-aaral sa pagiging mapanuri, mapagtimbang at matalino sa kanilang gagawing pagpasiya.

Gawain 16. Imbestigasaysayan

Natutunan mo sa aralin na ito na may malaking impluwensiya sa pamumuhay ng mga Asyano ang pananakop ng mga Kanluranin. Kung iyong matatandaan, kaakibat ng imperyalismo ang pagpapalawak ng teritoryo. Sa kasalukuyan, may mga isyu sa pagitan ng mga bansa sa Asya na may kaugnayan sa pag-aagawan ng mga teritoryo. Maituturing pa din ba itong imperyalismo? Paano kaya ito naiiba sa imperyalismo noong ika-16-19 na siglo? Ano-ano kaya ang mga sanhi at epekto ng suliranin na ito.
Basahin at unawain ang teksto tungkol sa sigalot sa pagitan ng China, Pilipinas at Vietnam kaugnay sa mga pinag-aagawang isla na matatagpuan sa pagitan ng tatlong bansa.

Tinawag na Imbestigasaysayan ang Gawain 16 dahil ang mga mag-aaral ay magsasagawa ng pagsusuri tungkol sa mga sanhi at epekto ng isang pangyayari o suliranin na nagaganap sa kasalukuyan. Gayundin, susuriin ang kaugnayan nito sa mga pangyayaring naganap sa kasaysayan.

Sa gawain na ito, ipababasa sa mga mag-aaral ang isang primaryang sanggunian tungkol sa pag-aagawan ng mga bansang China, Pilipinas at Vietnam sa mga isla sa pagitan ng tatlong bansa. Matapos mabasa, pasagutan sa mag-aaral ang *cause and effect chart.*

Pamagat: South China Sea Dispute

Rival countries have squabbled over territory in the South China Sea for centuries - but a recent upsurge in tension has sparked concern that the area is becoming a flashpoint with global consequences.

What is the argument about?

It is a dispute over territory and sovereignty over ocean areas and the Paracels and the Spratlys - two island chains claimed in whole or in part by a number of countries. Alongside the fully fledged islands, there are dozens of uninhabited rocky outcrops, atolls, sandbanks and reefs, such as the Scarborough Shoal.

Who claims what?

China claims by far the largest portion of territory - an area stretching hundreds of miles south and east from its most southerly province of Hainan. Beijing has said its rights to the area comes from 2,000 years of history where the Paracel and Spratly Island chains were regarded as integral parts of the Chinese nation.

In 1947 China issued a map detailing its claims. It showed the two island groups falling entirely within its territory. Those claims are mirrored by Taiwan, because the island considers itself the Republic of China and has the same territorial claims.

Vietnam hotly disputes China's historical account, saying China never claimed sovereignty over the islands until the 1940s. Vietnam says both island chains are entirely within its territory. It says it has actively ruled over both the Paracels and the Spratlys since the 17th Century - and has the documents to prove it.

The other major claimant in the area is the Philippines, which invokes its geographical proximity to the Spratly islands as the main basis of its claim for part of the grouping.

Both the Philippines and China lay claim to the Scarborough Shoal (known as Huangyan Island in China) - a little more than 100 miles (160km) from the Philippines and 500 miles from China.

Malaysia and Brunei also lay claim to territory in the South China Sea that they say falls within their economic exclusion zones, as defined by the United Nations Convention on the Law of the Sea in 1982. Brunei does not claim any of the disputed islands, but Malaysia claims a small number of islands in the Spratlys.

Why are so many countries so keen?

The Paracels and the Spratlys may have vast reserves of natural resources around them. There has been little detailed exploration of the area, so estimates are largely extrapolated from the mineral wealth of neighbouring areas.

Chinese officials have given the most optimistic estimates of resource wealth in the area. According to figures quoted by the US Energy Information Administration, one Chinese estimate puts possible oil reserves as high as 213 billion barrels - 10 times the proven reserves of the US. But American scientists have estimated the amount of oil at 28 billion barrels.

Mga hakbangin:

1. Hatiin ang klase sa pangkat.

2. Bigyan ng kopya ng Primaryang Sanggunian na pinamagtang South China Sea Dispute ang bawat pangkat upang ito ay kanilang mabasa at masuri.

3. Bigyan ng hanggang tatlong araw ang mga mag-aaral upang magsagawa ng *brainstorming* at pagsagot sa *cause and effect chart* at *guide question sheet*.

4. Ipalagay ang sagot ng mag-aaral sa *cause and effect chart* at sa *guide question sheet* sa bond paper. Magtakda ng araw kung kalian ito dapat ipasa.

5. Itakda ang araw ng pagpapasa ng *output* bilang araw din ng presentasyon ng bawat pangkat. Maaaring gumamit ng *powerpoint presentation, news reporting, panel discussion* o iba pang malikhaing paraan sa paglalahad ng kanilang sagot. Gumamit ng rubric sa pagmamarka ng gawain na ito (tignan sa pahina 50).

According to the EIA, the real wealth of the area may well be natural gas reserves. Estimates say the area holds about 900 trillion cubic ft (25 trillion cubic m) - the same as the proven reserves of Qatar.

The area is also one of the region's main shipping lanes, and is home to a fishing ground that supplies the livelihoods of thousands of people.

How much trouble does the dispute cause?

The most serious trouble in recent decades has flared between Vietnam and China. The Chinese seized the Paracels from Vietnam in 1974, killing more than 70 Vietnamese troops. In 1988 the two sides clashed in the Spratlys, when Vietnam again came off worse, losing about 60 sailors.

The Philippines has also been involved in a number of minor skirmishes with Chinese, Vietnamese and Malaysian forces.

The most recent upsurge in tension has coincided with more muscular posturing from China. Beijing officials have issued a number of strongly worded statements, including warning their rivals to stop any mineral exploration in the area.

The Philippines has accused China of building up its military presence in the Spratlys. The two countries have engaged in a maritime stand-off, accusing each other of intrusions in the Scarborough Shoal. Chinese and Philippine vessels refuse to leave the area, and tension has flared, leading to rhetoric and protests.

Unverified claims that the Chinese navy deliberately sabotaged two Vietnamese exploration operations has led to large anti-China protests on the streets of Hanoi and Ho Chi Minh City.

Vietnam has held live-fire exercises off its coast - an action that was seen as a gross provocation by Beijing.

Source: Q&A South China Sea Dispute.
http://www.bbc.co.uk/news/world-asia-pacific-13745349
Retrieved on November 12, 2012

Punan ng tamang sagot ang *cause and effect chart*. Ibahagi ang sagot sa klase.



Suriin ang sagot ng kamag-aral gamit ang Guide Question sheet.

Tanong	
1. Paano nagkakatulad at nagkakaiba ang suliranin na iyong sinuri sa imperyalismo noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo?	
2. Makabubuti ba sa mga bansang kabilang sa sulliranin ang posibleng maging epekto ng kanilang sigalot? Bakit?	
3. Sa mga nabanggit na epekto, alin ang maituturing na pinakamasama? Pangatuwiranan.	
4. Ipagpalagay mo na ikaw ay kinatawan sa magaganap na kumperensiya tungkol sa nabanggit na suliranin, ano ang solusyon ang iyong imumungkahi.?	

6. Susuriin ng guro ang sagot ng bawat pangkat sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga karagdagang tanong batay sa sagot ng pangkat. Maaari ding magtanong ang mga kamag-aaral. Mahalaga na masagot ng pangkat ang mga tanong ng guro at kapwa mag-aaral upang mabatid kung talagang naunawaan nila ang gawain.

7. Pagkatapos ng presentasyon, sabihin sa pangkat ang kanilang marka.

Rubric sa pagmamarka sa *cause and effect chart*

Pamantayan	**Napakahusay**	**Mahusay**	**Nalilinang**	**Nagsisimula**
	4 na puntos	**3 puntos**	**2 puntos**	**1 punto**
Nilalaman	Wasto ang lahat ng sagot. Gumamit ng mahigit sa limang sanggunian bilang batayan ng sagot. May mga idinagdag na impormasyon na hindi binaggit sa primaryang sanggunian ang idinagdag upang maunawaan at mas mapalalim ang pagtalakay.	Wasto ang lahat ng sagot. Nakabatay sa binasang primaryang sanggunian ang sagot sa chart. Nagbanggit ng ilang karagdagang impormasyon na nagpalawak at nagpalalim sa ginawang pagtalakay.	May ilang maling sagot. Bagamat nakabatay sa binasang primaryang sanggunian ang mga sagot, hindi ito naipaliwanag ng maayos.	Maraming maling sagot. Hindi nagamit ng tama ang mga impormasyon sa primaryang sanggunian upang maging maayos ang pagtalakay.
Pagsusuri	Kumprehensibo, malinaw at detalyado ang pagsusuri ng mga sanhi at epekto ng suliranin. Malinaw na naiugnay ang kasalukuyang suliranin sa mga kaganapan noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo. Iniugnay pa ang sinuring suliranin sa iba pang isyu na epekto ng Imperyalismong Kanluranin sa kasalukuyan. Magkatugma ang mga sagot sa kolum ng sanhi at epekto.	Malinaw at detalyado ang pagsusuri sa mga sanhi at epekto ng suliranin. Maayos na naiugnay ang kaganapan noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo sa pagsusuri ng suliranin. Magkatugma ang mga sagot sa kolum ng sahi at epekto.	Hindi gaanong malinaw at detalyado ang pagsusuri sa mga sanhi at epekto. Maayos na naiugnay ang kaganapan noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo sa pagsusuri ng suliranin. May ilang sagot sa kolum ng sanhi at epekto ang hindi magkakatugma.	Magulo at walang kabuuan ang ginawang pagsusuri sa mga sanhi at epekto ng mga suliranin. Nabigo na maiugnay ang mga kaganapan noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo sa pagsusuri ng suliranin. Hindi magkakatugma ang sagot sa kolum ng sanhi at epekto.
Pagsagot sa *Guide Question Sheet*	Malinaw, wasto at kumprehensibo ang mga sagot sa *Guide Question Sheet*. Naipaliwanag ng maayos ang mga sagot batay sa mga pangyayari sa kasaysayan at sa kasalukuyan, hindi puro opinyon o haka-haka lamang. Makatotohanan at maaaring maisakatuparan ang mga mungkahing solusyon sa suliranin.	Malinaw at wasto ang mga sagot sa *Guide Question Sheet*. Naipaliwanag ng maayos ang mga sagot batay sa mga pangyayari sa kasaysayan at sa kasalukuyan, hindi puro opinyon o haka-haka lamang.	Hindi gaanong malinaw ang mga sagot sa *Guide Question Sheet*. May ilang maling sagot at hindi naipaliwanag ng maayos ang mga sagot batay sa mga pangyayari sa kasaysayan at sa kasalukuyan. May ilang sagot na batay lamang sa sariling opinyon.	Hindi malinaw ang mga sagot sa Guide Question Sheet. Maraming maling sagot. Karamihan sa mga sagot ay nakabatay sa sariling opinyon.
Presentasyon	Organisado, malinaw at maayos ang daloy ng presentasyon. Malakas ang boses ng mga tagapagsalita at madaling naunawaan ang kanilang mga paliwanag. May malikhaing kagamitang biswal na ipinakita sa paglalahad. Gumamit din ng ibang paraan ng paglalahad tulad ng paggamit ng *powerpoint or video presentation*.	Malinaw at maayos ang daloy ng presentasyon. Malakas ang boses ng tagapagsalita at madaling maunawaan ang kanilang paliwanag. May malikhaing kagamitang biswal na ipinakita sa paglalahad.	Hindi gaanong malinaw at maayos ang daloy ng presentasyon. Hindi gaanong malakas ang boses ng tagapagsalita kung kaya't may ilang bahagi na hindi naunawaan ng tagapakinig. Gumamit ng malikhaing biswal sa paglalahad	Magulo at walang organisasyon ang daloy ng presentasyon. Hindi gumamit ng malikhaing biswal sa paglalahad. Hindi naunawaan ang presentasyon ng pangkat.

Kooperasyon	Lahat ng miyembro ng pangkat ay tumulong sa pagsasakatuparan ng gawain. Bawat isa ay may malinaw na tungkuling gagampanan. Nagpakita ng paggalang sa ibang pangkat habang ang mga ito ay naglalahad ng kanilang mga sagot.	Lahat ng miyembro ng pangkat ay tumulong sa pagsasakatuparan ng gawain. Bawat isa ay may malinaw na tungkuling gagampanan.	Hindi lahat ng miyembro ng pangkat ay tumulong sa pagsasakatuparan ng gawain. Bawat isa ay may malinaw na tungkuling gagampanan subalit hindi ito nagawa ng ibang miyembro.	Walang kooperasyon. Nagkani-kaniya ang mga miyembro kung kaya't walang nabuong maayos na presentasyon.

Transisyon sa susunod na modyul

Binigyang-diin sa modyul na ito ang mga paraan, patakaran at epekto ng Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin sa Silangan at Timog Silangang Asya. Nagkaroon ng malaking impluwensiya ang mga nanakop na Kanluranin sa kultura, ekonomiya at politika ng mga nasakop na lupain sa Asya. Sa kabila ng pagiging makapangyarihan, napanatili ng bansang Thailand at Korea ang kanilang kalayaan mula sa mga Kanluranin dahil sa mahusay na pakikitungo ng kanilang mga pinuno sa mga dayuhan. Dumanas ng malubhang paghihirap, kagutuman, pang-aabuso at pagkawala ng karapatan at kalayaan ang mga Asyano dulot ng mga patakaran ng mga Kanluranang nakasakop sa kanilang lupain.

Ang mga karanasan ng mga Asyano mula sa pananakop ng mga Kanluranin ay nagbigay-daan sa pag-unlad ng kanilang damdaming nasyonalismo. Mauunawaan mo sa susunod na modyul ang iba't ibang anyo ng nasyonalismong umunlad sa mga piling bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Bilang panglahat na pahayag, ipabasa sa mag-aaral o ilahad ng guro ang nilalaman ng transisyon sa susunod na modyul. Hindi na ito kailangan pang talakayin ng guro subalit maaari niya itong ilahad gamit ang graphic organizer upang tumatak sa isipan ng mga mag-aaral ang pangkalahatang ideya ng aralin. Mahalagang bahagi din ng transisyon ang pag-uugnay ng nakaraang aralin sa mga susunod na araling tatalakayin sa modyula na ito upang makita ng mag-aaral ang daloy ng kasaysayan, mga sanhi at epekto ng mga pangyayari at higit sa lahat ang mga naganap na pagbabago o transpormasyon sa mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya.


Bago ang ika-16 na siglo
Ika-16 hanggang ika-17 siglo
Ika-18 hanggang ika-19 na siglo
Maunlad at makapangyarihan ang mga imperyo, kabihasnan, kaharian at dinastiya sa Asya.
Nagsimula ang Unang Yugto ng Imperyalismo. Sinakop ng mga Kanluranin ang ilang bansa sa Timog at Timog Silangang Asya.
Nagpatuloy ang Ikalawang Yugto ng Imperyalismo. Karamihan ng bansa sa Asya maliban sa Thailand at Korea ay nasakop ng mga Kanluranin.
Nakikipagkalakalan ang mga Kanluranin sa mga bansang Asyano tulad ng Indi at China.
Naging mataas ang paghahangad ng mga Kanluranin na masakop ang mga bansang Asyano upang makontrol ang kalakalan ng mga pampalasa at iba pang produkto.
Higit na kinailangan ng mga Kanluranin na manakop ng lupain dahil sa epekto ng Rebolusyong Industriyal. Kinailangan nila ng mapagkukunan ng hilaw na materyales at mapagbebntahan ng mga sobrang produkto.
Hawak ng mga Asyano ang kapangyarihan. Sinusunod ng mga Kanluranin ang kanilang mga patakaran sa pakikipagkalakalan.
Nakontrol ng mga Kanluranin ang mga sentro ng kalakalan. May ilang bansa na lubusang napasailalim ng mga Kanluranin. Naimpluwensiyahan ang kanilang kultura, ekonomiya at pamahalaan.
Nagpatuloy ang pagkontrol ng mga Kanluranin ang mga sentro ng kalakalan. Karamihan ng mga bansa sa Asya ay nawalan ng kalayaan at karapatang pamunuan ang sariling bansa. Nagpahirap sa mga Asyano ang mga ipinatupad na patakaran ng mga mananakop na Kanluranin. Nagpatuloy ang impluwensiya sa kultura, ekonomiya at pamahalaan ng mga nasakop na bansa.
Ano ang magiging reaksiyon ng mga Asyano sa mga patakar ang ipinatupad ng mga Kanluranin?

ARALIN BLG. 2: NASYONALISMO SA SILANGAN AT TIMOG SILANGANG ASYA

"Ibon man may layang lumipad, kulungin mo at umiiyak". Ipinahihiwatig ng bahagi ng awiting "Bayan Ko" ang pagmamahal sa kalayaan. Para sa iyo, bakit mahalaga ang kalayaan? Ano ang gagawin mo kung may mga dayuhang nais sakupin ang ating bansa? Sa kasalukuyan, paano mo ipakikita ang pagmamahal sa iyong bansang sinilangan? Paano ipinakita ng mga kapwa natin Asyano ang damdaming nasyonalismo?

Naunawaan mo sa nakaraang aralin ang mga dahilan at epekto ng pananakop ng mga Kanluranin sa Asya. Isa sa hindi mabuting epekto nito ay ang pagkawala ng kalayaan at pang-aabuso sa karapatan ng mga Asyano. Ang kalagayan na ito ay nakaimpluwensiya sa pagkabuo ng nasyonalismong Asyano. Sa araling ito, susuriin mo kung paano umunlad ang damdaming Nasyonalismo ng mga mamamayan sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Nakapokus ang Aralin 2 sa mga pangyayari at simulain ng pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo sa Silangan at timog Silangang Asya. Gayundin, upang makita ang ugnayan ng nakaraang Aralin, susuriin ang kaugnayan ng Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin sa pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo ng mga Asyano. Sa pagkakataong ito ay pagtutuunan ng pansin ang pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo ng mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya. Mahalagang maipaunawa sa mga mag-aaral ang malapit na ugnayan ng Aralin 1 at Aralin 2. Bigyang-diin na ang mga karanasan ng mga Asyano sa panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo ay nagbigay-daan sa pag-unlad ng damdaming nasyonalismo sa mga bansa sa Asya. Susuriin din kung bakit magkakaiba at hindi sabay-sabay ang pag-unlad at pagpapamalas ng nasyonalismo sa mga bansa sa dalawang rehiyon ng Asya. Higit sa lahat, dapat maunawaan ng mga mag-aaral kung paano niya maipamamalas ang damdaming nasyonalismo sa kasalukuyang panahon.

Ito ang *Focus question* para sa Aralin 2. Hindi ito agad itatanong ng guro sa mag-aaral. Hayaan lang ang mga mag-aaral na basahin ang panimulang bahagi ng Aralin 2 upang sila ay magkaroon ng ideya sa nilalaman nito. Maaaring manggaling sa guro o sa mag-aaral ang *focus question*. Ito ay isasagawa sa Gawain 1 at 2 sa bahagi ng Alamin.

ALAMIN:

Handa ka na ba? Ngayon ay simulan mong alamin kung paano umunlad ang damdaming Nasyonalismo ng mga mamamayan sa Silangan at Timog Silangang Asya

Layunin ng bahagi na ito na malaman ng guro ang lawak ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa paksa. Sa Aralin 1, mayroong dalawang gawain para sa bahagi ng Alamin. Ito ay ang Picture Analysis at Generalization Table. Ang mga sagot ng mag-aaral sa bahaging ito ay magbibigay ng ideya sa guro kung aling bahagi ng Aralin ang bibigyan niya ng mas mahabang oras at karagdagang gawain at aling bahagi naman ang nauunawaan na ng mga mag-aaral. Kung gayon, maaaring magdagdag ang guro ng mga gawain maliban sa mga mungkahi sa modyul na ito batay sa pangangailangan ng kaniyang mga mag-aaral

Gawain 1: PICTURE ANALYSIS

Suriin ang larawan tungkol sa kalagayan ng mga Asyano sa panahon ng Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo. Sagutin ang mga tanong.

1. Sino ang sinisimbolo ng mga taong may hawak ng bandila? Ipaliwanag.

2. Ano ang kanilang ginawa sa Asya?



4. Bakit naranasan ng mga Asyano ang mga suliraning ito?

3. Sino ang sinisimbolo ng mga taong nahihirapan? Bakit?

5. Ano ang mensahe na ipinahihiwatig ng larawan?

6. Ano ang naging pangunahing reaksiyon ng mg Asyano laban sa kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin?

7. Paano umusbong ang damdaming nasyonalismo ng mga mamamayan sa Silangan at Timog Silangang Asya?

Layunin ng Gawain 1. Picture Analysis na mapukaw ang interes ng mga mag-aaral tungkol sa Aralin 2. Ipasuri sa mga mag-aaral ang larawan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong. Mapapansin na ang mga tanong 1 hanggang 5 ay pagdulog sa pagkakaunawa ng mag-aaral sa mga simbolismong ginamit sa larawan. Samantala ang tanong bilang 6 naman ay masasagot gamit ang kanilang naunawaan sa Aralin 1. Sa pamamagitan nito ay matutukoy ng guro kung lubos na naunawaan ang aralin tungkol sa Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin sa Asya.

Ang tanong bilang 7 naman ang siyang focus question para sa Aralin 2. Mapapansin na ito ay kahalintulad ng tanong na nabasa ng mag-aaral sa panimulang bahagi ng Aralin 2. Makikita ang tanong na ito sa iba't ibang gawain at bahagi ng Aralin 2. Hindi eksaktong katulad na tanong ang makikita sa ibang bahagi ng Aralin 2 subalit kahalintulad ng ideya ng *focus question*. Halimbawa

1. Ano ang kaugnayan ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo Asya?

Makikita ang tanong na ito sa Gawain 5.

Gawain 2. Ang aking pag-unawa . . .

Bago natin ~~ipagpatuloy ang pagsusuri sa mga dahilan ng pag-unlad~~ ng Nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya ay sagutan mo muna ang *Generalization Table*.

Panuto: Ano na ang iyong mga alam tungkol sa ating aralin? Sagutan ang hanay na ***Ang aking naunang pagkakaunawa***. Samanatala, masasagutan mo lamang ang iba pang bahagi ng talahanayan sa susunod na bahagi ng modyul na ito.

GENERALIZATION TABLE

MGA TANONG	Ang aking Naunang Pagkakaunawa	Ang aking mga Natuklasan at Pagwawastong Ginawa	Ang Aking mga Patunay	Ang Aking Paglalahat
1. Ano-ano ang pangyayari na nagbigay daan sa pag-unlad ng Nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya?				
2. Bakit magkakaiba ang paraan ng pagpapakita ng damdaming Nasyonalismo ng mga Asyano?				
3. Paano ipinamalas ng mga mamamayan sa Silangan at Timog Silangang Asya ang Nasyonalismo?				
4. Paano nagkakaugnay ang Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin at Nasyonalismong Asyano?				

3. Paano ipinamalas ng mga mamamayan sa Silangan at Timog Silangang Asya ang Nasyonalismo?

4. Paano nagkakaugnay ang Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin at Nasyonalismong Asyano?

Ang Gawain 2. Ang aking pag-unawa ay sasagutin sa pamamagitan ng paggamit ng Generalization Table. Ang Generalization Table ay isang halimbawa ng Map of Conceptual Change. Sa pamamagitan nito ay makikita ang pag-unlad ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa paksa.

Pasagutan sa mag-aaral ang apat na tanong. Ilalagay nila ang kanilang sagot sa unang ikalawang kolum *Ang Aking Naunang Pagkakaunawa* ng *Generalization Table*. Samantala ang mga natitirang kolum mula sa *Ang aking Natuklasan at Pagwawastong Ginawa* hanggang sa *Ang Aking Paglalahat* ay sasagutan sa huling bahagi ng Paunlarin.

Mapapansin na ang mga tanong bilang 3 at 4 ay may kaugnayan o kahalintulad ng *focus question* na unang nabatid sa Gawain 1. Katulad ng nabanggit, makikita at itatanong ng guro ang kahalintulad na tanong ng focus question sa iba't ibang bahagi ng Aralin. Layunin nito na maipaalala sa mag-aaral ang pangunahing kaalaman at pag-unawa na dapat nilang matutuhan sa araling ito. Gayundin, makatutuloong ito sa paggabay ng guro upang masagot ng mag-aaral ng wasto ang *Generalization Table* sa huling bahagi ng Paunlarin.

Ang sagot ng mag-aaral sa Generalization Table ay pansamantalang itatabi sa kanilang portfolio o sa kanilang journal.

BINABATI KITA!

Sa puntong ito ay nagtatapos na ang bahagi ng Alamin

Pagkatapos suriin ang iyong mga kaalaman tungkol sa pag-unlad ng Nasyonalismo sa sa Silangan at Timog Silangang Asya ay tiyak kong nais mong malaman ang sagot sa iyong mga tanong. Masasagot ito sa susunod na bahagi ng modyul . Sa iyong pagtupad sa iba't ibang gawain, suriin kung tumutugma ba ang iyong mga dating alam sa mga bagong kaaalaman na iyong matutuhan sa modyul.

Pagkatapos ng bahagi ng Alamin, inaasahan na matutukoy o maisasagawa ng guro ang mga sumusunod:

1. Mga paunang kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa aralin.
2. Mailahad ang pangunahing tanong kaugnay sa aralin.
3. Maipaliwanag sa mga mag-aaral ang mga sakop at daloy ng aralin.

PAUNLARIN:

Sa bahaging ito ay inaasahan na matutunan mo ang mga mga pangyayari na nakaimpluwensiya sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya. Maari mong balikan ang mga sagot at tanong na iyong nabuo sa unang bahagi ng modyul na upang malaman kung tama ito at nasasagot ang mga ito.

Ang bahagi ng Paunlarin ay may layunin na pagtibayin at palawakin ang mga paunang kaalaman ng mga mag-aaral ukol sa aralin. Sa bahaging ito makikita ang mga karagdagang babasahin o teksto na siyang magpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Magbibigay din ang guro ng mga mapanghamong gawain na makatutulong upang mapalawak ng ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin. Bahagi din ng Paunlarin ang mga pormatibong pagtataya (formative assessment).

NASYONALISMO SA SILANGAN AT TIMOG SILANGANG ASYA

Ano kaya ang maaring maging epekto ng patuloy na pagdanas ng pang-aabuso at pagmamalupit sa mga Asyano? Paano kaya tutugunan ng mga Asyano ang mga patakarang ipinatupad ng mga Kanluranin na nagsagawa ng Kolonyalismo at Imperyalismo noong ika-16 hanggang ika-20 siglo?

Bago talakayin ang nilalaman ng Nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya, ipagawa sa mag-aaral ang mungkahing gawain:

Simbolo ng Nasyonalismo

Ipaguhit sa mag-aaral ang naisip na simbolo ng nasyonalismo batay sa kanilang mga natutuhan sa Aralin 2 ng Modyul 3. Tumawag ng mag-aaral upang ipaliwanag ang kanilang iginuhit.

PAG-UNLAD NG NASYONALISMO SA SILANGANG ASYA

Ipinakikita sa mapa ang mga kilalalng lider ng China at Japan na nagpaunlad ng damdaming nasyonalismo sa kani-kanilang mga bansa.

Matapos ang pagpapaliwanag ng simbolo, idikit sa pisara ang mapa ng Asya, tumawag ng mag-aaral upang idikit ang larawan ng mga kilalang pinuno ng Nasyonalismong Asyano sa Silangang Asya.

Itanong sa mag-aaral, Paano nga ba umusbong ang damdaming Nasyonalismo sa China at sa Japan?

Ipaliwnag na ito ay masasagot sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga teksto at sa pagsasagot ng mga gawain sa modyul na ito.

PAG-UNLAD NG NASYONALISMO SA CHINA

Nagsimula ang pagkawala ng kontrol ng China sa kaniyang bansa nang matalo ito sa Great Britain sa Unang Digmaang Opyo (1839- 1842) at sa Great Britain at France noon Ikalawang Digmaang Opyo (1856-1860). Bunga nito, nilagdaan ang Kasunduang Nanking (1843) at Kasunduang Tientsin (1858) na naglalaman ng mga probisyon na hindi patas para sa mga Tsino.

Upang ipahayag ang kanilang pagtutol mula sa panghihimasok ng mga dayuhan, nagsagawa ng dalawang rebelyon ang mga Tsino. Ito ay ang Rebelyong Taiping (Taiping Rebellion) noong 1850 at Rebelyong Boxer (Boxer Rebellion) noong 1900.

Rebelyong Taiping

Pinamunuan ni Hung Hsiu Ch'uan (Hong Xiuquan) ang Rebelyong Taiping laban sa Dinastiyang Qing na pinamumunuan ng mga dayuhang Machu. Layunin ng rebelyong ito na mapabagsak ang Dinastiyang Qing upang mahinto na ang pamumuno ng mga dayuhan sa kanilang bansa. Bukod dito, hangad din ng Rebelyong Taiping ang pagbabago sa lipunan. Kabilang dito ang pagkakapantay-pantay ng karapatan para sa mga kababaihan at pagpapalit ng mga relihiyong Confucianism at Buddhism sa relihiyong Kristiyanismo.

Nahinto ang Rebelyong Boxer nang ito ay magapi ng Dinastiyang Qing sa tulong ng mga British at French. Itinuturing na isa sa mga madugong rebelyon sa kasaysayan ng Tsina ang Rebelyong Boxer kung saan mahigit sa 20 milyong Tsino ang namatay.

Petsa: Disyembre 1850 – Agosto 1864

Lokasyon: Timog Tsina

Layunin: Mapabagsak ang Dinastiyang Qing (Dinastiyang Manchu) na pinamumunuan ng mga dayuhang Manchu

Bunga: Nagapi ng Dinastiyang Qing (Manchu) ang Rebelyong Taiping sa tulong mga mga British at French.

Sa pagtalakay ng pag-unlad ng Nasyonalismo sa China. Mahalagang balikan ang mga patakaran na ipinatupad ng mga imperyalistang Kanluranin at epekto nito sa pamumuhay ng mga Tsino. Ipasuri sa mag-aaral kung paano ito nakaapekto sa pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo sa China.

Talakayin ito sa pamamagitan ng paglalahad ng mga sanhi at bunga dalawang rebelyon. Ipasuri sa mag-aaral kung bakit naganap ang rebelyo at ano ang pangunahing layunin ng mga ito. Mahalagang bigyang-diin ang kahalagahan na kaganapan na ito sa pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo sa China.

Sa pagtalakay, maaaring ipalahad sa mag-aaral ang mga nangyari sa pamamagitan ng sumusunod:

1. Paggawa ng *timeline*
2. Pagpapakita ng maikling dula-dulaan
3. Pagpapagawa ng *flowchart of events* at ipaliwanag ito

Rebelyong Boxer

Sumiklab ang rebelyong boxer noong 1899. Unawag nong rebelyong boxer dani ang mga nagtimagsik ay miyembro ng samahang *I-ho ch'uan* o *Righteous and Harmonious Fists*. Ang mga miyembro nito ay may kasanayan sa *gymnastic exercise*. Bukod sa pagtuligsa sa korupsyon sa pamahalaan, pangunahing layunin ng Rebelyong Boxer ay ang patalsikin ang lahat ng mga dayuhan sa bansa, kabilang dito ang mga Kanluranin.

Ipinakikita sa larawan ang pagtutulungan ng mga imperyalistang bansa upang magapi ang Rebelyong Boxer.

Nagsagawa ng maramihang pagpatay ang mga mga *boxer*. Hinasang nila ang mga misyongerong Kristiyano at mga Tsino na naging deboto ng relihiyong Kristiyanismo. Mula sa probinsiya, kumalat ang Rebelyong *Boxer* hanggang sa Peking (Beijing). Nagpadala ng puwersang militar na mayroong 2,100 na mga sundalo ang United States, Great Britain, Russia, France, Italy at Japan upang maprotektahan ang kanilang mga mamamayan sa China at masupil ang rebelyon. Nagapi ang mga boxer dahil sa pagtutulungan ng mga dayuhang imperyalista. Nabawi ng mga imperyalista mula sa mga *boxer* ang Peking noong Agosto 14, 1900.

Dahil sa pagkabigo ng Rebelyong Taiping at Rebelyong Boxer, nagpatuloy ang pamamayani ng mga dayuhan sa Tsina. Sinikap ng mga Tsino na magsagawa ng reporma subalit hindi ito malsakatapuran dahil sa impluwensiya ng mga Kanluranin sa pamahalaang Manchu. Nang mamatay si Empress Dowager Tzu Hsi noong 1908, lalong lumala ang sitwasyon ng kahirapan sa Tsina. Siya ay pinalitan ni Puyi na naging emperador sa edad na dalawang taon. Si Puyi o Henry Puyi para sa mga Kanluranin ang huling emeprador ng dinastiyang Qing (Manchu) at itinuturing din na huling emperador ng Tsina.

Talakayin ito sa pamamagitan ng paglalahad ng mga sanhi at bunga dalawang rebelyon. Ipasuri sa mag-aaral kung bakit naganap ang rebelyo at ano ang pangunahing layunin ng mga ito. Mahalagang bigyang-diin ang kahalagahan na kaganapan na ito sa pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo sa China.

Sa pagtalakay, maaaring ipalahad sa mag-aaral ang mga nangyari sa pamamagitan ng sumusunod:
1. Paggawa ng *timeline*
2. Pagpapakita ng maikling dula-dulaan
3. Pagpapagawa ng *flowchart of events* at ipaliwanag ito

Ang China sa gitna ng dalawang magkatunggaling ideolohiya

Ang pagsisimula ng ika-20 siglo ay nangangahulugan ng pagpasok ng dalawang magkatunggaling ideolohiya sa Tsina. Lumaganap sa bansa ang ideolohiya ng demokrasya at komunismo. Ito ay nagdulot ng pagkakahati ng bansa at naghudyat ng tunggalian ng mga pinunong Tsino na nagsusulong ng demokrasya at komunismo.

Ideolohiyang Demokrasya sa China

Ang pagbagsak ng dinastiyang Manchu ay senyales ng pagwawakas ng mahigit sa 2,000 taon ng pamumuno ng mga dinastiya sa China. Hinarap ng mga Tsino ang isang malaking hamon sa kanilang bansa – ito ay ang pagtukoy sa ipapalit na pamumuno ng mga emperador.

Sa panahon na ito ng kaguluhang pampolitikal at kawalan ng pagkakaisa nakilala si Sun Yat Sen. Nakapag-aral si Sun sa Hawaii at sa Hong Kong Medical School. Isinulong niya ang pagkakaisa ng mga Tsino gamit ang tatlong prinsipyo (*three principles*): ang San Min Chu-I o nasyonalismo, Min-Tsu-Chu-I o demokrasya at Min-Sheng-Chu-I o kabuhayang pantao. Binigyang-diin ni Sun na ang pagkakaisa ng mga Tsino ang susi sa tagumpay laban sa mga imperyalistang bansa. Naging ganap ang pamumuno ni Sun sa China nang pamunuan niya ang mga Tsino sa pagpapatalsik sa mga Manchu sa tanyag na Double Ten Revolution na naganap noong Oktubre 10, 1911. Tinawag itong Double Ten dahil naganap ito sa ika-sampung buwan ng taon (Oktubre) at ika-sampung araw ng buwan. Sa araw ding ito, itinatag ang bagong Republika ng China. Dahil sa kanilang tagumpay, pansamantalang itinalaga si Sun bilang pangulo ng bansa noong Oktubre 29, 1911, tinagurian siya bilang "Ama ng Republikang Tsino". Itinag ni Sun Yat-Sen ang Partido Kuomintang o Nationalist Party noong 1912. Naging batayan ng kanilang pamumuno ang paggamit ng konsiliasyon (*conciliation*) at pagkakasundo (*compromise*) upang maiwasan ang alitan at maisulong ang kaunlaran ng bansa. Naniniwala din siya na dapat pagtuunan ng pansin ang regulasyon ng puhunan (*regulation of capital*) at pantay-pantay na pag-aari ng lupa (*equalization of land ownership*). Higit sa lahat, hindi naniniwala si Sun Yat-Sen na kailangan ang tunggalian ng mga uri o *class struggle* upang makamit ang pagkakaisa, kaayusang panlipunan at kaunlarang pang-ekonomiya.

Humalili si Heneral Chiang Kai Shek bilang pinuno ng Partido Kuomintang nang mamatay si Sun Yat-Sen noong Marso 12, 1925. Sa ilalim ng pamumuno ni Chiang Kai Shek ay ipinagpatuloy ng Kuomintang ang pakikipaglaban sa mga *warlords* (nagmamay-ari ng lupa na may sariling sandatahang lakas.

Magbigay na maikling panimula tungkol sa pagkakaiba ng ideolohiyang Demokrasya at Komunismo. Ipalahad sa mag-aaral kung paano nakapasok sa China ang dalawang ideolohiya.

Ipabasa sa mag-aaral ang nilalaman ng modyul tungkol sa paglaganap ng ideolohiyang Demokrasya at Komunismo sa China.

Maaaring gawin ang sumusunod sa pagtalakay:

1. Paggawa ng *timeline*
2. Pagpapakita ng maikling dula-dulaan
3. Pagpapagawa ng *flowchart of events* at ipaliwanag ito
4. Pagsasatao - Sun Yat Sen at Mao Zedong
5. Historical Map – gamit ang mapa ay tukuyin ang mga lugar kung saan naganap ang mahahalagang pangyayari na may kaugnayan sa pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo sa China.

Matapos magapi ang mga warlords, hinarap ng Kuomintang ang isa pang kalaban – ang pagpasok ng katunggaling Ideolohiya sa China – ang komunismo na ipinalaganap ni Mao Zedong sa China.

Pangalan: Sun Yat-Sen
Araw ng Kapanganakan: Nobyembre 12, 1866
Lugar: Guangdong
Edukasyon: Medicine, Hong Kong Medical School
Ideolohiya: Demokrasya
Partido: Kuomintang
Taguri o Pagkakakilanlan: Ama ng Republikang Tsino
Araw ng Kamatayan: March 12, 1925

Pangalan: Mao Tse-tung
Araw ng Kapanganakan: Disyembre 26, 1893
Lugar: Hunan
Edukasyon: Education, Fourth Normal School of Changsha
Ideolohiya: Komunismo
Partido: Kunchantang
Taguri o Pagkakakilanlan: Ama ng Komunistang Tsino
Araw ng Kamatayan: Setyembre 9, 1976

Ideolohiyang Komunismo sa China

Ang pagpasok ng Ideolohiyang komunismo sa China ay nagsimula noong 1918. Naging tanyag ang komunismo sa China sa pamumuno ni Mao Zedong. Si Mao ay mula sa pamilya ng magbubukid sa probinsiya ng Hunan. Sinuportahan at isinulong ni Mao ang mga prinsipyo ng komunismo tulad ng tunggalian ng uring manggagawa o proletariat laban sa uri ng kapitalista o bourgeois. Sa tunggalian na ito, naniniwala ang mga komunista na mananalig ang mga manggagawa at maitatatag ang isang lipunang soyalista. Sa lipunang ito, ang estado ang siyang hahawak sa lahat ng pag-aari ng bansa.

Upang ganap na maisulong ang kanilang Ideolohiya, itinatag ni Mao Zedong kasama ang iba pang komunistang Tsino ang Partido Kunchantang noong 1921. Lalo pang lumakas ang komunismo sa China sa pagdating ng Russian advisers sa Canton. Lumaganap ang Ideolohiya hindi lamang sa mga pangkaraniwang mga magsasaka at manggagawa kundi pati na din sa mga opisyal ng pamahalaan at sa grupo ng mga edukadong Tsino. Madaming Tsino ang yumakap sa komunismo dahil sa mga panahong pumasok ang Ideolohiyang ito ay unti-unti nang nawawala ang tiwala nila sa pamumuno ni Chiang Kai Shek dahil sa laganap na katiwalian sa pamahalaan at malawakang kahirapan na dinaranas sa bansa.

Nabahala si Chiang Kai Shek sa lumalakas na impluwensiya ng komunismo sa China. Inlutos niya ang paglulunsad ng kampanyang militar laban sa mga komunista. Maraming komunista ang nahuli, pinatay at napatay. Hindi lahat ng mga komunista ay nahuli, pinamunuan ni Mao Zedong ang mga nakaligtas na *Red Army*, tawag sa mga komunistang sundalong Tsino at sila ay tumakas patungo sa Jiangxi. Tinawag itong Long March dahil sa kanilang nilakbay na may layong 6,000 milya. Umabot ito ng isang taon suot saan marami ang namatay dahil sa hirap, gutom at patuloy na pagtugis ng mga sundalo ni Chiang Kai-shek.

Pansamantalang natigil ang pagtutunggali ng puwersa nina Chiang Kai-shek at Mao Zedong dahil sa banta ng pananakop ng mga Hapones.

Tunghayan ang timeline upang maunawaan ang iba pang kaganap sa pag-unlad ng nasyonalismong Tsino:

1931	1936	1942	1949	1949	1949
[illegible]	[illegible]	[illegible]	Nagtagumpay ang mga Komunista laban sa mga Nasyonalista. Itinatag ni Mao Zedong ang People's Republic of China noong Oktubre 1, 1949.	Tumakas ang mga nasyonalista sa pamumuno ni Chiang Kai-Shek sa Taiwan at itinatag ang Republic of China.	Dahil sa pagtatatag ng People's Republic of China, nagtakas ng mga komunista ang mga Kanluranin at muli ay nakamit ng China ang kanilang kalayaan.

Pamprosesong tanong:
1. Ano-ano ang mga salik sa pag-usbong ng Nasyonalismong Tsino?
2. Paano nagkakaiba at nagkakatulad sina Sun Yat-Sen at Mao Zedong?
3. Paano ipinamalas ng mga Tsino ang damdaming nasyonalismo sa harap ng imperyalismong kanluranin?

Bigyang-diin ang paglalarawan sa katangian ng damdaming Nasyonalismo na nabuo ng mga Tsino. Mahalaga upang makita ang pagkakaiba ng paraan ng pagpapamalas ng damdaming Nasyonalismo ng mga Asyano.

Pasagutan sa mag-aaral ang mga Pamprosesong Tanong sa talakayan. Hindi nangangahulugan na ito ay itatanong sa pagkatapos ang pagtalakay sa paksa. Maaari itong itanong sa ano mang bahagi ng talakayan . Hininikayat din ang mga guro na magbigay ng karagdagang tanong batay sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

PAG-UNLAD NG NASYONALISMO SA JAPAN

Kung iyong matatandaan, magkatulad at magkaiba ang naging pakikitungo ng mga Tsino at Hapones sa mga Kanluranin. Magkatulad dahil noong una parehas nilang isinara ang kanilang bansa at daungan mula sa mga Kanluranin. Subalit magkaiba ang naging pagtugon ng dalawang bansa sa banta ng Imperyalismo. Patuloy na naging sarado ang China na nagresulta sa sapilitang pagpasok ng mga Kanluranin sa pamamagitan ng digmaan. Sa kabilang banda, tinanggap ng Japan ang mga Kanluranin nang hilingin nito na ipatupad ang Open Door Policy noong 1853. Sa panahon na ito umusbong ang damdaming nasyonalismo ng mga Hapones. Ipinakita ito ng mga Hapones sa kabila ng pananatili ng mga Kanluranin sa kanilang teritoryo. Ito ay pinasimulan ni Emperador Mutsuhito na siyang namuno sa panahon na kilala bilang Meiji Restoration.

Ang Modernisasyon ng Japan: Panahon ng Meiji Restoration

Nakita ni Emperador Mutsuhito ang maaaring maging epekto sa Japan kung patuloy silang magpupumilit na isara ang bansa mula sa mga Kanluranin. Natuto siya mula sa karanasan ng China sa pakikidigma nito sa mga kanluranin. Bagama't handang lumaban para sa kanilang bansa, napagtanto ng mga Hapones na magiging magastos ang digmaan at maraming mga inosenteng mamamayan ang madadamay. Bukod pa dito, batid nilang mahihirapan silang manalo sa digmaan dahil sa lakas ng puwersang pandigma ng mga Kanluranin.

Nang tanggapin ng mga Hapones ang mga Kanluranin sa bisa ng Kasanduang Kanagawa ay naging pinuno ng Japan si Emperador Mutsuhito. Tumagal ang kanilang pamumuno mula 1867 hanggang 1912. Siya ang naglipat ng kabisera ng Japan sa Edo (Tokyo sa kasalukuyan). Bukod sa paglilipat ng kabisera, nakilala si Mutsuhito dahil sa kanilang pagyakap sa impluwensiya ng mga Kanluranin na kanilang ginamit upang mapaunlad ang Japan. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

EDUKASYON

* Nagpatupad ng compulsory (sapilitang) edukasyon sa elementarya
* Nag-imbita ng mga mahuhusay na guro mula sa ibang bansa
* Ipinadala ang mga iskolar na Hapones sa ibang bansa

EKONOMIYA

* Nagtungo sa United States at Europe upang matutuhan ang paraan ng pamamagitan ng pagpapaunlad ng iba't ibang industriya
* Nagpagawa ng mga kalsada, tulay, linya ng kuryente na nagpaunlad sa sistema ng komunikasyon at transportasyon

SANDATAHANG LAKAS

* Pinalakas ang sandatahang lakas sa pamamagitan ng pagpapagawa ng makabong barko at kagamitang pandigma.
* Isinasaya ang pagsasanay ng mga sundalong Hapones.

Modernisasyon ng Japan

Tinularan ng mga Hapones ang paraan ng pamumuhay ng mga Kanluranin na makatutulong sa kanilang pag-unlad. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

Bansa	Natutuhan
Germany	Sentralisadong pamahalaan, ginawang modelo ang konstitusyon nito
England	Kahusayan at pagsasanay ng mga sundalong British
United States	Sistema ng edukasyon

Ipinadala ng pamahalaan ng Japan ang kanilang mga iskolar sa Europe at United States upang matuto ng makabagong kaalaman at kaisipan sa pamamahala, kalakalan at pakikipagdigma. Tinularan din ng Japan ang pagpapaunlad ng industriya na ginawa ng United States at mga Kanluraning bansa. Hindi naiwasan ang ang mauliat at makapangyarihang bansa ang Japan. Nagsimula na din siyang manakop ng ibang lupain upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ilan sa kanilang mga nasakop ay ang Korea, bahagi ng Russia at China, at Pilipinas.

Gabay na tanong:

1. Ano ang mahalagang papel na ginampanan ni Emperador Mutsuhito sa Japan?
2. Paano ipinamalas ng mga Hapones ang damdaming nasyonalismo laban sa imperyalismong Kanluranin?
3. Nakatulong ba sa Japan ang ipinatupad na modernisasyon? Ebidensiya.

Sa pagtalakay ng pag-unlad ng Nasyonalismo sa Japan. Mahalagang balikan ang mga patakaran na ipinatupad ng mga imperyalistang Kanluranin at epekto nito sa pamumuhay ng mga Hapones. Ipasuri sa mag-aaral kung paano ito nakaapekto sa pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo sa Japan.

Ipabasa sa mag-aaral ang nilalaman ng modyul tungkol sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo sa Japan.

Maaaring gawin ang sumusunod sa pagtalakay:

1. Paggawa ng *timeline*
2. Pagpapakita ng maikling dula-dulaan
3. Pagpapagawa ng *flowchart of events* at ipaliwanag ito
4. Pagsasatao - Emperador Mutsuhito
5. Picture Talk – gamit ang mga larawan na nagpapakita ng mga impluwensiya at kaisipan na mula sa mga dayuhan, ipaliwanag kung paano naiiba ang naging reaksiyon ng mga Hapones sa imperyalismong Kanluranin.

Pasagutan sa mag-aaral ang mga Pamprosesong Tanong sa talakayan. Hindi nangangahulugan na ito ay itatanong sa pagkatapos ang pagtalakay sa paksa. Maaari itong itanong sa ano mang bahagi ng talakayan . Hininikayat din ang mga guro na magbigay ng karagdagang tanong batay sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

Gawain 3. BUUIN NATIN – Silangang Asya
Sagutan ang *graphic organizer* tungkol sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangang Asya.



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga salik sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangang Asya?
2. Bakit hindi makatulad ang anyo ng Nasyonalismo ng China at Japan?
3. Paano nagkakatulad o nagkakaiba ang nasyonalismong Tsino at Hapones?

Pasagutan sa mag-aaral ang Gawain 3. Ipalahad sa klase ang kanilang sagot. Hikayatin ang iba pang mag-aaral na magbigay ng kanilang puna o karagdagang kaalaman sa sagot ng naglalahad.

Gamitin ang mga pamprosesong tanong sa pagtalakay at pagpoproseso ng gawaing ito.

Mahalagang maipasuri sa mag-aaral ang magkaibang paraan ng pagpapamalas ng China at Japan ng damdaming Nasyonalismo. Bigyang-diin kung paano hinarap ng dalawang bansa ang hamon na dulot ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin

Maaaring bigyan ng marka ang gawaing ito subalit hindi dapat i-rekord at gamiting batayan sa pagbibigay ng marka.

PAG-UNLAD NG NASYONALISMO SA TIMOG SILANGANG ASYA

Ipinakikita sa mapa ang mga lider na sina Aung San ng Burma, Ho Chi Minh ng Vietnam, Sukarno ng Indonesia at Rizal at Bonifacio ng Pilipinas. Sila ang namuno sa pagpapaunlad ng damdaming nasyonalismo sa Timog Silangang Asya

Bago talakayin ang paksa tungkol sa pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo sa Timog Silangang Asya ay ipagawa sa mag-aaral ang sumusunod:

Nasyonalismo ngayon!

1. Pagsaliksikin ang mga mag-aaral ng balita tungkol sa pagpapamalas ng damdaming Nasyonalismo sa kasalukuyan.
2. Ipaliwanag kung bakit nasabi na ang napiling balita ay nagpapamalas ng damdaming Nasyonalismo.

Pagkatapos maipaliwanag ang nilalaman ng balita, idikit sa pisara ang mapa ng Asya, tumawag ng mag-aaral upang idikit ang larawan ng mga kilalang pinuno ng Nasyonalismong Asyano sa Timog Silangang Asya.

Itanong sa mag-aaral:

Bukod sa Pilipinas, paano ipinamalas ng iba pang bansa sa Timog Silangang Asya ang damdaming nasyonalismo?

Hindi kinakailangan na masagot agad ang tanong. Ipaliwanag na masasagot ito sa pamamagitan ng pagbabasa sa teksto at pagsasagot sa mga gawain sa aralin na it

NASYONALISMO SA INDONESIA

Ang mga patakarang pang-ekonomiya na ipinatupad ng mga Dutch tulad ng *culture system* at pagkontrol sa mga sentro ng kalakalan ay nagkaroon ng negatibong epekto sa kabuhayan ng mga Indones. Lahat ng kapakinabangan sa mga nabanggit na patakaran ay napunta sa mga mananakop na Kanluranin. Bagama't hindi gaanong pinanghimasukan ng mga Dutch ang kultura ng Indonesia, naapektuhan naman ng kapabayaan ng mga Dutch sa sistema ng edukasyon sa bansa ang kultura at antas ng karunungan ng mga Indones.

Umunlad ang nasyonalismong Indones dahil sa paghahangad na matigil ang mga hindi makatarungang patakaran ng mga mananakop na Dutch. Nagsimula ang pakikibaka ng mga Indones noong 1825. Sa taong ito ay pinamunuan ni Diponegoro ng Java ang isang malawakang pag-aalsa. Noong 1930 naluplig ng mas malakas na puwersa ng mga Dtuch ang puwersa ni Diponegoro.

Nagpatuloy ang pakikibaka ng mga Indones para sa kalayaan noong ika-20 siglo. Isinagawa nila ito sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga makabayang samahan. Tunghayan ang talahanayan.

Mga Makabayang Samahan sa Indonesia

Samahan	Taon ng Pagkakatatag	Kilalang Pinuno	Layunin
Budi Utomo	1908	Mas Wahidin Sudirohusodo	Isang samahang pangkultural. Layunin nito na malpakilala sa daigdig ang mayamang kulture ng Java at naghangad na mabigyan ng karapatan sa edukasyong Kanluranin ang mga Indones.
Sarekat Islam	1911	Omar Said Tjokroaminoto	Itinatag upang isulong ang kabuhayan ng mga Indones. Binigyang-din din ang politikal na kalagayan ng Indonesia.
Indonesian Communist Party	1920	_____	Naghangad ng kalayaan mula sa mga Dutch. Namuno sila sa pag-aalsa noong 1926 at 1927. Parehong nabigo ang kanilang pagtatangka na makamit ang kalayaan ng kanilang bansa.
Indonesian Nationalist Party	1919	Sukarno	Paglaban sa mga mapanlil na patakaran ng mga Dutch. Naniniwala sila na matigil ang mga patakaran na nagpapahirap sa kanilang mga kababayan kung makakamit ang kalayaan mula sa mga Dtuch.

Ang mga nabanggit na samahan ang nanguna sa pagpapamalas ng nasyonalismong Indonesian. Kinailangan nilang makipagliaban sa pamamagitan ng paghihimagsik upang makamit ang kalayaan. Maraming Indones ang namatay dahil na rin sa malakas na puwersa ng mga Dutch. Ganap na nakamit ng mga Indonesian ang kalayaan dahil sa isang matagumpay na rebolusyon na kanilang inilunsad matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nagpalabas si Sukarno ng dekreto noong Agosto 17, 1945 na nagdedeklara ng kasarinlan ng Indonesia.

Gabay sa tanong:

1. Ano ang mga dahilan ng pag-usbong ng nasyonalismo sa Indonesia?
2. Paano ipinamalas ng mga Indones ang damdaming nasyonalismo?
3. Makatarungan ba ang paglaban ng rebolusyon upang makamit ang kalayaan? Pangatuwiranan.

Bago ang pagtalakay sa nilalaman ng Nasyonalismo sa Indonesia ay ipaturo sa mapa kung saan ito matatagpuan.

Balikan ang mga patakaran na ipinatupad ng mga mananakop na Kanluranin at ang epekto nito sa pamumuhay ng mga Indonesian.

Ipasuri sa mag-aaral kung paano hinarap ng mga Indonesian ang mga patakarang ito na siyang nagbigay-daan sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo sa Indonesa.

Gamitin ang chart na ito sa pagtalakay sa mga makabayang samahan na itinatag sa Indonesia. Ipasuri sa mag-aaral kung paano ipinamalas ng mga nabanggit na samahan ang damdaming Nasyonalismo sa Indonesia.
Maaari rin na magsagawa ng isang "Open House Activity". Sa gawaing ito, magtatayo ng kani-kaniyang booth ang mga mag-aaral batay sa makabayang samahan na itinatag sa Indonesia na naitalaga sa kanilang pangkat. Gagawa sila ng flyers, mga poster ad o kahit na simpleng paanyaya upang ilahad ang layunin ng kanilang samahan.Iikot ang iba pang mag-aaral sa bawat booth at makikinig sa paliwanag ng tagapagsalita ng samahan. Ipasuri sa mga tagapakinig ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga makabayang samahan na itinatag sa Indonesia.

Pasagutan sa mag-aaral ang mga Pamprosesong Tanong sa talakayan. Hindi nangangahulugan na ito ay itatanong sa pagkatapos ang pagtalakay sa paksa. Maaari itong itanong sa ano mang bahagi ng talakayan . Hininikayat din ang mga guro na magbigay ng karagdagang tanong batay sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

NASYONALISMO SA BURMA

Tulad ng China, nagsimulang mawala ang kalayaan ng Burma bunga ng pagkatalo nito sa digmaan sa mga British. Nilagdaan ang Kasunduang Yandabo na naging dahilan ng tuluyang pagkontrol ng Great Britain sa teritoryo ng Burma. Isa sa mga hindi matanggap ng mga Burmese ay nang gawing lalawigan lamang ng India ang Burma. Hinangad ng maraming Burmese na maihiwalay ang kanilang bansa mula sa India. Magaganap lamang ito kung sila ay lalaya mula sa pananakop ng mga British. Ang paghahangad na lumaya ang nagtulak sa mga Burmese na ipanayag ang kanilang damdamang nasyonalismo.

Ang pagpapanayag ng damdamin ng nasyonalismo sa Burma ay nagsimula noong 1900s sa pamumuno ng mga edukadong Burmese na nakapag-aral sa loob at labas ng bansa. Bagamat binigyan ng pagkakataon ng mga British na maging bahagi ng lehislatura ang mga Burmese, hindi ito naging sapat upang malusong ang kapakanan ng Burma. Nagpatuloy ang pakikibaka ng mga Burmese sa pamamagitan ng rebelyon at pagtatatag ng mga makabayang samahan.

Si Saya San ay isang monghe at physician na naghangad ng mas maayos na pamumuhay para sa kaniyang mga kababayan. Pinamunuan ni Saya San ang serye ng rebelyon laban sa mga British mula noong 1930 hanggang 1932. Nagapi ng malakas na puwersa ng mga British ang Rebelyong Saya San.

Tulad ng Rebelyong Saya San hangad din ng *All-Burma Students' Union* na makamit ang kalayaan ng Burma. Tinatawag na *Thankin* ang mga miyembro ng samahang ito na ang ibig sabihin ay *master*. Isinulong nila ang kanilang mga hangarin sa pamamagitan ng demonstrasyon at rally.



Nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nasakop na Hapon ang Burma. Ang kaganapang ito ay sinamantala ng mga Burmese at idineklara nila ang kanilang kalayaan mula sa Great Britain. Subalit sa kabila ng paglaya mula sa mga British ay nananatili pa din ang kaototohanan na sila ay sakop ng isang dayuhang bansa.

Muling nakipaglaban para sa kalayaan ang mga Burmese ngunit sa pagkakataon ito ay upang mapalayas ang mga Hapones. Itinatag ni Aung San ang Anti-Facist People's Freedom League. Nakipagtulungan ang samahan na ito sa hukbo ng Allied Powers. Nagtagumpay ang samahan na mapatalsik ang mga Hapones. Dahil sa kaniyang pamumuno, itinalaga si Aung San bilang punong ministro ng Burma noong 1947. Hindi nasilayan ni Aung San ang bunga ng kaniyang pakikipaglaban para sa kalayaan dahil siya ay binawian ng buhay noong Hulyo 19, 1947, bago ideklara ang kasarinlan ng Burma. Ang kaniyang kasamahan na si U Nu ang pumalit sa kaniya bilang punong ministro. Noong 1951 nahalal si U Nu bilang pangulo ng bansa at naulit ito noong 1956.

Gabay na tanong:

1. Ano ang mga dahilan ng pag-usbong ng nasyonalismo sa Burma?
2. Paano ipinamalas ng mga Burmese ang damdaming nasyonalismo?
3. Bakit nais ng mga Burmese na humiwalay sa bansang India?

Bago ang pagtalakay sa nilalaman ng Nasyonalismo sa Burma ay ipaturo sa mapa kung saan ito matatagpuan.

Balikan ang mga patakaran na ipinatupad ng mga mananakop na Kanluranin at ang epekto nito sa pamumuhay ng mga Burmese.

Ipasuri sa mag-aaral kung paano hinarap ng mga Burmese ang mga patakarang ito na siyang nagbigay-daan sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo sa Burma.

Gamitin ang *graphic organizer* sa pagtalakay sa mga pagkilos na ginawa at samahang itinatag ng mga Burmese upang ipamalas ang damdaming Nasyonalismo.

Pasagutan sa mag-aaral ang mga Pamprosesong Tanong sa talakayan. Hindi nangangahulugan na ito ay itatanong sa pagkatapos ang pagtalakay sa paksa. Maaari itong itanong sa ano mang bahagi ng talakayan . Hininikayat din ang mga guro na magbigay ng karagdagang tanong batay sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

NASYONALISMO SA INDOCHINA

Bunga ng pagkakaiba ng kanilang lahi at kultura, hindi nakamit ng mga taga Indochina ang pagkakaisa upang labanan ang mga mananakop na Kanluranin. Ang mga Vietnamese ay nagpakita ng damdaming nasyonalismo sa pamamagitan ng pakikidigma sa mga Kanluranin. Nagkaroon ng malaking epekto sa kalayaan ng Indochina ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig dahil sa pagkakasangkot ng France na siyang nakasakop sa bansa. Suriin ang mga epekto sa kalagayan ng kalayaan ng Indochina habang at pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



Gabay na tanong:
1. Ano ang pangunahing salik sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Indochina?
2. Paano Ipinamalas ng Vietnamese ang damdaming nasyonalismo?
3. Paano nakaapekto ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa kalagayan ng kalayaan ng Indochina?

Bago ang pagtalakay sa nilalaman ng Nasyonalismo sa Indochina ay ipaturo sa mapa kung saan ito matatagpuan. Bagama't sa kasalukuyan ay hindi na ito tinatawag na Indochina, ipaturo sa mapa kung ano-ano ang mga bansa sa kasalukuyan na dating bahagi nito.

Balikan ang mga patakaran na ipinatupad ng mga mananakop na Kanluranin at ang epekto nito sa pamumuhay ng mga Asyano sa Indohina.

Ipasuri sa mag-aaral kung paano hinarap ng mga mamamyan sa mga lugar na bumubuo sa Indochina ang mga patakarang ito na siyang nagbigay-daan sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo ng mga Asyano sa Indochina.

Gamitin ang *graphic organizer* sa pagtalakay sa mga pagkilos na ginawa at samahang itinatag ng mga Asyano sa mga lugar na sakop ng Indochina upang ipamalas ang damdaming Nasyonalismo.

Pasagutan sa mag-aaral ang mga Pamprosesong Tanong sa talakayan. Hindi nangangahulugan na ito ay itatanong sa pagkatapos ang pagtalakay sa paksa. Maaari itong itanong sa ano mang bahagi ng talakayan . Hininikayat din ang mga guro na magbigay ng karagdagang tanong batay sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

NASYONALISMO SA PILIPINAS

Nasakop ng mga Espanyol ang Pilipinas sa loob ng 333 taon. Nagpatupad ang mga Espanyol ng mga patakarang pangkabuhayan, pampolitika at pangkultura na nakaapekto sa pamumuhay ng mga Pilipino. Marami ang naghirap dahil sa hindi makatarungang pagpapataw ng buwis, pagkamkam sa mga ari-arian at mga produktong Pilipino. Nabago din ang kultura ng mga Pilipino dahil sa pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyanismo. Naging laganap din ang racial discrimination sa pagitan ng mga Espanyol at mga Pilipino na tinatawag na Indio ng mga mananakop. Higit sa lahat, nawala ang karapatan at kalayaan ang mga Pilipino na pamunuan ang kanilang sariling bansa. Naging sunud-sunuran sila sa ilalim ng mapagmalupit na mga Espanyol.

Bagama't may mga pag-aalsa na naganap sa Pilipinas sa pagitang ng ika-16 hanggang sa unang bahagi ng ika-19 na siglo, lahat ng ito ay nabigo. Ilan sa mga dahilan ay ang mas malakas na armas ng mga Espanyol, kawalang ng damdaming pambansa na mag-uugnay at magiisa laban sa mga mananakop at ang pagtataksil ng ilang Pilipino.

Sa pagpasok ng ika-19 na siglo, nagkaroon ng malaking pagbabago sa ekonomiya at lipunang Pilipino. Nabuksan ang Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan. Pumasok sa Pilipinas ang mga produkto mula sa mga Kanluranin. Naging tanyag at mabili sa Kanluran ang mga produkto ng mga Pilpino tulad ng asukal, kopra, tabako at iba pa. Ito ang nagbigay-daan sa pag-unlad ng kalakalan sa bansa. Umusbong ang gitnang uri o *middle class*. Sila ay mayayamang Pilipino, mestisong Tsino at Espanyol. Ang mga anak ng gitnang uri ay nakapag-aral sa mga kilalang unibersidad sa Pilipinas at maging sa Espanya. Ang grupo ng ito ay tinatawag na ilustrado mula sa salitang Latin na *ilustre* na ang ibig sabihin ay "naliwanagan".

Ang pagpapamalas ng nasyonalismong Pilipino ay pinasimulan ng mga ilustrado na nagtatag ng Kilusang Propaganda at ipinagpatuloy ng mga Katipunero na nagpasimula ng Katipunan. Paano nga ba ipinahayag ng mga Propagandista at Katipunero ang damdaming nasyonalismo? Tunghayan ang dayagram sa susunod na pahina.

Bago ang pagtalakay sa nilalaman ng Nasyonalismo sa Pilipinas ay ipaturo sa mapa kung saan ito matatagpuan.

Balikan ang mga patakaran na ipinatupad ng mga mananakop na Kanluranin at ang epekto nito sa pamumuhay ng mga Pilipino.

Ipasuri sa mag-aaral kung paano hinarap ng mga Pilipino ang mga patakarang ito na siyang nagbigay-daan sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo ng mga Asyano sa Pilipinas.



Gamitin ang *graphic organizer* sa pagtalakay sa mga pagkilos na ginawa ng mga Pilipino upang ipamalas ang damdaming Nasyonalismo.

Maaaring ipagawa an sumusunod na gawain sa pagtalakay ng Nasyonalismo sa Pilipinas:

Maaaring gawin ang sumusunod sa pagtalakay:

1. Paggawa ng *timeline*
2. Pagpapakita ng maikling dula-dulaan
3. Pagpapagawa ng *flowchart of events* at ipaliwanag ito
4. Pagsasatao - Jose Rizal at Andres Bonifacio
5. Film viewing – pagpapanood ng mga dokyumentaryo o pelikula na may kaugnayan sa Kilusang Propaganda at Katipunan.

Gawain 4. BUUIN NATIN – Timog Silangang Asya

Sagutan ang *graphic organizer* tungkol sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Timog Silangang Asya.



Pasagutan sa mag-aaral ang Gawain 4. Ipalahad sa klase ang kanilang sagot. Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng kanilang puna o karagdagang kaalaman sa sagot ng naglalahad.

Gamitin ang mga pamprosesong tanong sa pagtalakay at pagpoproseso ng gawaing ito.

Mahalagang maipasuri sa mag-aaral ang magkaibang paraan ng pagpapamalas ng Pilipinas, Indonesia, Indochina at Myanmar ng damdaming Nasyonalismo. Bigyang-diin kung paano hinarap ng mga nabanggit na bansa ang hamon na dulot ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin

Maaaring bigyan ng marka ang gawaing ito subalit hindi dapat i-rekord at gamiting batayan sa pagbibigay ng marka.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga salik sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangang Asya?
2. Paano ipinamalas ng mga Tsino at Hapones ang damdaming Nasyonalismo?
3. Bakit hindi makatulad ang anyo ng Nasyonalismo ng China at Japan?

Gawain 5. PAGSULAT NG SANAYSAY

Balikan mo ang iyong mga natutuhan tungkol sa Nasyonalismo sa Timog Asya at Kanlurang Asya na tinalakay sa nakaraang yunit. Suriin ang kaugnayan nito sa pag-unlad ng Nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya. Sumulat ng sanaysay tungkol sa pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo ng mga Asyano.

Pagsulatin ng sanaysay ang mga mag-aaral batay sa kanilang mga naunawaan tungkol sa kaugnayan ng mga karanasan ng mga Asyano sa Silangan at Timog Silangang Asya noong panahon ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin noong ika-16 hanggang ika-19 na siglo.

Ipaalala sa mag-aaral na bibigyang-diin sa sanaysay ang naging reaksiyon ng mga Asyano sa mga patakarang ipinatupad ng mga mananakop na Kanluranin.

Gamiting gabay ang sumusunod na tanong sa pagbuo ng sanaysay.

1. Ano ang kaugnayan ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo Asya?
2. Paano nagkakaiba ang pagpapamalas ng damdaming nasyonalismo ng mga Asyano?
3. Bakit mahalaga ang pakikibaka para sa ikabubuti ng kapwa at ng bansa?

Upang magsilibing gabay sa organisasyon ng ideya ng mga mag-aaral sa kanilang isusulat na sanaysay, ipaalala na kailangan nilang masagot ang mga tanong na ito.

Tumawag ng mag-aaral sa susunod na pagkikita upang basahin ang isinulat na sanaysay.

Gawain 6. Daloy ng Kasaysayan

Batay sa iyong mga natutuhan sa mga rehiyon ng Asya na tinalakay sa Aralin 2 ng Yunit III at Aralin 2 ng Yunit IV, bumuo ng *flowchart* na magpapakita ng kaugnayan ng imperyalismo at kolonyalismo sa pag-unlad ng damdaming nasyonalismo ng mga Asyano. Sumulat ng paliwanag tungkol sa iyong nabuong *flowchart*.

Gawing gabay ang sumusunod na pattern:

Matatandaanna tinalakay din ang pag-unlad ng Nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya sa Aralin 2 ng Modyul 3. Sa pamamagitan ng gawaing ito ay inaasahan na mabuo ang pangkalahatang ideya at pag-unawa ng mag-aaral tungkol pag-unlad ng Nasyonalismo sa Asya. Upang maisagawa ito ay bubuo ng *flowchart* ang mga mag-aaral mula sa epekto ng mga patakarang ipinatupad ng mga mananakop na dayuhan sa pamumuhay ng mga Asyano hanggang sa mga naging reaksiyon ng mga Asyano upang harapin ang hamon ng pananakop na nagbigay-daan sa pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo sa Asya.

Tumawag ng mag-aaral upang ilahad at ipaliwanag ang kanilang nabuong *flowchart* sa klase.

Ipakita sa unang bahagi ang epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin sa pamumuhay ng mga Asyano	Ipakita sa ikalawang bahagi ang kaugnayan ng mga epekto na ito sa pag-unlad ng nasyonalismong Asyano	Ipakita sa ikatlong bahagi ang iba't ibang paraan ng pagpapamalas ng nasyonalsimo ng mga Asyano	Ipakita sa ikaapat bahagi ang iyong kongklusyon tungkol sa nasyonalismong Asyano.

Paliwanag sa flowchart:

Gawain 7. Ang aking pag-unawa . . .
Panuto: Pagktapos mong maunawaan ang mga dahilan at pangyayari na nagbigay daan sa pag-unlad ng Nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya ay handa ka na upang sagutan ang gawaing ito.

Sa bahaging ito ay sagutan mo ang mga kolum na ***Ang aking mga natuklasan at pagwawastong ginawa, Ang aking mga patunay at Ang aking paglalahat***.

GENERALIZATION TABLE

MGA TANONG	Ang aking Naunang Pagkakaunawa	Ang aking mga Natuklasan at Pagwawastong Ginawa	Ang Aking mga Patunay	Ang Aking Paglalahat
1. Ano-ano ang pangyayari na nagbigay daan sa pag-unlad ng Nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya?				
2. Paano ipinamalas ng mga mamamayan sa Silangan at Timog Silangang Asya ang Nasyonalismo?				
3. Bakit magkakaiba ang paraan ng pagpapakita ng damdaming Nasyonalismo ng mga Asyano?				
4. Paano nagkakaugnay ang Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin at Nasyonalismong Asyano?				

BINABATI KITA!

Ngayon ay natapos mo na ang bahagi ng Paunlarin para sa Aralin 2.

Ngayong ay may sapat ka nang kaalaman at pag-unawa ukol sa mga pangyayari na nagbigay daan sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya. Maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng modyul na ito upang mapalalim at mapalawak pa ang iyong pag-unawa ukol sa paksang ito.

Bago ang araw na pasasagutan ang Gawain 7, ipaalala sa mga mag-aaral na dalhin ang *map of conceptual change* na may paunang sagot (Gawain 2).

Sa Gawain 7, sasagutan ng mag-aaral ang huling tatlong kolum ng *Generalization Table*: angAng aking mga Natuklasan at Pagwawastong Ginawa, Ang Aking mga Patunay at Ang Aking Paglalahat. Dapat suriin ng guro kung tama ang sagot ng mga mag-aaral sa huling dalawang bahagi ng Gawain 13.

Mga hakbang:

1. Pasagutan sa bawat isa ang huling tatlong kolum ng Gawain 7.
2. Pagkatapos, gumawa ng katulad na *map of conceptual change* sa pisara. Ipasulat sa mag-aaral ang kanilang mga sagot dito.
3. Magsagawa ng pagsusuri. Hikayatin ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang mga sagot.

Matapos ang pagsagot sa Gawain 7, makikita ng guro kung umunlad ba ang kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral. Kung sa puntong ito, mayroon pang mga katanungan ang mga mag-aaral, maaari itong sagutin ng guro o kaya ay itanong sa klase upang ibahagi ng ibang kamag-aaral ang kanilang sagot.

Sa bahaging ito, maaaring magbigay ng mahabang pagsusulit ang guro. Maaari ding balikan ang mga tanong at mga bahagi ng aralin na hindi pa gaanong nauunawaan ng mag-aaral.

PAGNILAYAN AT UNAWAIN

Sa bahaging ito pagtitibayin mo ang mga nabuong pag-unawa tungkol sa paksang pinag-aralan. Inaasahan din na sa pagkakataong ito ay kritikal na masusuri mo ang mga dahilan sa pag-unlad ng Nasyonalismo sa mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Ang bahagi ng Pagnilayan at Unawain ay may layunin na palalimin ang pag-unawa ng mag-aaral ukol sa aralin sa pamamagitan ng mga mapanghamong gawain. Isinasagawa sa bahaging ito ang pagninilay – ibig sabihin babalikan, susuriin ng mag-aaral ang kanilang kaalaman at pag-unawa, aalamin kung alin sa mga bahagi ng aralin ang hindi pa gaanong naunawaan at ano ang kanilang realisasyon. Bukod dito ay kailangan din nilang mapatunayan na naunawaan nila ang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa pangunahing tanong kayat ito ay tinawag din na unawain.

Gawain 8: Ang Aking Panata!

Bagamat malaya na ang mga bansang Asyano sa kasalukuyan, mahalaga pa rin na ipahayag nila ang damdaming nasyonalismo. Makatutulong ito sa pag-unlad ng bansa at maayos na ugnayan ng mga mamamayan.

Bilang isang mag-aaral, sumulat ng panata kung paano maipamamalas ang Nasyonalismo upang maisulong ang kaunlaran at maprotektahan ang kalayaan ng Pilipinas.

Ang aking Panata

Ako si _____ ay

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Lagda

Ipagawa ang Gawain 8. Layunin nito na isulat ng mag-aaral ang kanilang saloobin at panata upang maisulong ang kaunlaran at maprotektahan ang kalayaan ng sariling bayan.

Matapos maisulat ng mag-aaral ang kanilang panata, ipabasa ito sa harap ng klase at ipaliwanag ang nilalaman nito.

Maaaring ipaskil sa *bulletin board* ang pinakamahuay na panata.

Gawain 9. PAGSULAT NG REPLEKSIYON

Sumulat ng repleksiyon tungkol sa kahalagahan ng pagpapahayag ng damdaming nasyonalismo sa kasalukuyang panahon.

Bilang panghuing gawain sa bahagi ng Pagnilayan at Unawain, pasulatin ng repleksiyon ang mga mag-aaral ukol sa kanilang mga realisasyon at opinyon tungkol sa ginawang pagsusuri. Sa puntong ito, malaya ang mag-aaral na ipahayag ang kanilang damdamin tungkol sa kahalagahan ng pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo bilang tugon sa kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin. Gayundin, dapat ay makapagbigay ng repeleksiyon ang mga mag-aaral kung paano niya maipamamalas ang damdaming Nasyonalismo sa kasalukuyang panahon.

BINABATI KITA!

Mahusay mong nagampanan ang gawain sa bahagi ng Pagnilayan at Unawain para sa Aralin 2.

Ngayon ay mayroon ka nang sapat na pag-unawa tungkol sa mga pangyayari na nagbigay-daan sa pag-unlad ng nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya. Tiyak na handa ka na para sa susunod na gawain.

Sa bahaging ito dapat masiguro ng guro na malinaw na sa mga mag-aaral ang mga kaalaman at pag-unawa na kanilang natutuhan mula sa aralin. Makatutulong ito upang maisakatuparan ng mga mag-aaral ang gawain sa huling bahagi ng modyul, ang Ilipat/Isabuhay.

ILIPAT/ISABUHAY

Sa bahaging ito ay pagtitibayin mo ang iyong pag-unawa ukol sa aralin. Magsasagawa ka ng mas malalim na pagtalakay tungkol sa suliranin na kinahaharap ng mga bansang Asyano sa kasalukuyan at kaugnayan nito sa pagpapahayag ng damdaming nasyonalismo sa kasalukuyan. Sa bahaging ito, isasagawa mo ang gawain hindi lamang bilang isang mag-aaral kundi bilang isang aktibong bahagi ng lipunan o ng bansa na iyong kinabibilangan.

Ang bahagi ng Ilipat/Isabuhay ang huling bahagi ng modyul. Sa bahaging ito, ililipat o isasabuhay ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutuhan mula sa aralin. Isasagawa ito sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawain na kinapapalooban ng mga sitwasyon na kasalukuyang nangyayari o kaya ay maaaring kaharapin ng mga mag-aaral (real life situations and real-world setting). Sa pamamagitan nito, masasanay ang mga mag-aaral sa pagiging mapanuri, mapagtimbang at matalino sa kanilang gagawing pagpasiya.

Gawain 10. Suriin natin!

Suriin ang resolusyon tungkol sa pag-unlad ng Nasyonalismo sa isa sa mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya gamit ang *Thesis-Proof Worksheet*.

Basahin at unawain ang isang resolusyon tungkol sa pagpapahayag ng damdaming Nasyonalismo ng mga taga Cambodia.

H.J.RES.602
Latest Title: A joint resolution in support of the restoration of a free and independent Cambodia and the protection of the Cambodian people from a return to power by the genocidal Khmer Rouge.
Sponsor: Rep Atkins, Chester G. [MA-5] (introduced 6/30/1988) Cosponsors (60)
Related Bills: S.J.RES.347
Latest Major Action: 10/18/1988 Became Public Law No: 100-502.

SUMMARY AS OF:
8/8/1988--Passed House amended. (There is 1 other summary)

(Measure passed House, amended)

Declares that all parties seeking a settlement of the conflict in Cambodia, including the United States, should have among their highest priorities the restoration of an independent Cambodia and the protection of the Cambodian people from a return to power by the Khmer Rouge. Calls on Vietnam to withdraw its forces from Cambodia and deny haven to the Khmer Rouge. Declares that the United States and the international community should use all means available to prevent a return to power of Pol Pot.

States that the United States should seek the support of the Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) and other nations for the inclusion, in United Nations resolutions relating to Cambodia of the principle that those responsible for acts of genocide and human rights violations shall not return to power in Cambodia upon the withdrawal of foreign occupation forces.

Sa kasalukuyan, maraming paraan at pagkakataon upang ipamalas ng isang Asyano ang kaniyang pagmamahal sa bayan. Suriin ang isang resolusyon tungkol sa isyu na may kaugnayan sa kaguluhan sa Cambodia. Ang mga impormasyon na iyong makukuha sa pagbabasa ng resolusyon na ito ay iyong gagamitin sa pagsago sa mga pamprosesong tanong at sa Thesis Proof Worksheet.

Declares that the United States, in consultation with ASEAN, should consider whether a Cambodian settlement could be facilitated by an international conference on Cambodia and international peacekeeping forces. Declares that the United States should seek to ensure that: (1) the Khmer Rouge controlled refugee camps are opened to inspection by international organizations; and (2) those within such camps have the freedom to move to non-Khmer Rouge camps if they desire to do so. States that the United States should attempt to halt the flow of arms to the Khmer Rouge by urging nations that support the Khmer Rouge to cease doing so.

Source: http://thomas.loc.gov/cgi-bin/bdquery/z?d096:HR.02200:@@@D&summ2=m&
Retrived on December 20, 2012.

Pamprosesong Tanong:
1. Sino ang sumulat ng resolusyon? Saang bansa siya nagmula?
2. Ano ang bansa sa Asya na tinutukoy sa sipi?
3. Punan ng tamang sagot ang *Thesis-Proof Worksheet*

THESIS-PROOF WORKSHEET

Thesis: Tukuyin ang pangunahing paksa at layunin ng sipi	
Ebidensiyang Nagpapatunay	**Ebidensiyang Sumasalungat**
Hanapin mula sa sipi ang bahagi na naglalahad ng Nayonalismo sa Cambodia	Hanapin mula sa sipi ang bahagi na naglalahad ng mga balakid sa pagtamo o pagpapahayag ng Nasyonalismo sa Cambodia

Kongklusyon

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Mga hakbangin:
1. Hatiin ang klase sa pangkat.

2. Bigyan ng kopya ng resolusyon ang bawat pangkat upang mabasa at masuri.
3. Bigyan ng hanggang tatlong araw ang mga mag-aaral upang magsagawa ng *brainstorming* at pagsagot sa *Thesis-Proof Worksheet.*

4. Ipalagay ang sagot ng mag-aaral sa *Thesis-Proof Worksheet* sa bond paper. Magtakda ng araw kung kalian ito dapat ipasa.

5. Itakda ang araw ng pagpapasa ng *output* bilang araw din ng presentasyon ng bawat pangkat. Maaaring gumamit ng *powerpoint presentation, news reporting, panel discussion* o iba pang malikhaing paraan sa paglalahad ng kanilang sagot. Gumamit ng rubric sa pagmamarka ng gawain na ito (tignan sa pahina 25).

Rubric sa pagmamarka sa *Thesis-Proof Worksheet*

Pamantayan	**Napakahusay**	**Mahusay**	**Nalilinang**	**Nagsisimula**
	4 na puntos	**3 puntos**	**2 puntos**	**1 punto**
Nilalaman	Wasto ang lahat ng sagot. Gumamit ng mahigit sa limang sanggunian bilang batayan ng sagot. May mga idinagdag na impormasyon na hindi binaggit sa primaryang sanggunian ang idinagdag upang maunawaan at mas mapalalim ang pagtalakay.	Wasto ang lahat ng sagot. Nakabatay sa binasang primaryang sanggunian ang sagot sa chart. Nagbanggit ng ilang karagdagang impormasyon na nagpalawak at nagpalalim sa ginawang pagtalakay.	May ilang maling sagot. Bagamat nakabatay sa binasang primaryang sanggunian ang mga sagot, hindi ito naipaliwanag ng maayos.	Maraming maling sagot. Hindi nagamit ng tama ang mga impormasyon sa primaryang sanggunian upang maging maayos ang pagtalakay.
Pagsusuri	Kumprehensibo, malinaw at detalyado ang pagsusuri ng mga ebidensiya na nagpapatunay at sumasalungat sa pagpapamalas ng damdaming Nasyonalismo sa Cambodia. Iniugnay ang resolusyon sa iba pang dokumento o sanggunian (halimbawa ay ang pelikulang Killing Fields) upang masuportahan ang mga sagot sa Thesis Proof Worksheet.	Malinaw at detalyado ang pagsusuri sa mga ebidensiya na nagpapatunay at sumasalungat sa pagpapamalas ng nasyonalismo sa Cambodia. Naiugnay ang mga sagot sa araling tinalakay.	Hindi gaanong malinaw at detalyado ang pagsusuri sa mga sanhi at epekto. Hindi naiugnay ang mga sagot sa paksang tinalakay. May ilang sagot na makikita sa maling kolum.	Magulo at walang kabuuan ang ginawang pagsusuri. Lahat ng sagot sa kolum ng ebidensiyang nagpapatunay at sumasalungat ay mali.
Presentasyon	Organisado, malinaw at maayos ang daloy ng presentasyon. Malakas ang boses ng mga tagapagsalita at madaling naunawaan ang kanilang mga paliwanag. May malikhaing kagamitang biswal na ipinakita sa paglalahad. Gumamit din ng ibang paraan ng paglalahad tulad ng paggamit ng *powerpoint or video presentation*.	Malinaw at maayos ang daloy ng presentasyon. Malakas ang boses ng tagapagsalita at madaling maunawaan ang kanilang paliwanag. May malikhaing kagamitang biswal na ipinakita sa paglalahad.	Hindi gaanong malinaw at maayos ang daloy ng presentasyon. Hindi gaanong malakas ang boses ng tagapagsalita kung kaya't may ilang bahagi na hindi naunawaan ng tagapakinig. Gumamit ng malikhaing biswal sa paglalahad	Magulo at walang organisasyon ang daloy ng presentasyon. Hindi gumamit ng malikhaing biswal sa paglalahad. Hindi naunawaan ang presentasyon ng pangkat.
Kooperasyon	Lahat ng miyembro ng pangkat ay tumulong sa pagsasakatuparan ng gawain. Bawat isa ay may malinaw na tungkuling gagampanan. Nagpakita ng paggalang sa ibang pangkat habang ang mga ito ay naglalahad ng kanilang mga sagot.	Lahat ng miyembro ng pangkat ay tumulong sa pagsasakatuparan ng gawain. Bawat isa ay may malinaw na tungkuling gagampanan.	Hindi lahat ng miyembro ng pangkat ay tumulong sa pagsasakatuparan ng gawain. Bawat isa ay may malinaw na tungkuling gagampanan subalit hindi ito nagawa ng ibang miyembro.	Walang kooperasyon. Nagkani-kaniya ang mga miyembro kung kaya't walang nabuong maayos na presentasyon.

Transisyon sa susunod na modyul

Binigyang-diin sa modyul na ito ang kaugnayan ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin sa pag-unlad ng damdaming Nasyonalismo sa Silangan at Timog Silangang Asya. Ang karanasan ng mga Asyano sa ilalim ng pamumuno ng mga imperyalistang bansa ay nakaimpluwensiya sa mga Asyano upang ipahayag ang pagmamahal sa kanilang bayan. Bagama't magkakaiba ang paraan ng pagpapamalas ng damdaming Nasyonalismo, makikita na ang Nasyonalismo ang naging reaksiyon ng mga Asyano laban sa Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin.

Mahalaga ang bahaging ginampanan ng damdaming Nasyonalismo sa pagkamit ng kalayaan ng mga bansang napasailalim sa mga mananakop. Pag-aaralan mo sa susunod na modyul ang kaugnayan ng damdaming Nasyonalismo sa pagkamit ng hinahangad na kalayaan.

Bilang panglahat na pahayag, ipabasa sa mag-aaral o ilahad ng guro ang nilalaman ng transisyon sa susunod na modyul. Hindi na ito kailangan pang talakayin ng guro subalit maaari niya itong ilahad gamit ang graphic organizer upang tumatak sa isipan ng mga mag-aaral ang pangkalahatang ideya ng aralin. Mahalagang bahagi din ng transisyon ang pag-uugnay ng nakaraang aralin sa mga susunod na araling tatalakayin sa modyul na ito upang makita ng mag-aaral ang daloy ng kasaysayan, mga sanhi at epekto ng mga pangyayari at higit sa lahat ang mga naganap na pagbabago o transpormasyon sa mga bansa sa Silangan at Timog Silangang Asya.


Ika-19 hanggang ika-20 siglo
Bago ang ika-16 na siglo
Ika-16 hanggang ika-17 siglo
Ika-18 hanggang ika-19 na siglo
Maunlad at makapangyarihan ang mga imperyo, kabihasnan, kaharian at dinastiya sa Asya.
Nakikipagkalakalan ang mga Kanluranin sa mga bansang Asyano tulad ng Indi at China.
Unang ng mga Asyano ang kapangyarihan. Sinusunod ng mga Kanluranin ang kanilang mga patakaran sa pakikipagkalakalan.
Nagsimula ang Unang Yugto ng Imperyalismo. Sinakop ng mga Kanluranin ang ilang bansa sa Timog at Timog Silangang Asya.
Naging mataas ang paghahangad ng mga Kanluranin na masakop ang mga bansang Asyano upang makontrol ang kalakalan ng mga pampalasa at iba pang produkto.
Nakontrol ng mga Kanluranin ang mga sentro ng kalakalan. May ilang bansa na lubusang napasailalim ng mga Kanluranin. Naimpluwensiyahan ang kanilang kultura, ekonomiya at pamahalaan.
Nagpatuloy ang Ikalawang Yugto ng Imperyalismo. Karamihan ng bansa sa Asya maliban sa Thailand at Korea ay nasakop ng mga Kanluranin.
Higit na kinailangan ng mga Kanluranin na manakop ng lupain dahil sa epekto ng Rebolusyong Industriyal. Kinailangan nila ng mapagkukunan ng hilaw na materyales at mapagbentahan ng mga sobrang produkto.
Nagpatuloy ang pagkontrol ng mga Kanluranin ang mga sentro ng kalakalan. Karamihan ng mga bansa sa Asya ay nawalan ng kalayaan at karapatang pamunuan ang sariling bansa. Nagpahirap sa mga Asyano ang mga ipinatupad na patakaran ng mga mananakop na Kanluranin. Nagpatuloy ang impluwensiya sa kultura, ekonomiya at pamahalaan ng mga nasakop na bansa.
52
Ano ang magiging reaksiyon ng mga Asyano sa mga patakarang ipinatupad ng mga Kanluranin
Nagsimula ang pag-usbong ng damdaming Nasyonalismo sa mga bansang Asyano bilang reaksiyon sa kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin
Hinarap ng mga Kanluranin ang paghahangad ng mga Asyano na lumaya mula sa kanilang pananakop. Sa panahong ito, kontroloado pa din ng mga Kanluranin ang kanilang mga imperyo sa Asya.
Unti-unti nang namumulat ang mga Asyano sa kanilang kalagayan sa kamay ng mga Kanluranin. Ang pagkamulat na ito ay nagbigay-daan sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo sa Asya. Mahalaga ang mga kaganapan sa panahong ito dahil ito ang nagsilbing pundasyon sa pakikibaka ng mga Asyano upang makamit ang minimithing kalayaan sa kamay ng mga mananakop.
Ano ang magiging epekto ng pag-unlad ng damdamin ng Nasyonalismo ng mga Asyano?